

**PAGPAPALAGANAP NG EBANGHELYO SA
PAMAMAGITAN NG PAGDIDISIPULO**


(DISCIPLESHIP EVANGELISM O DE)

48 na mga aralin



**Isinulat ni Andrew Wommack
at Don Krow**

**Andrew Wommack Ministries
Woodland Park, Colorado**



Maliban kung ipinahayag, ang lahat ng mga binanggit ayon sa Banal na Kasulatan sa Lumang Tipan ay nanggaling sa Ang Dating Bibliya (1905) at ang lahat ng Kasulatan sa Bagong Tipan ay nanggaling sa Ang Bagong Tipan: Filipino Standard Version, taon ng rebisyon 2021.

© 2023 By Andrew Wommack Ministries, Inc

Andrew Wommack Ministries, Inc
PO Box 3333
Colorado Springs 80934-3333
www.awmi.net

ISBN: 978-1-948876-29-2
Item Code: TL417

All rights reserved under International Copyright Law.

Ang materyal na ito ay inilimbag na walang intensyon na ibenta o pagkakitaan, ngunit pinahihintulutan ang mga kontribusyong pinansiyal upang masakop ang iba pang gastusin sa paglimbag.

PAGPAPALAGANAP NG EBANGHELYO SA PAMAMAGITAN NG PAGDIDISIPULO
(DISCIPLESHIP EVANGELISM O DE)

48 na mga aralin

Nilalaman

Antas

1

1. ANG BUHAY NA WALANG-HANGGAN	1- 7
2. KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN NG BIYAYA (GRACE)	1- 12
3. PAGIGING MATUWID SA PAMAMAGITAN NG BIYAYA (GRACE)	1- 19
4. RELASYON SA DIYOS	1- 23
5. ANG KALIKASAN NG DIYOS	1- 29
6. PAGSISISI	1- 34
7. "Commitment"	1- 41
8. PAGBAUTISMO SA TUBIG	1- 46
9. ANG TUNAY NA IKAW KAY KRISTO - Part 1	1- 51
10. ANG TUNAY NA IKAW KAY KRISTO - Part 2	1- 58
11. ANO ANG MANGYAYARI KUNG ANG KRISTIYANO AY MAGKAKASALA?	1- 63
12. ANG INTEGRIDAD NG SALITA NG DIYOS	1- 68
13. HINDI NAGKASALA ANG DIYOS	1- 74
14. ANG KAPANGYARIHAN NG BUHAY NA PUNO NG ESPIRITU	1- 80
15. PAANO TANGGAPIN ANG BANAL NA ESPIRITU	1- 85
16. ANG BENEPISYO NG PAGESASALITA SA IBANG WIKA	1- 90

Antas

2

1. PAGIGING MAKASARILI: Ang Pinagmumulan Ng Lahat Ng Pighati	2 - 98
2. PAANO PAGNILAYIN ANG SALITA NG DIYOS	2-103
3. PAGBABAGO NG ISIP	2-107
4. ANG KAHALAGAHAN NG IGLESIA NI KRISTO	2-112
5. PAGPAPALAYA (Deliverance)	2-120
6. AWTORIDAD / KAPANGYARIHAN NG MANANAMPALATAYA	2-126
7. ANG PAGPAPAGALING AY NASA PAGBABAYAD-SALA	2-133
8. MGA HADLANG SA PAGPAPAGALING	2-139
9. PAGPAPATAWAD	2-146
10. KASAL - Part 1	2-155
11. KASAL - Part 2	2-161
12. ANG URI NG PAG-IBIG NG DIYOS - Part 1	2-169
13. ANG URI NG PAG-IBIG NG DIYOS - Part 2	2-175
14. PANANALAPI - Part 1	2-181
15. PANANALAPI - Part 2	2-187
16. ANO ANG GAGAWIN KAPAG ANG IYONG MGA PANALANGIN AY TILA HINDI SINASAGOT	2-192

Antas

3

1. ANG BANAL NA PAGDALOY	3-200
2. GINAGAMIT ANG MGA KALOOB UPANG MAGLINGKOD O MAGMINISTERYO	3-206
3. ANG MGA HIMALA AY LUMULUWALHATI SA DIYOS	3-217
4. ANG KAPANGYARIHAN NG MAKA-DIYOS NA RELASYON	3-225
5. PAG-UUSIG	3-229
6. ANG HARI AT ANG KANYANG KAHARIAN	3-235
7. ANG LAYUNIN NG PANANAMPALATAYANG NAGLILIGTAS	3-244
8. ANG WASTONG PAGGAMIT NG BATAS NG DIYOS	3-249
9. HINDI SA ILALIM NG BATAS, KUNDI SA ILALIM NG BIYAYA	3-256
10. WALA NANG KAMALAYAN NG KASALANAN	3-262
11. MINAMAHAL AKO, MAGANDA AKO	3-269
12. ANG BUNGA NG KALIGTASAN - PART 1	3-275
13. ANG BUNGA NG KALIGTASAN- PART 2	3-283
14. ANG TAWAG SA PAGIGING DISIPULO	3-289
15. PAANO GAMITIN ANG IYONG PATOTOO	3-297
16. GINAGAMIT NG LAHAT ANG MGA KALOOB UPANG MANDISIPULO	3-305



[www. awmi.net/resources/free DE downloads](http://www.awmi.net/resources/free%20DE%20downloads)

Ang materyal na ito ay inilimbag na walang intensyon na ibenta o pagkakitaan, ngunit pinahihintulutan ang mga kontribusyong pinansiyal upang masakop ang iba pang gastusin sa paglimbag.

**PAGPAPALAGANAP NG EBANGHELYO SA
PAMAMAGITAN NG PAGDIDISIPULO**

(DISCIPLESHIP EVANGELISM O DE)



ANTAS 1

NILALAMAN

1. ANG BUHAY NA WALANG-HANGGAN	1- 7
2. KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN NG BIYAYA (GRACE)	1-12
3. PAGIGING MATUWID SA PAMAMAGITAN NG BIYAYA (GRACE)	1-19
4. RELASYON SA DIYOS	1-23
5. ANG KALIKASAN NG DIYOS	1-29
6. PAGSISISI	1-34
7. “Commitment”	1-41
8. PAGBAUTISMO SA TUBIG	1-46
9. ANG TUNAY NA IKAW KAY KRISTO - Part 1	1-51
10. ANG TUNAY NA IKAW KAY KRISTO - Part 2	1-58
11. ANO ANG MANGYAYARI KUNG ANG KRISTIYANO AY MAGKAKASALA?	1-63
12. ANG INTEGRIDAD NG SALITA NG DIYOS	1-68
13. HINDI NAGKASALA ANG DIYOS	1-74
14. ANG KAPANGYARIHAN NG BUHAY NA PUNO NG ESPIRITU	1-80
15. PAANO TANGGAPIN ANG BANAL NA ESPIRITU	1-85
16. ANG BENEPISYO NG PAGSASALITA SA IBANG WIKA	1-90

ARALIN 1

ANG BUHAY NA WALANG-HANGGAN

Isinulat ni Andrew Wommack

Isa sa mga kilalang talata sa Bibliya ay ang Juan 3:16. Halos ang lahat ay alam na ito mula pa sa pagkabata, subalit naniniwala ako na ito ay hindi talaga naiintindihan sa malalim na kahulugan at dahil ito ay naisasabuhay o naisasakatuparan sa maling kaparaanan. Juan 3:16 ay nag sasabi, *Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinoman na Kaniya'y sumampalataya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan.*

Naituro sa karamihan na ang kasulatan na ito ay ginamit upang ituro na si Hesus ay dumating at namatay para sa ating mga kasalanan upang hindi tayo mapahamak. Samantalang ito ay totoo, ang tunay na layunin ng pagparito ni Hesus dito sa lupa ay upang tayo ay hindi mapahamak at magkaroon ng buhay na walang-hanggan. Ang kasalanan ay tumayong hadlang upang makamit natin ang buhay na walang-hanggan.

Totoo na si Hesus ay namatay para sa ating mga kasalanan, at totoo rin na kung tayo ay mananampalataya kay Hesus ay hindi tayo maparurusahan, subalit may higit pang mensahe ang Ebanghelyo bukod dito. Ang tunay na mensahe ng Ebanghelyo ay ibig ng Diyos na bigyan ka ng buhay na walang-hanggan. Ngayon, hayaan mo na ipaliwanag ko ito.

Noong gabi bago ipako sa krus si Hesus, Siya ay nanalangin at sinabi Niya, *At ito ang buhay na walang-hanggan, na Ikaw ay makilala nila na tunay at iisang Diyos at isinugo Mo ang iyong anak na si Hesu Kristo* (Juan 17:3).

Sinasabi nito na ang buhay na walang-hanggan ay ang kilalanin ang Ama, bilang tunay na Diyos, at kilalanin si Hesus, na Kaniyang isinugo. Ito ang buhay na walang-hanggan. Marami ang nag-aakala na ang buhay na walang-hanggan ay ang mabuhay magpakailanman. Oo, ang bawat tao ay mabubuhay ng walang katapusan. Ang kamatayan ay hindi ang katapusan ng buhay ng tao. Ang espiritu at kaluluwa ay babalik sa Diyos. Ang katawan ay mabubulok sa libingan. Ang katotohanan ay ang bawat tao na nabuhay sa lupa ay magpapatuloy na mabubuhay sa espiritu. Kaya ang sabihing ang buhay na walang-hanggan ay ang mabuhay na walang kamatayan ay hindi ang buong katotohanan — ang lahat ay mabubuhay magpakailanman. Ang bersikulong ito ang nagpapaliwanag na ang mabuhay na walang-hanggan kasama ang Diyos ay hindi kusang makakamtan ng lahat.

Sinasabi ng iba, “Ang buhay na walang-hanggan ay ang mabuhay magpakailanman

ARALIN 1

sa langit laban sa mabuhay magpakailanman sa impiyerno.” Ngunit ang buhay na walang-hanggan na tinutukoy ni Hesus sa Juan 17:3 ay upang makilala ang Diyos at si Hesu Kristo. Ito’y higit pa sa kaalamang intelektuwal. Ang salitang “makilala” ay ginamit sa buong Kasulatan upang maipahayag ang pinakamalalim at personal na relasyon na maaaring makamtan ng isang tao.

Ang tunay na layunin ng kaligtasan ay hindi ang mabuhay ng walang-hanggan sa langit, kahit gaano pa kaganda ang layunin na ito. Ang tunay na layunin ng kaligtasan ay upang magkaroon nang malalim at personal na relasyon sa Panginoong Diyos. Marami sa tao ang humihingi ng kapatawaran sa Diyos subalit hindi nila kailanman naging layunin ang magkaroon ng malalim na relasyon sa Diyos.

Kapag hindi naipaliwanag ang tunay na layunin ng kaligtasan, pinawawalang halaga natin ang Mabuting Balita. Kung ipapahayag ang kaligtasan sa paraan na tumutukoy sa mga espirituwal na bagay lamang at kapaki-pakinabang sa atin sa hinaharap, sa kawalang-hanggan, hindi natin tinutulungan ang tao. Maraming tao ang nabubuhay na parang nasa impiyerno na sila. Marami ang *depressed*, nabubuhay sa kasalatan, hindi pagkakaintindihan, *rejection*, nasasaktan, at hindi matagumpay na buhay may-asawa. May mga taong nabubuhay sa pakikipagsapalaran. Kung ang kaligtasan ay panghinaharap lamang, maraming tao ang hindi magpapasya na tanggapin si Hesus sa dahilang sila’y lubhang abala sa pakikipagsapalaran sa buhay.

Ang katotohanan ay hindi lamang pumarito si Hesus upang magbigay-daan sa ating tadhana, sinasabi ng Galacia 1:4, naparito si Hesus upang ilayo tayo sa kasamaan ng mundong ito, at upang mabuhay tayo nang magpawalang-hanggan sa langit sa pagpapala at hindi sa parusa at sumpa ng impiyerno. Pumarito si Hesus upang bigyan tayo ng malalim at personal na relasyon sa Diyos Ama.

Naparito si Hesus upang ibalik tayo sa isang malapit, malalim at personal na relasyon sa Kaniya. Mahal ka ni Hesus. Ibig ni Hesus na makilala ka ng personal. Buhay na kaaya-aya ang handog ni Hesus sa atin na higit pa sa kaya nating makamtan sa anumang kaparaanan.

Ganito ipinahayag ni Hesus sa Juan 10:10: *Ang magnanakaw ay dumarating lamang upang magnakaw, pumatay, at sumira. Dumating ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang sagana. Ibig ng Diyos na bigyan ka ng buhay na walang-hanggan. Ibig ng Diyos na bigyan ka ng buhay na masagana, at ako ay naniniwala na kailangan mo ito ngayon — at gusto mo ito. Si Kristo ay namatay hindi lamang upang magkaroon ka ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, at upang ikaw ay mailapit sa Kanya. Kung wala ka pang relasyon sa Panginoon, kailangan mong makilala Siya ayon sa naipaliwanag na layunin. Kung ikaw ay*

naipanganak na muli (born again), higit pa sa kapatawaran ng iyong kasalanan ang iyong natamo kundi ang isang buhay na walang-hanggan kasama ang Diyos Ama.

MGA KATOTOHANAN PATUNGKOL SA BUHAY NA WALANG-HANGGAN

- A. Ang layunin ng Mabuting Balita ay buhay na walang-hanggan (Juan 3:16).**
- B. Ang buhay na walang-hanggan ay ang makilala ang Diyos (Juan 17:3).**
- C. Ang makilala ang Diyos ay nangangahulugang isang malalim na relasyon (1 Corinto 6:16-17).**
- D. Ang buhay na walang-hanggan ay maaari ng makamtan ngayon (1 Juan 5:12).**
- E. Nais ng Diyos na magkaroon nang personal na relasyon sa iyo (Pahayag 3:20).**

ARALIN 1

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Juan 3:16. Ano ang layunin ng Diyos noong ipinadala Niya si Hesus dito sa mundo?

Juan 3:16 *Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan.*

2. Ang paggamit ng salitang “makilala” sa Bibliya na ang ibig sabihin ay ang pagkakaroon ng malalim at pansariling relasyon sa isang tao (Gen 4:1). Basahin ang Juan 17:3. Ano ang ibig sabihin ng buhay na walang-hanggan, ayon sa bersikulong ito?

Juan 17:3 *At ito ang buhay na walang-hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Hesu Kristo.*

3. Basahin ang 1 Juan 5:11-12. Ayon sa bersikulong ito, kailan nagsisimula ang buhay na walang-hanggan?

1 Juan 5:11-12 *At ito ang patotoo, na tayo'y binigyan ng Diyos ng buhay na walang-hanggan, at ang buhay na ito ay nasa Kaniyang Anak.*

4. Basahin ang Juan 10:10. Anong uri ng buhay ang ibinigay ni Hesus noong Siya ay naparito?

Juan 10:10 *Dumarating ang magnanakaw para lamang magnakaw, pumatay, at manira. Naparito ako upang magkaroon ng isang buhay na masagana at ganap.*

5. Ilarawan sa sariling pananalita ang buhay na masagana.
6. Ikaw ba ay naniniwala na isinugo ng Diyos ang Kanyang bugtong na Anak na si Hesus upang mamatay para sa kasalanan ng sanlibutan at sa gayon sinoman ang manampalataya ay magkaroon ng buhay na walang-hanggan?
7. Maliwanag ba sa iyo na ang buhay na walang-hanggan ay hindi lamang sa haba ng panahon kundi ang kalidad nito?

MGA SAGOT

1. Basahin ang Juan 3:16. Ano ang layunin ng Diyos noong ipinadala Niya si Hesus dito sa mundo?
Upang mailigtas ang sanlibutan, bigyan ng buhay na walang-hanggan ang lahat ng nanampalataya kay Hesus sa pamamagitan ng pagtanggap ng kaparusahan sa kasalanan.
2. Ang paggamit ng salitang “makilala” sa Bibliya na ang ibig sabihin ay ang pagkakaroon ng malalim at pansariling relasyon sa isang tao (Gen 4:1). Basahin ang Juan 17:3. Ano ang ibig sabihin ng buhay na walang-hanggan, ayon sa bersikulong ito?
Ang buhay na walang-hanggan ay ang pagkakaroon ng malalim at personal na relasyon sa Diyos at kay Hesu Kristo.
3. Basahin ang 1 Juan 5:11-12. Ayon sa bersikulong ito, kailan nagsisimula ang buhay na walang-hanggan?
Sa oras na tinanggap natin si Hesus sa ating buhay bilang Panginoon at Tagapagligtas.
4. Basahin ang Juan 10:10. Anong uri ng buhay ang ibinigay ni Hesus noong Siya ay naparito?
Buhay na masagana.
5. Ilarawan sa sariling pananalita ang buhay na masagana.
Ang buhay na masagana ay salungat sa kung ano ang sinabi ni Hesus sa pagparito ng magnanakaw.
6. Ikaw ba ay naniniwala na isinugo ng Diyos ang Kaniyang bugtong na Anak na si Hesus upang mamatay para sa kasalanan ng sanlibutan at sa gayon sinoman ang manampalataya ay magkaroon ng buhay na walang-hanggan?
Opo.
7. Maliwanag ba sa iyo na ang buhay na walang-hanggan ay hindi lamang sa haba ng panahon kundi ang kalidad nito?
Opo.

ARALIN 2

KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN NG BIYAYA (GRACE)

Isinulat ni Don Krow

Maraming beses na gumamit si Hesus ng mga talinghaga at mga kwento na nagpapahayag ng mga katotohanang espirituwal. Lukas 18:9-14 ay nag-umpisa sa ganito, *Isinalaysay naman ni Hesus ang talinghagang ito sa mga mapagtiwala sa sarili, mapanghamak sa iba sa paniniwalang sila ay matuwid*. Pinatatamaan ni Hesus ang ganitong uri ng manonood o tagapakinig: yaong mga nagtitiwala sa sariling kakayanan na sila ay matuwid at pinagwawalang bahala at minamaliit ang iba. Ito nga ang sinabi ni Hesus sa ganitong uri ng mga tao na nagtitiwala at nakikita lamang ay ang kanilang mabubuting gawa. Ang tawag natin sa kanila ay matuwid sa sariling kakayanan na siyang tinukoy ni Hesus na mapagmaliit at sinasabing “higit ang kabutihan ko sa iba”.

Sa bersikulo 10, si Hesus ay nagsabi, *Dalawang lalaki ang pumunta sa templo upang manalangin — isang Pariseo at isang maniningil ng buwis*. Sa kapanahunan ngayon masasabi natin na sila ay pumunta sa simbahan upang manalangin. Ang isang Pariseo ay maihalintulad sa taong relihiyoso. Ang kahulugan ng Pariseo ay “isang taong bukod tangi”, isang taong lubhang relihiyoso na nagsasabi, “huwag mo akong dungisan! Huwag kang lumapit sa akin. Hindi ako katulad ng iba! Higit ako sa kanino man!”

Ang isa pang tao na tinukoy ni Hesus ay maniningil ng buwis. Ang maniningil ng buwis ay kilalang masasama, mga makasalanang tao na mandaraya at manlilinlang. Ang mga taong ito ay naniningil ng buwis, sa kahit anong kaparaanan, nangungurakot, at ang ibang nakurakot ay ibinigay nila sa gobyernong Romano, kaya nga hindi sila tinitingala ng mga tao.

Nagpatuloy ang kwento sa bersikulo 11 *Ganito ang panalangin ng Pariseo habang mag-isa siyang nakatayo, ‘Diyos ko, pinasasalamatan kita na hindi ako tulad ng ibang tao—mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya o gaya ng maniningil ng buwis na ito.’* Ibig ko na bigyan mo ng pansin ito. Kanino nanalangin ang Pariseong ito? Ang totoo siya ay nananalangin sa kaniyang sarili kahit pa binanggit niya ang salitang “Panginoon” at gumagamit ng mga tamang salita. Hindi binigyang pansin ng Diyos ang kaniyang panalangin, at makikita natin dito kung bakit. Bigyang pansin ang kaniyang panalangin, “Panginoon pinasasalamatan kita na hindi ako gaya ng ibang mga tao.” Ang Pariseo, ang taong relihiyoso ay nagsabi, “Hindi ako gaya ng ibang mga tao. Hindi ako makasalanang. Hindi ako nangingikil, hindi ako liko, hindi ako mangangalunya, at hindi ako tulad ng maniningil ng buwis na ito na nagpunta dito upang

KALIGTASAN SA PAMAMAGITAN NG BIYAYA (GRACE)

manalangin.” Makikita dito na hinamak at minaliit niya ang iba sa pag-aakalang mas mataas siya sa kanila.

Sa bersikulo 12, sinabi ng Pariseo *Dalawang ulit akong nag-aayuno sa isang linggo. Nagbibigay ako ng ikasampung bahagi mula sa lahat ng aking kinikita.* Ang sinasabi nya, “Pansinin ang ginagawa ko?” Alam mo ba ang ibig sabihin ng pag-aayuno? Ang tunay na kahulugan nito ay ang pagliban sa pagkain. Siya rin ay nagbibigay salapi sa bahay sambahan. Isa siya sa mga tao na nagsasabing, “Huwag mo akong abalihin! Nabubuhay ako nang masagana! Tumutulong ako sa mga nangangailangan! Tumutulong ako ng salapi sa bahay sambahan!”

At ngayon, tingnan naman natin ang maniningil ng buwis sa bersikulo 13, *Samantala, ang maniningil ng buwis ay nakatayo sa malayo, hindi man lamang makatingin sa langit at hinahampas ang kanyang dibdib sa pagsasabing, ‘Diyos ko, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan!’* Pansinin ang kaniyang mga kilos: “nakatayo sa malayo.” Hindi man lamang siya pumasok sa loob ng bahay sambahan. Siya ay hiyang-hiya sa buhay niya at sa mga bagay na nagawa niya kaya siya ay nakatayo sa malayo at hindi man lamang makatingala, hindi man lamang maiangat ang kaniyang mga mata sa langit, sa halip ay kaniyang dinadagukan ang kaniyang dibdib. Sa Lumang Tipan ang paghampas sa dibdib ay nangangahulugan din nang pagpunit sa damit, bilang pagsasabi, “patawarin mo ako Panginoon sa mga nagawa ko!” Ito ay nagpapahiwatig ng pagsisisi, pagpapakumbaba, at kapighatian, ng hindi ipinagwawalang bahala ng Diyos. Ang maniningil ng buwis na ito, makasalantang tao man siya, ay tumawag sa Diyos, at nanalangin, “Panginoon, kahabagan mo po ako, ako’y makasalanan!”

Ang bersikulo 14 ay nagsasaad, *Sinasabi ko sa inyo, umuwi ang taong iyon na itinuring na matuwid ng Diyos at hindi ang Pariseo. Sapagka’t ang bawat nagtataas ng kanyang sarili ay ibababa at ang bawat nagbababa ng sarili ay itataas.* Ang maniningil ng buwis ay umuwi na napawalang sala na, naihayag na siya ay matuwid sa harap ng Diyos, at nasa tamang katayuan sa Diyos, pinatawad na ng Diyos. Bakit siya pinatawad? Bakit siya umuwi na nasa tamang katayuan sa harap ng Diyos at hindi ang relihiyosong Pariseo? Dahil itong Pariseo ay itinaas niya ang kaniyang sarili, na nagsabi “Ako ay higit na mabuti kaysa sa ibang tao! Hindi ako makasalanan! Hindi ako tulad ng ibang tao,” habang alam ng maniningil ng buwis na wala siyang matuwid na katayuan sa harap ng Diyos, wala siyang maiaalay sa Kaniya. Siya ay isang makasalanan. Ang sabi ng Bibliya si Hesus ay pumarito para sa mga makasalanan at hindi para sa mga matuwid, at lahat ay nagkasala at hindi umabot sa kaluwalhatian ng Diyos. Nagpakumbaba ang maniningil ng buwis at natamo niya ang kapatawaran.

Ang pinag-uusapan natin ngayon ay ang kaligtasan ayon sa biyaya. Biyaya ay isang salitang kamangha-mangha, at magbibigay ako ng katanggap-tanggap na kahulugan ng salitang ito, ngunit ang salitang biyaya ay may mas malalim pang kahulugan. Sa salitang Griyego na kung saan ang

ARALIN 2

Bagong Tipan ay naisulat ang salitang biyaya ay "**charis**". Ang katanggap-tanggap na kahulugan ng salitang biyaya ay: ang walang bayad, ang pabor na ipinagkaloob ng Diyos sa mga tao kahit na hindi sila karapat-dapat. Ang maniningil ng buwis na ito ay walang karapatang tumanggap ng anuman mula sa Diyos, dahil sa kaniyang pagpapakumbaba ay natagpuan niya ang pabor mula sa Diyos. Mayroon pang isang salita sa Griyego, **charisma**, ito ay **charis** na may hulapi **-ma**. Ito ay nangangahulugang tiyak na pagpapakita ng biyaya ng Diyos at ang maninignil ng buwis ay nakatagpo ng katuwiran, tamang katayuan, sa harap ng Diyos bilang kaloob.

Sinasabi sa Roma 5:17, Sapagkat kung naghari ang kamatayan dahil sa pagsuway ng isang tao, lalong higit ang nakamtan ng mga taong kinahabagan nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos! Maghahari sila sa buhay sa pamamagitan ng isang tao, si Hesu Kristo. Ang regalong iniaalok sa atin ng Diyos ay ang pagkakaroon ng tamang katayuan sa Kaniyang harapan, ayon sa bersikulo, bilang regalo, katuwiran ang natamo ng maniningil ng buwis, ang pagkamatuwid ay isang regalo na makakamtan lamang sa pamamagitan ni Hesu Kristo. Ang sabi ng Bibliya sa Juan 1:17 *Sapagkat ang kautusan ay ibinigay sa pamamagitan ni Moises; ang kagandahang-loob at katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Hesu Kristo*. Ang biyayang ito ay inaalok lamang sa isang uri ng tao — yaong mga tao na mapagpakumbaba at alam na hindi matuwid sa harap ng Diyos, na humihingi ng habag sa Diyos. Ang mga taong ito lamang ang makararanas ng habag mula sa Diyos.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Lucas 18:9. Ano ang parabula?

Lucas 18:9-14 *Isinalaysay naman ni Hesus ang talinghagang ito sa mga mapagtiwala sa sarili, mapanghamak sa iba sa paniniwalang sila ay matuwid [10] Dalawang lalaki ang pumunta sa templo upang manalangin-isang Pariseo at isang maniningil ng buwis. [11] Ganito ang panalangin ng Pariseo habang mag-isa siyang nakatayo, 'Diyos ko, pinasasalamatan Kita na hindi ako tulad ng ibang tao-mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya o gaya ng maniningil ng buwis na ito.' [12] Dalawang ulit akong nag-aayuno sa isang linggo. Nagbibigay ako ng ikasampung bahagi mula sa lahat ng aking kinikita. [13] Samantala, ang maniningil ng buwis ay nakatayo sa malayo, hindi man lamang makatingin sa langit at binabayo ang kanyang dibdib sa pagsasabing, 'Diyos ko, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan.!' [14] Sinasabi ko sa inyo, umuwi ang taong iyon na itinuring na matuwid ng Diyos at hindi ang Pariseo. Sapagka't ang bawat nagtataas ng kaniyang sarili ay ibababa at ang bawat nagbababa ng sarili ay itataas.*

2. Basahin ang Lucas 18:9. Kanino ipinapatama ni Hesus itong parabula?
3. Basahin ang Lucas 18:9 (ang pinakahuling bahagi ng bersikulo). Ang mga tao na ang tingin sa sarili ay matutuwid ay karaniwang may mga napupuna laban sa iba. Ayon sa Lucas 18:9, anong uri ng pag-uugali ito?
 - A. Kinagigiliwan ang kapwa.
 - B. Minamaliit o mababa ang tingin sa kapwa.
 - C. Mahal nila ang kapwa nila.
4. Basahin ang Lucas 18:10. Dalawang tao ang nanalangin; sa kasalukuyang pananalita saan sila pumunta upang manalangin?
5. Basahin ang Lucas 18:10. Sino ang mga taong ito?
6. Basahin ang Lucas 18:11. Ano ang panalangin ng Pariseo?
7. Basahin ang Lucas 18:12. Ano ang ibig sabihin ng pag-aayuno?
8. Basahin ang Lucas 18:12. Ano ang ibig sabihin ng pag-iikapu?
9. Basahin ang Lucas 18:13. Saan nakatayo ang maniningil ng buwis? Bakit?
10. Basahin ang Lucas 18:13. Bakit nakayuko itong maniningil ng buwis at hindi nakatingala?
11. Basahin ang Lucas 18:13. Ano ang panalangin noong maniningil ng buwis?

ARALIN 2

12. Basahin ang Lucas 18:14. Alin sa dalawang lalaking ito ang inihayag na matuwid sa harap ng Diyos noong siya ay makauwi na?
13. Basahin ang Lucas 18:14. Bakit ang maniningil ng buwis ang naihayag na matuwid at hindi ang Pariseo?
14. Basahin ang Lucas 18:14. Pinatawad ba ng Diyos ang maniningil ng buwis na ito?
15. Basahin ang Roma 10:13. Kung ikaw ay luluhod at tatawag sa Diyos na galing sa iyong puso “Panginoon, mahabag ka sa akin, ako ay makasalanan,” gagawin ba ng Diyos sa iyo ang ginawa Niya sa maninignil ng buwis?

Roma 10:13 *Sapagkat, ‘Ang bawat tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas.’*

1 Juan 1:8-9 *Kung sinasabi natin na wala tayong kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili at wala sa atin ang katotohanan. [9] Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at makatarungan na magpapatawad sa ating mga kasalanan at maglilinis sa atin mula sa lahat ng kasamaan.*

MGA SAGOT

1. Basahin ang Lucas 18:9. Ano ang parabula?
Ang parabula sa Bibliya ay isang kwento na nagpapahayag ng katotohanang espirituwal.
2. Basahin ang Lucas 18:9. Kanino ipinapatama ni Hesus ang talinghaga?
Sa mga nagtitiwala sa kanilang sariling kakayanan na sila ay matuwid.
3. Basahin ang Lucas 18:9 (ang pinakahuling bahagi ng bersikulo). Ang mga tao na ang tingin sa sarili ay matuwid ay karaniwang may mga napupuna laban sa iba. Ayon sa Lucas 18:9, anong uri ng pag-uugali ito?
B. Minamaliit o mababa ang tingin sa kapwa.
4. Basahin ang Lucas 18:10. Dalawang tao ang nanalangin; sa kasalukuyang pananalita saan sila pumunta upang manalangin?
Sa simbahan.
5. Basahin ang Lucas 18:10. Sino ang mga taong ito?
Isang Pariseo at isang maniningil ng buwis.
6. Basahin ang Lucas 18:11. Ano ang panalangin ng Pariseo?
Panginoon, pinasasalamatan Kita, na hindi ako gaya ng ibang mga tao (hindi ako makasalanan). Hindi ako manloloko, ako'y patas, hindi ako mapangalunya, o hindi man lamang gaya ng maniningil ng buwis na ito.
7. Basahin ang Lucas 18:12. Ano ang ibig sabihin ng pag-aayuno?
Pagliban sa pagkain.
8. Basahin ang Lucas 18:12. Ano ang ibig sabihin ng magbigay ng ikapu?
Pagbibigay ng ika-sampung bahagi ng kinita.
9. Basahin ang Lucas 18:13. Saan nakatayo ang maniningil ng buwis?
Sa malayo.
Bakit?
Ikinahihiya niyang pumasok sa simbahan sapagkat siya ay lubhang makasalanan, kaya siya ay nanatili sa labas.
10. Basahin ang Lucas 18:13. Bakit nakayuko itong maniningil ng buwis at hindi nakatingala?
Siya ay hiyang-hiya.

ARALIN 2

Nakagawa ka na ba ng kamalian at hindi ka makatingin ng direktso?

11. Basahin ang Lucas 18:13. Ano ang panalangin noong maniningil ng buwis?
Panginoon, mahabag ka sa akin-ako’y makasalanan!
12. Basahin ang Lucas 18:14. Alin sa dalawang lalaking ito ang inihayag na matuwid sa harap ng Diyos noong siya ay makauwi na?
Ang maniningil ng buwis.
13. Basahin ang Lucas 18:14. Bakit ang maniningil ng buwis ang naihayag na matuwid at hindi ang Pariseo?
Sapagkat nagpakumbaba siya sa harap ng Panginoon. Ang Pariseo ay puno ng pagmamataas; sa kaniyang pag-aakala ay hindi niya kailangan ng Tagapagligtas.
14. Basahin ang Lucas 18:14. Pinatawad ba ng Diyos ang maniningil ng buwis na ito?
Opo.
15. Basahin ang Roma 10:13. Kung ikaw ay luluhod at tatawag sa Diyos na galing sa iyong puso “Panginoon, mahabag ka sa akin, ako ay makasalanan,” gagawin ba ng Diyos sa iyo ang ginawa niya sa maninignil ng buwis?
Opo. Patatawarin at lilinisin Niya ako sa lahat ng aking mga kasalanan. Basahin ang 1 Juan 1:8-9.

ARALIN 3

PAGIGING MATUWID SA PAMAMAGITAN NG BIYAYA (GRACE)

Isinulat ni Don Krow

Sa araw na ito ang pag-aaralan natin ay patungkol sa pagiging matuwid sa pamamagitan ng biyaya. Sinabi sa Roma 3:21-23, *Subalit ngayon ay nahayag na ang pagiging matuwid mula sa Diyos, at ito ay walang kinalaman sa Kautusan. Pinatunayan ito mismo ng Kautusan at ng Mga Propeta. [22] Ang pagiging matuwid mula sa Diyos ay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu Kristo. Ito ay para sa lahat ng mga sumasampalataya yamang sa lahat ay walang pagkakaiba [23] Sapagkat ang lahat ay nagkasala, at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.*

Pansinin na ang Kasulatan ay nagsasaad, *Datapuwa't ngayon bukod sa kautusan ay ipinahahayag ang isang katuwiran ng Diyos.* Minsan ay nagtanong ako sa isang tao, “Ano sa akala mo ang kailangan mong gawin upang ikaw ay makarating sa langit?” Ang sagot niya ay kinakailangan niyang masunod ang Sampung Utos, maging matapat sa kanyang asawa, mabuhay ng marangal, at marami pang iba. At sinabi ko, “Alam mo ba kung ano ang kinakailangan mong gawin upang marating ang langit, at maranasan ang presensya ng Diyos, o ang Kaniyang kaharian?” Kailangan mong maging matuwid na katulad ng sa Panginoon.” Ang sagot niya, “Pakiulit nga po ang sinabi niyo? Walang sinumang maaaring magkaroon ng pagiging matuwid tulad ng sa Diyos. Si Hesu Kristo lamang ang may ganitong uri ng pagkamatuwid!” Ang sabi ko, “Tama ka! Iyan talaga ang tama! Walang sinuman ang nakatupad ng Kautusan ng perpekto, panlabas o panloob, subalit kailangan natin ang pagiging matuwid na katulad ng sa Diyos upang tayo ay katanggap-tanggap sa harap ng Diyos.”

Iyan ang eksaktong nakasaad sa bersikulo 21–22, *Datapuwa't ngayon bukod sa kautusan ay ipinahahayag ang isang katuwiran ng Diyos, na sinasaksihan ng kautusan at ng mga propeta; [22] Sa makatuwid baga'y ang katuwiran ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu Kristo sa lahat ng mga nagsisisampalataya; sapagka't walang pagkakaiba.* Ang uri ng pagiging matuwid na iniaalok ng Diyos sa iyo at sa akin ay ang pagiging matuwid sa pamamagitan ng “pananampalataya kay Hesu Kristo,” at iyon ay para sa lahat ng mananampalataya. Mayroong dalawang uri ng pagiging matuwid – ang pagiging matuwid ng tao at ang pagiging matuwid ng Diyos. Ang pagiging matuwid ng tao ay ang kaniyang pinakamabuting pag-uugali at ang kanyang mabubuting gawa, subalit hindi ito katanggap-tanggap sa harap ng Diyos. Ang kailangan mo ay ang pagiging matuwid na katulad ng sa Diyos, at inaalok ka ng Diyos - ang pagkamatuwid ng Diyos na hindi nakabatay sa Kautusan.

Sa wikang Griyego, ibig sabihin ang Diyos ay nag-aalay ng Kaniyang sariling katuwiran na hiwalay sa Kautusan. Ang pagiging matuwid na ayon sa Kautusan ay ang pagiging matuwid na

ARALIN 3

naaayon sa gawa, pagsusumikap, pagkamit ayon sa sariling kalakasan upang maging katanggap-tanggap sa harap ng Diyos. Ang kaisipan ng lahat ng relihiyon ngayon ay kailangan mong gumawa, magsumikap, at makatamo upang tanggapin ka ng Diyos. Ang salitang “Gospel” ang kahulugan ay “mabuting balita”, at ang mabuting balita ng Ebanghelyo ay ang Diyos ay nag-aalok ng Kaniyang sariling pagkamatuwid at ang pagtanggap sa lahat ng mananampalataya sa ginawa ni Hesu Kristo – ang Kaniyang kamatayan sa krus para sa ating mga kasalanan, pagpataw ng katuwiran na nakabatay sa Kautusan. Ito ang pagiging matuwid ng Diyos na hiwalay sa Kautusan, na hindi nakabatay sa ating mga gawa, pagsusumikap na ayon sa sariling kalakasan; at ito ay makakamtan lamang sa pananampalataya kay Hesu Kristo.

Bigyang pansin ang bersikulo 22 na ang pagkamatuwid ng Diyos na para sa lahat ay nakabatay sa pananampalataya kay Hesu Kristo lamang. Bakit iniaalok ng Diyos sa lahat ang Kaniyang katuwiran? *Walang pagkakaiba: [23] ang lahat ay nagkasala at hindi nangagkaabot sa kaluwalhatian ng Diyos.* Ikaw ay nagkasala, ako ay nagkasala, at ang bawat isa ay hindi nangagkaabot sa panukat ng Diyos. Dahil sa ating mga kasalanan, ang pinakamahalaga nating dapat gawin ay pagtanggap, magkaroon ng matuwid na relasyon, at maging matuwid sa harap ng Diyos ... at hindi ito inalok ng Diyos sa pamamagitan ng pagtupad sa Kautusan kundi sa pananampalataya kay Hesu Kristo. Ang pagkamatuwid sa Diyos ay hindi natatamo sa pamamagitan ng mga gawa, pagsusumikap, pagsusumigasisig o pagsusumikap na maging matagumpay; ito ay natatamo sa pamamagitan ng pananampalataya, pagpapakandili, at pagtitiwala sa Panginoong Hesu Kristo.

Paano naligtas si Abraham (ang ninuno ng mga Hudyo)? Sinasabi ng Bibliya na siya ay nanalig sa Diyos — nanalig sa pangako na ibinigay sa kanya ng Diyos — ipinataw sa kaniya ang pagiging matuwid. Ang katunayan na si Abraham ay naihayag na matuwid sa harap ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi lamang para sa kaniya. Mababasa natin sa Roma 3:21 – 22 na ang tao ay naihayag na matuwid sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya kay Hesu Kristo. Sinasabi ng Bibliya na dahil sa ginawang kabayaran ni Kristo sa krus nang magbubo Siya ng Kaniyang dugo para sa ating kasalanan, ang pagiging matuwid ang naipataw sa sinuman na nanampalataya kay Kristo.

Sinasabi sa Roma 5:17, *Sapagka't kung, sa pagsuway ng isa, ay naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa; lubha pang magsisipaghari sa buhay ang nagsisitanggap ng kasaganaan ng biyaya at **kaloob ng katuwiran** sa pamamagitan ng isa, sa makatuwid baga'y si Hesu Kristo.* Katuwiran ang inaalok ng Diyos sa iyo, isang kaloob na matuwid na katayuan sa Kaniyang harapan. Ang kaloob ay may halaga subalit ito'y walang bayad sa sinumang tatanggap nito. Kung ikaw ay magbibigay sa akin ng kaloob at sisingilin mo ako, iyon ay hindi na kaloob. Ang kaloob na katuwiran ay ginawa ng Diyos na abot-kamay para sa iyo at sa akin, at itong pagiging matuwid na kaloob, pinawalang-sala, at pagiging matuwid sa harap ng Diyos, sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu Kristo.

PAGIGING MATUWID SA PAMAMAGITAN NG BIYAYA (GRACE)

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Tito 3:5. Ang pagiging matuwid ba na kailangan natin ay makakaya nating gawin?

Tito 3:5 *Iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag. Iniligtas niya tayo sa pamamagitan ng paglilinis ng muling kapanganakan at pagbabagong buhay na dulot ng Banal na Espiritu.*

2. Basahin ang 2 Corinto 5:21. Anong uri ng pagiging matuwid ang kailangan natin?

2 Corinto 5:21 *Iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag. Iniligtas niya tayo sa pamamagitan ng paglilinis ng muling kapanganakan at pagbabagong buhay na dulot ng Banal na Espiritu.*

3. Basahin ang Roma 3:22. Paano natin matatanggap itong pagiging matuwid?

Roma 3:22 *Ang pagiging matuwid mula sa Diyos ay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu Kristo. Ito ay para sa lahat ng mga sumasampalataya yamang sa lahat ay walang pagkakaiba.*

4. Basahin ang Filipos 3:9. Ano ang pagiging matuwid sa pamamagitan ng Kautusan?

Filipos 3:9 *At ako'y matagpuan na nasa kanya. Wala akong sariling katuwiran batay sa kautusan, kundi ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, ang katuwirang buhat sa Diyos na nakabatay sa pananampalataya.*

5. Basahin ang Galacia 2:21. Paano natin mapawawalang halaga ang biyaya ng Diyos?

Galacia 2:21 *Hindi ko pinawawalang halaga ang kagandahang-loob ng Diyos. Kung ang tao'y ituturing na matuwid sa pamamagitan ng Kautusan, namatay si Kristo nang walang kabuluhan.*

6. Basahin ang Roma 5:17. Paano tatanggapin ang katuwiran ng Diyos?

Roma 5:17 *Sapagkat kung naghari ang kamatayan dahil sa pagsuway ng isang tao, lalong higit ang nakamtan ng mga taong kinahabagan nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos! Maghahari sila sa buhay sa pamamagitan ng isang tao, si Hesu Kristo.*

ARALIN 3

MGA SAGOT

1. Basahin ang Tito 3:5. Ang pagiging matuwid ba na kailangan natin ay makakaya nating gawin?
Hindi.
2. Basahin ang 2 Corinto 5:21. Anong uri ng pagiging matuwid ang kailangan natin?
Ang pagiging matuwid ng Diyos (na nanggagaling kay Kristo).
3. Basahin ang Roma 3:22. Paano natin matatanggap itong pagiging matuwid?
Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu Kristo.
4. Basahin ang Filipos 3:9. Ano ang pagiging matuwid sa pamamagitan ng Kautusan?
Katuwiran na galing sa akin - mga gawang matuwid na kaya kong gawin.
5. Basahin ang Galacia 2:21. Paano natin mapawawalang halaga ang biyaya ng Diyos?
Mapawawalang halaga ang biyaya ng Diyos kung mananalig tayo sa ating mabubuting gawa at hindi magtiwala kay Kristo at sa Kaniyang kamatayan para sa ating kaligtasan.
6. Basahin Roma 5:17. Paano tatanggapin ang katuwiran ng Diyos?
Bilang kaloob o regalo.

ARALIN 4

RELASYON SA DIYOS

Isinulat ni Andrew Wommack

Isa sa pinaka mahalagang bagay patungkol sa relasyon ay unawain ang tao kung saan magkakaroon ka ng kaugnayan, at sa ganitong paraan din ang sa Diyos. Kailangan mong maintindihan ang likas na katangian at katauhan ng Diyos upang magkaroon ka ng malagong relasyon sa Kaniya. Ang maling pang-unawa sa kalikasan at katangian ng Diyos ay ang dahilan na maraming tao ay walang positibong relasyon sa Diyos. Ito ang tunay na nangyari sa "Garden of Eden" kung saan si Adan at Eba ay tinukso ng ahas. Sila ay nadaig ng tukso, at nangyari na sinuway nila ang Diyos, at nahulog sa kasalanan ang sangkatauhan. Hindi nila naunawaan ang tunay na kalikasan ng Diyos at ito ang naging dahilan ng pagkahulog nila sa tukso.

Ang kwento sa Genesis 3:1-5 ay alam ng lahat: *Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Diyos. At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan? [2] At sinabi ng babae sa ahas, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami: [3] Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay. [4] At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay. [5] At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay.*

Mayroong isang banayad na pahayag ni Satanas dito na ang Diyos ay hindi talagang isang mabuting Diyos ... na sinusubukan Niyang pigilan ang isang bagay mula kay Adan at Eba ... na ayaw Niyang makamtan nila ang kanilang pinakamagaling na kakayahan ... at dahil ayaw Niya na sila ay maging katulad Niya ... na ang dahilan kung kaya't ipinagbawal Niya ang pagkain ng bunga ng "Tree of the Knowledge of Good and Evil" ay para hadlangan o saktan sila. Kung iisipin, si Satanas ay sinalungat ang tunay na kalikasan at katangian ng Diyos nang siraan niya ang Diyos noong sinabi nitong hindi talaga layunin ng Diyos na ibigay ang pinakamabuti para sa kanila. Ganito rin ang eksaktong nangyayari sa mga tao sa ngayon. Sinasabi sa kanila ni Satanas, "Kung susundin mo ang Diyos, at hind mo susubukan ang lahat ng mga bagay na taliwas sa Kaniyang Salita, hindi mo mararanasan ang tunay na kasiyahan. Ang buhay na ito ay nakakainip ... walang kabuhay-buhay." Ang nakalulungkot na katotohanan ay pagkatapos masubukan ng mga tao ang bawal na gamot, alcohol, sex, paghihimagsik, pagpapakasasa, tagumpay sa trabaho, at lahat ng iba pang mga bagay na kanilang sinubukan ay hindi nagbigay ng kasiyahan. Sa oras na mapagtanto nila ito, sinira na nila ang kanilang buhay, ang kanilang pamilya, at ang kanilang kalusugan.

Ang katotohanan ang Diyos ay isang mabuting Diyos, at ang Kaniyang kalooban para sa atin ay pawang sa ikabubuti lamang natin. Subalit ginagamit ni Satanas ang parehong panunukso

ARALIN 4

sa atin ngayon na ginamit din niya laban kay Adan at Eba sa “Garden of Eden”, na nagsasabing ang Diyos ay hindi mabuti. Ang mga may kaunting pang-unawa sa Bibliya ay maaaring makakuha ng ganitong impresyon dahil may mga pagkakataon sa Salita kung saan tinrato Niya ng malupit ang mga tao. Sa Aklat ng Mga Bilang 15:32-36, may isang tao na namulot ng mga patpat sa “Sabbath Day” at siya ay binato hanggang sa mamatay dahil sa hindi pagsunod sa batas ng Sabbath. Ito’y malupit, ngunit may layunin sa likod ng kaparusahan, kahit na ito ay hindi maliwanag sa karamihan ng mga tao na walang layuning magsaliksik sa kanilang pagbabasa ng Kasulatan. Ang maingat na pag-aaral ay ipinapakita sa Kautusan sa Lumang Tipan ay ibinigay upang gawing lubhang makasalanang ang tao, ayon kay Pablo sa Roma 7:13. Ang layunin ay hindi napagtanto ng mga tao kung gaano kasidhi ang kanilang kasalanan at sila ay salungat sa Diyos. Nagkamali sila nang paghahambing sa kanilang mga sarili at pagsukat sa kanilang mga kilos batay sa ginagawa ng ibang tao.

Kung ang isang tao ay nakagawa ng kasalanan at hindi nasawi, inisip nila na ang kasalanan ay hindi napakasama, at ibinaba nila ang kanilang pamantayan. Nawala na sa kanila ang tunay na pananaw ng tama o mali. Kailangang ibalik ng Diyos ang sangkatauhan sa kaniyang dapat na katayuan, isang tamang pamantayan kung ano ang tamang pamumuhay, kaya’t tatanggihan nila ang diablo at ang kaniyang panunukso at maintindihan kung ano ang kahihinatnan ng maling pagpili. At pagkatapos Niyang ibalik ang sangkatauhan sa dapat niyang katayuan at hindi pa rin tama ang pagpili, kailangan Niyang ipatupad ang Kautusan.

Hindi ginawa ng Diyos ang mga utos sa Lumang Tipan sa layuning, “Hangga’t hindi mo natutupad ang lahat ng mga kautusang ito ay hindi kita maaring tanggapin o kaya maaring mahalin”. Hindi ito ang kalikasan at katangian ng Diyos. Subalit ibinigay Niya ang mga utos upang magkaroon tayo ng tamang pananaw sa kung ano ang tama at mali at ibalik tayo sa katotohanan na kailangan natin ng Tagapagligtas. Ang maling akala ng tao, kailangan silang maging perpekto bago sila mahalin ng Diyos, at nagkaroon ng maling kaisipan na ang pag-ibig ng Diyos sa kanila ay batay sa kanilang mga gawa. Inakala nila na kailangan nilang gawing tama ang lahat bago sila tanggapin ng Diyos, ngunit hindi ito ang mensahe ng Bibliya.

Ang puso ng Diyos ay ang maibalik ang sangkatauhan sa Kaniya at hindi hatulan ... hindi ipataw ang kanilang mga kasalanan ... na hindi gamitin ang kasalanan laban sa kanila. Ito ang puso ng Diyos para sa mga tao na nasa Bibliya at ito rin ang nasa puso Niya para sa iyo ngayon. Kinakailangan mong maintindihan ang tunay na puso ng Diyos, na *Ang Diyos ay pag-ibig* (1 Juan 4:8). Hangad Niya na alisin ang iyong mga kasalanan at anuman na maghihiwalay sa iyo sa Kaniya. At ito ay Kaniyang nagawa na sa pamamagitan ng ating Panginoong Hesu Kristo, at ngayon ay inaalok ka Niya ng relasyon, hindi sa pamamagitan ng iyong mga gawa subalit sa pamamagitan lamang ng iyong pananampalataya at sa pagtanggap kay Hesus na Siyang nagdala ng iyong mga kasalanan. Maaari kang magkaroon ng relasyon sa Diyos ngayon sa kabila ng iyong mga pagkukulang sa buhay. Ang tanging hiling Niya ay manampalataya ka sa Panginoong Hesus.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Genesis 3:1. Ano ang tinanong ni Satanas kay Eba?

Genesis 3:1 *Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Diyos. At sinabi niya sa babae, tunay bang sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?*

2. Basahin ang Genesis 2:17 at ang Genesis 3:3. Anong salita o mga salita ang idinagdag ni Eba sa sinabi ng Diyos kay Adan?

Genesis 2:17 *Datapuwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka.*

Genesis 3:3 *Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan ay sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay.*

3. Basahin ang Genesis 3:6. Noong mangyari na si Satanas ay nagtagumpay na maglagay ng duda sa isipan ni Eba patungkol sa Salita ng Diyos, anong ginawa ni Eba ayon sa bersikulong ito?

Genesis 3:6 *At nang makita ng babae, na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya, at ito'y kumain.*

4. Basahin ang Genesis 3:9-10. Matapos magkasala sina Adan at Eba, nakikipag-usap pa ba ang Diyos at nagpatuloy pa ba ang relasyon ng Diyos sa kanila?

Genesis 3:9-10 *At tinawag ng Panginoong Diyos ang lalake at sa kaniya'y sinabi, Saan ka naroon? [10] At sinabi niya, Narinig ko ang iyong tinig sa halamanan, at ako'y natakot, sapagka't ako'y hubad; at ako'y nagtago.*

5. Basahin ang Genesis 3:24. Bakit pinalayas ng Diyos si Adan at Eba sa "Garden of Eden"?

Genesis 3:22-24 *At sinabi ng Panginoong Diyos, Narito't ang tao'y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at baka ngayo'y iunat ang kaniyang kamay at pumitas naman ng bunga ng punong kahoy ng buhay, at kumain at mabuhay magpakailan man: [23] Kaya pinalayas siya ng Panginoong Diyos sa halamanan ng Eden, upang kaniyang bukirin ang lupaing pinagkunan sa kaniya. [24] Ano pa't itinaboy ang lalake; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga Querubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang ingatan ang daang patungo sa kahoy ng buhay.*

ARALIN 4

6. Nakita mo ba ang pagkilos ng Diyos sa ating napag-aralan na ang Awa ng Diyos ang nanaig at hindi ang Kaniyang pagpaparusa?
7. Basahin ang Roma 5:17. Paano umabot sa atin ang masaganang Biyaya ng Diyos at ang Kaniyang Katuwiran?
 - A. Bilhin ito.
 - B. Daanin ito sa gawa.
 - C. Tanggapin ito.

Romans 5:17 *Sapagkat kung naghari ang kamatayan dahil sa pagsuway ng isang tao, lalong higit ang nakamtan ng mga taong kinahabagan nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos! Maghahari sila sa buhay sa pamamagitan ng isang tao, si Hesu Kristo.*

8. Basahin ang Roma 6:23. Ano ang karapat-dapat sa atin kung tayo ay magkasala?

Roma 6:23 *Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; ngunit ang walang-bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang-hanggan kay Kristo Hesus na ating Panginoon.*

9. Sa pamamagitan ng biyaya, ano sa halip ang ibinibigay sa atin ng Diyos?
10. Basahin ang Roma 10:3. Kung susubukan nating maitaguyod ang ating sariling katuwiran sa harap ng Diyos, ano ang hindi natin nagagawa?

Roma 10:3 *Dahil hindi nila nauunawaan ang pagiging matuwid na nagmumula sa Diyos, at nagsisikap silang magtayo ng sariling paraan upang maging matuwid, hindi sila nagpasakop sa paraan ng Diyos sa pagiging matuwid.*

11. Basahin ang 1 Juan 1:9 at Roma 4:3. Ano ang pangako ng Diyos na gagawin sa LAHAT ng ating mga kasalanan at kasamaan laban sa Kaniya kung maniniwala lamang tayo?

1 Juan 1:9 *Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at makatarungan na magpapatawad sa ating mga kasalanan at maglilinis sa atin mula sa lahat ng kasamaan.*

Roma 4:3 *Ano ba ang sinasabi ng Kasulatan? Sumampalataya si Abraham sa Diyos, at ito ang pinagbatayan ng kanyang pagiging matuwid.*

12. Ano ang sinasabi nito sa iyo patungkol sa katangian ng Diyos?

MGA SAGOT

1. Basahin ang Genesis 3:1. Ano ang tinanong ni Satanas kay Eba?
Tunay bang sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain sa alin mang bunga ng punong kahoy sa halamanan.
2. Basahin ang Genesis 2:17 at ang Genesis 3:3. Anong salita o mga salita ang siyang dinagdag ni Eba sa kung ano nga ang sinabi ng Diyos kay Adan?
Na hindi nila ito dapat hawakan.
3. Basahin ang Genesis 3:6. Noong mangyari na si Satanas ay nagtagumpay na maglagay ng duda sa isipan ni Eba patungkol sa Salita ng Diyos, anong ginawa ni Eba ayon sa bersikulong ito?
Kinuha at kumain ng bunga ng puno.
4. Basahin ang Genesis 3:9-10. Pagkatapos na magkasala ni Adan at ni Eba, ang Diyos ba ay nagpatuloy na nakikipag-usap sa kanila at patuloy din na umasa na ang relasyon nila ay hindi mapuputol?
Opo.
5. Basahin ang Genesis 3:22-24. Bakit nawala sina Adan at Eba sa Halamanan?
Upang hindi sila kakain mula sa Puno ng Buhay at mabuhay magpakailanman sa isang makasalanang estado.
6. Nakita mo ba ang pagkilos ng Diyos sa ating napag-aralan na ang awa ng Diyos ang nanaig at hindi ang Kaniyang pagpaparusa?
Opo.
7. Basahin ang Roma 5:17. Paano umabot sa atin ang masaganang biyaya ng Diyos at ang Kaniyang katuwiran?
C. Tanggapin ito.
8. Basahin ang Roma 6:23. Ano ang karapat-dapat sa atin kung tayo ay magkasala?
Kamatayan.
9. Sa pamamagitan ng biyaya, ano sa halip ang ibinibigay sa atin ng Diyos?
Buhay na walang-hanggan sa pamamagitan ni Hesus.
10. Basahin ang Roma 10:3. Kung susubukan nating maitaguyod ang ating sariling katuwiran

ARALIN 4

sa harap ng Diyos, ano ang hindi natin nagagawa?

Magpasakop kay Hesus bilang ating katuwiran.

11. Basahin ang 1 Juan 1:9 at Roma 4:3. Ano ang pangako ng Diyos na gagawin sa LAHAT ng ating mga kasalanan at kasamaan laban sa Kaniya kung maniniwala lamang tayo?

Alisin, kalimutan, patawarin.

12. Ano ang sinasabi nito sa iyo patungkol sa katangian ng Diyos?

Na Siya ay mahabagin at mapagmahal.

ARALIN 5

ANG KALIKASAN NG DIYOS

Isinulat ni Andrew Wommack

Upang magkaroon ng positibong relasyon sa Panginoon, kailangang malaman ang Kaniyang kalikasan at tunay na katangian. Galit ba ang Diyos dahil sa ating kasalanan, o Siya ba ay mahabaging Diyos na gusto Niyang ibigay ang Kaniyang buhay sa atin at pagpapala na hindi batay sa ating mga gawa? Sa katunayan ang Kasulatan ay nagbibigay ng dalawang magkaibang pananaw tungkol sa Diyos, hindi dahil sa nagbago Siya o may ginawa Siyang kakaiba. May panahon na ang terminolohiyang ginamit sa Bibliya, “na ang kasalanan ng tao ay ginagamit ng Diyos laban sa kanila.”

Maihalintulad ito sa pagpapalaki ng mga anak. Noong sila ay nasa murang edad, hindi posible na mangatuwiran sa kanila, na sabihing kailangan silang kumilos ng maayos o hindi dapat maging maramot at huwag agawin ang laruan ng kanilang mga kapatid. Kinakailangang sabihin sa kanila ang mga panuntunan, at kung hindi sila susunod, may disiplinang kaakibat. Ang mga panuntunan ay dapat ipatupad kahit na wala silang kaalaman tungkol sa Diyos at ang diablo, ang pagiging maramot ay katumbas ng pagbibigay puwang sa diablo. Maaaring hindi pa nila naiintindihan ang kahulugan nito, subalit nauunawaan nila na ang paulit-ulit na hindi pagsunod ay may kaparusahan.

Kung iisipin, ito nga ang ginawa ng Panginoon sa Lumang Tipan. Bago naipanganak na muli ang tao, wala silang pang-unawa patungkol sa espirituwal na mga bagay na mayroon tayo sa Bagong Tipan, kaya kinailangan Niya na magbigay ng batas at ipatupad ito na may kaparusahan, minsan ang kaparusahan na ibinigay ay kamatayan upang hadlangan ang tao sa kasalanan. Dahil sa pagsira ni Satanas sa mga tao sa pamamagitan ng kasalanan, kailangang may mga pagpipigil na ilagay sa kasalan, at kailangang ipatupad. Kahit na nga ito ay nagbigay ng maling paniniwala na hindi tayo tunay na mahal ng Diyos dahil sa ating kasalanan, subalit hindi ito ang itinuturo ng Bibliya. Ang sabi sa Roma 5:13 *Hanggang sa dumating ang kautusan nasa sanlibutan na ang kasalanan bago pa dumating ang Kautusan, ngunit hindi itinuturing na kasalanan ang kasalanan kung walang Kautusan.* “Hanggang sa dumating ang kautusan” ang ibig sabihin hanggang dumating ang panahon ni Moises noong ibinigay ng Diyos ang Sampung Utos at ang iba pang mga seremonyal na mga kautusan na para sa mga Hudyo. Hanggang sa panahon na iyon, ang kasalanan ay nasa mundo na subalit hindi ipinapataw. Ang salitang “impute” o “pataw” ay ginagamit sa “bookkeeping” o pagtatala ng mga transaksyon tulad ng utang; halimbawa, kung ikaw ay bibili sa isang tindahan, “Ilagay ito sa aking pangalan.” Kapag ito ay nasa iyong pangalan, ito ay nakatala na at ikaw ay sisingilin, at ang iyong binili ay naipataw sa iyo. Kung hindi ito ipinataw sa iyo, ang ibig sabihin ay hindi ito naitala laban sa iyo.

ARALIN 5

Ang bersikulong ito ay nagsasabi na hanggang sa panahon na dumating yaong Sampung Utos, hindi ipinapataw ang kasalanan sa mga tao. Ito ay kahanga-hangang pahayag. Tingnan ang Genesis 3 and 4. Karamihan sa mga tao ay may taglay na kaisipan noong si Adan at Eba ay nagkasala laban sa Diyos, dahil ang Diyos ay banal at ang tao ay makasalanan, hindi Siya maaaring makialam sa makasalananang sangkatauhan. Inaakala nila na itinaboy ng Diyos ang tao sa Hardin upang alisin siya sa Kaniyang presensiya sapagkat ang isang Banal na Diyos ay hindi maaaring makipagrelasyon sa hindi banal na tao. At patuloy nilang inisip na kailangan mo munang gumawa ng mabuti, bago makikipagrelasyon ang Diyos sa iyo. Ito ay taliwas sa dalang mensahe ni Hesus. Ang sabi sa Roma 5:8, Subalit ipinapakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin, na noong tayo'y makasalanan pa, si Kristo ay namatay para sa atin; kaya nga ang Bagong Tipan ay nagtuturo na ang Diyos ay nag-abot sa iyo ng Kaniyang pag-ibig habang ikaw ay namumuhay sa kasalanan, hindi matapos mong malinis ang iyong gawa. Isa sa mga pinakadakilang katotohanan sa Mabuting Balita na magpapabago sa iyong buhay ay ang maunawaan na mahal ka ng Diyos kahit ano ka pa. Mahal na mahal ka ng Diyos at kung tatanggapin ang Kaniyang pag-ibig, hindi mo nanaisin na manatili sa kasalukuyang katayuan. Ikaw ay magbabago, subalit ang pagbabago mo ay bunga nang narasan mong pag-ibig ng Diyos at hindi upang makamtan ang pag-ibig Niya.

Sa Genesis 4 makikita na ang Diyos ay nagpatuloy sa pakikipag-ugnayan sa tao, patuloy pa rin ang pakikipag-usap kay Adan at Eba pagkatapos nilang nagkasala. Nakipag-usap Siya kay Cain at Abel, at ng sila ay mag-alay ng handog sa Kaniya, narinig nilang nagsalita ang Diyos. Sa kanilang reaksiyon, makikita natin na sanay nilang marinig ang Kaniyang boses, at hindi sila natakot. Noong patayin ni Cain si Abel, siya ang naging unang mamamatay tao sa lupa, maririnig ang tinig ng Diyos galing sa langit na nagtanong: “Nasaan ang iyong kapatid na si Abel?” Si Cain ay nagsinungaling sa Diyos, na tila hindi siya nabahala. Mangyayari lamang ito kung ang tao ay sanay na marinig ang tinig ng Diyos at ipinagwalang-bahala at walang takot dito. Pinatutunayan lamang nito na patuloy ang ugnayan ng Diyos sa sangkatauhan at hindi nasira ang relasyon, na karaniwang paniniwala. Hindi ipinataw ng Diyos sa tao ang kaniyang kasalan. Ito ba’y nangangahulugang pinahintulutan ng Diyos ang kanilang mga kasalan o hindi sila nagkasala? Hindi, ito nga ang dahilan na dumating ang panahon na ibinigay Niya ang kautusan. Kinailangang ibigay ng Diyos ang Kautusan upang maibalik ang tao sa tamang pamantayan. Kailangang ipakita ng Diyos sa tao ang pangangailangan niya sa isang Tagapagligtas at magpakumbaba at tanggapin ang kapatawaran bilang regalo. Nakalulungkot na ginamit ng relihiyon at kinontrol ang mga bagay na ito upang maituro na ang batas ay ibinigay upang mapanatili mo ito at sa gayon makamit ang kapatawaran at pagtanggap ng Diyos. Hindi! Ang layunin ng Kautusan sa Lumang Tipan ay upang palakihin ang iyong kasalanan at umabot ka sa kawalan ng pag-asa sa pag-ligtas sa iyong sarili at sabihin, “Panginoon, kung ito ang Iyong pamantayan sa kabanalan, hindi ko magagawa. Patawarin at mahabag ka sa akin.” Ang pangkalahatang likas na katangian ng Diyos ay pag-ibig.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Roma 5:13. Ano ang ibig sabihin ng salitang “impute” o “pagpataw”?

Romans 5:13 *Nasa sanlibutan na ang kasalanan bago pa dumating ang Kautusan, ngunit hindi itinuturing na kasalanan ang kasalanan kung walang Kautusan.*

2. Basahin ang Roma 7:7. Ano ang layunin ng Kautusan?

Roma 7:7 *Ano ngayon ang ibig nating sabihin? Kasalanan ba ang Kautusan? Huwag nawang mangyari! Gayunma’y hindi ko sana nakilala ang kasalanan kung hindi dahil sa Kautusan. Hindi ko sana nakilala ang kasakiman kung hindi sinabi ng Kautusan, ‘Huwag kang maging sakim.’*

3. Basahin ang Galacia 3:24. Ayon sa bersikulong ito, ano ang layunin ng Kautusan?

Galacia 3:24 *Kaya’t ang Kautusan ay naging tagapagturo natin hanggang dumating si Kristo, upang tayo’y ituring na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanya.*

4. Basahin ang Juan 8:1-11. Paano hinarap ni Hesus ang babae na nahuling nangangalunya?

Juan 8:1-11 *Samantala, pumunta si Hesus sa Bundok ng mga Olibo. [2] Nang magmadaling-araw, nagpunta uli siya sa templo. Pumunta sa kanya ang lahat ng tao, kaya naupo siya at nagturo sa kanila. [3] Dinala sa Kaniya ng mga tagapagturo ng Kautusan at ng mga Pariseo ang isang babaing nahuli sa pakikiapid, at pinatayo ito sa harapan nila. [4] Sinabi nila sa kanya, “Guro, ang babaing ito ay nahuli habang nakikiapid. [5] Ngayon, inutos ng batas ni Moises na batuhin ang tulad niya. Ano ngayon ang masasabi mo?” [6] Sinabi nila ito para subukin siya, upang sa gayon, mayroon silang gamitin laban sa kanya. Yumuko si Hesus at nagsulat sa lupa sa pamamagitan ng Kaniyang daliri. [7] At habang nagpapatuloy sila sa pagtatanong sa Kaniya, tumayo siya at sinabi sa kanila, “Sinuman sa inyo na walang kasalanan, siyang unang bumato sa kanya.” [8] At muli siyang yumuko at nagsulat sa lupa sa pamamagitan ng Kaniyang daliri. [9] Matapos nilang marinig ito, isa-isa silang nagsialis, simula sa pinakamatanda. Naiwang mag-isa si Hesus kasama ang babaing nakatayo sa harap Niya. [10] Tumingala si Hesus at sinabi sa kanya, “Ginang, nasaan sila? Wala bang humusga sa iyo?” [11] At sinabi ng babae, “Wala, Ginoo.” At sinabi ni Hesus, “Hindi rin kita huhusgahan; humayo ka, at huwag nang magkasala.”*

5. Nagpahayag ba ng tunay na kalikasan ng Diyos ang mga kilos at salita ni Hesus? Basahin ang Juan 3:34.

ARALIN 5

Juan 3:34 *Sapagkat ang isinugo ng Diyos ay nagpapahayag ng mga salita ng Diyos, dahil walang-hangganan ang kanyang pagbibigay ng Espiritu.*

6. Basahin ang 1 Juan 4:8. Ayon sa bersikulo, ano ang tunay na kalikasan ng Diyos?

1 Juan 4:8 *Ang sinumang hindi umiibig ay hindi nakikilala ang Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig.*

7. Basahin ang Roma 5:6. Ano ang katayuan ng tao noong minahal tayo ng Diyos?

Roma 5:6 *Sapagkat noong tayo ay mahihina pa, namatay si Kristo sa takdang panahon para sa mga makasalanan.*

8. Basahin ang Roma 5:8. Minahal tayo ng Diyos kahit na tayo ay ...?

Roma 5:8 *Subalit ipinapakita ng Diyos ang Kaniya pag-ibig sa atin, na noong tayo'y makasalanan pa, si Kristo ay namatay para sa atin.*

9. Basahin ang Roma 5:10. Minahal tayo ng Diyos kahit na tayo ay ...?

Roma 5:10 *Sapagkat kung noon ngang kaaway tayo ng Diyos ay ipinagkasundo tayo sa Kaniya sa pamamagitan ng kamatayan ng Kaniyang Anak, lalo na ngayong ipinagkasundo na tayo sa Diyos! Tiyak na maliligtas tayo sa pamamagitan ng Kaniyang buhay.*

10. Kung ikaw ay hihingi ng kapatawaran kay Hesus at gawin Siyang Diyos at Tagapagligtas, magtiwala sa sakripisyong ginawa ni Hesus bilang kabayaran sa iyong kasalan, ipapakita ba ng Diyos sa iyo ang Kaniyang tunay na pagkamahabagin at mabiyaya?

MGA SAGOT

1. Basahin ang Roma 5:13. Ano ang ibig sabihin ng salitang “impute” o ”pagpataw”?
Upang singilin ang kasalanan.
2. Basahin ang Roma 7:7. Ano ang layunin ng Kautusan?
Upang ipakilala ang kasalanan.
3. Basahin ang Galacia 3:24. Ayon sa bersikulong ito, ano ang layunin ng Kautusan?
Upang ipaunawa sa sangkatauhan na kailangan nila ng Tagapagligtas, Hesu Kristo.
4. Basahin ang Juan 8:1-11. Paano hinarap ni Hesus ang babae na nahuling nangangalunya?
Na may habag at biyaya.
5. Nagpahayag ba ng tunay na kalikasan ng Diyos ang mga kilos at salita ni Hesus? Basahin ang Juan 3:34.
Opo.
6. Basahin ang 1 Juan 4:8. Ayon sa bersikulo, ano ang tunay na kalikasan ng Diyos?
Pag-ibig.
7. Basahin ang Roma 5:6. Ano ang katayuan ng tao noong minahal tayo ng Diyos?
Walang lakas; walang magawa at hindi maka-Diyos.
8. Basahin ang Roma 5:8. Minahal tayo ng Diyos kahit na tayo ay ...?
Makasalanan.
9. Basahin ang Roma 5:10. Minahal tayo ng Diyos kahit na tayo ay ...?
Kaaway.
10. Kung ikaw ay hihingi ng kapatawaran kay Jesus at gawin Siyang Diyos at Tagapagligtas, magtiwala sa sakripisyong ginawa ni Hesus bilang kabayaran sa iyong kasalan, ipapakita ba ng Diyos sa iyo ang Kaniyang tunay na pagkamahabagin at mabiyaya?
Opo.

ARALIN 6

PAGSISISI

Isinulat ni Don Krow

Ang ibang tao ay may maling pang-unawa sa kung ano ang ibig sabihin ng pagsisisi. Ang pagsisisi ay hindi nangangahulugang pagiging perpekto kundi ang ibig sabihin nito ay pagbabagong direksiyon. Pag-uusapan natin ang "Parable of the Prodigal Son" o Ang Alibughang Anak. Inilarawan ni Hesus sa kwento kung ano ang kahulugan ng perpektong pagsisisi ng isang tao. Ayon sa Lucas 15:11-12, *Sinabi pa Niya, Isang tao ang may dalawang anak na lalaki. [12] Sinabi ng nakababata sa kanyang ama, 'Ama, ibigay mo na sa akin ang mamamahin ko.' At hinati ng ama sa kanila ang kanyang ari-arian.*

Ang bunsong anak na lalaki ay ninanais na makuha na ang kaniyang mana bago pa mamatay ang kaniyang ama, na hindi pangkaraniwan, at ibinigay ng ama ang hinihinging mana sa kaniyang mga anak. Mababasa sa bersikulo 13, "Pagdaan ng ilang araw, tinipon ng nakababata ang lahat ng kaniya at umalis siya patungo sa malayong lupain. Doon ay nilustay niya ang kaniyang kabuhayan sa maaksayang pamumuhay." Kinuha ng bunsong anak ang lahat ng kaniyang kayamanan, ang kaniyang parte sa mana, nagpakalayo, at winaldas niya ito sa magulong pamumuhay. Sa isang salin, "pagpapasarap at ginastos ang pera sa mga bayaring babae."

Mababasa sa bersikulo 14-15, *Nang maubos na niya ang lahat, nagkaroon ng matinding taggutom sa lupaing iyon kaya nagsimula na siyang mangailangan. [15] Namasukan siya sa isang mamamayan sa lupaing iyon at ipinadala siya nito sa bukid upang magpakain ng mga baboy. Nagtrabaho siya bilang tagapag-alaga ng mga baboy sa isang lupain. Sa bersikulo [16] Dahil sa gutom ay gusto na niyang kainin kahit ang mga pinagbalatan ng gulay na kinakain ng mga baboy ngunit wala kahit isa man na nagbigay sa kanya ng anuman. Gutom na gutom siya, at nagsabi "bigyan niyo ako kahit pagkain ng baboy-kahit ano", ngunit walang nagbigay ng kahit ano. Winaldas niya ang lahat ng kaniyang mana. Nagpatuloy ang bersikulo 17, *Subalit nang matauhan ay sinabi niya sa kanyang sarili, 'Marami sa mga upahang lingkod ng aking ama ang sobra-sobra sa busog sa pagkain, samantalang ako rito'y namamatay sa gutom!'* Sa isang salin, "noong siya ay natauhan." Sa ibang salita, ang mga tauhan ng kaniyang ama ay kumakain ng masagana subalit siya ay namamatay sa gutom.*

Siya'y nagpasiya-siya'y nagsisi. Ang pagsisisi ay pagbabago ng pag-iisip, isang pagbabago ng puso na nagiging dahilan na ang tao ay tumalima at magbago ng direksiyon. Sa bersikulo 18-19, siya ay nagsabi, *Babalik ako sa aking ama at sasabihin kong, 'Ama, nagkasala ako laban sa langit at laban sa iyo. [19] Hindi na ako karapat-dapat tawaging iyong anak. Ituring mo ako bilang isa sa iyong mga upahang lingkod.'* "Ama, gawin mo na lang akong isang alipin, nagkasala

ako laban sa iyo, nilustay ang iyong kabuhayan, at nagkasala laban sa Diyos. Gawin mo na lang akong alipin.” At siya ay bumangon at nagtungo sa kaniyang ama. Ang pagsisisi ay mas higit pa sa pagbabago ng pag-uugali, pagbabago ng isip, at pagbabago ng puso; nagtutulak ito sa tao na kumilos na naaayon sa pinaniniwalaan, tumalima at magbago ng direksiyon. Lahat tayo ay tumalikod sa Diyos, sa ating Ama, at sa langit na ating tahanan. Sa Isaias 53:6, *Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa’t isa sa kaniyang sariling daan;* ngunit ang Diyos, sa Kaniyang habag, ay kinuha ang ating mga kasalanan at ipinataw kay Hesus.

At nagpatuloy ang kwento sa bersikulo 20-24, *At siya’y tumindig, at nagtungo sa kaniyang ama.* Isang gabi naikwento ko ito sa isang lalaki na hindi pa ito narinig, at alam niya na sa pagbabalik ng kaniyang anak, sasabihin ng ama, “anak tingnan mo ang ginawa mo. Winaldas mo ang lahat ng aking yaman, lahat ng naipundar ko. Ituturing kitang isa ka sa aking mga alipin.” Karamihan sa mga ama, marahil ay lubhang magagalit, pansinin ang ugali ng ama: *Ngunit malayo pa lang siya ay natanaw na siya ng kanyang ama at labis itong naawa sa kanya. Tumakbo ito sa kanya, niyakap siya at hinalikan. Sinabi ng anak, ‘Ama, nagkasala ako laban sa langit at laban sa iyo. Hindi na ako karapat-dapat tawaging iyong anak.’ Ngunit sinabi ng ama sa kanyang mga lingkod, ‘Magmadali kayo! Dalhin ninyo rito ang pinakamagandang balabal at isuot sa kanya. Suotan ninyo ng singsing ang kanyang daliri at ng mga sandalyas ang kanyang mga paa. Kunin ninyo ang pinatabang guya at katayin. Tayo ay kakain at magdiriwang! Sapagkat patay ang anak kong ito ngunit muling nabuhay. Siya ay nawala ngunit natagpuan.’ At nagsimula nga silang magdiwang. Nagsimula silang magdiwang.*

Minsan ko itong sinabi sa tao, “Nauunawaan ko ang sinabi ni Hesus. Kung ako ay manunumbalik sa aking Ama sa langit at hihingi ng habag at magsasabi ‘Ama, nagkasala ako laban sa Iyo, hindi ako karapat-dapat na maging anak Mo,’ tatanggapin Niya ako.” Ang ating Ama sa langit ay magkakaroon ng awa, at hindi ka Niya gagawing alipin. Ibabalik ang iyong buong katayuan bilang anak Niya. Ang Diyos ay naghihintay. Ikaw ba’y lumayo? Bakit hindi ka bumalik sa Diyos, ang iyong Ama, sa langit na iyong tahanan, ngayon?

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Ano ang kahulugan ng pagsisisi?
2. Basahin ang Lucas 13:1-5. Ano ang kinakailangang gawin ng isang tao upang siya ay hindi mapahamak?

Lucas 13:1-5 *Nang oras na iyon, dumating ang ilan at nagbalita kay Hesus na may mga taga-Galilea na ipinapatay ni Pilato habang nag-aalay sila sa Diyos. [2] At sinabi niya sa kanila, “Inaakala ba ninyong higit na makasalanan ang mga taga-Galileang iyon kaysa ibang mga taga-Galilea dahil nagdusa sila nang ganoon? [3] Sinasabi ko sa inyo, hindi! Ngunit kung hindi kayo magsisisi, lahat kayo’y mapapahamak ding tulad nila. [4] Iyon namang labingwalong namatay nang nabagsakan ng tore sa Siloam, inaakala ba ninyong higit silang makasalanan kaysa ibang taga-Jerusalem? [5] Sinasabi ko sa inyo, hindi! Ngunit kung hindi kayo magsisisi, lahat kayo’y mapapahamak ding tulad nila.”*

3. Basahin ang 2 Peter 3:9 Ano ang ninanais ng Diyos para sa lahat ng tao?

2 Peter 3:9 *Hindi nagpapabaya ang Panginoon tungkol sa kanyang pangako gaya ng inaakala ng iba. Pinagtitiisan lamang kayo ng Panginoon kaya hindi muna niya ginagawa ang ayon sa kanyang pangako. Binibigyan pa niya ng pagkakataon ang lahat na magsisi sapagkat ayaw niyang mapahamak ang sinuman.*

4. Basahin ang Lucas 16:19-31. Sa Lucas 16:28, bakit hiniling ng mayamang lalaking ito na pabalikin ang isang tao mula sa mga patay at puntahan at kausapin ang kanyang mga kapatid?

Lucas 16:19-31 *May mayamang tao na nagsusuot ng mamahaling damit at kumakain nang sagana araw-araw. [20] Isang pulubi namang nagngangalang Lazaro ang nakalupasay sa may pintuan ng mayaman. Marami siyang sugat sa katawan. [21] Masaya na siyang makakain mula sa mga nahuhulog sa hapag ng mayaman. Kahit ang mga aso ay lumalapit at dinidilaan ang kanyang mga sugat. [22] Namatay ang pulubi at dinala siya ng mga anghel sa kandungan ni Abraham. Namatay rin ang mayaman at inilibing. [23] Sa gitna ng pagdurusa niya sa Hades, tumingala siya at nakita niya sa kalayuan si Abraham at si Lazaro sa kandungan nito. [24] Kaya’t pasigaw niyang sinabi, ‘Amang Abraham, maawa ka sa akin! Isugo mo si Lazaro upang isawsaw ang kanyang daliri sa tubig at palamigin ang aking dila, sapagkat naghihirap ako sa apoy na ito.’ [25] Ngunit sinabi ni Abraham, ‘Anak, alalahanin mong sa iyong buhay ay nagtamasa ka ng mabubuting bagay, samantalang si Lazaro naman ay dumanas ng hirap. Ngayon siya ay inaaliw dito at ikaw naman ay nagdurusa. [26] Bukod dito, may inilagay na malawak na bangin sa pagitan natin upang ang gustong makatawid*

mula rito patungo sa inyo ay hindi makatatawid o makatawid mula riyan patungo rito. [27] Sinabi ng mayaman, 'Kung gayon, ipinakikiusap ko sa iyo Ama, na isugo mo siya sa bahay ng aking ama, [28] sapagkat mayroon akong limang kapatid na lalaki, upang si Lazaro'y magpatotoo sa kanila at nang hindi sila humantong sa lugar ng kaparusahang ito.' [29] Ngunit sinabi ni Abraham, 'Nasa kanila si Moises at ang mga propeta. Hayaan mong ang mga kapatid mo'y makinig sa kanila.' [30] Sumagot ang mayaman, 'Hindi sapat ang mga iyon, Amang Abraham. Ngunit kung isa mula sa mga patay ang magpupunta sa kanila, magsisisi sila.' [31] Sinabi naman ni Abraham, 'Kung hindi sila nakikinig kay Moises at sa mga propeta, hindi rin sila makikinig kahit may isang bumangon mula sa mga patay.'

5. Basahin ang Lucas 16:30. Ano ang kinakailangang gawin ng mga kapatid ng mayamang lalaki upang sila ay hindi mapunta sa impierno?
6. Basahin ang Mga Gawa 26:18. Bagama't hindi binanggit, ang bersikulong ito ay patungkol sa pagsisisi. Ano ang mangyayari sa mga magsisisi?

Mga Gawa 26:18 *Upang buksan mo ang kanilang mga mata, ibalik sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag, mula sa kapangyarihan ni Satanas tungo sa Diyos, upang tumanggap sila ng kapatawaran ng mga kasalanan at mapabilang sa piling ng mga ginawang banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin.*

7. Basahin ang Mga Gawa 26:20. Sa huling bahagi ng bersikulong ito tatlong bagay ang nabanggit kung ano ang dapat gawin ng mga Hentil. Ano ang tatlong bagay na ito?

Mga Gawa 26:20 *Nangaral ako, una sa Damasco, pagkatapos ay sa Jerusalem, at sa buong lupain ng Judea, gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat nilang talikuran ang kanilang kasalanan at magbalik-loob sa Diyos at patunayan sa pamamagitan ng kanilang mga gawa ang kanilang pagsisisi.*

8. Basahin ang Mateo 7:21-23. Ano ang sinabi ni Hesus patungkol sa mga gawain ng mga tao sa halip na gawin ang kalooban ng Diyos?

Mateo 7:21-23 *Hindi lahat ng tumatawag sa akin ng 'Panginoon, Panginoon' ay papasok sa kaharian ng langit, kundi yaon lamang nagsasagawa ng kagustuhan ng aking Amang nasa langit. [22] Marami ang magsasabi sa akin sa araw na iyon, 'Panginoon, Panginoon, hindi ba't sa iyong pangalan ay nagpahayag kami ng propesiya, nakapagpalayas ng mga demonyo, at sa iyong pangalan din ay gumawa kami ng maraming himala?' [23] At sasabihin ko naman sa kanila, 'Kailanma'y hindi ko kayo nakikilala. Lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!'*

ARALIN 6

9. Ano ang ipinakikita nito sa iyo tungkol sa kahalagahan ng tunay na pagsisisi kumpara sa mapagpaimbabaw na paglilingkod sa Diyos?

10. Basahin ang Isaias 55:7. Ano ang kinakailangang gawin ng masasama?

Isaias 55:7 *Lisanin ng masama ang kaniyang lakad, at ng liko ang kaniyang mga pagiisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at siya'y kaaawaan Niya; at sa aming Diyos, sapagka't siya'y magpapatawad ng sagana.*

11. Ano ang dalawang bagay na dapat gawin ng mga hindi matuwid?

12. Ano ang gagawin ng Diyos para sa tao na gumagawa ng mga bagay na nabanggit?

13. Basahin ang Lucas 15:7. Ano ang reaksiyon ng langit sa isang makasalanan na nagsisisi?

Lucas 15:7 *Sinasabi ko sa inyo, sa gayunding paraan, magkakaroon ng higit pang kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisi kaysa siyamnapu't siyam na matutuwid na hindi nangangailangan ng pagsisisi.*

14. Basahin ang Mga Gawa 3:19. Kung ikaw ay magsisisi at manunumbalik, ano ang mangyayari sa iyong mga kasalanan?

Mga Gawa 3:19 *Kaya nga magsisi na kayo at magbalik-loob sa Diyos upang mapatawad ang inyong mga kasalanan.*

MGA SAGOT

1. Ano ang pagsisisi?
 - **Ito ay isang “about face” sa panibagong kasunduan.**
 - **Ito ay pagbabago ng isip.**
 - **Ito ay pagbabago ng puso na resulta ng panunumbalik sa Diyos, mula sa mga dating gawi patungo sa mga pamamaraan ng Diyos.**
 - **Pagbabago ng direksiyon, hindi pagiging perpekto.**
 - **Upang gumawa ng isang desisyon na magpapabago sa kabuuang direksiyon sa buhay ng tao.**
 - **Pagtalikod sa mga dating gawi at mag “commit” sa Panginoon at sa Kanyang mga pamamaraan.**
 - **Tumalima sa isang Tao, sa Diyos sa pamamagitan ni Hesu Kristo.**

2. Basahin ang Lucas 13:1-5. Ano ang kinakailangang gawin ng isang tao upang siya ay hindi mapahamak?
Magsisi.

3. Basahin ang 2 Peter 3:9 Ano ang ninanais ng Diyos para sa lahat ng tao?
Na ang lahat ay magsisi (sapagkat ayaw Niyang mapahamak ang sinuman).

4. Basahin ang Lucas 16:19-31. Sa Lucas 16:28, bakit hiniling ng mayamang lalaking ito na pabalikin ang isang tao mula sa mga patay at puntahan at kausapin ang kanyang mga kapatid?
Upang maiwasang mapunta sa isang lugar na puno ng paghihirap.

5. Basahin ang Lucas 16:30. Ano ang kinakailangang gawin ng mga kapatid ng mayamang lalaki upang sila ay hindi mapunta sa impiyerno?
Dapat silang magsisi.

6. Basahin ang Mga Gawa 26:18. Bagama’t hindi binanggit, ang bersikulong ito ay patungkol sa pagsisisi. Ano ang mangyayari sa mga magsisisi?
 - **Mabubuksan ang mga mata.**
 - **Manumbalik mula sa kadiliman patungo sa kaliwanagan.**
 - **Manumbalik mula sa kapangyarihan ni Satanas patungo sa Diyos.**
 - **Tanggapin ang kapatawaran ng kasalan.**
 - **Tanggapin ang mana.**

7. Basahin ang Mga Gawa 26:20. Sa huling bahagi ng bersikulong ito, tatlong bagay ang

ARALIN 6

nabanggit kung ano ang dapat gawin ng mga Hentil. Ano ang tatlong bagay na ito?

- **Magsisi.**
- **Manumbalik sa Diyos.**
- **Patunayan ang pagsisisi sa pamamagitan ng gawa.**

8. Basahin ang Mateo 7:21-23. Ano ang sinabi ni Hesus patungkol sa mga gawain ng mga tao sa halip na gawin ang kalooban ng Diyos?

Kasamaan o pagsuway sa batas o utos.

9. Ano ang ipinakikita nito sa iyo tungkol sa kahalagahan ng tunay na pagsisisi kumpara sa mapagpaimbabaw na paglilingkod sa Diyos?

Ang kaligtasan na galing sa puso, hindi sa salita lamang.

10. Basahin ang Isaias 55:7. Ano ang kinakailangang gawin ng masasama?

Talikuran ang kanilang mga gawa.

11. Ano ang dalawang bagay na dapat gawin ng mga hindi matuwid?

Talikuran ang kanilang mga baluktot na kaisipan at manumbalik sa Diyos.

12. Ano ang gagawin ng Diyos para sa tao na gumagawa ng mga bagay na nabanggit?

Mahabag at magpatawad ng masagana.

13. Basahin ang Lucas 15:7. Ano ang reaksiyon ng langit sa isang makasalanan na nagsisisi?

May pagdiriwang sa langit.

14. Basahin ang Mga Gawa 3:19. Kung ikaw ay magsisisi at manunumbalik, ano ang mangyayari sa mga kasalanan mo?

Mabubura ang mga kasalanan mo.

ARALIN 7

“Commitment”

Isinulat ni Don Krow

Lucas 14:25-26 *Sumama sa paglalakbay ni Hesus ang napakaraming tao. Humarap siya sa kanila at sinabi, [26] Hindi maaaring maging alagad ko ang sinumang lumalapit sa akin na hindi napopoot sa kanyang ama, ina, asawa, mga anak, mga kapatid, o maging sa kanyang sariling buhay.*

Nagsisama nga sa kaniya ang lubhang maraming tao; at siya’y lumingon at sa kanila’y sinabi (Lucas 14:25). Sa ministeryo ni Hesus sa panahon na ito, maraming bilang ng mga tao ang nagsisunod kay Hesus. Sa salitang Ingles ay hindi ito maipaliwanag subalit sa salitang Griyego, ito ay tinawag na "imperfect tense". Ang ibig sabihin nito sa panahon ngayon, paulit-ulit at patuloy na sumunod kay Hesus ang napakaraming tao. Marahil ito’y dahil sa mga himalang ginawa Niya o kaya ay dahil sa sila ay pinakain ni Hesus, hindi natin alam ang tunay na dahilan, subalit lubhang napakaraming tao ang sumusunod sa Kaniya. Marami sa kanila ang huminto sa pagsunod kay Hesus dahil sa Kaniyang sinabi.

Ang sinumang lumapit sa Akin (ibig sabihin ang gustong sumama sa Akin, gusto akong samahan, gustong sumunod sa Akin, ito ang kinakailangan), *Hindi maaaring maging alagad ko ang sinumang lumalapit sa akin na hindi napopoot sa kanyang ama, ina, asawa, mga anak, mga kapatid, o maging sa kanyang sariling buhay* (Lucas 14:26). Sa aking pag-aaral sa Salita, naisip ko, “Panginoon, hindi ganyan ang ibig Mong sabihin.” Ano ang ibig sabihin ng “poot”? Marahil ito ay nangangahulugang magmahal ng kaunti o tulad nito. Sa aking pag-aaral, nadiskubre ko na ang literal na kahulugan ng salitang poot ay poot.

Ginamit ni Hesus ang pinakamatindi na posibleng salita upang bigyang-diin ang isang punto. Sinabi Niya malibang kapootan mo ang iyong ama, ina, ang iyong mga kapatid, at ang iyong sarili, hindi ka maaaring maging disipulo Niya. Mayroon akong katanungan sa iyo: Ano ang pinakamalapit na relasyon na maaari mong makamtan dito sa lupa? Ito ay ang iyong ina, ama, ang iyong asawa at mga anak. Anong mangyayari kung kinalaban ka ng iyong asawa at ikaw ay diniborsiyo, o kaya ang iyong ama’t ina ay namatay? Sino ang makakasama mo ngayon? Ito ay ang iyong mga kapatid. Sinabi ni Hesus, maliban na lamang na kapootan mo sila, hindi ka maaaring maging disipulo Niya. Ano ba ang sinasabi Niya?

Tinutukoy ni Hesus ang pinakamalapit na relasyon na maaaring makamtan. Hinihiling ni Hesus ang “commitment” mula sa iyo, isang “commitment” na kung saan Siya ang nangunguna. Ibig ni Hesus na Siya ang una sa buhay mo. Ikukumpara ni Hesus ang relasyon mo sa Kaniya sa pinakamalapit na mga relasyon na mayroon ka. Ang "poot" ay isang salitang talinghaga,

ARALIN 7

isang salita na ginagamit sa pagkukumpira, at nagsasabi si Hesus, “Ang Aking relasyon sa iyo ay napakahalaga at ibig ko itong maging higit sa lahat ng bagay dito sa lupa.” May isang tao na higit mong mahal kaysa sa iyong asawa, iyong mga anak, ang iyong ina, ang iyong ama at mga kapatid. Alam mo ba kung sino ito? Hindi ang Diyos ... iyon ay ikaw. Mahal mo ang sarili mo ng higit pa sa pinakamalapit mong mga relasyon.

Bakit maraming mga mag-asawa ang naghihiwalayan? Bakit may diborsiyo? Dahil higit nilang mahal ang kanilang sarili kaysa sa kanilang asawa. “Hindi mo ginagawa ang gusto ko kaya ayaw ko na sa iyo.”

Sabi ni Hesus mayroong isang relasyon na ibig Niyang manguna at mangibabaw-ito ay ang maramot mong buhay. Ito ang tunay na pagdidisipulo. Hindi tinutukoy ni Hesus ang isang “no-cost discipleship”. Hinihiling Niya na sumunod tayo sa Kaniya. Hinihiling Niya na gawin Siyang una sa buhay natin.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Lucas 9:57-62. Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa antas ng “commitment” sa pagsunod kay Kristo?

Lucas 9:57-62 *Habang naglalakbay sila ay may nagsabi sa kanya, ‘Susunod ako sa inyo saan man kayo magtungo.’ [58] Sinabi sa kanya ni Hesus, ‘May mga lungga ang mga asong-gubat at may mga pugad naman ang mga ibon ng himpapawid, ngunit ang Anak ng Tao ay walang sariling matitirahan.’ [59] Sinabi niya sa isa, ‘Sumunod ka sa akin!’ Ngunit sumagot ito, ‘Panginoon, hayaan muna ninyo akong umalis upang ilibing ko ang aking ama.’ [60] Ngunit sinabi niya, ‘Ipaubaya mo na sa mga patay ang paglilibing sa sarili nilang patay. Subalit para sa iyo, humayo ka at ipahayag mo ang paghahari ng Diyos.’ [61] Sinabi naman sa kanya ng isa pa, ‘Susunod po ako sa inyo Panginoon, ngunit hayaan muna ninyo akong makapagpaalam sa aking mga kasambahay.’ [62] Subalit sinabi sa kanya ni Hesus, ‘Sinumang humawak sa araro at lingon nang lingon ay hindi karapat-dapat sa kaharian ng Diyos.’*

2. Basahin ang Lucas 8:13-14. Bakit ang ibang tao ay parang nawawala sa pananampalataya bilang Kristiyano?

Lucas 8:13-14 *Ang mga nalaglag naman sa batuhan ay ang mga nakarinig sa salita at tumanggap dito nang may kagalakan. Ngunit sa kawalan ng ugat, sandali lamang sila nanampalataya at tumalikod sa panahon ng pagsubok. [14] Ang mga napadpad sa tinikan ay ang mga nakarinig ngunit sa kanilang pagpapatuloy ay sinakal ng kabalisahan, mga kayamanan at mga layaw ng buhay kaya’t hindi nahinog ang kanilang bunga.*

3. Basahin ang Ezekiel 16:8. Ang Diyos ay gumagamit ng mga halimbawa patungkol sa pag-aasawahan upang ipaliwanag ang Kaniyang relasyon sa mga tao. Sa ganitong relasyon, kaninong pagmamay-ari ang tao?

Ezekiel 16:8 Nang ako nga’y magdaan sa tabi mo, at tumingin sa iyo, narito, ang iyong panahon ay panahon ng pagibig; at aking iniladlad ang aking balabal sa iyo, at tinakpan ko ang iyong kahubaran: oo, ako’y sumumpa sa iyo, at nakipagtipan sa iyo, sabi ng Panginoong Diyos, at ikaw ay naging akin.

4. Basahin ang 1 Corinto 6:19. Kanino ka kabilang?

1 Corinto 6:19 *O hindi бага ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Diyos? at hindi kayo sa inyong sarili;*

ARALIN 7

5. Basahin ang 1 Corinto 6:20. Kanino kabilang ang iyong katawan at espiritu?

1 Corinto 6:20 *Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Diyos.*

6. Basahin ang Santiago 4:4. Maaari ka bang magkasala ng pangangalunya sa espiritu laban sa Diyos?

Santiago 4:4 *Mga taksil! Hindi ba ninyo alam na ang pakikipagkaibigan sa sanlibutan ay pakikipag-away sa Diyos? Kaya't sinumang nagnanais maging kaibigan ng sanlibutan ay nagiging kaaway ng Diyos.*

7. Ano ang espirituwal na pangangalunya sa mata ng Diyos? Basahin ang Roma 1:25.

Roma 1:25 *Pinalitan nila ng kasinungalingan ang katotohanan tungkol sa Diyos at sila'y sumamba at naglingkod sa mga bagay na nilalang sa halip na sa Lumalang, na siyang dapat papurihan magpakailanman! Amen.*

8. Basahin ang Juan 2:23-25. Ano ang maaari nating matutunan tungkol sa “commitment” at pananampalataya sa mga bersikulong ito?

Juan 2:23-25 *Nang siya'y nasa Jerusalem noong Pista ng Paskuwa, marami ang sumampalataya sa kanyang pangalan nang makita nila ang mga himala na kanyang ginawa. [24] Subalit hindi nagtiwala si Hesus sa kanila, [25] dahil kilala niya ang lahat ng mga tao at hindi niya kailangan ang sinuman para magpatunay tungkol sa tao, sapagkat alam niya kung ano ang niloloob nila.*

9. Basahin ang Lucas 14:28-30. Naisip mo na ba kung ano ang halaga ng pagsunod kay Kristo? Ibig mo bang sumunod kay Kristo?

Lucas 14:28-30 *Sapagkat sino ba sa inyo na nagnanais magtayo ng tore ang hindi muna nauupo at inaalang ang magugugol upang matiyak kung mayroon siyang sapat na halaga hanggang matapos ito? [29] Baka kung nailagay na ang pundasyon at hindi ito makayang tapusin, kukutyain siya ng lahat ng makakakita sa kanya. [30] Sasabihin nila, 'Nagsimulang magtayo ang taong ito pero hindi naman niya kayang tapusin iyon.'*

MGA SAGOT

1. Basahin ang Lucas 9: 57- 62. Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa antas ng “*commitment*” sa pagsunod kay Kristo?
Ganap na pagsuko.
2. Basahin ang Lucas 8:13-14. Bakit ang ibang tao ay parang nawawala sa pananampalataya bilang Kristiyano?
Hindi kailanman nag-ugat ang Salita ng Diyos sa kanila. Ang alalahanin, kayamanan, at kasiyahan ng buhay na ito ang nag-aalis sa kanila.
3. Basahin ang Ezekiel 16:8. Ang Diyos ay gumagamit ng mga halimbawa patungkol sa pag-aasawahan upang ipaliwanag ang Kaniyang relasyon sa mga tao. Sa ganitong relasyon, kaninong pagmamay-ari ang tao?
Sa Diyos.
4. Basahin ang 1 Corinto 6:19. Kanino ka kabilang?
Sa Diyos.
5. Basahin ang 1 Corinto 6:20. Kanino kabilang ang iyong katawan at espiritu?
Sa Diyos.
6. Basahin ang Santiago 4:4. Maaari ka bang magkasala ng pangangalunya sa espiritu laban sa Diyos?
Opo.
7. Ano ang espirituwal na pangangalunya sa mata ng Diyos? Basahin ang Roma 1:25.
Isang pusong tumalikod sa Kaniya patungo sa mga diyos-diyosan. (Mga bagay na binigyan mo ng halaga higit sa Diyos.)
8. Basahin ang Juan 2:23-25. Ano ang maaari nating matutunan tungkol sa “*commitment*” at pananampalataya sa mga bersikulong ito?
Nais ni Hesus ang kabuuan ng ating puso. (Kabuuang “*commitment*”).
9. Basahin ang Lucas 14:28-30. Naisip mo na ba kung ano ang halaga ng pagsunod kay Kristo? Ibig mo bang sumunod kay Kristo?

ARALIN 8

PAGBAUTISMO SA TUBIG

Isinulat ni Don Krow

KATANUNGAN: “Gusto kong malaman kung kinakailangan bang magpabautismo upang marating ang langit. Mahal ko ang Diyos at ako ay nabautismohan noong ako ay pitong taong gulang. Ako ngayon ay labing walong taong gulang, at may isang tao mula sa "non-denominational church" na nagsabi sa akin na walang maaaring maligtas at mabautismohan sa murang-edad. At sinabi rin nila na kinakailangan na ikaw ay mabautismohan upang ikaw ay makarating sa langit, subalit ang aking Baptist family ay nagsasabi na hindi. Gusto ko lang makarating sa langit. Ako ay namumuhay para sa Diyos sa lahat ng paraan na magagawa ko, subalit kailangan kong malaman kung dapat ba akong mabautismohang muli ngayong ako’y nasa tamang edad. Nawa ay matulungan mo ako sa lalong madaling panahon. Pagpalain ka ng Diyos at salamat.”

KASAGUTAN: Ang kaligtasan at ang kapatawaran ng mga kasalanan ay malayang nakakamtan bilang regalo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu Kristo. Isinasaad sa Mga Gawa 10:43: *Nagpatotoo tungkol sa Kaniya ang lahat ng mga propeta na ang bawat sumasampalataya sa Kaniya ay tatanggap ng kapatawaran sa mga kasalanan sa pamamagitan ng Kaniyang pangalan.* Ang kaligtasan ay nakakamtan sa pamamagitan ng pananampalataya; na ang ibig sabihin ay pagtitiwala at pagdepende kay Hesus at sa Kaniyang nabuhos na dugo upang ikaw ay magkaroon o mabiyayaan ng matuwid na katatayuan sa harap ng Diyos. Sa Mga Gawa 10:44-48, tinanggap ng mga mananampalataya ang Banal na Espiritu (pinagtibay ang kanilang kaligtasan) bago sila nabautismohan.

Kahit na ito ay totoo, sa ibang pagkakataon tila ang kapatawaran ng mga kasalanan ay nangyari sa oras ng pagbautismo (Mga Gawa 2:38). Ito ay dahil ang pagbautismo ay isang kapahayagan ng pananampalataya na ginawa sa oras na ang tao ay nanumbalik kay Hesus sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya (ang sabi ng Marcos 16:16, *Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan*). Ito ay paraan din ng pagtawag sa Panginoong Hesus na may malinis na budhi. (Mga Gawa 22:16 at 1 Pedro 3:21).

Kung nagmula sa puso ang panunumbalik mo kay Hesus sa edad na pito at ikaw ay nabautismohan, tinanggap na ng Diyos ang iyong pananampalataya sa murang edad. May ilang mga kinakailangang gawin bago mabautismohan. Una, kinakailangang magsisi. Nabago ba ang iyong puso at isip bilang resulta ng pagtalikod mo sa kasalanan patungo kay Hesus at sa Kaniyang kapatawaran (Mga Gawa 2:38, 20:21, 17:30)? Ginamit mo ba ang iyong pananampalataya

sa Panginoong Hesu Kristo bilang Panginoon at sariling Tagapagligtas (Marcos 16:16, Juan 3:16, at Roma 10:9-10)? Kung hindi pa, manumbalik ka kay Hesus, magsisi, manumbalik sa Kaniyang biyaya para sa iyong kapatawaran at patibayin ang desisyon na sumunod sa Kaniya sa pamamagitan ng pagbautismo sa tubig.

Ang pagbabautismo ay isang kapahayagan ng pananampalataya kay Hesus: Kung wala ang pananampalataya, ang iyong ginawa ay walang kabuluhan. Ang mga taong tumanggap kay Hesus bilang Panginoon at Tagapagligtas ay kusang nagpapahayag ng pananampalataya at hayagang ikumpisal si Hesus sa pamamaraang publiko. Ang hindi pagsunod sa utos ni Hesus ay nagpapakita ng patay na pananampalataya. Ang pananampalataya ay patay kapag ang mga tao ay hindi nais ipahayag ito (Santiago 2:18-19). "Faith alone saves but saving faith is never alone." Ang pananampalataya ay laging may kaakibat na pagpapahayag. Ang pagbautismo ay isang kaparaanan sa pagpapahayag ng pananampalataya. Ang pagbabautismo ay hindi nagliligtas; si Hesus lamang. Ang tubig ay hindi naghuhugas ng mga kasalanan; ang dugo lamang ni Hesus. Ngunit ang Kaniyang dugo ay nailapat sa iyo sa pamamagitan ng pananampalataya, at may pagkakataon na ang pananampalatayang ito ay naihayag sa panahon ng pagbabautismo (Mga Gawa 22:16). Ang tanong, ikaw ba ay nagsisi na? Nananalig ka ba kay Hesus? Kung gayon, huwag nang magpasubali – bumangon at magpabautismo.

ARALIN 8

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Ano ang katanungan ng batang lalaking ito?
2. Ayon sa Mga Gawa 10:43, paano nakakamtan ang kaligtasan?

Gawa 10:43 *Nagpatotoo tungkol sa kanya ang lahat ng mga propeta na ang bawat sumasampalataya sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan.*

3. Ang pagpapabautismo ay kapahayagan ng pananampalataya na nangyayari sa oras ng kaligtasan. Paano ito inilarawan ng Mga Gawa 2:38?

Gawa 2:38 *Sumagot si Pedro, Talikuran ninyo ang inyong kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Hesu Kristo upang patawarin kayo, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu.*

4. Paano ito ipinapahayag ng Marcos 16:16?

Marcos 16:16 *Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.*

5. Ang pagpapabautismo ay isang paraan ng pagtawag sa Panginoon. Paano ito ipinapahayag sa Mga Gawa 22:16?

Gawa 22:16 *At ngayon, ano pa'ng hinihintay mo? Tumindig ka, tumawag ka sa kanyang pangalan at magpabautismo, magpahugas ng iyong mga kasalanan.'*

6. Ang pagpapabautismo ay kaparaanan ng pagtawag sa Panginoon upang malinis ang budhi ng isang tao. Ang sinasabi ba sa 1 Pedro 3:21 ay nagpapatunay nito?

1 Pedro 3:21 *Ang tubig na iyon ang inilalarawan ng bautismong nagliligtas sa inyo ngayon. Hindi ito paglilinis ng dungis ng katawan kundi bilang paghiling sa Diyos ng isang malinis na budhi, sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Kristo.*

7. Ano ba ang kinakailangan sa pagpapabautismo ayon sa Mga Gawa 2:38?

Gawa 2:38 *Sumagot si Pedro, 'Talikuran ninyo ang inyong kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Hesu Kristo upang patawarin kayo, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu.'*

8. Ano ba ang kinakailangan sa pagpapabautismo ayon sa Marcos 16:16?

Marcos 16:16 *Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.*

9. Maaari bang magsisi ang isang sanggol?

10. Maaari bang maniwala ang isang sanggol?

11. Basahin ang Mga Gawa 10:43-48. Ano ang susunod na hakbang pagkatapos na maihayag ang pananampalataya kay Hesu Kristo, na dapat gawin ng isang mananampalataya?

Gawa 10:43-48 *Nagpatotoo tungkol sa kanya ang lahat ng mga propeta na ang bawat sumasampalataya sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan. [44] Habang sinasabi pa ni Pedro ang mga salitang ito, bumaba ang Banal na Espiritu sa lahat ng nakikinig. [45] Ang mga mananampalatayang Judio, na dumating kasama ni Pedro ay nagtaka sapagkat ibinuhos din ang kaloob ng Banal na Espiritusa mga Hentil. [46] Sapagkat narinig nilang ang mga ito'y nagsasalita ng mga wika at nagpupuri sa Diyos. Dahil dito'y sinabi ni Pedro, [47] 'Sino ang makahahadlang upang mabautismuhan ang mga ito na tulad natin ay tumanggap din ng Banal na Espiritu?' [48] At nag-utos siya na bautismuhan sila sa pangalan ni Hesu Kristo. Pagkatapos, sila'y nakiusap sa kanyang manatili pa roon ng mga ilang araw.*

MGA SAGOT

1. Ano ang katanungan ng batang lalaking ito?
Kung kinakailangan ba niyang mabautismohan upang makarating sa langit.
2. Ayon sa Mga Gawa 10:43, paano nakakamtan ang kaligtasan?
Walang bayad, bilang regalo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu Kristo.
3. Ang pagpapabautismo ay kapahayagan ng pananampalataya na nangyayari sa oras ng kaligtasan. Paano ito inilarawan ng Mga Gawa 2:38?
Ang sabi ni Pedro, “magsisi at magpabautismo”.
4. Paano ito ipinapahayag ng Marcos 16:16?
Ang sabi ni Hesus, “ang sino mang manampalataya at magpabautismo ay maliligtas,” nagpapahiwatig na maaari itong mangyari ng sabay.
5. Ang pagpapabautismo ay isang paraan ng pagtawag sa Panginoon. Paano ito ipinapahayag sa Mga Gawa 22:16?
Ang kasulatan ay nagsasabi na kung ang tao ay tatawag sa pangalan ni Hesus, ang kanilang mga kasalanan ay mahuhugasan. Nagpapakita na ang pagtawag sa pangalan ni Hesus ay binibigkas o lumalabas sa bibig (Lucas 18:13) o sa pamamagitan ng pagbabautismo, katulad ng ipinapakita sa Kasulatan.
6. Ang pagpapabautismo ay kaparaanan ng pagtawag sa Panginoon upang malinis ang budhi ng isang tao. Ang sinasabi ba sa 1 Pedro 3:21 ay nagpapatunay nito?
Opo.
7. Ano ba ang kinakailangan sa pagpapabautismo ayon sa Mga Gawa 2:38?
Pagsisisi.
8. Ano ba ang kinakailangan sa pagpapabautismo ayon sa Marcos 16:16?
Ang tao ay dapat maniwala.
9. Maaari bang magsisi ang isang sanggol?
Hindi.
10. Maaari bang maniwala ang isang sanggol?
Hindi.
11. Basahin ang Mga Gawa 10:43-48. Ano ang susunod na hakbang pagkatapos na maihayag ang pananampalataya kay Hesu Kristo, na dapat gawin ng isang mananampalataya?
Pagbabautismo sa tubig.

ARALIN 9

ANG TUNAY NA IKAW KAY KRISTO - Part 1

Isinulat ni Andrew Wommack

Ang sabi sa 2 Corinto 5:17 *Kaya't ang sinumang nakipag-isa na kay Kristo ay isa nang bagong nilikha. Ang mga lumang bagay ay lumipas. Masdan ninyo, ang lahat ay naging bago.* Ang pariralang “kay Kristo” ay salitang ginamit na mahigit sa 300 beses sa Bagong Tipan, na tumutukoy sa isang mahalagang pakikipagrelasyon sa Diyos. Sa oras na ito ay mangyari, ikaw ay isang bagong nilalang na. Sa ibang salin ginamit ang “isang bagong likha”.

Ito ay humahantong sa isang kritikal na isyu na sa aking paniniwala ay napakahalaga upang maunawaan ang iyong bagong pagkakakilanlan kay Kristo; hindi ito isang pisikal na kaganapan. Hindi ito tumutukoy sa iyong pisikal na katawan na makikita ang mga pagbabago lalo na sa anyo o kaanyuan. Kung ang isang tao ay mataba bago siya nagkaroon ng relasyon kay Hesus, mananatili siyang mataba maliban na lamang kung siya ay magpapayat. Hindi rin nito tinutukoy ang iyong pag-iisip o emosyon – na pinaniniwalaan ng karamihan na ang tunay na “sila”. Kung ikaw ay hindi matalino bago ka pa maligtas, hindi rin mangyayari na ikaw ay magiging matalino pagkatapos na ikaw ay maligtas sapagkat mananatili ang iyong mga ala-ala at saloobin.

Mayroong ikatlong bahagi, na ayon sa banal na kasulatan, na kung ating susuriin, ito ang bahagi ng ating sarili na nagbago — ang ating espiritu. Sa 1 Tesalonica 5:23 kung saan ipinapanalangin ni Pablo ang mga taga Tesalonica, *Nawa ang Diyos ng kapayapaan ang siyang magpabanal sa lahat sa inyo. Nawa'y manatiling walang kapintasan ang buo ninyong katauhan, ang inyong espiritu, kaluluwa, at katawan, hanggang sa pagdating ng ating Panginoong Hesu Kristo* Ang talatang ito ay nagpapakita na tayo ay mayroong espiritu, kaluluwa at katawan. Ang katawan ay nakikita. Ito ang bahagi ng ating panlabas na kaanyuan. Kinikilala natin na mayroong isa pang bahagi bukod dito — ang ating emosyon, pag-iisip — na tinatawag na kaluluwa ng Kasulatan. Alam natin na kahit hindi ka hipuin sa pisikal ng isang tao, maaari ka nilang hipuin sa pamamagitan ng salita, alinman sa positibo o negatibong kaparaanan. Karamihan sa tao ay nakaugnay sa pisikal at kaluluwa, subalit ang sabi ng Kasulatan, may isa pang bahagi, ito ang espiritu.

Ang ating espiritu ang bahagi ng ating pagkatao na nagbago pagkatapos na tayo ay maligtas. Ito ang bahagi na nagbibigay buhay. Sa Aklat ng Santiago 2:26 ay nagsasaad, *Sapagkat kung paanong ang katawang walang espiritu ay patay, ang pananampalatayang walang kalakip na gawa ay patay.* Ito ay nagpapatunay na ang espiritu ang nagbibigay buhay sa ating pisikal na katawan. Dito nanggagaling ang ating mga buhay. Sa Genesis 2 noong nilikha ng Diyos

ARALIN 9

si Adan at Eba, ang buong katawan ni Adan ay kumpleto, subalit hiningahan ng Diyos ito ng hininga ng buhay. Itong salitang “hininga” sa Lumang Tipan sa Hebreo ay ang eksaktong salita na ginagamit sa hininga, sa ibang salin naman ay ibig sabihin “espiritu”. Nilikha ng Diyos ang katawan at kaluluwa ni Adan, at hiningahan si Adan ng hininga ng buhay at siya ay naging buhay na kaluluwa. Ang espiritu ang bahagi na nagbibigay buhay.

Bago ang kaligtasan ng tao at bago pa man gumawa ng ganap na "commitment" ng kanyang buhay kay Hesu Kristo, ang kanyang espiritu ay patay. Ang Efeso 2:1 ay nagsasabi, *Kayo noon ay mga patay dahil sa inyong mga pagsuway at mga pagkakasala*. Alam natin na tayo ay buhay bago tayo ay naipanganak na muli sa espiritu, subalit ang salitang “patay” ay tumutukoy sa bagay na espirituwal. Ang kamatayan sa Bibliya ay hindi nangangahulugang maglalaho, na siyang pinaniniwalaan ng karamihan sa panahon ngayon. Ang literal na kahulugan ay “paghihiwalay”. Sa sandaling ang tao ay mamatay, hindi siya naglaho. Itinuturo ng Bibliya na sa oras na mamatay ang tao kaagad siyang pupunta sa presensiya ng Diyos o sa impiyerno. Ang kaluluwa at espiritu ay patuloy na mabubuhay, subalit mayroong paghihiwalay mula sa pisikal na katawan na namamatay at nabubulok.

Noong sinabi sa Genesis 2:17 *Sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka*, hindi ito nangahulugang sila ay namatay sa pisikal kundi sa espirituwal, at sila ay nahiwalay sa Diyos. Ang espiritu, ang bahagi na inihinga ng Diyos sa atin, na siyang nagbigay buhay at dahilan upang magpatuloy mabuhay, ang buhay natin ay nahiwalay sa "supernatural life" ng Diyos ... sa Kanyang kabanalan at ganap na buhay ... na siyang tinatawag ng Bibliya na "zoe life" o buhay na ganap at masagana. Simula noon ang tao ay nagsimulang mamuhay sa mababang antas. Ang tao ay nagpatuloy mabuhay sa kanyang sariling kakayanan, hiwalay sa Diyos. Ito ang sanhi ng lahat ng problema sa ating buhay ... lahat ng ating "emotional stress."

Sa oras na ang tao ay lumapit sa Panginoon, siya ay tumanggap ng bagong espiritu at naisilang na muli, ito ang salita na ginamit ni Hesus sa Juan 3:5. Sa parehong kaparaanan ang tao ay pisikal na ipinanganak na may espiritu, kaluluwa, at katawan, sa oras na siya ay maipanganak na muli, tinanggap niya ang espiritu ni Kristo. Ang Galacia 4:6 ay nagsabi, *Sapagkat kayo ay mga anak na ng Diyos, isinugo niya ang Espiritu ng kanyang Anak, ang Espiritung sumisigaw sa ating [a] mga puso, 'Ama, aking Ama!'* Literal na inilagay ng Diyos ng Kanyang espiritu sa atin, at dahil dito tayo ngayon ay mayroon ng ganap at kumpletong buhay, isang bagong pagkakakilanlan, at ganap na bagong pagkatao sa espiritu natin.

Ang pagpapatuloy ng buhay Kristiyano ay nangangahulugang pagsasabuhay sa iyong kaisipan kung ano ang naganap sa iyong espiritu. Ang katotohanan, isa sa tatlong bahagi ng iyong kaligtasan ay ganap na noong tanggapin mo si Hesus bilang Panginoon. Ang iyong espiritu ay ganap na nabago. Ito rin ang eksaktong espiritu na mayroon ka magpasawalang-hanggan.

Ito ay may kasamang pag-ibig, kagalakan, kapayapaan at punong-puno ng presensiya ng Diyos. Wala nang kakulangan sa iyong espiritu, subalit kailangan mong maunawaan na ito ang dahilan kung bakit kailangang pag-aralan ang salita ng Diyos na lubhang mahalaga sa buhay Kristiyano. Ikaw ay isang ganap at bagong nilalang, subalit kailangan mo ng kaalaman, upang ikaw ay magbago. Ang katagumpayan sa buhay Kristiyano ay nakakamtan sa pagbabasa ng Salita, ito ay Espiritu at buhay, makikita mo kung sino ka, makikita kung ano ang ginawa ng Diyos, at magsimulang paniwalaan ito.

ARALIN 9

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang 2 Corinto 5:17. Ano ang nangyari sa isang taong nakipag-isa kay Kristo?

2 Corinto 5:17 *Kaya't ang sinumang nakipag-isa na kay Kristo ay isa nang bagong nilikha. Ang mga lumang bagay ay lumipas. Masdan ninyo, ang lahat ay naging bago.*

2. Basahin ang 2 Corinto 5:17. Ano ang nangyari sa mga lumang bagay?
3. Basahin ang 2 Corinto 5:17. Ano ang mga bagay na nagbago?
4. Basahin ang Efeso 2:1. Ano nga ang iyong kalalagayan bago ka naisilang na muli o nabuhay na muli?

Efeso 2:1-5 *Kayo noon ay mga patay dahil sa inyong mga pagsuway at mga pagkakasala. [2] Namuhay kayo noon ayon sa takbo ng sanlibutang ito at sumunod sa pinuno ng kapangyarihan ng himpapawid, ang espiritung kumikilos ngayon sa mga anak ng pagsuway. [3] Tayong lahat ay kasama nila noon na namuhay sa mga pagnanasa ng laman at pinagbibigyan natin ang mga hilig ng laman at ng pag-iisip. Tayo noon ayon sa kalikasan ay katulad ng iba na kabilang sa mga taong kinapopootan ng Diyos. [4] Ngunit ang Diyos, na mayaman sa awa, dahil sa kanyang dakilang pag-ibig sa atin, [5] kahit noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating mga pagsuway, ay binuhay niyang kasama ni Kristo. Dahil sa biyaya tayo'y iniligtas.*

5. Basahin ang Efeso 2:2. Paano ka namuhay bilang isang hindi mananampalataya?
6. Basahin ang Efeso 2:3-5. Saan mayaman ang Diyos?
7. Basahin ang Efeso 2:4. Bakit ang Diyos ay mahabagin?
8. Basahin ang Efeso 2:5. Ano ang ginawa ng Diyos para sa atin noong tayo ay namumuhay pa sa kasalanan?
9. Basahin ang Efeso 2:5. Paano tayo iniligtas ng Diyos?
10. Basahin ang 1 Corinto 6:9-10. Nakita mo ba ang iyong sarili sa mga halimbawa na nakasaad dito?

1 Corinto 6:9-11 *Hindi ba ninyo alam na ang masasamang tao ay hindi makababahagi*

sa kaharian ng Diyos? Huwag kayong padaya! Ang mga nakikiapid, mga sumasamba sa diyus-diyosan, mga nangangalunya, mga nakikipagtalik sa kapwa lalaki o sa kapwa babae, [10] ang mga magnanakaw, mga sakim, mga lasenggo, mga mapanlait, mga magdaraya ay hindi makababahagi sa kaharian ng Diyos. [11] At ganyan ang ilan sa inyo noon. Ngunit hinugasan na kayo; ginawa na kayong banal, at itinuring na matuwid sa pangalan ng Panginoong Hesu Kristo, at ng Espiritu ng Diyos.

11. Basahin ang 1 Corinto 6:11. Ang salitang “were” sa Ingles, ito ba ay nakalipas na, pangkasalukuyan , o sa hinaharap?
12. Basahin ang 1 Corinto 6:11. Noong ikaw ay naipanganak na muli, ano ang tatlong bagay na nangyari sa iyo?
13. Basahin ang 1 Corinto 6:11. Ito ba ay isang kalalagayan na nakalipas na, pangkasalukuyan o panghinaharap?
14. Basahin ang 1 Corinto 6:17. Siya na nakipag-isa kay Kristo ay ...? niya sa espiritu.

1 Corinto 6:17 *Ngunit ang taong nakikisama sa Panginoon ay nagiging kaisa ng Panginoon sa espiritu.*

ARALIN 9

MGA SAGOT

1. Basahin ang 2 Corinto 5:17. Ano ang nangyari sa isang taong nakipag-isa kay Kristo?
Naging isang bagong nilalalang.
2. Basahin ang 2 Corinto 5:17. Ano ang nangyari sa mga lumang bagay?
Sila ay naglaho.
3. Basahin ang 2 Corinto 5:17. Ano ang mga bagay na nagbago?
Lahat ng bagay.
4. Basahin ang Efeso 2:1. Ano nga ang iyong kalalagayan bago ka naisilang na muli o nabuhay na muli?
Ako ay namumuhay sa kasalanan.
5. Basahin ang Efeso 2:2. Paano ka namuhay bilang isang hindi mananampalataya?
Ako ay namuhay sa sanlibutan, sinunod ko ang demonyo, at ako ay namuhay sa pagsuway.
6. Basahin ang Efeso 2:3-5. Saan mayaman ang Diyos?
Habag.
7. Basahin ang Efeso 2:4. Bakit ang Diyos ay mahabagin?
Dahil sa Kaniyang napakalaking pag-ibig para sa atin.
8. Basahin ang Efeso 2:5. Ano ang ginawa ng Diyos para sa atin noong tayo ay namumuhay pa sa kasalanan?
Binuhay tayong kasama ni Kristo.
9. Basahin ang Efeso 2:5. Paano tayo iniligtas ng Diyos?
Sa Kaniyang biyaya.
10. Basahin ang 1 Corinto 6:9-10. Nakita mo ba ang iyong sarili sa mga halimbawa na nakasaad dito?
Oo.
11. Basahin ang 1 Corinto 6:11. Ang salitang “were” sa Ingles, ito ba ay nakalipas na, pangkasalukuyan, o sa hinaharap?
Nakalipas na.

12. Basahin ang 1 Corinto 6:11. Noong ikaw ay naipanganak na muli, ano ang tatlong bagay na nangyari sa iyo?
- **Ikaw ay hinugasan.**
 - **Ikaw ay ginawang banal.**
 - **Pinawalang-sala.**
13. Basahin ang 1 Corinto 6:11. Ito ba ay isang kalalagayan na nakalipas na, pangkasalukuyan o panghinaharap?
- Pangkasalukuyan.**
14. Basahin ang 1 Corinto 6:17. Siya na nakipag-isa kay Kristo ay ...? niya sa espiritu.
- Kaisa.**

ARALIN 10

ANG TUNAY NA IKAW KAY KRISTO - Part 2

Isinulat ni Andrew Wommack

Sa nakaraang aralin, napag-usapan natin kung ano ang ibig sabihin ng ipinanganak na muli, ito ay sa ating espiritu, ang ating puso ay nabago. Ito ay matatagpuan sa 2 Corinto 5:17, na nagsasabi, *Kaya't ang sinumang nakipag-isa na kay Cristo ay isa nang bagong nilikha. Ang mga lumang bagay ay lumipas. Masdan ninyo, ang lahat ay naging bago.* Makikita natin noong tayo ay naipinanganak na muli, ang kumpletong pagbabago ay nangyari sa ating espiritu, at ang tanging paraan upang malaman natin kung ano ang nangyari ay sa pamamagitan lamang ng Salita ng Diyos, ang Bibliya. Hindi natin mauunawaan ito sa pamamagitan ng mga panlabas na mga bagay, ni hindi rin sa pamamagitan ng ating damdamin dahil ang mga ito ay hindi sa espiritu kundi sa kaluluwang bahagi ng pagkatao. Subalit sa ating espiritu naroon makikita ang pagbabago.

Ipapakita ko sa inyo mula sa Salita ng Diyos ang mga bagay na nangyari sa isang tao mula nang siya ay tumanggap sa Panginoong Hesus. Sinasabi sa Efeso 4:24, *At ibihis ninyo ang bagong pagkatao, na nilikha ayon sa wangis ng Diyos, sa tunay na katuwiran at kabanalan.* Sa oras na ang isang tao ay naipanganak na muli *o born again*, ang espiritu nila ay naging matuwid at totoong banal. Ang Bibliya ay naghahayag ng dalawang uri ng pagiging matuwid.

Mayroong katuwiran na galing sa iyong gawa, at kinakailangan mong panatilihin ang ganitong uri ng katuwiran sa ating relasyon sa ibang tao. Kung hindi makikita sa buhay mo ang matuwid na pamumuhay, at ang matuwid at tamang gawain, ay maaaring ikaw ay tanggalin sa trabaho ng amo mo, o kaya hiwalayan ka ng asawa mo; kaya nga ang matuwid na pamumuhay ay kinakailangan. Samantala, ang Diyos, ay hindi ka tinanggap ayon sa iyong panlabas na katuwiran o matuwid na gawain. Ang katuwiran ng Diyos ay Kaniyang ipinagkaloob sa iyo.

Sa 2 Corinto 5:21, sinasabi doon na ang Diyos na ating Ama, ay itinuring Niyang nagkasala Siya na hindi nakaranas ng kasalanan, upang sa pamamagitan Niya, tayo'y ituring na matuwid sa harapan ng Diyos. Mayroong katuwiran na higit sa panlabas na katuwiran na nakabatay sa ginawa ng Diyos para sa atin. Tayo ay literal na tumanggap ng katuwiran ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo. Tayo ay nilikha sa katuwiran at tunay na kabanalan. Hindi tayo lumalago sa katuwiran dahil tayo ay matuwid na. Ang simpleng pagpapaliwanag nito ay sa harap ng Diyos tayo ay ginawa nang matuwid.

Ang Diyos ay nalulugod sa atin dahil sa ginawa ni Kristo, hindi sa kung ano pa mang bagay. Sa ating espiritu nandoon ang unang pagbabago sa ating buhay. Tayo ay ginawa nang matuwid

at pinabanal na at ginawa ng bagong nilalang. Sa Efeso 2:10, *Sapagkat tayo ang kanyang gawa, na nilikha kay Kristo Hesus para sa mabubuting gawa, na inihanda ng Diyos noong una pa man upang ating ipamuhay. Sa ating espiritu, tayo ay perpekto at ganap. Walang pagkakasala o kakulangan.* Efeso 1:13 *Ito ay nangyari, nang inyong marinig ang salita ng katotohanan, ang ebanghelyo ng inyong kaligtasan, at nang kayo'y sumampalataya kay Jesus, at kayo rin naman ay tinatakan ng ipinangakong Banal na Espiritu.*

Maaaring ang iba sa inyo ay ganito mag-isip, "Oo nga't noong una kong tinanggap si Kristo ako ay nanalig na ako ay napatawad at nalinis na, at lahat noon ay maayos. Subalit noon iyon, ngayon nga ako ay nagkasala rin, muli kong binigo ang Diyos." Kung ikaw ay nagkasala sa iyong mga gawa, pag-iisip at damdamin, subalit ang iyong espiritu ay hindi nagkasala. Ang ating espiritu ay naselyohan, katulad ng ginagawa ng isang babae na naglagay ng prutas sa isang garapon at nilagyan ng *paraffin* upang walang hanging makapasok at walang anomang duming makapasok. Ang Diyos ay nilagyan ka ng selyo, kaya nga noong ikaw ay naipanganak na muli, ikaw ay tumanggap ng bagong espiritu, at dahil dito ang kasalanan ay hindi na makapasok sa iyong espiritu. Ngayon ikaw ay may bagong pagkakilanlan. Para patuloy ang iyong relasyon sa Diyos, kinakailangan mong makipagniig sa Kaniya, at sambahin Siya ayon sa kung sino ka sa iyong espiritu at hindi sa laman.

Ito ang tunay na malaking pagbabago sa buhay Kristiyano, na ang isang tao ay kailangang mabago ang kaniyang pagkakakilanlan. Hindi ka nakikiisa sa Diyos ayon sa pisikal na aspeto, hindi rin sa pamamagitan ng iyong kaisipan, subalit sa kung sino ka sa iyong espiritu ayon sa ginawa ng Diyos sa iyong buhay. Ito ay ganap na gawa ng Diyos, hindi nagbabago. Ikaw ay nilikha sa katuwiran at tunay na kabanalan. Ito ay ang iyong espiritu, at upang makiniig sa Diyos, kailangan mo Siyang sambahin sa espiritu at katotohanan. Kinakailangan mong manindigan ayon sa tunay na ikaw kay Kristo.

ARALIN 10

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang 1 Corinto 6:17. Ang tanging paraan upang malaman natin ang ganap na pagbabago na nangyari sa ating espiritu ay sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Ano ba ang sinasabi ng talatang ito sa kung ano ang nangyari sa atin?

1 Corinto 6:17 *Ngunit ang taong nakikisama sa Panginoon ay nagiging kaisa ng Panginoon sa espiritu.*

2. Basahin ang Efeso 3:17. Saan na ngayon nakatira si Kristo?

Efeso 3:17 *At upang manirahan sa inyong mga puso si Kristo sa pamamagitan ng pananampalataya, habang kayo'y nag-uugat at tumitibay sa pag-ibig.*

3. Basahin ang Efeso 3:17. Paano ito nangyayari?

4. Basahin ang 1 Juan 5:12. Sino ang kailangan natin upang magkaroon tayo ng kaligtasan?

1 Juan 5:12 *Ang sinumang kinaroroonan ng Anak ay may buhay; ang sinumang hindi kinaroroonan ng Anak ng Diyos ay walang buhay.*

5. Basahin ang Colosas 1:26-27. Ano itong misteryo na itinago sa matagal na panahon subalit ngayon ay naihayag na?

Colosas 1:26-27 *Ito ang hiwaga na iningatang lihim sa napakahabang panahon at sa mga salinlahi, ngunit ngayo'y malinaw na inihayag sa kanyang mga banal. [27] Ninais ng Diyos na ipaunawakanila ang napakaluwalhating kayamanan ng hiwagang ito sa gitna ng mga bansa, na ito'y si Kristo na nasa inyo, ang pag-asa tungo sa kaluwalhatian.*

6. Basahin ang Efeso 4:23-24. Anong bahagi ng ating pagkatao ang nilikha sa katuwiran at tunay na kabanalan?

Efeso 4:23-24 *Baguhin na ninyo ang diwa ng inyong pag-iisip, [24] at ibihis ninyo ang bagong pagkatao, na nilikha ayon sa wangis ng Diyos, sa tunay na katuwiran at kabanalan.*

7. Basahin ang 2 Corinto 5:21. Kaninong katuwiran ang sa ngayon ay mayroon tayo?

2 Corinto 5:21 *Itinuring niyang nagkasala siya na hindi nakaranas ng kasalanan, upang sa pamamagitan niya, tayo'y ituring na matuwid sa harapan ng Diyos.*

8. Basahin ang Efeso 1:4. Ano ang katayuan ngayon ng isang mananampalataya sa harap ng Diyos?

Efeso 1:4 *Bago pa itinatag ang sanlibutan, pinili na niya tayo kay Kristo upang tayo'y maging banal at walang kapintasan sa kanyang harapan sa pamamagitan ng pag-ibig.*

9. Basahin ang Efeso 1:6. Paano tayo tinanggap?

Efeso 1:6 *Ito'y upang papurihan siya dahil sa kanyang kahanga-hangang biyaya, na walang bayad niyang ibinigay sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak.*

MGA SAGOT

1. Basahin ang 1 Corinto 6:17. Ang tanging paraan upang malaman natin ang ganap na pagbabago na nangyari sa ating espiritu ay sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Ano ba ang sinasabi ng talatang ito sa kung ano ang nangyari sa atin?
Pinag-isa ang ating espiritu sa ating Panginoon.
2. Basahin ang Efeso 3:17. Saan na ngayon naninirahan si Kristo?
Sa ating mga puso.
3. Basahin ang Efeso 3:17. Paano ito nangyayari?
Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo.
4. Basahin ang 1 Juan 5:12 Sino ang kailangan natin upang magkaroon tayo ng kaligtasan?
Ang Anak (Hesu Kristo).
5. Basahin ang Colosas 1:26, 27. Ano itong misteryo na itinago sa matagal na panahon subalit ngayon ay naihayag na?
Si Kristo na sumasaatin, ang pag-asa ng kaluwalhatian.
6. Basahin ang Efeso 4:23-24. Anong bahagi ng ating pagkatao ang nilikha sa katuwiran at tunay na kabanalan?
Ang ating espiritu na naipanganak na muli.
7. Basahin ang 2 Corinto 5:21. Kaninong katuwiran ang sa ngayon ay mayroon tayo?
Ang katuwiran ng Diyos kay Kristo.
8. Basahin ang Efeso 1:4. Ano ang katayuan ngayon ng isang mananampalataya sa harap ng Diyos?
Banal at walang bahid.
9. Basahin ang Efeso 1:6. Paano tayo tinanggap?
Sa pamamagitan ng Kaniyang minamahal na Anak (Hesu Kristo).

ARALIN 11

ANO ANG MANGYAYARI KUNG ANG KRISTIYANO AY MAGKAKASALA?

Isinulat ni Don Krow

Sa araw na ito tatalakayin natin ang aralin patungkol sa “Ano ang mangyayari kung ang isang Kristiyano ay magkasala?” Sinasabi sa atin ng Bibliya sa 1 Juan 1:8-9, *Kung sinasabi natin na wala tayong kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili at wala sa atin ang katotohanan. [9] Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at makatarungan na magpapatawad sa ating mga kasalanan at maglilinis sa atin mula sa lahat ng kasamaan.* Bilang Kristiyano, sa kalaunan tayo ay madadapa at magkakasala. Nang tanggapin natin si Hesus bilang Panginoon at Tagapaligtas ay nagkaroon tayo ng bagong kalikasan taliwas sa kung ano tayo noon. Nagdadalamhati tayo sa tuwing tayo ay nagkakasala. Ayaw nating magkasala; ibig nating mabuhay na matuwid. Subalit paano kung magkasala tayo? Kinakailangan bang tayo ay maligtas na muli? Ito ba ang itinuturo ng Bibliya? Kung gayon, wala tayong kasiguraduhan sa ating kaligtasan, at mas masahol pa ang ating kalagayan kung ihahambing sa sanlibutan. Kahit papaano ay ang sanlibutan ay hindi pinahihirapan ng kanilang konsiyensiya. Bilang mananampalataya, hindi nararapat na nakatuon ang ating pansin sa kasalanan. Mababasa sa Hebreo 10:2 na sa pamamagitan ng sakripisyo ni Hesus, ang mananampalataya ay hindi na nakatuon ang pansin sa kasalanan. Sa ibang salita, mamuhay tayo ng hindi nakatuon ang pansin sa kasalanan bagkus ay sa Diyos.

Ang Roma 4:2 ay nagsabi, *Kung itinuring siyang [Abraham] matuwid dahil sa mga gawa, mayroon siyang ipagmamalaki, ngunit hindi sa harapan ng Diyos.* Kung ang kaligtasan ay ayon sa ating sariling kakayanan, ating mga gawa, tayo ay makapagyayabang. Maaari nating sabihin, “Panginoon, binibigyan ko ng halaga ang ginawa Mo sa krus, subalit alalahanin mo rin po ang aking mga nagawa!” Hindi kailangan ni Hesus ang ating pag-apruba at hindi rin natin kailangang aprubahan ang mga bagay na ating ginawa. Ang kaligtasan ay ginawa ng Diyos sa paraang walang sinuman ang makapagyayabang. Ang lahat ng kaluwalhatian at pagmamalaki ay kay Kristo Hesus lamang (Roma 3:27). Ang kaloob na buhay na walang-hanggan ay tiyak na kaloob o regalo at hindi maaaring pagtrabahuhan (Roma 6:23).

Sinasabi sa Roma 4:2 na kung si Abraham ay ginawang matuwid sa pamamagitan ng kanyang mga gawa, ito ay magbibigay sa kanya ng dahilan upang magmapuri, subalit hindi iyon ang nangyari. Ano ang sinasabi ng Kasulatan kung paano maliligtas ang tao? Ito ba ay ayon sa kanyang mga gawa? Paanong si Abraham ay ginawang matuwid? Ito ba ay dahil sa kanyang mga nagawa o hindi nagawa, o dahil siya ay nagtiwala, at umasa sa Diyos sa pamamagitan

ARALIN 11

ng pananampalataya? Sinasabi sa Roma 4:3 *Sumampalataya si Abraham sa Diyos, at ito ang pinagbatayan ng kanyang pagiging matuwid.*

Ano ang nagpatatag sa akin upang hindi ako mapahamak kahit may mga pagkakataon na ako ay nabibigo at nagkakasala? Ito ay dahil dinala na ni Hesus ang lahat ng aking mga kasalanan sa krus, at sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya (hindi sa pamamagitan ng aking mga gawa), ako ay nagkaroon ng katuwiran (matuwid sa harap ng Diyos).

Ang Roma 4:6 ay nagsabi, *Ganoon din ang sinasabi ni David, na pinagpala ng Diyos ang taong itinuturing na matuwid hindi batay sa anumang gawa.* Si David sa Lumang Tipan ay nagsabi na darating ang araw sa pamamagitan ng isang bagong kasunduan kung saan ipapataw ng Diyos ang katuwiran sa tao na hindi naaayon sa gawa. At sinabi niya sa bersikulo 7, *Pinagpala ang mga taong pinatawad ang mga pagsuway, at silang pinawi na ang mga kasalanan.* Ito ang katibayan: *Pinagpala ang taong hindi na kailanman sisingilin ng Panginoon sa kanyang kasalanan* (Roma 4:8). Hindi sinasabi na baka hindi, minsan gagawin Niya at minsan ay hindi Niya gagawin. “Sinasabi na mapalad ang tao na sa kaniya’y hindi ibibilang ng Panginoon ang kasalanan.” Sa salitang Griyego ito ay tinuturing na mariin na negatibo. Na ang ibig sabihin ay hindi Niya gagawin, at kailanman ay hindi Niya ipapataw sa atin ang ating mga kasalanan. Ito ang mabuting balita na inihahayag ng Bagong Tipan. Sinasabi sa Hebreo 10:16 *Ito ang pakikipagtipan na gagawin ko sa kanila, pagkatapos ng mga araw na iyon, sabi ng Panginoon; ilalagay ko ang aking mga tuntunin sa kanilang mga puso, itatanim ko ang mga iyon sa kanilang pag-iisip,* at bahagi ng kasuduan ay sinabi ng Diyos sa bersikulo 17: *Ang kanilang mga kasalanan at mga kasamaan ay hindi ko na aalalahanin pa.*

Ano ang nagpapatatag sa iyong posisyon sa katuwiran kung ikaw ay nagkasala at walang oras mangumpisal? Ito ay ang iyong pananampalataya kay Kristo Hesus. Ang pangalan Niya ay Hesus, at inililigtas Niya ang tao sa kanilang mga kasalanan (Mateo 1:21).

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Roma 4:5. Binigyang katuwiran ng Diyos ang mga tao na ...?

Roma 4:5 *Sa kanya namang walang kalakip na gawa ngunit sumasampalataya sa Diyos at nagtuturing na matuwid sa masama, ang kanyang pananampalataya ang batayan ng kanyang pagiging matuwid.*

2. Basahin ang Roma 4:2-3. Ano ang ipinataw ng Diyos kay Abraham noong siya ay nanalig?

Roma 4:2-3 *Kung itinuring siyang matuwid dahil sa mga gawa, mayroon siyang ipagmamalaki, ngunit hindi sa harapan ng Diyos. [3] Ano ba ang sinasabi ng Kasulatan? "Sumampalataya si Abraham sa Diyos, at ito ang pinagbatayan ng kanyang pagiging matuwid."*

3. Basahin ang Roma 4:22-24. Kung tayo ay mananalig tulad ng pananalig ni Abraham, ano ang ipapataw ng Diyos para sa atin?

Roma 4:22-24 *Sa pagtitiwalang ito ibinatay ng Diyos ang pagiging matuwid ni Abraham [23] Ang salitang "ibinatay ang kanyang pagiging matuwid" ay isinulat hindi lamang para sa kanya, [24] kundi para rin sa atin. Ituturing tayong matuwid ng Diyos, tayong sumasampalataya sa kanya na muling bumuhay kay Hesus na ating Panginoon.*

4. Basahin ang Roma 4:6. Kapag ipinataw ng Diyos sa isang tao ang katuwiran (matuwid sa harap ng Diyos) ito ay dahil:

- A. Sa kanilang mga gawa.
- B. Liban sa kanilang mga gawa.
- C. Ayon sa kanilang kabutihan.

Roma 4:6 *Ganoon din ang sinasabi ni David, na pinagpala ng Diyos ang taong itinuturing na matuwid hindi batay sa anumang gawa:*

5. Basahin ang Hebreo 10:14. Hanggang kailan ang pagiging ganap (perfect) ng mga mananampalataya sa harap ng Diyos?

Hebreo 10:14 *Sapagkat sa pamamagitan ng isang alay ay kanyang ginawang sakdal magpakailanman ang mga ginagawang banal.*

6. Basahin ang Roma 5:17. Ang pagkamatuwid ay nakakamit:

ARALIN 11

- A. Sa pagsusumikap na makamtan ito.
- B. Bilang isang regalo.
- C. Sa pamamagitan ng mga gawa.

Roma 5:17 *Sapagkat kung naghari ang kamatayan dahil sa pagsuway ng isang tao, lalong higit ang nakamtan ng mga taong kinahabagan nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos! Maghahari sila sa buhay sa pamamagitan ng isang tao, si Hesu-Kristo.*

- 7. Ano ang ipinapahiwatig ng salitang kaloob (gift)?
- 8. Kung mananalig ka kay Hesus bilang Tagapagligtas, kailangan mong manalig sa Kanya hanggang sa:
 - A. Simbahan.
 - B. Langit.
 - C. Russia

ANO ANG MANGYAYARI KUNG ANG KRISTIYANO AY MAGKAKASALA?

MGA SAGOT

1. Basahin ang Roma 4:5. Binigyang katuwiran ng Diyos ang mga tao na ...?
Sumasampalataya sa Diyos.
2. Basahin ang Roma 4:2-3. Ano ang ipinataw ng Diyos kay Abraham noong siya ay nanalig?
Pagiging matuwid sa harap ng Diyos.
3. Basahin ang Roma 4:22-24 Kung tayo ay mananalig tulad ng pananalig ni Abraham, ano ang ipapataw ng Diyos para sa atin?
Pagiging matuwid sa harap ng Diyos.
4. Basahin ang Roma 4:6. Kapag ipinataw ng Diyos sa isang tao ang katuwiran (matuwid sa harap ng Diyos) ito ay dahil ...?
B. Liban sa kanilang mga gawa.
5. Basahin ang Hebreo 10:14. Hanggang kailan ang pagiging ganap (perfect) ng mga mananampalataya sa harap ng Diyos?
Magpasawalang-hanggan.
6. Basahin ang Roma 5:17. Ang katuwiran ay nakakamtan:
B. Bilang regalo.
7. Ano ang ipinapahiwatig ng salitang kaloob (gift)?
Libre, walang bayad sa taong tumatanggap.
8. Kung mananalig ka kay Hesus bilang Tagapagligtas, kailangan mong manalig sa Kanya hanggang sa:
B. Langit.

ARALIN 12

ANG INTEGRIDAD NG SALITA NG DIYOS

Isinulat ni Andrew Wommack

Ang Marcos 4 ay isang pambihirang kabanata patungkol sa integridad ng Salita ng Diyos - ang kapangyarihan, ang katangian, at ang pananampalataya na nakapaloob dito. Humigit kumulang sa sampung parabula ang naituro sa loob ng isang araw. Kailangan mong ikumpara ang Marcos 4 sa Mateo 13 at Lucas 8 para makita mo ang ibig sabihin nito. May ilang mga parabula, isa dito ay tungkol sa isang nagtanim ng binhi. Sa Marcos 4:26, Sinasabi nito *At sinabi niya, Ganyan ang kaharian ng Diyos, na gaya ng isang taong naghahasik ng binhi sa lupa.* Alalahanin mo na sa bersikulo 14 sinasabi nito na ang binhi ay ang Salita ng Diyos. Hindi layunin ng Diyos na turuan tayong maging magsasaka, kundi ginagamit Niya ang isang pangkaraniwang bagay sa pagpapaliwanag ng katotohanang espirituwal. Ang bersikulo 27 ay nagsabi, *Natutulog siya at gumigising sa araw at gabi, sumisibol pa rin at lumalaki ang binhi nang hindi niya namamalayan kung paano.* Ito ay mahalaga. Sinasabi na hindi lubusang nauunawaan ng tao. Hindi niya alam kung paano ito ay nangyayari.

Sinasabi ng ibang tao, "Hindi ko talaga naiintidihan ang sinasabi mo. Paanong ang pagbabasa lang ng salita ng Diyos ay totoong magpapabago sa akin at magiging dahilan upang ang buhay ng Diyos ay magbibigay buhay sa akin?" Hindi ko lubusang nauunawaan, ngunit alam kong ito ay magaganap. Hindi ko maunawaan na kapag itinanim ang maliit na binhi at ito ay tutubo na may kasamang mga bunga at mapaparami ito. Walang sinoman ang lubos na makakaunawa nito, ngunit ito ay mabisa. Ang pagbabasa at pagbabad sa Salita ng Diyos ay magdudulot ng pagbabago sa iyong pag-uugali, sa iyong karanasan, at sa iyong pananaw.

Sinasabi sa bersikulo 28, *Sa kaniyang sarili ay nagbubunga ang lupa ...* Ang lupa ay ginawa upang palawakin ang binhi, pausbungin at magpakawala ng buhay. Ang puso mo ay ginawa para sa Salita ng Diyos - ito ay totoo. Ang Salita ng Diyos ay ginawa upang ito ay ilagay sa iyong puso. Walang idudulot na kabutihan kung hahawakan mo ng malapit sa iyo ang Bibliya, ipatong sa mesa o kung ito'y dala-dala mo. Hindi ito magbibigay ng kapangyarihan sa buhay mo. Kailangan mong kunin ang Salita, gawin itong binhi, at itanim mo sa iyong puso. Kung ito ay gagawin mo, ang puso mo ay nilikha upang magbigay bunga. Ito ay kusang magpapabago sa takbo ng iyong pamumuhay. Ang bersikulong ito ay nagpatuloy, *una ang usbong, saka ang uhay, pagkatapos ay ang uhay na hitik sa butil.* Nagpapatunay ito na may yugto o hakbang ang paglago o pagtanda (maturity). Lumalapit ang mga tao sa akin at nagpapahayag na sila ay naniniwala sa Diyos patungkol sa mga mabubuting bagay, ako ay sumasang-ayon na ito'y maka-Diyos. Subalit kung sila ay hindi kikilos at gagawa, kung hindi nila ibinahagi si Hesus sa iba, ako ay nakasisiguro na hindi sila magkakaroon ng ministeryo sa telebisyon o radyo sa mga darating na linggo.

May mga hakbang sa paggawa ng mga bagay-bagay. Ang pagtanggap mula sa Diyos ay may mga hakbang, ito ang inilalarawan ng parabula. Una sa lahat, kailangan mong magsimula, at ngayon darating naman ang pag-asa, kasunod ang pananampalataya, saka lang ito magkakaroon ng bunga. Laging mayroong hakbang patungo sa katagumpayan. Walang sinumang nanggaling mula sa *zero* patungo sa isang libong milya kada oras na biglaan. Kahit mayroon ka pang maka Diyos na hangarin, hindi ito maisasakatuparan sa ganitong paraan. Ang kasulatang ito ay nagpapakita na ang kaharian ng Diyos ay tila isang binhi. Ang Salita ng Diyos ay kinakailangan munang maitanim sa iyong puso, may hakbang ang paglago: una ay usbong, saka ang uhay, pagkatapos ay ang uhay na hitik sa butil. Ang sumunod na bersikulo ay nagsabi, *Kapag hinog na ang bunga, magsusugo agad ang magsasaka ng gagapas sapagkat panahon na ng pag-aani.* May mga hakbang, subalit darating ang panahon na ito ay magbubunga at lalago.

Ang punto na ipinapahayag nito ay nasa bersikulo 35, *Kinagabihan, sinabi niya sa kanyang mga alagad, "Tumawid tayo sa ibayo.* Buong araw na nagtuturo si Hesus patungkol sa kapangyarihan ng Salita ng Diyos, kung paano ang Salita ay inihalintulad sa isang binhi, at kung paanong ang buhay ng Diyos ay naisasalin sa iyong buhay. Ito ay itinuturo ni Hesus sa kanila sa loob ng sampung parabula, dito din ay nagbigay Siya ng pagsusulit. Siya ay nagsabi sa kanila, "Narito ang salita galing sa Panginoon - halikayo at tayo ay pumunta sa kabila ng lawa." Di Niya sinabing, "sumakay tayo sa bangka, maglayag sa kabila ng lawa, at malunod," subalit "pumunta tayo sa kabilang dako." Pagkatapos ay nagpunta Siya sa bangka at doon Siya ay natulog. Ang kwento ay nagpahayag na may isang malakas na bagyong dumating at napuno ng tubig ang bangka. Kailangan mong alalahanin na ang bangkang ito ay hindi mamahaling yate na mayroong tulugan na sadyang gawa upang hindi mabasa ang nakasakay na kung saan si Hesus ay natutulog at hindi Niya nalalaman ang bagyong nangyayari sa labas. Ito ay isang bangkang walang bubong at natutulog si Hesus, hinahampas ng tubig. Ang dahilan kung kaya't ito ay mahalaga sapagkat alam ni Hesus kung ano ang nangyayari subalit sinusubukan Niyang matulog. Sumama ang loob ng mga disipulo, nilapitan Siya at nagsabi, "Panginoon, hindi ka ba nababahala na tayo ay mapapahamak?" Sa madaling salita, ang sinasabi nila ay, "Kumilos ka! kumuha ka ng pansalok ng tubig! Magsagwan ka! Tumulong ka!"

Sa maraming pagkakataon ang mga tao ngayon ay ginagawa rin ito sa Diyos at sinasabi, "Panginoon, bakit wala Kang ginawa?" May ginawa ang Diyos. Ipinagkaloob na ng Diyos ang lahat ng ating pangangailangan sa pamamagitan ng pagbayad na ginawa ni Hesus. Nilikha Niya ang Kaniyang Salita at ibinigay ang lahat ng binhi sa atin. Tungkulin natin na itanim ang mga binhi sa ating mga puso. Ipinagkaloob na Niya sa atin ang Kanyang Banal na Kasulatan, tungkulin na natin na tanggapin ang binhi, isapuso, at pagnilayin (meditate) hanggang sa magbunga ito ng buhay. Subalit ang Kanyang mga disipulo ay nais Siyang gisingin at sinabing, "Bakit hindi Ka kumilos?" Bumangon Siya, at pinahinto ang malakas na hangin at alon, at nagkaroon ng kahinahunan. Nilingon Niya ang Kanyang mga disipulo, "Bakit kayo natatakot? Nasaan ang

ARALIN 12

inyong pananampalataya?" Hindi Niya sinabi, "Ipagpaumanhin niyo hindi ako nakagawa o nakakilos man lang." Hindi, ang Kanyang bahagi ay turuan sila ng Salita at pagkalooban sila ng mga pangako, at ang kanilang bahagi ay kunin ang Salita at manalig sa mga pangako. Ipinagkaloob na ng Diyos ang lahat sa tao sa pamamagitan ni Hesus noong Siya ay pumarito dito sa lupa. Ibinigay na Niya sa iyo ang lahat upang ikaw ay maging matagumpay sa lahat ng bahagi ng iyong buhay sa pamamagitan ng binhi na siyang Salita. Ang kinakailangan mo na lang gawin ay kunin ang mga Butil na Salita ng Diyos at itanim ito sa iyong puso sa pamamagitan ng pagbabasa nito, pagnilayan ito, pag-isipan ito, at hayaang mag-ugat ito sa iyong kalooban. Kapag ginawa mo ito, makakatayo ka at hindi ka matitinag, at mapapahinto mo ang bagyo sa iyong buhay.

Ako ay naniniwala na ang pinakamabuting bigay ng Diyos sa mga disipulo ni Hesus ay ang kunin ang mga turo sa araw na iyon, at sabihin, "Tumawid tayo sa kabilang ibayo." Mainam kung sinabi nila, "Ayon sa lahat ng turo Niya sa atin sa araw na ito, ito ay pangako. Ito ang naglikha ng buong sansinukob na nagsabi halikayo pumunta tayo sa kabilang ibayo, hindi Niya sinabi halikayo pumunta tayo sa kabilang ibayo at sa kalagitnaan ng tubig tayo ay magpalunod. Kung tinanggap sana nila ang sinabi ni Hesus at ginamitan ng pananampalataya, marahil ay nasaway nila ang hangin at mga alon. Dahil ito rin ang eksaktong sinabi ni Hesus, "O kayo na may maliit na pananampalataya, bakit kayo ay nag-alinlangan?" Alam mo ba, kailangan nating panaligan ang Salita ng Diyos, at isabuhay ito.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Mateo 13:19. Kung hindi natin itanim ang Salita ng Diyos sa ating mga puso, ano ang mangyayari dito?

Mateo 13:19 *Kapag ang isang tao ay nakikinig tungkol sa kaharian, ngunit hindi niya ito inuunawa, dumarating ang diyablo ^[a] at inaagaw ang naihasik sa kanyang puso. Ito ang tinutukoy na mga naihasik sa may tabing daan.*

2. Basahin ang Josue 1:8. Kailan dapat pagnilayin ang Salita ng Diyos?

Josue 1:8 *Ang aklat na ito ng kautusan ay huwag mahihiwalay sa iyong bibig, kundi iyong pagbubulayan araw at gabi, upang iyong masunod na gawin ang ayon sa lahat na nakasulat dito: sapagka't kung magkagayo'y iyong pagiginhawahin ang iyong lakad, at kung magkagayo'y magtatamo ka ng mabuting kawakasan.*

3. Basahin ang Juan 6:63. Ayon sa bersikulong ito, ang salita ng Diyos ay ...?

Juan 6:63 *Ang espiritu ang nagbibigay ng buhay, ang laman ay walang pakinabang; ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay espiritu at buhay.*

4. Basahin ang Mateo 4:4 Ang sangkatauhan ay kailangang mabuhay hindi ayon sa pisikal na pagkain lamang kundi sa pamamagitan ng ...?

Mateo 4:4 *Ngunit sumagot si Jesus, "Nasusulat, 'Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salitang nagmumula sa bibig ng Diyos.' "*

5. Basahin ang Efeso 6:17. Ang Salita ng Diyos ay tulad ng anong klaseng sandata?

Efeso 6:17 *Gamitin ninyo ang helmet ng kaligtasan, at ang tabak ng Espiritu, na walang iba kundi ang salita ng Diyos.*

6. Ang tabak ba ay maaaring makapinsala sa kanyang kaaway?

7. Basahin ang Roma 8:6 Kung ating bibigyan ng mahusay na pansin ang Salita ng Diyos sa ating mga buhay, tayo ay magkakaroon ng ...?

Roma 8:6 *Ang pag-iisip ng laman ay naghahatid sa kamatayan, subalit ang pag-iisip ng Espiritu ay nagdudulot ng buhay at kapayapaan.*

ARALIN 12

8. Basahin ang 2 Corinto 3:18. Kung ano ang ating binibigyang pansin yaon din ang maghuhubog sa atin. Ano ang dapat nating bigyang pansin?

2 Corinto 3:18 *At tayong lahat, na walang talukbong ang mukha, parang sa salamin nakikita sa pamamagitan natin ang kaluwalhatian ng Panginoon. Binabago ang ating anyo upang maging kalarawan niya, mula sa kaluwalhatian tungo sa kaluwalhatian, na nagmumula sa Panginoon na siyang Espiritu.*

MGA SAGOT

1. Basahin ang Mateo 13:19. Kung hindi natin itanim ang Salita ng Diyos sa ating mga puso, ano ang mangyayari dito?
Aagawin ng kaaway ang Salita upang ito'y hindi magbunga sa ating buhay.
2. Basahin ang Josue 1:8. Kailan dapat pagnilayin ang Salita ng Diyos?
Araw at gabi.
3. Basahin ang Juan 6:63. Ayon sa bersikulong ito, ang salita ng Diyos ay...?
Espiritu at buhay.
4. Basahin ang Mateo 4:4 Ang sangkatauhan ay kailangang mabuhay hindi ayon sa pisikal na pagkain lamang kundi sa pamamagitan ng ...?
Bawat salitang nanggagaling sa bibig ng Diyos.
5. Basahin ang Efeso 6:17. Ang Salita ng Diyos ay tulad ng anong klaseng sandata?
Tabak.
6. Ang tabak ba ay maaaring makapinsala sa kanyang kaaway?
Oo.
7. Basahin ang Romans 8:6 Kung ating bibigyan ng mahusay na pansin ang Salita ng Diyos sa ating mga buhay, tayo ay magkakaroon ng ...?
Buhay at kapayapaan.
8. Basahin ang 2 Corinto 3:18. Kung ano ang ating binibigyang pansin yaon din ang maghuhubog sa atin. Ano ang dapat nating bigyang pansin?
Ang Panginoon at ang Kanyang Kaluwalhatian.

ARALIN 13

HINDI NAGKASALA ANG DIYOS

Isinulat ni Andrew Wommack

Sa araw na ito ibig kong ibahagi ang isa sa pinakamahalagang bagay na ginawa ng Diyos sa aking buhay. Para bagang pinaniniwalaan ng tao na ang lahat ng nangyayari sa kanya ay galing sa Diyos, na kontrolado Niya ang lahat. Inaakala ng tao na ang lahat ng nangyayari sa kanilang buhay ay galing sa Diyos, dahil ang pakahulugan nila ay ang Diyos ay kataas-taasan at makapangyarihan. Kahit ang hindi mananampalataya ay pinaniniwalaan ito. Marami rin sa mga Kristiyano ang itinataguyod ang ganitong doktrina at ito nga ay nakatanim na sa kanilang mga buhay. Ako ay naniniwala na ang itinuturo ng Banal na Kasulatan ay taliwas dito, at lubhang mahalaga na matutunan mo ang aralin na ito. Sinasabi sa Santiago 1:13-17 *Huwag sabihin ninuman na tinutukso siya ng Diyos kapag dumaranas siya ng pagsubok. Hindi maaaring matukso ng masama ang Diyos, at hindi rin naman siya nanunukso ninuman. Natutukso ang tao kapag siya'y naaakit at nagpapatangay sa sarili niyang pagnanasa. Kapag ang pagnanasang iyon ay naipaglihi, nanganganak ito ng kasalanan, at ang kasalanan naman kapag malaki na ay nagbubunga ng kamatayan. Huwag kayong padaya, mga minamahal kong kapatid. Ang bawat mabuti at ganap na kaloob ay nagmumula sa itaas, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa kalangitan. Hindi siya nag-iiba o nagdudulot man ng anino dahil sa pagbabago.*

Ang bersikulong ito ay nagbibigay-linaw na ang Diyos ang may akda (author) ng mabubuting bagay lamang. Sinabi ni Hesus sa Juan 10:10 *Ang magnanakaw ay dumarating lamang upang magnakaw, pumatay, at sumira. Dumating ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang sagana.* Kung ito ay mabuti, ito ay sa Diyos; kung ito ay masama, ito ay sa diablo. Ito ay napakasimpleng teolohiya (theology). Ang dahilan kung bakit ito ay kritikal dahil sinabi sa Santiago 4:7 *Kaya't pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo, at siya ay tatakbo palayo sa inyo.* Sinabi dito na tayo ay pasakop, magpakontrol sa Diyos at labanan ang diablo. Ang ibig sabihin ng “labanan” (resist) ay patuloy na lumaban.

Kapag ang tao ay naniniwala na ang lahat ng nangyayari sa kanyang buhay ay galing sa Diyos -- halimbawa, sakit o karamdaman, pagkabigo ng negosyo, mawalan ng trabaho, mga rebeldeng anak, o diborsiyo -- tinatanggap na lang nila ang ganitong kalakaran ng buhay. Kung talagang naniniwala sila na ang Diyos ang may akda ng isang sitwasyon sa kanilang buhay at ginagamit ito upang sila ay parusahan o baguhin, ang paglaban dito ay nangangahulugang lumalaban sila sa Diyos. Subalit ang sinasabi sa Santiago 4:7 na labanan ang diablo at siya ay lalayo sa iyo. Kailangan mong magpasakop sa Diyos. Ito ay nagpapakita na ang ibang bagay ay sa Diyos, at may mga bagay na sa diablo. Mayroon ding kapangyarihan ang kasamaan dito sa mundo, at hindi lahat ng nangyayari sa iyong buhay ay nanggagaling sa Diyos. Kung hindi

mo ito naiintindihan, ang mangyayari ay magpapasakop ka sa diablo at binibigyan mo ng kapangyarihan ang diablo.

Ibig kong tukuyin ang isang talata sa aklat ng Roma sapagkat sa dahilang madalas mali ang gamit nito. Ako ay nakadalo na sa mga libing na kung saan ang mga tao ay walang kaalaman tungkol sa Diyos, hindi pumupunta sa simbahan, at wala ring alam patungkol sa Banal na Kasulatan, subalit alam nila ang bagay na ito. Sinasabi sa Roma 8:28, *At alam nating ang Diyos ay gumagawa ng lahat ng bagay para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya, sa kanilang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.* Ang interpretasyon nila ay kung ano man ang mangyayari sa iyong buhay, gawain ito ng Diyos at magdudulot ito ng kabutihan sa anomang kaparaanan. Ako ay dumalo sa libing ng isang batang lalaki at batang babae, bago sila naaksidente ay uminom ng alak na hinaluan ng ipinagbabawal na gamot, sumakay sa kotse, at pinatakbo ng matulin sa madulas na kalsada, at nadulas ang kotse sa isang gilid, at bumangga sa poste, at doon silang dalawa ay namatay. Binanggit ng mangangaral ang talatang ito buhat sa Kasulatan, “Alam natin na ang lahat ng bagay ay nangyayari na pinagsama-sama para sa ikabubuti” at sinabing may layunin ang Diyos sa paggawa nito. Ang Diyos ay hindi pinatay itong dalawang *teenagers*, sa kabilang dako ay hindi mo rin maaaring sabihin na kagagawan ito ng diablo. Kasalanan ito ng dalawang *teenagers* na iyon. Nakasisiguro ako na tinukso sila ng diablo na suwayin ang pamantayan ng kanilang mga magulang at ibang tao, ngunit sa huli ito ay kanilang kagustuhan. Sila ang naglasing; sila ang bumangga sa poste. Dahil sa kanilang ginawa kaya nangyari ang aksidente, at hindi Diyos ang pinanggalingan nito.

Ano nga ba ang ibig sabihin ng “at alam natin na ang lahat ng bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti”? Una sa lahat, hindi nito sinabi na ang lahat ng bagay ay nanggaling sa Diyos at nagkakalakip na gumagawa para sa ikabubuti. Sinabi nito na ang lahat ng bagay ay nagkakalakip para sa ating ikabubuti kung: “sa kanila na nagmamahal sa Diyos.” Ang Salita ng Diyos ay hindi matutupad sa mga taong hindi nagmamahal sa Diyos. Makikita na ito ay ipinaliwanag na maigi, subalit kamangha-mangha na may mga tao na ginagamit ang ganitong mga pangyayari katulad ng dalawang *teenagers* na gumamit ng bawal na gamot at alak at lubos na nagrebelde laban sa Diyos at sa Kanyang mga prinsipyo. Magkakalakip na mangyayari ang mga ito sa ikabubuti ng mga taong umiibig sa Diyos, at silang mga tinawag na naaayon sa Kanyang layunin.

Sinasabi sa 1 Juan 3:8, *Ang patuloy na gumagawa ng kasalanan ay kakampi ng diyablo, sapagkat sa simula pa ay nagkakasala na ang diyablo. Ito ang dahilan na nahayag ang Anak ng Diyos: upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.* Inihayag ng Diyos ang Kanyang sarili upang puksain ang gawa ni satanas. Ito ang Kanyang layunin, at magkakalakip na mangyayari sa ikabubuti ng mga umiibig sa Kanya at silang mga tinawag na ayon sa Kanyang layunin; iyon ay kung ikaw ay lumalakad sa iyong pagkatawag, nilalabanan ang diablo at wasakin ang mga

ARALIN 13

gawa ng diablo. Silang lumalaban sa diablo at nabubuhay para sa Diyos ay makapagsasabi na kahit ano pa man ang gawin ng diablo sa kanila, ito ay babaligtarin ng Diyos at gagamitin para sa kanilang ikabubuti.

Kailangan nating magsimulang maunawaan na hindi kontrolado ng Diyos ang lahat ng nangyayari sa ating buhay. Mayroon tayong kaaway na pumapatay, nagnanakaw at sumisira, subalit si Hesus ay naparito upang magbigay buhay. Piliin natin ang buhay at kusang kilalanin na hindi kagagawan ng Diyos ang lahat ng nangyayari sa ating buhay.

Kung ang Diyos ay isang tao na tulad natin na gumawa ng mga bagay na inaakusa sa Kanya, katulad ng pagbibigay ng kanser, mga kapansanan, dipresyon, kalungkutan, at kapighatian, sinisiguro ko na Siya (Diyos) ay susubukang pigilan, aarestuhin, at mabibilanggo. Sa kabila nito, iniisip natin na ang Diyos, na higit na mahabagin sa kanino mang taong ating nakilala, ang Siyang nagpapahirap sa mga tao. Mayroong mga bagay na galing sa diablo at ilan na nangyayaring natural lang, at hindi lahat ng mga sakuna ay itinalaga ng Diyos. Isinusulat ng mga *insurance company* sa kanilang mga patakaran (policies) “gawa ng Diyos ang mga bagay tulad ng lindol, at salot.” Hindi, hindi ang Diyos ang may gawa ng mga ito.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Santiago 1:13. Ang Diyos ba ang sanhi ng pagkahulog sa tukso ng mga tao?

Santiago 1:13 *Huwag sabihin ninuman na tinutukso siya ng Diyos kapag dumaranas siya ng pagsubok. Hindi maaaring matukso ng masama ang Diyos, at hindi rin naman siya nanunukso ninuman.*

2. Basahin ang Santiago 1:17. Saan nanggagaling ang mga mabubuting regalo?

Santiago 1:17 *Ang bawat mabuti at ganap na kaloob ay nagmumula sa itaas, mula sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa kalangitan. Hindi siya nag-iiba o nagdudulot man ng anino dahil sa pagbabago.*

3. Basahin ang Juan 10:10. Sino ang magnanakaw?

Juan 10:10 *Ang magnanakaw ay dumarating lamang upang magnakaw, pumatay, at sumira. Dumating ako upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang sagana.*

4. Basahin ang Juan 10:10. Ano ang layunin ng magnanakaw?

5. Basahin ang Juan 10:10. Ano ang dahilan ng pagparito ni Hesus?

6. Basahin ang Santiago 4:7. Ano ang bunga ng pagpapasakop mo sa Diyos at paglaban sa diablo?

Santiago 4:7 *Kaya't pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo, at siya ay tatakbo palayo sa inyo.*

7. Basahin ang Roma 8:28. Sinasabi ba ng Roma 8:28 na ang lahat ng mga bagay ay nanggagaling sa Diyos?

Roma 8:28 *At alam nating ang Diyos ay gumagawa ng lahat ng bagay para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya, sa kanilang mga tinawag ayon sa kanyang layunin.*

8. Basahin ang Mga Gawa 10:38. Ang sakit o karamdaman ba ay galing sa Diyos?

Mga Gawa 10:38 *Kung paanong si Hesus na taga-Nazareth ay binuhusan ng Diyos ng*

ARALIN 13

Banal na Espiritu at ng kapangyarihan; kung paanong naglibot siya na gumagawa ng mabuti at nagpapagaling ng lahat ng mga pinahihirapan ng diyablo, sapagkat kasama niya ang Diyos.

9. Basahin ang 1 Juan 3:8. Ano ang dahilan ng pagparito ng Anak ng Diyos?

1 Juan 3:8 *Ang patuloy na gumagawa ng kasalanan ay kakampi ng diyablo, sapagkat sa simula pa ay nagkakasala na ang diyablo. Ito ang dahilan na nahayag ang Anak ng Diyos: upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.*

MGA SAGOT

1. Basahin ang Santiago 1:13. Ang Diyos ba ang sanhi ng pagkahulog sa tukso ng mga tao?
Hindi.
2. Basahin ang Santiago 1:17. Saan nanggagaling ang mga mabubuting regalo?
Sa Ama na lumikha ng mga tanglaw sa kalangitan.
3. Basahin ang Juan 10:10. Sino ang magnanakaw?
Ang diablo.
4. Basahin ang Juan 10:10. Ano ang layunin ng magnanakaw?
Upang magnakaw, pumatay, at sumira.
5. Basahin ang Juan 10:10. Ano ang dahilan ng pagparito ni Hesus?
Upang ang mga tupa ay magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang sagana.
6. Basahin ang Santiago 4:7. Ano ang bunga ng pagpapasakop mo sa Diyos at paglaban sa diablo?
Siya ay tatakbo palayo sa iyo.
7. Basahin ang Roma 8:28. Sinasabi ba sa Roma 8:28 na ang lahat ng mga bagay ay nanggagaling sa Diyos?
Hindi.
8. Basahin ang Mga Gawa 10:38. Ang sakit o karamdaman ba ay galing sa Diyos?
Hindi.
9. Basahin ang 1 Juan 3:8. Ano ang dahilan ng pagparito ng Anak ng Diyos?
Upang wasakin ang mga gawa ng diyablo.

ARALIN 14

ANG KAPANGYARIHAN NG BUHAY NA PUNO NG ESPIRITU

Isinulat ni Don Krow

Ang Marcos 16:15-16 ay kilala sa Dakilang Komisyon (Great Commission), sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, *Sinabi niya sa kanila, "Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo ang ebanghelyo[a] sa lahat ng tao. Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.* Sa Mga Gawa 8, bersikulo 5 at 12, makikita kung paano ang komisyon na ito ay naisagawa sa pamamagitan ng pagpapahayag ni Felipe (Philip) sa Samaria. *Si Felipe ay bumaba sa lungsod ng Samaria at ipinangaral sa kanila ang Cristo. ... [12] Ngunit nang naniwala sila kay Felipe na nangangaral ng Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos at sa pangalan ni Jesu-Cristo, sila ay nabautismuhan, mga lalaki at mga babae.*

Ang tanong ay naging Kristiyano ba ang mga tao sa Samaria ayon sa Marcos 16:15-16? Oo, sila ay naging Kristiyano. Nagtungo si Felipe sa Samaria, ipinahayag niya si Hesu Kristo, at sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu Kristo, sila ay nagpabautismo, mga lalaki at babae. Ayon sa Dakilang Komisyon (Great Commission), maaari nating sabihin na ang mga taong ito ay naligtas, subalit natanggap ba nila ang bautismo ng Banal na Espiritu?

Naghahayag ang Bibliya patungkol sa pagbabautismo sa tubig ni Juan, subalit si Hesus lamang ang maaaring magbautismo sa Banal na Espiritu. Ayon sa Banal na Kasulatan, ang mga tao ay naniwala, naligtas, at nabautismuhan sa tubig, subalit hindi nila natanggap ang pagbabautismo sa Banal na Espiritu. Sinsabi sa Mga Gawa 8:14-17, *Nang mabalitaan ng mga apostol sa Jerusalem na tinanggap ng mga taga-Samaria ang salita ng Diyos, isinugo nila roon sina Pedro at Juan. Pagdating doon ay ipinanalangin ng dalawa ang mga taga-Samaria upang tanggapin nila ang Banal na Espiritu. Sapagkat hindi pa bumababa ang Espiritu sa kaninuman sa kanila. Sila'y nabautismuhan lamang sa pangalan ng Panginoong Jesus. Ipinatong nina Pedro at Juan ang kanilang mga kamay sa kanila at tinanggap nila ang Banal na Espiritu.*

Makikita natin mula sa Banal na Kasulatan na kahit na ang tao ay naniwala, nabautismuhan, at naligtas ay hindi nangangahulugang sila ay nabautismuhan sa Banal na Espiritu. Dumating sa kanilang mga buhay ang Banal na Espiritu - sa Juan 20:22 makikita na ang mga disipulo ay binago ng Banal na Espiritu - subalit sila ay nabautismuhan sa Banal na Espiritu at binigyan ng kapangyarihan ng Diyos sa "Day of Pentecost". Mayroong pagkakaiba ang pagpapakita ng pagpapasigla ng Banal na Espiritu sa oras na ang isang tao ay naligtas at

ANG KAPANGYARIHAN NG BUHAY NA PUNO NG ESPIRITU

ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa oras na nabautismuhan ng Banal na Espiritu ang isang tao. Mayroong paglukob ng Banal na Espiritu na nangyayari sa mga tao at sila'y binibigyan ng kapangyarihan. Hindi nangangahulugang nabautismuhan sa Banal na Espiritu ang isang tao kapag siya ay naligtas na.

Sa Mga Gawa 19:1-2 ay sinabi, *Samantalang nasa Corinto si Apolos, dumaan si Pablo sa mga dakong loob ng lupain hanggang makarating sa Efeso. Natagpuan niya roon ang ilang alagad. Nagtanong siya sa kanila, "Tinanggap ba ninyo ang Banal na Espiritu nang kayo'y sumampalataya?" Sumagot sila, "Hindi. Ni hindi pa namin narinig na may Banal na Espiritu."* Ang sabi ni Pablo, "At sa kanila'y sinabi niya, tinanggap ba ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y magsisampalataya?" At sinabi nila, "Hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Espiritu Santo." Sinabi ni Pablo, "kung hindi pa ninyo natatanggap ang bautismo ng Banal na Espiritu noong kayo'y magsisampalataya, sa ano kayo nabautismuhan?" At sabi nila, "Kami ay nabautismuhan sa pagbabautismo ni Juan." Ako ay naniniwala na perpektong naipaliwanag ni Pablo ang tungkol kay Hesus na Siya ang Kristo, at ang mga mananampalataya ay nakilalang mga mananampalataya kay Hesus sa pamamagitan ng bautismo sa tubig. Sinabi sa bersikulo 6-7, *Nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kanyang mga kamay, bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu at sila'y nagsalita ng mga ibang wika at nagpahayag ng propesiya. [7] Sila'y humigit-kumulang sa labindalawang lalaki.*

Kahit na nga ang mga taong ito ay ang mga disipulo na naniniwala sa Mesiyas na Siyang darating, sila ay hindi nabautismuhan ng Banal na Espiritu. Ang isang tao ay maaaring maipanganak na muli (born again) at nabautismuhan na sa tubig subalit hindi pa nabautismuhan sa Banal na Espiritu. Ang bautismo sa Banal na Espiritu ay hiwalay at natatanging karanasan sa pagbabalik loob sa Diyos (conversion).

Kahit na ako ay maaaring magbautismo sa tubig, hindi ako maaaring magbautismo sa kanila sa Espiritu Santo; si Hesus lamang ang maaaring makagagawa nito. Kung hindi mo pa hiniling kay Hesus na mabautismuhan ka sa Banal na Espiritu, bakit hindi mo hilingin sa Kanya ito ngayon? Sabi sa Lucas 11:13, *Kung kayo ngang masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa ang Ama na nasa langit na magbibigay ng Banal na Espiritu sa mga humingi sa kanya?* Bakit hindi mo hilingin sa Kanya ngayon din?

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Marcos 16:16. Ngayon basahin ang Mga Gawa 8:5, 12. Naging Kristiyano ba ang mga taong inilarawan sa Mga Gawa 8:12?

Marcos 16:16 *Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.*

Mga Gawa 8:5 *Si Felipe ay bumaba sa lungsod ng Samaria at ipinangaral sa kanila ang Kristo.*

Mga Gawa 8:12 *Ngunit nang naniwala sila kay Felipe na nangangaral ng Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos at sa pangalan ni Hesu-Kristo, sila ay nabautismuhan, mga lalaki at mga babae.*

2. Basahin ang Mga Gawa 8:14-16. Tinanggap ba ng mga taong ito ang pagbabautismo sa Banal na Espiritu?

Mga Gawa 8:14-16 *Nang mabalitaan ng mga apostol sa Jerusalem na tinanggap ng mga taga-Samaria ang salita ng Diyos, isinugo nila roon sina Pedro at Juan. [15] Pagdating doon ay ipinanalangin ng dalawa ang mga taga-Samaria upang tanggapin nila ang Banal na Espiritu. [16] Sapagkat hindi pa bumababa ang Espiritu sa kaninuman sa kanila. Sila'y nabautismuhan lamang sa pangalan ng Panginoong Hesus.*

3. Basahin ang Mga Gawa 19:1-5. Mananampalataya ba ang mga taong ito?

Mga Gawa 19:1-5 *Samantalang nasa Corinto si Apolos, dumaan si Pablo sa mga dakong loob ng lupain hanggang makarating sa Efeso. Natagpuan niya roon ang ilang alagad. [2] Nagtanong siya sa kanila, "Tinanggap ba ninyo ang Banal na Espiritu nang kayo'y sumampalataya?" Sumagot sila, "Hindi. Ni hindi pa namin narinig na may Banal na Espiritu." [3] "Kung gayo'y sa ano kayo nabautismuhan?" tanong niya. "Sa bautismo ni Juan," sagot nila. [4] Sinabi ni Pablo, "Nagbautismo si Juan ng bautismo ng pagsisisi. Sinabi niya sa mga tao na sila'y manampalataya sa darating na kasunod niya, samakatuwid ay si Hesus." [5] Nang marinig nila ito, sila'y binautismuhan sa pangalan ng Panginoong Hesus.*

4. Basahin ang Mga Gawa 19:6-7. Tinanggap ba nila ang pagbabautismo sa Banal na Espiritu?

Mga Gawa 19:6-7 *Nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kanyang mga kamay, bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu at sila'y nagsalita ng mga ibang wika at nagpahayag ng propesiya. [7] Sila'y humigit-kumulang sa labindalawang lalaki.*

ANG KAPANGYARIHAN NG BUHAY NA PUNO NG ESPIRITU

5. Basahin ang Lucas 11:13. Ano ang nabanggit sa Lucas 11:13 na dapat nating gawin upang tanggapin ang Banal na Espiritu?

Lucas 11:13 *Kung kayo ngang masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa ang Ama na nasa langit na magbibigay ng Banal na Espiritu sa mga humingi sa kanya?*

6. Basahin ang 1 Corinto 14:2. Kung ang mga tao ay nagsasalita sa ibang wika (speaking in tongues), ano ang kanilang ginagawa?

1 Corinto 14:2 *Sapagkat ang nagsasalita sa iba't ibang wika ay hindi sa mga tao nagsasalita kundi sa Diyos, sapagkat walang nakakaunawa sa taong iyon, yamang sa Espiritu ay nagsasalita siya ng mga hiwaga.*

7. Basahin ang 1 Corinto 14:14. Kung ang mga tao ay nagsasalita sa ibang wika, ano ang kanilang ginagawa?

1 Corinto 14:14 *Sapagkat kung ako'y nananalangin sa ibang wika, nananalangin ang aking espiritu, ngunit wala namang ibinabahagi ang aking pag-iisip.*

8. Basahin ang 1 Corinto 14:16-17. Kung ang mga tao ay nagsasalita sa ibang wika, ano ang kanilang ginagawa?

1 Corinto 14:16-17 *Kung hindi gayon, kapag nagpupuri ka sa pamamagitan ng espiritu, paano makapagsasabi ng "Amen" sa iyong pagpapasalamat ang isang taong walang kaalaman, kung hindi naman niya nauunawaan ang sinasabi mo? [17] Maaaring ikaw ay lubos na nakapagpapasalamat, ngunit ang iba naman ay hindi napapalakas.*

9. Basahin ang Mga Gawa 2:4. Kapag ang isang tao ay nagsalita sa ibang wika, sino ang nagsasalita, ang Banal na Espiritu ba o personal na nagsasalita ang tao?

Mga Gawa 2:4 *Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nagsalita sa iba't ibang wika, ayon sa kakayahang magpahayag na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.*

10. Basahin ang Mga Gawa 2:4. Kanino nanggagaling ang mga binibigkas ng tao?

MGA SAGOT

1. Basahin ang Marcos 16:16. Ngayon basahin ang Mga Gawa 8:5, 12. Naging Kristiyano ba ang mga taong inilarawan sa Mga Gawa 8:12?
Oo.
2. Basahin ang Mga Gawa 8:14-16. Tinanggap ba ng mga taong ito ang pagbabautismo sa Banal na Espiritu?
Hindi
3. Basahin ang Mga Gawa 19:1-5. Mananampalataya ba ang mga taong ito?
Oo.
4. Basahin ang Mga Gawa 19:6-7. Tinanggap ba nila ang pagbabautismo sa Banal na Espiritu?
Hindi. TANDAAN: Pinapakita nito na ang pagbabautismo sa Espiritu ay hiwalay sa kaligtasan.
5. Basahin ang Lucas 11:13. Ano ang nabanggit sa Lucas 11:13 na dapat nating gawin upang tanggapin ang Banal na Espiritu?
Humingi.
6. Basahin ang 1 Corinto 14:2. Kung ang mga tao ay nagsasalita sa ibang wika, ano ang kanilang ginagawa?
Nakikipag-usap sa Diyos at nagsasabi ng mga misteryo.
7. Basahin ang 1 Corinto 14:14. Kung ang mga tao ay nagsasalita sa ibang wika, ano ang kanilang ginagawa?
Ang kanilang espiritu ay nagdarasal sa Diyos.
8. Basahin ang 1 Corinto 14:16-17. Kung ang mga tao ay nagsasalita sa ibang wika, ano ang kanilang ginagawa?
Pinagpapala ang Diyos ng kanilang espiritu at pasasalamat (papuri sa Diyos).
9. Basahin ang Mga Gawa 2:4. Kapag ang isang tao ay nagsalita sa ibang wika, sino ang nagsasalita, ang Banal na Espiritu ba o personal na nagsasalita ang tao?
Ang tao ang nagsasalita.
10. Basahin ang Mga Gawa 2:4. Kanino nanggagaling ang mga binibigkas ng tao?
Sa Banal na Espiritu.

ARALIN 15

PAANO TANGGAPIN ANG BANAL NA ESPIRITU

Isinulat ni Don Krow

Tatalakayin natin sa araw na ito ang tungkol sa kung paano tatanggapin ang Banal na Espiritu. Sabi sa Mga Gawa 10:1, *May isang lalaki sa Cesarea na ang pangalan ay Cornelio, isang senturyon ng tinatawag na batalyong Italiano.* Ito ay isang ranggo sa militar, maaaring ito ay isang kapitan ng isang pangkat. Nagpatuloy sa bersikulo 2, *Kasama ang kanyang buong sambahayan, siya ay masipag sa kabanalan at may takot sa Diyos, naglilimos ng marami sa mga tao, at laging nananalangin sa Diyos.* Siya ay matuwid, gumagawa ng mga bagay na mabubuti, may takot sa Diyos, likas sa loob ang magbigay ng malaya sa mga nangangailangan, at sinasabi sa Bibliya na laging nananalangin. Subalit malalaman din natin at ito ay kamangha-mangha, at kahit ang kanyang mga ginagawa ay pawang mabubuti, kahit na may takot siya sa Diyos, at kahit siya ay nananalangin, subalit wala siyang personal na relasyon sa Diyos sa pamamagitan ni Hesu Kristo.

Sinasabi sa bersikulo 3-6, *Minsan, nang mag-iikatlo ng hapon, nagkaroon siya ng pangitain. Kitang-kita niyang dumarating ang isang anghel ng Diyos at tinawag siya, "Cornelio". Natatakot siyang tumingin sa kanya at nagtanong, "Ano po iyon, panginoon?" Sumagot ito sa kanya, "Nakaabot sa pansin ng Diyos ang iyong mga panalangin at ang pagtulong mo sa mga dukha. Ngayon di'y magsugo ka ng mga tao sa Joppa, at ipatawag mo ang isang taong nagngangalang Simon na tinatawag ding Pedro. Nanunuluyan siya sa bahay ni Simon, isang tagapagbilad ng balat ng hayop, na ang bahay ay nasa tabi ng dagat."*

Ang lalaking ito, kahit na siya ay may takot sa Diyos, matuwid sa kanyang mga gawain, at may buhay na mapanalangin sa harap ng Diyos, nagsugo ng anghel ang Diyos at nagsabi na pumunta ang lalaki kay Simon na tinatawag ding Pedro at siya ang magsasabi kung ano ang dapat gawin ng lalaki. Makikita natin sa Mga Gawa 10:43 kung ano ang eksaktong tagubilin (instruction) ni Pedro sa kanya: *Nagpatotoo tungkol sa kanya ang lahat ng mga propeta na ang bawat sumasampalataya sa kanya ay tatanggap ng kapatawaran sa mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan.* Hindi ba ito'y kamangha-mangha? Ang lalaking ito na taglay ang lahat ng karangalan ay walang personal na relasyon sa Diyos sa pamamagitan ni Hesu Kristo. Sinabi ng Diyos, "Ang mga bagay na iyong ginagawa ay dakila, sila ay kahanga-hanga, at sila ay nagsisilbing alaala sa Akin, subalit sasabihin Ko sa iyo ang ninanais Kong gawin. Nagpadala Ako ng anghel para sabihin sa iyo upang sunduin ang isang ginoo na nagngangalang Pedro, at sasabihin niya sa iyo ang nararapat mong gagawin." Sa Mga Gawa 10:43, noong si Pedro ay nagpunta sa bahay ni Cornelius, ang sabi nya, "Na sinuman ang sumampalataya sa Kanya [sa Panginoong Hesu Kristo]

ARALIN 15

ay makatatanggap ng kapatawaran sa kanyang mga kasalanan.”

Tingnan natin kung ano ang nangyari dito. “Habang sinasabi pa ni Pedro ang mga salitang ito, bumaba ang Banal na Espiritu sa lahat ng nakikinig.” (Mga Gawa 10:44). Si Cornelius ay tumatanggap habang nakaririning siya ng pananampalataya kay Kristo, at siya ay nanampalataya kay Kristo para sa kapatawaran ng kanyang mga kasalanan. At nang gawin niya ito, napuspos siya ng Banal na Espiritu at ang lahat ng nasa sambahayan. Sinasabi sa bersikulo 45, “*Ang mga mananampalatayang Judio, na dumating kasama ni Pedro ay nagtaka sapagkat ibinuhos din ang kaloob ng Banal na Espiritu sa mga Hentil.* Paano nila nalaman ito? Sapagkat narinig nila ang mga ito’y nagsasalita ng mga wika at nagpupuri sa Diyos (bersikulo 46).

Sa bawat oras na ang Banal na Espiritu ay pinuspos ang isang tao sa Bagong Tipan, ang kaloob ng Banal na Espiritu ay nahahayag at nagbibigay ng ebidensiya na tinanggap nila ang pagpuno ng Banal na Espiritu. Sa Bagong Tipan, kadalasan sila ay nagsasalita ng iba’t-ibang wika at sila ay nagpopropesiya.

Isang gabi, ako ay lumuhod sa parang sa Dallas, Texas, at sinabi ko, “Panginoon, hindi ko alam ang patungkol sa pagsasalita sa iba’t-ibang wika, at ang bautismo sa Banal na Espiritu na pinag-uusapan ng mga tao, subalit kung mayroong ibang paraan na mapupuri Kita, ibang paraan na dakilain Kita, ibang paraan na mahihigitan pa ang pagpuri ko sa Iyo sa sarili kong wika, iyan ang ibig ko. Nag-umpisa akong sambahin ang Diyos, habang ako ay sumasamba nag-umpisa rin akong magsalita sa ibang wika, salita na hindi ko alam ni pinag-aralan man. Ang sabi ng Bibliya sa Mga Gawa 2:4, *At silang lahat ay nangapuspos ng Espiritu Santo, at nangagpasimulang magsalita ng iba’t ibang wika, ayon sa ipinagkaloob ng Espiritu na kanilang salitain.* Sino ang nagsasalita? Sila. Sino ang nagbigay ng salita? Ang Banal na Espiritu.

Sa Lucas 11:13, *Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa kaniya?* Ang kinakailangan mo lang gawin ngayon ay humingi, manampalataya na tumanggap ka, magpasakop ka sa Diyos, umpisahan mong sambahin ang Panginoon, at Siya ay magbibigay sa iyo ng salitain na pagsamba at pagpupuri sa salita na hindi mo naman pinag-aralan o inalam.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Ilarawan ang ilang tuntunin na ginagamit ng Bibliya para sa kaligtasan.

Juan 3:3 *Sinabi ni Hesus sa kanya, “Katotohanang sinasabi ko sa iyo, malibang ang tao'y ipanganak mula sa itaas, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.”*

Mga Gawa 3:19 *Kaya nga magsisi na kayo at magbalik-loob sa Diyos upang mapatawad ang inyong mga kasalanan,*

Marcos 16:16 *Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan.*

Colosas 2:13 *At noong kayo'y mga patay dahil sa inyong mga pagsuway at kayo'y nasa di-pagtutuli ng inyong laman, binuhay niya kayong kasama niya. Pinatawad niya tayo sa lahat ng ating mga pagsuway,*

Roma 8:9 *Ngunit hindi na kayo namumuhay ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu, kung naninirahan sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Subalit sinumang walang Espiritu ni Kristo ay hindi kay Kristo.*

Mateo 25:46 *At ang mga ito'y magsisialis patungo sa parusang walang-hanggan, subalit ang mga matutuwid ay patungo sa buhay na walang hanggan.*

2. Basahin ang Mga Gawa 11:15. Paano inilarawan sa bersikulong ito ang karanasan sa pagbautismo sa Banal na Espiritu?

Mga Gawa 11:15 *Nang ako'y magsimulang magsalita, bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu tulad ng nangyari sa atin noong una.*

3. Tinanggap ng mga disipulo ni Hesus ang Banal na Espiritu (Juan 20:22), subalit pagkatapos ng ilang araw ay nabautismuhan sila sa Banal na Espiritu (Gawa 2:1-4). Pag-aralan at ikumpara ang mga katotohanan sa Juan 20:22 at Gawa 2:1-4.

Juan 20:22 *Nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya at kanyang sinabi, “Tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu.”*

Mga Gawa 2:1-4 *Pagsapit ng Araw ng Pentecostes, nagtitipon silang lahat sa isang lugar. [2] Biglang nagkaroon ng isang ugong mula sa langit, gaya ng isang napakalakas na hangin,*

ARALIN 15

at napuno nito ang bahay na kanilang kinaroroonan. [3] May nakita silang tila mga dilang apoy na nahahati at lumapag sa bawat isa sa kanila. [4] Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nagsalita sa iba't ibang wika, ayon sa kakayahang magpahayag na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

4. Basahin ang Mga Gawa 1:8. Ano ang layunin ng pagbautismo sa Banal na Espiritu?

Mga Gawa 1:8 *Sa halip, tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Banal na Espiritu, at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, hanggang sa dulo ng daigdig.*

5. Basahin ang Mga Gawa 2:38-39 at 1 Corinto 1:7. Ang pagbautismo ba sa Banal na Espiritu ay para sa atin ngayon?

Mga Gawa 2:38-39 *Sumagot si Pedro, “Talikuran ninyo ang inyong kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Hesu-Kristo upang patawarin kayo, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu. [39] Sapagkat para sa inyo ang pangako, at para sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo, at sa lahat ng tatawagin ng ating Panginoong Diyos tungo sa kanya.”*

1 Corinto 1:7 *Kaya't hindi kayo nagkukulang sa anumang espirituwal na kaloob habang inyong hinihintay na maipahayag ang ating Panginoong Hesu-Kristo.*

6. Basahin ang Lucas 11:13 Kung hindi mo pa natanggap ang bautismo sa Banal na Espiritu, ano ang kailangan mong gawin ngayon?

Lucas 11:13 *Kung kayo ngang masasama ay marunong magbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa ang Ama na nasa langit na magbibigay ng Banal na Espiritu sa mga humingi sa kanya?”*

7. Basahin ang Mga Gawa 2:4. Hihingin mo ba, tatanggapin, at sasambahin ang Diyos sa pamamagitan ng pananalangin sa ibang wika na ipinagkaloob ng Diyos sa iyo?

Mga Gawa 2:4 *Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nagsalita sa iba't ibang wika, ayon sa kakayahang magpahayag na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.*

MGA SAGOT

1. Ilarawan ang ilang tuntunin na ginagamit ng Bibliya para sa kaligtasan.
 - **Ipinanganak muli (Juan 3:3).**
 - **Pagbabalik-loob (Mga Gawa 3:19).**
 - **Manampalataya at magpabautismo (Marcos 16:16).**
 - **Pinatawad (Colosas 2:13).**
 - **Tumanggap sa Espiritu ni Kristo (Roma 8:9).**
 - **Buhay na walang-hanggan (Mateo 25:46).**
2. Basahin ang Mga Gawa 11:15. Paano inilarawan ng bersikulong ito ang karanasan sa pagbautismo sa Banal na Espiritu?
Ang pagbaba ng Banal na Espiritu sa isang tao.
3. Tinanggap ng mga disipulo ni Hesus ang Banal na Espiritu (Juan 20:22), subalit pagkatapos ng ilang araw ay nabautismuhan sila sa Banal na Espiritu (Gawa 2:1-4). Pag-aralan at ikumpara ang mga katotohanan sa Juan 20:22 at Gawa 2:1-4.
Sa Juan 20:22, tinanggap ng mga disipulo ang Banal na Espiritu. Sa Mga Gawa 2:14, ito ring mga disipulo ay napuspos sa Banal na Espiritu (ito'y panloob at panlabas na pagkapuspos). Basahin ang Mga Gawa 1:8.
4. Basahin ang Mga Gawa 1:8. Ano ang layunin ng pagbautismo sa Banal na Espiritu?
Upang bigyang kapangyarihan na maglingkod (o maging saksi).
5. Basahin ang Mga Gawa 2:38-39 at 1 Corinto 1:7. Ang pagbautismo ba sa Banal na Espiritu ay para sa atin ngayon?
Oo. Ang mga kaloob ng Banal na Espiritu ay titigil sa ikalawang pagbabalik ni Kristo, ngunit hindi pa ngayon.
6. Basahin ang Lucas 11:13 Kung hindi mo pa natanggap ang bautismo sa Banal na Espiritu, ano ang kailangan mong gawin ngayon?
Hingin mo ito.
7. Basahin ang Mga Gawa 2:4. Hihingin mo ba, tatanggapin, at sasambahin ang Diyos sa pamamagitan ng pagsasalita sa ibang wika na ipinagkaloob ng Diyos sa iyo?
Oo, ako ang magsasalita ngunit ang Banal na Espiritu ang magbibigay ng sasabihin (pagsasalita sa ibang wika o speaking in tongues).

ARALIN 16

ANG BENEPISYO NG PAGSASALITA SA IBANG WIKA

Isinulat ni Andrew Wommack

Isa sa mga bagay na nangyari sa panahon noong ang Banal na Espiritu ay unang dumating, lahat ng mga tao na naroon sa pagtitipon ay nagsalita sa ibang wika. Sinasabi sa aklat ng Mga Gawa 2:24 na noong *Day of Pentecost*, sila ay napuspos ng Banal na Espiritu at nagsalita ng ibang wika ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Banal na Espiritu. Sa buong aklat ng Mga Gawa, nahahayag ang presensiya ng Diyos kapag ang mga tao ay tumanggap sa Banal na Espiritu.

Mangyari pa, na mas marami pang higit na kaalaman patungkol sa Banal na Espiritu maliban pa sa pagsasalita ng ibang wika, subalit isa ito sa mga mahahalagang pagpapahayag. Sinasabi sa 1 Corinto 14:13, *Kaya't ang nakapagsasalita sa ibang wika ay dapat manalangin na magkaroon din siya ng kakayahang makapagpaliwanag*. Kapag ikaw ay nanalangin sa ibang wika, ang espiritu mo ang nananalangin. Sa oras na ikaw ay nagsalita sa ibang wika, manalangin ka at hingin mo na ito ay mabigyang kahulugan upang lumawak ang iyong kaalaman.

Maaari kong ibigay ang aking patotoo na noong tinanggap ko ang bautismo ng Banal na Espiritu, at nagsimula akong magsalita sa ibang wika, lubhang nagbago ang aking buhay. Ako ay naniniwala na noong ako ay naisilang na muli, dumating si Hesus at nanirahan sa aking buhay at dito ay idineposito Niya ang lahat, subalit noong dumating ang Banal na Espiritu sa akin, ito ay nagsimulang nagpahayag sa akin at sa ibang tao. Maraming bagay ang nangyari. Sa unang taon ako ay nananalangin sa ibang wika, ang sabi ng isip ko ito ay kabaliwan, na ang lahat ng ginagawa ko ay pagsasayang lamang ng oras. Kailangan ko ng pananampalataya upang makapanalangin sa ibang wika, ito ang dahilan kung bakit sinabi sa Jude 1:20, nguni't kayo, mga minamahal, papagtibayin ninyo ang inyong sarili sa inyong lubhang banal na pananampalataya. Inaalis ka nito sa natural mong kaisipan, at pangangatwiran, at inilalagay ka sa lugar ng *supernatural*.

Isa pang bagay na naranasan ko sa tuwing ako ay nananalangin sa ibang wika, ay ang mga tao na hindi ko naisip sa matagal ng panahon ay bigla ko na lang maaalala. At sila ay sisimulan kong ipanalangin, at sa loob ng isa o dalawang araw, sila ay makikipag-ugnayan sa akin, at matutuklasan ko na mayroong himala na nangyari. Ang bagay na ito ay nangyari sa akin ng maraming beses at ang ginawa ko ay pinagsama-sama ko ang mga pangyayari, at dito ay nalaman ko na sa tuwing ako ay mananalangin sa ibang wika, ako ay nananalangin sa karunungan na hindi naaabot ng aking sariling kaisipan. Ang aking espiritu na nakakaalam

ng lahat ng bagay at taglay niya ang kaisipan ni Kristo ang siyang nananalangin para sa mga tao sa paraan na hindi ko kayang gawin sa aking pansariling pang-unawa.

Isang araw ako ay nananalangin sa ibang wika - tulad ng sinabi ko na, kinakailangan kong manampalataya upang ako ay manalangin sa ibang wika - at ako ay nakikipaglaban sa mga kaisipan tulad ng, *maaari ka naman na magsalita sa wikang alam mo na may bunga na mabuti sa halip na magsalita ng walang kabuluhan*. Kailangan kong puksain ang ganitong kaisipan at pagtagumpayan, at nagpatuloy akong nanalangin. Isang ginoo na hindi ko nakita sa loob ng apat na taon ay kumatok sa aking pintuan. Pinapasok ko siya, hindi man lang bumati, umupo na lang, at nag-umpisang umiyak, ibinuhos ang laman ng kanyang puso dahil sa dami ng problema niya. Ako ay nakaupo sa harap niya na nag-iisip, *sana ay nanalangin na lang ako sa wikang alam ko*. Ang sumunod na naisip ko ay, *paano ko ba nalaman na kailangan ko siyang ipanalangin gayong hindi ko siya nakita sa loob ng apat na taon?* Sa kinahulihan, saka lang naging maliwanag sa akin na ako pala ay nananalangin, at ang Diyos ay inihahanda pala ako. Ako pala ay namamagitan sa panalangin para sa kanya na kung sa aking paraan o kakayahan ay hindi ko magagawa. Bigla na lang, isang kapahayagan ang dumating sa akin, at sinabihan ko siya, "maaari kong sabihin kung ano ang problema mo." Ipinahayag ko ang ugat ng kanyang suliranin at binigyan ko siya ng kasagutan.

Kailangan mong intindihin na ito ay nangyari noong mga panahon na ako ay nasa loob pa ng isang sekta. Hindi niya alam kung ano ang nangyari sa akin, at ako mismo ay hindi rin nakasisiguro kung ano. Kaming dalawa ay natakot. Subalit ang nangyaring iyon ay kapahayagan na pala ng kapangyarihan ng Diyos, at ginamit Niya ito sa *supernatural* na paraan. Ito ang kahulugan ng istoryang ito: kung ikaw ay nananalangin sa ibang wika, ang nananalangin ay ang iyong espiritu. Ang iyong espiritu ay naisilang na muli, taglay ang kaisipan ni Kristo, at alam kung ano ang kailangang gawin. Ang iyong espiritu ay may basbas (anointing) mula sa Diyos kaya't alam mo ang lahat ng bagay, at walang limitasyon sa iyong espiritu. Kung magagawa mong lumakad sa kapangyarihan at kapahayagan sa iyong espiritu, mangyayari na mababago ang iyong pisikal na buhay. Isa sa mga paraan ng paggawa nito ay simulan mong magsalita sa ibang wika. Kilalanin at paniwalaan mo na sa oras na ginawa mo ito, ay pinatatatag mo ang iyong sarili sa banal mong pananampalataya, dahil ang iyong espiritu ay nananalangin ng mga lihim na karunungan ng Diyos, at darating ang perpektong kapahayagan ng Diyos. At ayon sa 1 Corinto 14:13, ipanalangin mo na mabigyan mo ng kahulugan o interpretasyon. Hindi ibig sabihin nito na kinakailangan mong huminto sa pananalangin sa ibang wika at manalangin ka sa wikang naiintindihan mo; ang ibig sabihin lang nito na ang iyong pang-unawa ngayon ay mabunga na.

Kung ikaw ay nagbigay mensahe sa ibang wika sa loob ng bahay sambahan, kailangan mong huminto at ito ay bigyang interpretasyon sa salitang naiintindihan ng lahat. Kapag

ARALIN 16

tayo ay nananalangin mag-isa, gawin natin na manalangin sa ibang wika at magtiwala na magbibigay ng kapahayagan ang Diyos. Minsan, ang aking pag-uugali ay nagbabago. Ako'y walang tiyak na salita mula sa Diyos, subalit bigla na lang lumilinaw ang mga bagay at ako'y nagkakaran ng ibang pananaw. Maaaring umabot ng isang linggo bago maging malinaw sa akin ang buong kapahayagan, subalit ako ay naniniwala na ang panahon na ginugol ko sa pananalangin sa ibang wika at naniniwala ako na ang interpretasyon ay bahagi nito.

Ang pagsasalita sa ibang wika ay napakahalaga dahil sa napakaraming kadahilanan, at sigurado ako na higit pa ito sa pagpapatunay na tinanggap mo ang Banal na Espiritu. Dapat ito ay bahagi ng iyong pang araw-araw na buhay. Ito ay paraan ng diretsong pakikipag-usap sa Diyos Ama na nagmumula sa ating puso, nilalampasan ang iyong pag-iisip, ang pag-aalinlangan at takot. Ito ang nagpapatatag sa iyo at sa iyong pananampalataya at pinakakawalan nito ang mga nakatagong karunungan ng Diyos. Ang dalangin ko ay maranasan ninyong lahat ito, gamitin ang inyong pananampalataya at tanggapin ang buong benepisyo o kabutihang dulot ng pagsasalita sa ibang wika.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Jude 1:20. Ano ang dakilang kapakinabangan ang matatanggap sa pananalangin sa ibang wika (Speaking in Tongues)?

Jude 1:20 *Ngunit kayo, mga minamahal, patatagin ninyo ang inyong sarili sa pinakabanal na pananampalataya. Manalangin sa tulong ng Banal na Espiritu.*

2. Basahin ang Mga Gawa 2:4. Ano ang bilang ng mga tao na napuspos ng Banal na Espiritu?

Gawa 2:4 *Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nagsalita sa iba't ibang wika, ayon sa kakayahang magpahayag na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.*

3. Basahin ang Mga Gawa 2:4. Ano ang kanilang ginawa pagkatapos na sila ay mapuspos?
4. Basahin ang 1 Corinto 14:14. Anong bahagi mo ang nananalangin kapag ikaw ay nananalangin sa ibang wika?

1 Corinto 14:14 *Sapagkat kung ako'y nananalangin sa ibang wika, nananalangin ang aking espiritu, ngunit wala namang ibinabahagi ang aking pag-iisip.*

5. Basahin ang 1 Corinto 14:2. Kung ang tao ay nananalangin sa ibang wika, kanino sya nananalangin?

1 Corinto 14:2 *Sapagkat ang nagsasalita sa iba't ibang wika ay hindi sa mga tao nagsasalita kundi sa Diyos, sapagkat walang nakakaunawa sa taong iyon, yamang sa Espiritu ay nagsasalita siya ng mga hiwaga.*

6. Basahin ang 1 Corinto 14:2. Kapag ang tao ay nananalangin sa ibang wika, nauunawaan ba ng ibang tao ang sinasabi nila?
7. Basahin ang 1 Corinto 14:2. Kapag ikaw ay nananalangin sa ibang wika, ano ang ipinapanalangin ng iyong espiritu?

8. Basahin ang 1 Corinto 14:4. Kapag ikaw ay nananalangin sa ibang wika, ano ang iyong ginagawa?

1 Corinto 14:4 *Ang nagsasalita sa ibang wika ay nagpapatibay lamang ng sarili, ngunit*

ARALIN 16

ang nagpapahayag ng propesiya ay nagpapatibay ng iglesya.

9. Basahin ang 1 Corinto 14:16. Kapag ikaw ay nananalangin sa ibang wika, ano ang iyong ginagawa?

1 Corinto 14:16 *Kung hindi gayon, kapag nagpupuri ka sa pamamagitan ng espiritu, paano makapagsasabi ng “Amen” sa iyong pagpapasalamat ang isang taong walang kaalaman, kung hindi naman niya nauunawaan ang sinasabi mo?*

MGA SAGOT

1. Basahin ang Jude 1:20. Ano ang dakilang kapakinabangan ang matatanggap sa pananalangin sa ibang wika (Speaking in Tongues)?
Kapag ako ay nananalangin sa ibang wika, pinapatibay ko ang aking sarili.
2. Basahin ang Mga Gawa 2:4. Ano ang bilang ng mga tao na napuspos ng Banal na Espiritu?
Silang lahat.
3. Basahin ang Mga Gawa 2:4. Ano ang kanilang ginawa pagkatapos na sila ay mapuspos?
Sila ay nagsipagsalita sa ibang wika.
4. Basahin ang 1 Corinto 14:14. Anong bahagi mo ang nananalangin kapag ikaw ay nananalangin sa ibang wika?
Ang aking espiritu ang nananalangin.
5. Basahin ang 1 Corinto 14:2 Kung ang tao ay nananalangin sa ibang wika, kanino siya nananalangin?
Sa Diyos.
6. Basahin ang 1 Corinto 14:2. Kapag ang tao ay nananalangin sa ibang wika, nauunawaan ba ng ibang tao ang sinasabi niya?
Hindi.
7. Basahin ang 1 Corinto 14:2 Kapag ikaw ay nananalangin sa ibang wika, ano ang ipinapanalangin ng iyong espiritu?
 - **Mga Misteryo.**
 - **Mga sikreto/natatagong bagay.**
 - **Mga kapahayagan ng Diyos sa akin.**
8. Basahin ang 1 Corinto 14:4 Kapag ikaw ay nananalangin sa ibang wika, ano ang iyong ginagawa?
Nagpapatibay ng sarili.
9. Basahin ang 1 Corinto 14:16 Kapag ikaw ay nananalangin sa ibang wika, ano ang iyong ginagawa?
Pinagpapala at nagpapasalamat sa Diyos.

**PAGPAPALAGANAP NG EBANGHELYO SA
PAMAMAGITAN NG PAGDIDISIPULO**

(DISCIPLESHIP EVANGELISM O DE)



ANTAS 2

NILALAMAN

1. PAGIGING MAKASARILI: Ang Pinagmumulan Ng Lahat Ng Pighati	2 - 98
2. PAANO PAGNILAYIN ANG SALITA NG DIYOS	2-103
3. PAGBABAGO NG ISIP	2-107
4. ANG KAHALAGAHAN NG IGLESIA NI KRISTO	2-112
5. PAGPAPALAYA (Deliverance)	2-120
6. AWTORIDAD / KAPANGYARIHAN NG MANANAMPALATAYA	2-126
7. ANG PAGPAPAGALING AY NASA PAGBABAYAD-SALA	2-133
8. MGA HADLANG SA PAGPAPAGALING	2-139
9. PAGPAPATAWAD	2-146
10. KASAL – Part 1	2-155
11. KASAL – Part 2	2-161
12. ANG URI NG PAG-IBIG NG DIYOS – Part 1	2-169
13. ANG URI NG PAG-IBIG NG DIYOS – Part 2	2-175
14. PANANALAPI – Part 1	2-181
15. PANANALAPI – Part 2	2-187
16. ANO ANG GAGAWIN KAPAG ANG IYONG MGA PANALANGIN AY TILA HINDI SINASAGOT	2-192

ARALIN 1

PAGIGING MAKASARILI: Ang Pinagmumulan Ng Lahat Ng Pighati

Isinulat ni Andrew Wommack

Ang pagiging makasarili ang pinagmumulan ng karamihan ng ating mga nararasan. Mayroong bersikulo sa Kawikaan 13 na dapat mong tingnan, dahil hindi mo ito paniniwalaan kung hindi mo ito binasa sa iyong sariling Bibliya. Sinabi sa bersikulo 10, *Sa kapalaluan, ang dumarating ay pagtatalo lamang: nguni't ang karunungan ay nangasa nangaturuang maigi.* Sa simula, maraming tao ang hindi sasang-ayon dito at magsasabi, “Sandali lamang. Hindi lamang kapalaluan ang sanhi ng pagtatalo o pag-aaway. Sinasabi sa Kawikaan 17:14 na ang pagtatalo ang simula ng alitan, mayroong hihigit pa sa kapalaluan na pinagmumulan ng alitan. Ito ang ginawa sa akin ng taong ito.” Ang iba ay magsasabi, “hindi mo naiintindihan; ganito lang talaga ako.” Hindi, sinasabi ng Kasulatan na kapalaluan lamang ang pinanggagalingan ng pagtatalo. Hindi ito isa lamang sa mga pangunahing dahilan; ito lamang ang tanging dahilan. May iilang tao ang hindi sasang-ayon at magsasabi, “ako ay may iba’t-ibang problema, ngunit hindi isa dito ang kapalaluan. Kung mayroon man, ako’y may mababang tingin sa sarili, walang dahilan ang sinoman upang ako’y akusahan ng kapalaluan.”

Kinakailangan nating muling tukuyin ang tunay na kahulugan ng kapalaluan. Hindi lang sa pag-iisip na mas magaling ka sa ibang tao, ngunit sa pinakasimpleng salita, ito ay ang pagtingin sa sarili na ikaw ang sentro ng lahat o sa pag-iisip na sa iyo umiikot ang lahat. Ang pagiging makasarili ay ang tunay na ugat ng lahat ng kapalaluan. Sa Aklat ng Mga Bilang 12:2, si Miriam at Aaron, mga kapatid ni Moises, ay sumalungat sa kanya (Moises), pinuna siya dahil nag-asawa ng ibang lahi, at nagsabi *At kanilang sinabi, Ang Panginoon ba’y kay Moises lamang nakipagsalitaan? hindi ba nakipagsalitaan din naman sa atin?* Sinasabi ng Kasulatan sa bersikulo 3 na si Moises ang pinakamapagpakumbabang tao sa mundo. Sa halip na siya ay magtampo sa kanilang sinabi, ipinanalangin at namagitan siya para sa kanila.

Nang sabihing si Moises ang pinakamapagpakumbabang tao sa mundo, huminto at pagnilayin ito. Hindi natin alam kung ilan ang bilang ng tao sa mundo noon, ngunit paniguradong nasa milyon, at si Moises ang pinakamapagpakumbabang tao sa kanilang lahat. Ang nakamamangha sa pahayag na ito ay walang ibang nagsulat nito kundi si Moises. Ang pinaniniwalaan ng marami na kung ikaw ay mapagpakumbaba, hindi mo ito nalalaman. Ito’y isang maling impresyon kung ano ang kayabangan. Ang kapalaluan ay hindi lamang ang pag-iisip na ikaw ay higit sa iba – ito ay ang pagiging makasarili. Maihalalintulad ito sa isang patpat na sa isang dulo ay kayabangan at sa kabila ay mababang pagtingin sa sarili.

PAGIGING MAKASARILI: Ang Pinagmumulan Ng Lahat Ng Pighati

Ang dalawang ito ay magkasalungat na kapahayagan ng iisa o parehong bagay, ngunit parehong nasa iisang patpat. Ito ay ang pagiging makasarili. Hindi mahalaga kung iniisip mong ikaw ay mas magaling sa iba o mas masahol sa iba, ikaw ay ganap na makasarili. Ang lahat ay nasasala sa pamamagitan nito. Ang isang mahiyaing tao ay mapagmalaki at makasarili, at sarili lamang ang iniisip.

Ang aking punto ay ang pagiging makasarili ay ang tunay na ugat ng kapalaluan, at kung babalikan natin ang Kawikaan 13:10 *Sa kapalaluan, ang dumarating ay pagtatalo lamang*, ang tinutukoy nito ay ang ating pagiging makasarili ang nag-uudyok upang tayo ay magalit, hindi kung ano ang ginagawa ng tao sa atin. Ang ating pagiging makasarili ang dahilan upang tayo ay tumugon sa ginagawa sa atin ng tao. Hindi mo mapipigilan ang tao na gawan ka ng masama; ito ay hindi mangyayari. Ang pagkakaroon ng pananampalataya ay hindi upang kontrolin ang iba subalit upang tulungan kang harapin ang iyong sarili at ang mga saloobin mo. Kaya nga hindi mahalaga kung ano ginagawa ng tao sa iyo.

Habang ipinapako si Hesus, nagawa Niyang lumingon sa mga taong gumagawa nito sa Kanya at nagsabi, “Ama, patawarin Mo sila, sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa.” Hindi Niya kinontrol ang mga taong gumagawa nito sa halip kinontrol Niya ang Kanyang sarili. Ang pagiging makasarili ang nagtutulak sa atin upang magalit. Hindi dumating sa lupa si Hesus para sa Kanyang sarili, kundi dahil sa labis Niyang pag-ibig sa mga tao, kaya Siya naparito. Naisip Niya ang Kanyang ina habang Siya ay nakapako sa krus at sinabi sa isang Niyang disipulo na alagaan siya. Ang dahilan kung bakit si Hesus ay nakapagpatawad at nagawang mahal in ang pumako sa Kanya sa krus – sa gitna ng masidhing paghihirap, kawalan ng katarungan, at lahat ng bagay na Kanyang narasan – ay dahil sa hindi Siya makasarili.

Ang iyong sariling karamutan ang siyang nagtutulak sa iyo upang magalit, subalit sinasabi ng Kasulatan na ikaw ay dapat mamatay sa sarili (dead to yourself). Kung may isang bangkay sa harapan ko, maaari ko itong insultohin, sipain, duraan, o kaya ay hindi pansinin, ngunit kung ito ay isang totoong patay na, hindi ito gaganti. Ang dahilan kung bakit ikaw ay tumutugon sa mga bagay sa paligid mo ay nanggagaling sa kung ano ang nasa kalooban mo. Gaano man kalakas ang iyong pananampalataya, hindi mo kayang lubusang alisin ang mga hadlang sa iyong paglago at ang iba pang bagay na maaaring sumugat sa iyong damdamin, ngunit kaya mong pigilan ang iyong sarili at hindi magkasala. Maaari kang dumating sa punto na gawin mong Panginoon ng iyong buhay si Hesus at ibigin Siya, ang Kanyang kaharian, at ang iba pang tao na higit sa pagmamahal mo sa iyong sarili. Matutuklasan mo na kung gagawin mo ito at kontrolin ang iyong sarili, ang alitan at pagtatalo ay mahihinto sa buhay mo.

Isa sa mga susi upang magamit ang lahat ng bagay na ibinigay ng Diyos sa atin ay upang maunawaan na hindi ibinigay ng Diyos sa atin ang Kanyang kaharian para sa pansariling

ARALIN 1

layunin lamang. Hindi Niya ibinigay ang mga bagay na ito sa iyo upang tugunan lamang ang iyong mga pangangailangan. Kinakailangan mong matutunan na ipagkaila ang iyong sarili at isantabi ang pansariling kagustuhan, dito mo lubusang mauunawaan kung ano ang tunay na kahulugan ng buhay. Sa pamamagitan ng pagmamahal sa ibang tao at sa Diyos na higit sa iyong sarili, ay dito matatanggal ang iyong galit at sakit na nararamdaman sa iyong puso, at lahat ng bagay na nasa iyong kalooban.

Dalangin ko na iyong isapuso ang mga bagay na aking binanggit at gamitin upang mabuksan ang iyong puso na ang iyong pagiging makasarili ang siyang dahilan ng lahat ng iyong pighati. Sa halip na ibaling ang sisi sa kung saan, kailangan mong tanggapin ang responsibilidad, harapin ito, magpakumbaba sa harap ng Diyos, at hingin sa Kanya na maghari Siya sa iyong buhay. Ito ang paraan upang ikaw ay lumakad sa katagumpayan.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Marcos 9:33-34. Ano ang pinagtatalunan ng mga disipulo habang patungo sa Capernaum?

Marcos 9:33-34 *Nakarating sila sa Capernaum. Nang si Jesus ay nasa loob na ng bahay, tinanong niya ang mga alagad, "Ano ang pinag-uusapan ninyo sa daan?" [34] Hindi sila sumagot, sapagkat pinag-usapan nila sa daan kung sino ang pinakadakila.*

2. Ito ba ay nagpapakita ng pagiging maramot natin?
3. Basahin ang Marcos 9:35. Ayon sa Kasulatan, ano ang dapat mangyari kung ang isang tao ay nais na mauna?

Marcos 9:35 *Umupo si Jesus, tinawag ang labindalawa at sinabi, "Sinumang nais maging una, siya'y dapat maging huli sa lahat at lingkod ng lahat."*

4. Ibigay ang detalye ng katuruan ni Hesus sa Lucas 22:24-27.

Lucas 22:24-27 *Nagkaroon ng pagtatalo ang mga alagad kung sino sa kanila ang pinakadakila. [25] Kaya't sinabi Niya sa kanila, "Ang pinuno ng mga Hentil ay naghahangad na sila'y paglingkuran bilang mga panginoon ng kanilang mga nasasakupan; at ang mga nasa kapangyarihan ay itinuturing nilang mga tagatangkilik. [26] Ngunit hindi ganoon sa inyo; sa halip, ang pinakadakila sa inyo ang kailangang maging parang pinakabata, at ang namumuno ay maging tagapaglingkod. [27] Sapagkat sino ba ang higit na dakila? Ang nakaupo sa hapag o ang naglilingkod? Hindi ba ang nakaupo sa hapag? Ngunit ako ay kasama ninyo bilang tagapaglingkod.*

5. Basahin ang Kawikaan 13:10. Ano ang tanging sanhi ng pagtatalo?

Kawikaan 13:10 *Sa kapalaluan, ang dumarating ay pagtatalo lamang: nguni't ang karunungan ay nangasa nangaturuang maigi.*

6. Basahin ang Galacia 2:20. Paano tayo dapat mamuhay?

Galacia 2:20 *Namatay na akong kasama ni Cristo sa krus. Hindi na ako ang nabubuhay ngayon kundi si Cristo na ang nabubuhay sa akin. At ang buhay ko ngayo'y sa pamamagitan na ng pananampalataya sa Anak ng Diyos na nagmahal sa akin at naghandog ng kanyang buhay para sa akin.*

7. Basahin ang Mateo 7:12. Ano ang lunas sa pagiging makasarili?

Mateo 7:12 *Kaya't anumang nais ninyong gawin sa inyo ng iba, gayundin ang gawin ninyo sa kanila, sapagkat ito ang buod ng Kautusan at ng mga propeta.*

ARALIN 1

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Marcos 9:33-34. Ano ang pinagtatalunan ng mga disipulo habang patungo sa Capernaum?
Sila ay nagtatalo kung sino ang pinakadakila.
2. Ito ba ay nagpapakita ng pagiging maramot natin?
Oo.
3. Basahin ang Marcos 9:35. Ayon sa Kasulatan, ano ang dapat mangyari kung ang isang tao ay nais na mauna?
Maglingkod sa lahat.
4. Ibigay ang detalye ng katuruan ni Hesus sa Lucas 22:24-27.
Lucas 22:24-27 Nagkaroon ng pagtatalo ang mga alagad kung sino sa kanila ang pinakadakila. [25] Kaya't sinabi Niya sa kanila, "Ang pinuno ng mga Hentil ay naghahangad na sila'y paglingkuran bilang mga panginoon ng kanilang mga nasasakupan; at ang mga nasa kapangyarihan ay itinuturing nilang mga tagatangkilik. [26] Ngunit hindi ganoon sa inyo; sa halip, ang pinakadakila sa inyo ang kailangang maging parang pinakabata, at ang namumuno ay maging tagapaglingkod. [27] Sapagkat sino ba ang higit na dakila? Ang nakaupo sa hapag o ang naglilingkod? Hindi ba ang nakaupo sa hapag? Ngunit ako ay kasama ninyo bilang tagapaglingkod.
5. Basahin ang Kawikaan 13:10. Ano ang tanging sanhi ng pagtatalo?
Kapalaluan.
6. Basahin ang Galacia 2:20. Paano tayo dapat mamuhay?
Sa pamamagitan ng pananampalataya ni Kristo (o pananampalataya kay Kristo), hindi nakasentro sa ating sariling lakas o kahinaan.
7. Basahin ang Mateo 7:12. Ano ang lunas sa pagiging makasarili?
Isang buhay na nakasentro sa Diyos at sa iba. Gawin mo sa iba kung ano ang gusto mong gawin sa iyo.

ARALIN 2

PAANO PAGNILAYIN ANG SALITA NG DIYOS

Isinulat ni Don Krow

Ang ibig sabihin ng pagnilayin o *meditate* ay pag-isipan, pagplanuhan sa isip, gawing layunin, o balakin. Ang ibig sabihin nito sa Griyego ay paikutin sa isip at imahinasyon.

Ang dalawang dahilan ng pagninilay na naaayon sa Bibliya ay ang mga sumusunod: ang pag-iisip na ayon sa tamang kaalaman, na kahalintulad ng pagbabago ng kaisipan o *renewing of the mind* at upang makipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita, sa panalangin, sa papuri, at pagninilay; pag-iisip ng tungkol sa Kanya.

Ang pagninilay ay maaaring gawing *topical study* - o pagpili ng paksa na pagninilayin. Halimbawa: ang pagbabautismo. Bigyang kahulugan ang salita (pagbabautismo) sa Griyego, sa Hebreo, o sa isang magandang diksyunaryo. Hanapin ang salitang-ugat na pinanggalingan nito. Isaalang-alang at pag-isipan ang konteksto ng mga bersikulo at ito ay magdadala sa iyo upang pag-aralan ang ibang kaugnay na aralin, katulad ng pagpapatawad (Mga Gawa 2:28), pagsisisi (Mga Gawa 2:38), pananampalataya (Mark 16:16), ang konsiyensiya (1 Pedro 3:21), ang pagtawag sa Panginoon (Mga Gawa 22:16), at iba pa.

Kinakailangan mong pagnilayin ang mga katanungan sa isip o ang mga katanungang galing sa Salita ng Diyos, tulad ng: mayroon bang mga kuwalipikasyon bago magpabautismo? Ano ang layunin ng pagpapabutsimo? Kailan ito isinasagawa? Kailan ang takdang panahon?

Ang pagninilay ay maaaring gawin sa pamamagitan ng *expositional study* o paglalahad ng aralin; ito ay ang pag-aaral ng bawat bersikulo ng isang aklat sa Bibliya. Ang susi ay ang pagnilayin at pag-isipan ng paulit-ulit ng mahabang panahon hanggang maging pamilyar ka sa nilalaman nito (mga bersikulo at kabanata).

Ang pagninilay ay maaaring gawin sa pamamagitan ng *word studies* o pag-aaral ng kahulugan ng mga salita. Ano ang ibig sabihin ng ilang mga salita? Ano ang ibig sabihin ng maniwala (*to believe*)? Ano ang kahulugan ng salitang Panginoon o *Lord*? Ano ang kahulugan ng salitang Hesus? Ano ang kahulugan ng salitang Kristo (*Christ*)? Ano ang kahulugan ng salitang bigyang-katuwiran (*justify*)? At iba pa.

Maaari kang magnilay sa mga talata ng Bibliya. Ang isang talata ay lupon ng kaisipan na nakasulat, kadalasan naglalaman ng maraming pangungusap. Kapag nagpalit ng paksa ang may-akda, siya ay karaniwang nagsisimula ng bagong talata.

ARALIN 2

Sa pagninilay ng Salita ng Diyos, hanapin ang bantas o *punctuation* tulad ng tandang pananong o *question mark*. Bakit ito itinatanong? Ano ang kaugnayan nito sa konteksto? At iba pa.

Ang pagninilay sa Salita ng Diyos ay hindi lamang upang makita ang mga salita, kundi upang makita ang Diyos sa likod ng Salita.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Ano ang kahulugan ng salitang pagninilay?
2. Ano ang dalawang dahilan ng pagninilay ng Salita ng Diyos?
3. Ano ang *topical study* o pagpili ng paksa na pagninilayin?
4. Ano ang *expositional study of the Scriptures* o paglalahad ng aralin?
5. Basahin ang Lucas 6:46. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng salitang Panginoon o *Lord*?

Lucas 6:46 “Bakit ninyo ako tinatawag na ‘Panginoon! Panginoon!’ gayong hindi naman ninyo sinusunod ang inuutos ko?”

6. Basahin ang Mateo 1:21. Ano ang kahulugan ng salitang Hesus?

Mateo 1:21 Magsisilang siya ng isang lalaki at ang ipapangalan mo sa kanya ay Jesus, sapagkat ililigtas niya ang kanyang sambayanan mula sa kanilang mga kasalanan.

7. Basahin ang Lucas 23:1-2. Ano ang kahulugan ng salitang Kristo o *Christ*?

Lucas 23:1-2 Tumindig ang buong kapulungan at dinala si Jesus kay Pilato. [2] Nagsimula sila na paratangan si Jesus. Sinabi nila, “Natagpuan namin ang taong ito na iniligaw ang aming bansa at ipinagbabawal ang pagbubuwis sa Emperador. Sinasabi rin niyang siya ang Cristo, ang hari.”

8. Ano ang talata?
9. Ang pagninilay ng Bibliya ay hindi lamang upang hanapin ang mga salita. Sino ang dapat hanapin?

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Ano ang kahulugan ng salitang pagninilay?
Pag-isipan o paikutin ang isang paksa sa isip.
2. Ano ang dalawang dahilan ng pagninilay ng Salita ng Diyos?
Pag-iisip ng tamang kaalaman (pagbabago ng isip) at makipag-ugnayan sa Diyos sa likod ng Kanyang Salita (sa pamamagitan ng pagninilay at pag-iisip sa Kanya).
3. Ano ang *topical study* o pagpili ng paksa na pagninilayin?
Pagpili ng paksa sa Bibliya na pag-aaralan.
4. Ano ang *expositional study of the Scriptures* o paglalahad ng aralin?
Pag-aaral ng bawat bersikulo ng aklat ng Bibliya.
5. Basahin ang Lucas 6:46. Ano sa tingin mo ang ibig sabihin ng salitang Panginoon o *Lord*?
Isang tao na ating sinusunod (tulad ng isang amo).
6. Basahin ang Mateo 1:21. Ano ang kahulugan ng salitang Hesus?
Isang Tagapagligtas ng mga kasalanan.
7. Basahin ang Lucas 23:1-2. Ano ang kahulugan ng salitang Kristo o *Christ*?
Isang itinalaga upang maging hari.
8. Ano ang talata?
Lupon ng mga kaisipan na nakasulat.
9. Ang pagninilay ng Bibliya ay hindi lamang upang hanapin ang mga salita. Sino ang dapat hanapin?
Pakikipag-ugnayan sa Diyos sa likod ng Kanyang Salita.

ARALIN 3

PAGBABAGO NG ISIP

Isinulat ni Don Krow

Sa araw na ito pag-uusapan natin ang pagbabago ng isip (renewing the mind). Gusto kong basahin ang dalawang maiksing pahayag. Ang una ay hango sa Filipos 4:8. Sinasabi nito, *Kahuli-hulihan, mga kapatid, anumang bagay na totoo, anumang bagay na kagalang-galang, anumang bagay na matuwid, anumang bagay na malinis, anumang bagay na kanais-nais, anumang bagay na kahanga-hanga, kung may anumang kahusayan, at kung may karapat-dapat parangalan, ang mga bagay na ito ang isipin ninyo.* Malinaw na sinasabi ni Apostol San Pablo na may mga bagay tayong dapat pag-isipan. Sa ibang salita, maaari nating piliin ang ating mga iniisip. Ngayon ay nauunawaan ko na tayong lahat ay may mga kaisipan na minsan ay salungat sa Salita ng Diyos, ayon sa Roma 7:22-23. Ang alituntunin ng kasalanan na nakikipaglaban sa ating kalooban ay sinasalakay ang ating kaisipan. Sinasabi ng Bibliya sa aklat ng Filipos na hindi natin dapat hayaan na kung saan-saan lumipad ang ating mga kaisipan, maaari nating piliin kung ano ang ating iisipin. Ayon sa Bibliya, sapagka't kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya (Kawikaan 23:7). Lubhang mahalaga kung ano ang ating iniisip.

Sa Roma 12:1-2, *Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa habag ng Diyos, ipinapakiusap ko sa inyo na ialay ninyo ang inyong mga katawan bilang handog na buháy, banal, at kalugud-lugod sa Kanya. Ito ang inyong karapat-dapat na pagsamba. [2] Huwag kayong makiayon sa takbo ng kapanahunang ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pag-iisip.* Sinasabi ng Bibliya ay maaaring mabago ang ating buhay sa pamamagitan ng pagbabago ng isip. Alam niyo ba na noong ang *Apollo Spacecraft* ay nagtungo sa kalawakan, kailangan nito ng pagbabago ng direksiyon kada-sampung minuto? Nagtungo ito sa buwan sa isang *zig-zag* na direksiyon. At ng ito ay nakalapag na, ito ay mayroong 500-milyang itinalagang *landing zone*, at ito'y halos hindi nakapasok sa loob nito. Sa pangkalahatan, matagumpay ang buong paglalakbay. Kinakailangan nating magkaroon ng layunin at gumawa ng *total commitment* sa Panginoong Hesus sa pamamagitan ng pag-aalay ng ating sarili (*living sacrifice*). Ang problema sa pag-aalay ng ating sarili ay kadalasan ay hindi nagtatagal, kaya kailangan nating magbago ng direksiyon sa ating isip. Kailangan nating magkaroon ng puso na nagsasabi, "Panginoon, Ikaw ang gusto ko at ang Iyong kaparaanan ang nais ko."

Hindi lamang *total commitment* ang kailangan upang maging matagumpay ang ating buhay Kristiyano, kailangang gumawa ng hakbang patungo sa pagbabagong buhay sa pamamagitan ng pagbabago ng ating isip. Kung ayaw nating mamuhay nang naayon sa sanlibutan, hindi tayo dapat mag-isip katulad ng nasa sanlibutan. Katulad ng nabasa natin sa Filipos 4:8 maaari tayong pumili ng ating iisipin. Kung anoman ang kaibig-ibig, patas, kung ano ang magandang

ARALIN 3

ulat, ito ang ating isipin. Ang ginagawa sa Lumang Tipan ay kinukuha ang Salita ng Diyos at inilalagay sa kanilang pintuan at sa kanilang mga kasuotan. Ang Salita ng Diyos ay palagiang nasa harapan nila. Ang tagubilin ng Diyos sa kanila ay pag-usapan ang Salita Niya araw at gabi upang Ito ay kanilang sundin. At dapat nilang ituro ang lahat ng mga bagay na ito (ang Salita ng Diyos) sa kanilang mga anak. Napakahalaga kung ano ang ating iniisip. Upang magkaroon ng isang buhay na matagumpay, nararapat na gawing pangunahin ang Salita ng Diyos sa lahat ng oras. Ang kasalungat ng kaibig-ibig, patas, kung ano ang magandang ulat ay ang hindi pag-iisip ng mga bagay patungkol sa Diyos at sa Banal na Espiritu. Sinasabi sa Roma 8:6, *Ang pag-iisip ng laman ay naghahatid sa kamatayan*, ang susunod na bahagi ng bersikulo ay, *Subalit ang pag-iisip ng Espiritu ay nagdudulot ng buhay at kapayapaan*. Buhay at kapayapaan ang dulot ng pag-iisip ng mga bagay patungkol sa Espiritu ng Diyos. Subalit kung magsisimula tayong mag-isip ng tungkol sa pangangalunya, mga bagay patungkol sa mundo, salapi, pag-iimbot, at iba pa, alam mo ba kung ano ang mangyayari sa ating buhay? Sapagka't kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya. Magsisimula kang kumilos na ayon sa nabanggit. Magsisimula tayong ipamuhay ang mga bagay na ito, at sisirain nito ang ating buhay. Makikita natin na ang tunay na labanang espirituwal ng isang mananampalataya ay hindi ang pagsaway sa demonyo sa lahat ng oras, subalit may mga pagkakataon na kinakailangang gawin ito. Ngunit ang labanang espirituwal ay may kinalaman sa kung ano ang ating iniisip at kung saan nananahan ang ating pag-iisip.

Ayon sa Isaias 26:3, *Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pag-iisip ay sumasa iyo: sapagka't siya'y tumitiwala sa iyo*. May mga oras sa isang araw na kailangan nating gumawa ng *course adjustments*, tulad ng sinasabi sa Roma 12. Kailangan nating sabihin na “Panginoon, mali ang mga kaisipang ito. Kailangan kong bumalik at baguhin ang aking kaisipan at magsimulang isipin ang mga bagay na kaibig-ibig, patas, at mabubuting ulat”.

Kung ikaw ay mayroong tanggulan (*stronghold*) o pagkaalipin (*bondage*), kung iniisip mo ang mga bagay na hindi dapat, kailangan kaagad mong siyasatin ang iyong sarili. Sinasabi ng Bibliya na kung tayo ay lalapit sa Diyos, Siya ay lalapit sa atin. Labanan natin ang kaaway at siya'y tatakbo palayo sa atin. May mga pagkakataon sa aking buhay na pinalampas ko ang mga bagay at ako ay na-*depress*. Sa mga panahong iyon, mahirap basahin ang Bibliya at sabihing, “Panginoon, ito ang sinasabi mo sa akin. Ito ang sinasabi Mong ako. Ikaw ang aking kalakasan”. Alam mo ba na ang iyong katagumpayan ay ganyan lamang kasimple? Kailangan mong sabihing, “lalabanan ko ngayon kung anoman ang pinahihintulutan kong gawin ng kaaway sa akin. Uupo ako at bubuksan ang aking Bibliya, at hindi ko lamang ito babasahin, subalit ako ay makikipag-ugnayan sa Diyos na nasa likod ng mga Salitang ito. Pananatilihin ko ang aking kaisipan sa Kanya. Panginoon ito ang sinasabi mo patungkol sa akin: sinabi Mo na ako ay pinatawad na. Sinabi Mo na ako ay malinis na. Sinabi Mo na walang makapaghihiwalay sa akin sa Iyong pag-ibig”. Sa oras na iisipin mo ang mga mabubuting bagay na ginawa ng Diyos para

sa Iyo, hindi magtatagal, makakalimutan mo ang mga bagay na hindi mahalaga.

Gagamit ako ng paglalarawan. Minsan may isang tao na nagsabi ng ganito, “ngayon pinaaalalahanan ko kayo na huwag ng isipin ang mga *pink elephants* sa susunod na sampung minuto”. Alam mo ba kung ano ang nangyari? Sa susunod na sampung minuto, ay ginawa natin ay mag-isip tungkol sa mga *pink elephants*. At sunond niyang tinanong, “ano ang kulay ng *Statue of Liberty*?” May isang nagsabi na kulay berde. At sinabi niya, “aling kamay ng *Statue of Liberty* ang nakataas?” At may isang nagsabi na ang kanang kamay. At nagtanong siya, “ano ang hawak ng *Statue of Liberty* sa kanyang kamay?” At may nagsabi na ito’y sulo (*torch*). At may nagsabi, “anong nangyari sa mga iniisip mo tungkol sa mga *pink elephants*?” Sila’y naglaho. Sinasabi ng Kasulatan na kailangan nating palitan ang ating mga kaisipan at iayon sa Kanyang mga kaisipan, kung nakikita natin na paparating ang mga kaisipan na hindi ayon sa sinasabi ng Diyos, at nag-iisip tayo ng mga bagay na hindi dapat isipin, kaagad nating panumbalikin ang ating pag-iisip sa kung sino tayo sa harap ng Diyos. Kinakailangan nating manumbalik sa Panginoon, makipag-ugnayan sa Kanya, hindi lamang sa pamamagitan ng mga salita sa pahina, kundi sa Diyos na nasa likod ng mga salita. Sinasabi ng Bibliya sa Roma 8:6, makikita natin ang pagbabago sa ating buhay at ang kapayapaan na kaloob ng Diyos kung ang atin mga kaisipan ay sumasa-Kanya at ang mga bagay tungkol sa Espiritu. Pagnilayin ang mga bagay na ito, at lumakad sa kalayaan na binayaran ni Kristo para sa atin.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Roma 12:1. Ano ang dapat nating gawin sa ating mga katawan?

Roma 12:1 *Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa habag ng Diyos, ipinapakiusap ko sa inyo na ialay ninyo ang inyong mga katawan bilang handog na buháy, banal, at kalugud-lugod sa Kanya. Ito ang inyong karapat-dapat na pagsamba.*

2. Sinasabi ng Kasulatan na ito na dapat tayong maging iba sa ...?

3. Basahin ang Mga Gawa 17:11. Saan natin dapat isunod ang ating pag-iisip?

Mga Gawa 17:11 *Higit na mararantal ang mga tao roon kaysa mga taga-Tesalonica. Tinanggap nila ang Salita nang buong pananabik at sinisiyasat araw-araw ang mga Kasulatan kung tunay nga ang ipinapangal sa kanila.*

4. Basahin ang Roma 8:5-6. Ang pag-iisip ng mga espirituwal na bagay ay nagdudulot ng ...?

Roma 8:5-6 *Ang mga namumuhay ayon sa laman ay nagtutuon ng kanilang isipan sa masasamang hilig nito. Subalit ang mga namumuhay ayon sa Espiritu ay nakatuon sa mga nais ng Espiritu. [6] Ang pag-iisip ng laman ay naghahatid sa kamatayan, subalit ang pag-iisip ng Espiritu ay nagdudulot ng buhay at kapayapaan.*

5. Basahin ang Roma 12:1-2. Ano ang dalawang bagay na dapat nating gawin na naaayon sa mga bersikulong ito?

6. Basahin ang Isaias 26:3. Paano tayo manantili sa perpektong kapayapaan?

Isaias 26:3-4 *Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pagiisip ay sumasa iyo: sapagka't siya'y tumitiwala sa iyo. [4] Magsitiwala kayo sa Panginoon magpakailan man: sapagka't nasa Panginoong Jehova ang walang hanggang kalakasan.*

7. Basahin ang Isaias 26:3. Magbigay ng ilang paraan upang mapanatili nating nakatuon ang ating kaisipan sa Panginoon?

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Roma 12:1. Ano ang dapat nating gawin sa ating mga katawan?
Ihandog o ialay sa Diyos.
2. Sinasabi ng Kasulatan na ito na dapat tayong maging iba sa ...?
Sanlibutan o sa mga hindi mananampalataya.
3. Basahin ang Mga Gawa 17:11. Saan natin dapat isunod ang ating pag-iisip?
Ang Salita ng Diyos/Kasulatan.
4. Basahin ang Roma 8:5-6. Ang pag-iisip ng mga espirituwal na bagay ay nagdudulot ng ...?
Buhay at kapayapaan.
5. Basahin ang Roma 12:1-2. Ano ang dalawang bagay na dapat nating gawin na naaayon sa mga bersikulong ito?
Mag-commit ng buhay sa Panginoon bilang isang *living sacrifice* at magsimulang baguhin ang kaisipan.
6. Basahin ang Isaias 26:3. Paano tayo manantili sa perpektong kapayapaan?
Panatilihing nakatuon ang pag-iisip sa Panginoon.
7. Basahin ang Isaias 26:3. Magbigay ng ilang paraan upang mapanatili nating nakatuon ang ating kaisipan sa Panginoon?
Panalangin, papuri, pagbubulay ng Salita, pagbibigay pasalamat, at iba pa.

ARALIN 4

ANG KAHALAGAHAN NG IGLESIA NI KRISTO

Isinulat ni Don Krow

Sa araw na ito pag-uusapan natin ang kahalagahan ng iglesia ni Kristo. Nais kong basahin ang Hebreo 10:25. Sinasabi dito, *Huwag nating pabayaang ang ating pagtitipon, gaya ng ugali ng iba, sa halip ay palakasin ang loob ng isa't isa, lalung-lalo na habang nakikita ninyo na papalapit na ang Araw.* Habang patuloy nating pinag-aaralan ang kahalagahan ng iglesia ni Kristo, ang aking tanong ay, “Ano ang iglesia?”

Ibinahagi ko ang programa ng *Discipleship Evangelism* sa isang lokal na iglesia sa Colorado Springs, Colorado. Sinanay namin ang mga tao kung paano ito gamitin, at ginamit ito sa iba't-ibang tagapakinig. Sa loob ng anim na linggo ng pakikipag-ugnayan sa lokal na iglesia, nakapagsimula kami ng dalawampung *bible studies* na galing sa lokal na kongregasyong ito. Maraming buwan kaming nakipag-ugnayan sa mga tao sa pamamagitan ng mga *bible study* na ito. Napa-isip ako sa sinabi ng isang pastor, “Alam mo ba na sabi ng Bibliya na ang Panginoon ay nagdagdag sa bilang ng mga naliligtas sa iglesia araw-araw. Bakit hindi natin nakikita ang mga taong ito na dumadalo sa mga *bible study* na nagiging bahagi ng iglesia?”

Habang kami ay nagpapalaganap ng Salita, ang mga tao ay naliligtas at sila ay nadidispulo at namiministryohan. Ngunit ang tinutukoy ng pastor ay, “bakit hindi nagtitipon-tipon ang mga tao sa araw ng lingo sa gusaling ito?” Ang konsepto ko sa kung ano ang iglesia ay bahagyang malabo rin. Naligalig ako sa tunay na nabanggit ng pastor, at hindi ko alam kung ano ang nararapat gawin. Tinanong ko ang aking sarili, tunay bang nakakatulong ang programa ng *Discipleship Evangelism*? Tunay bang naaabot ang buhay ng mga tao? Alam ko na naaabot namin ang maraming tao, kung ano ang lumigalig sa akin ay kung bakit hindi dumadalo ang mga tao sa gawain tuwing Linggo.

Nagpasya akong gumawa ng pag-aaral patungkol sa salitang “iglesia”. Kung ano ang nakapaloob sa araling ito ay siyang aking natuklasan. Sa Roma 16:3, 1 Corinto 16:19, Colosas 4:15, Filemon 2, Mga Gawa 5:42 at Mga Gawa 20:20, ang pangunahing sinasabi ng Bibliya tungkol sa iglesia sa Bagong Tipan ay sila ay nagtitipon sa bahay ng isang kasapi. Alam ko na may iba't-ibang uri ng mga iglesia. May mga iglesia na nagtitipon sa bahay, mga maliit at malaking miyembro, at *mega churches*. Ang isang bagay na kumuha ng aking pansin sa Kasulatan sa Bagong Tipan ay ang iglesia ay nagtitipon bilang isang maliit na kongregasyon sa bahay ng isang miyembro.

The Expository Dictionary of Bible Words by Lawrence O. Richards (p.164) ay nagsasabi, “maaaring bigyan ng paumanhin kung ang isang tao ay naliligalig patungkol sa kahulugan ng salitang ‘iglesia’; ginagamit natin ang salitang ito sa maraming paraan. Maaari itong mangahulugang isang gusali (halimbawa, ang iglesia sa isang kalye), isang denominasyon o organisasyon ng mga mananampalataya (The Reformed Church in America o ang Baptist Church), o isang pagtitipon tuwing linggo (halimbawa, dumalo ka ba sa gawain ngayon). Wala isa man sa mga halimwang ito ay naaayon sa sinasabi ng Bibliya.” At napaisip ako, ano nga ba ang tunay na kahulugan nito (iglesia)? Ito’y nagsasabi, “sapagkat maraming tao ay nag-iisip na ang iglesia o simbahan ay isang gusali na kung saan idinaraos ang *religious services* sa halip na isang kongregasyon na nakikibahagi sa pagsamba, ang tunay na kahulugan ng iglesia o simbahan ay maaaring magdulot ng pagkaligaw.

Ang iglesia o simbahan sa Griyego ay *ekklesia* na nangangahulugang pagtitipon ng mga tao sa layuning sumamba o manalangin o pumuri o nakatuon ang pansin sa Diyos. “Ang *ekklesia* sa Bagong Tipan ay sumasaklaw sa anomang bilang ng mga mananampalataya. Maaari itong gamitin sa maliit na grupo na nagtitipon sa mga bahay-bahay (Roma 16:5). Sinasaklaw ang lahat ng mga mananampalataya sa isang malaking siyudad (Mga Gawa 11:22), o isang malawak na heograpikal na distrito, tulad ng Asya at Galasya”. At nagpapatuloy itong nagsasabi, “ang karaniwang pagtitipon ng iglesia ay sa isang bahay. Kapag ang isang kongregasyon ay nagtagpo, ang bawat isa ay may himno, isang salita ng pagtuturo, isang paghahayag, pagsasalita sa ibang wika o ang interpretasyon nito (1 Corinto 14:26). Ang bawat isa ay nagpahayag at ang iba ay tinitimbang na mabuti kung ano ang naipahayag (1 Corinto 14:29) ... ang pagbabahaging ito ay lubhang mahalaga sa buhay ng isang iglesia o simbahan bilang isang lupon ng mga mananampalataya ... ang bawat isa ay inaasahang mag-alay at maglingkod sa iba ayon sa kanyang *spiritual gift(s)*.”

Sinasabi sa Hebreo 10:25 na “huwag kaligtaan ang pagtitipon-tipon ng mga kapatiran”. Ang iglesia o simbahan ay isang lupon ng mga mananampalataya na nagtitipon sa layuning purihin si Hesus, makipagniig sa Kanya, makatanggap ng direksyon, at sundin ang direksyong Kanyang ibinigay. Ang pangunahing layunin ng *New Testament Church* ay upang pagtibayin ang bawat mananampalataya. Sila ay nagtatagpo upang palakasin ang bawat isa sa kanilang pananampalataya.

Ang sinaunang iglesia o simbahan ay nakatuon sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Humayo ang bawat isa, ibinahagi ang kanilang pananampalataya kay Hesu Kristo, at sa kanilang paghayo, pinalaki ng Diyos ang bilang ng mga mananampalataya dahil sa kanilang pagsisisi at paniniwala. Sila ay nagtipon-tipon upang palakasin ang bawat isa, at gamitin ang kanilang *spiritual gifts*, pagsilbihan ang bawat isa, at upang magsalu-salo sa pamamagitan ng pamamahagi ng pagkain. Kapag sila ay nagkatipon, ginagamit nila ang kanilang *spiritual gifts* upang pagtibayin ang bawat

ARALIN 4

isa. At sila ay hahayo upang ipangaral ang Salita, at ito ay kanilang inuulit-ulit. Naniniwala sila sa Panginoong Hesu Kristo at sila ay nagtitipon. Hindi mahalaga kung saan sila nagtitipon, maaaring sa isang gusali o sa tahanan ng isang kasapi. Maaaring isang malaking grupo ng tao o isang maliit na grupo na magkikita-kita sa isang bahay. Hindi lubhang mahalaga kung saan sila nagkikita o kung gaano kalaki o kaliit ang grupo, ang mahalaga ay nagtitipon sila upang magamit ang kanilang mga kaloob, magpalakasan na ang layunin ay mapagtibay ang bawat isa.

Napagtanto ko na habang pinag-aaralan namin ang *Discipleship Evangelism Program*, nagtatagpo sa iba't-ibang *bible studies*, sa iba't ibang lugar sa layuning himukin ang bawat isa, patatagin ang pananampalataya at maturuan sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, at magamit ang *spiritual gifts*.

Hindi mahalaga kung ikaw ay dumadalo sa *denominational or non-denominational church*, sa isang malaki o maliit na pagtitipon – sinasabi ng Kasulatan na habang papalapit ang Araw ng Paghuhukom, habang lumalaganap ang kasalanan, higit na lumalaganap ang biyaya ng Diyos. Ang biyaya ng Diyos ay magiging sagana sa mga pagtitipong ito ng mga mananampalataya. Sa isang simbahan o iglesia na ang bawat mananampalataya ay may bahagi sa ministeryo ni Hesu Kristo, maaari tayong magministeryo sa kapwa mananampalataya, pagpayuhan ang bawat isa, palakasin ang bawat isa sa paggamit ng ating *spiritual gifts*.

May pakinabang kung nagtitipon-tipon tayo kahit na dalawa o tatlo lamang, at kailangang gawin ito sa isang *regular basis*. May mabuting dulot ang pagtitipon-tipon sapagkat nagagamit natin ang ating *spiritual gifts*, nagpapalakasan tayo, pinapatibay ang bawat isa, nagiging matatag ang ating pananampalataya kay Hesus, at nagpapanalangin. Marami tayong maaaring pag-usapan patungkol sa iglesia. Maaari nating talakayin ang tungkol sa mga *elders of the church, overseers*, mga *pastor*, ang pamahalaan ng simbahan, ngunit hindi ang mga ito ang layunin ng katuruang ito. Ang layunin ay upang malaman ang tunay na layunin ng iglesia at upang malaman na hindi tayo dapat mamuhay ng nakahiwalay tulad ng isang tao na naninirahan sa isang isla ng mag-isa. Hindi tayo mabubuhay sa ganitong paraan. Nang tinanggap natin ang kaligtasan, naging bahagi tayo ng katawan ni Kristo – ang pangkalahatang katawan ng mga mananampalataya. Kailangan natin ang bawat isa, sa ating pagtitipon-tipon bilang Iglesia ng Diyos, tayo ay nagpapalakasan at pinaglilingkuran ang bawat isa sa pamamagitan ng mga *spiritual gifts* na ibinigay ng Diyos. Kaya hinihikayat ko kayo, makipagtagpo sa mga mananampalataya.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Hebreo 10:25. Ano ang hindi natin dapat talikuran?

Hebreo 10:25 *Huwag nating pabayaang ang ating pagtitipon, gaya ng ugali ng iba, sa halip ay palakasin ang loob ng isa't isa, lalong-lalo na habang nakikita ninyo na papalapit na ang Araw.*

2. Basahin ang Mga Gawa 5:42. Ano ang dalawang bagay na ginawa nila tungkol kay Hesu Kristo?

Mga Gawa 5:42 *Araw-araw, sa templo at sa mga bahay-bahay, wala silang tigil sa pagtuturo at pangangaral na si Jesus ang Kristo.*

3. Basahin ang Mga Gawa 2:42. Ano ang apat na bagay na patuloy na ginawa ng sinaunang iglesia?

Mga Gawa 2:42 *Masigasig silang nanatili sa mga turo ng apostol, sa pagsasama-sama bilang magkakapatid, sa pagpuputul-putol ng tinapay, at sa pananalangin.*

4. Basahin ang Mga Gawa 2:44-45. Tama o mali: ang unang iglesia ay nagpatuloy sa pagbibigay ng salapi upang ipatayo ang *parking lot* ng simbahan?

Mga Gawa 2:44-45 *At nagsama-sama ang lahat ng mga mananampalataya at ibinahagi ang kanilang mga ari-arian para sa lahat. [45] Ipinagbili nila ang kanilang mga ari-arian at mga kayamanan at ang napagbilhan ay ipinamahagi sa lahat, ayon sa pangangailangan ng bawat isa.*

5. Basahin ang 1 Corinto 12:28. Ano ang walong uri ng kaloob na ibinigay ng Diyos sa Kanyang iglesia?

1 Corinto 12:28 *At ang Diyos ay naglagay sa iglesia, una, ng mga apostol, ikalawa, ng mga propeta, ikatlo, ng mga guro, at ng mga himala, at mga kaloob ng pagpapagaling, mga pagtulong, mga kakayahan sa pamumuno, at iba't ibang uri ng wika.*

6. Basahin ang 1 Corinto 14:26. Kapag nagtitipon ang iglesia, may kalayaan silang ipahayag ang kanilang mga kaloob. Magbigay ng limang bagay na naganap ng sila ay nagkatipon-tipon.

1 Corinto 14:26 *Kaya ano'ng ibig kong sabihin, mga kapatid? Sa inyong pagkakatipon, bawat isa ay may awit, may aral, may pahayag, may wika, o kaya'y may pagpapaliwanag. Dapat isagawa ang lahat ng mga bagay para sa pagpapatibay ng iglesia.*

ARALIN 4

7. Basahin ang Mga Gawa 6:1. Kanino ibinahagi ng sinaunang *New Testament church* ang pang-araw-araw na pagkain?

Mga Gawa 6:1 *Nang mga araw na patuloy ang pagdami ng mga alagad, nagreklamo ang mga Helenista laban sa mga Hebreo. Ito'y sa dahilang napapabayaang ang kanilang mga babaing balo sa pang-araw-araw na pamamahagi ng ikabubuhay.*

8. Basahin ang Santiago 1:27. Tungkol saan ang tanging relihiyon na pinahahalagahan ng Diyos?

Santiago 1:27 *Ang dalisay at walang kapintasang relihiyon sa harap ng ating Diyos at Ama ay ito: ang dalawin ang mga ulila at ang mga balo sa kanilang kahirapan, at panatilihing malinis ang sarili mula sa karumihan ng sanlibutan.*

9. Basahin ang 1 Timoteo 5:9-11. Ano ang pamantayan ng sinaunang *New Testament church* upang makakuha ng suporta ang mga balo?

1 Timoteo 5:9-11 *Dapat isama sa listahan ang isang biyuda kung siya ay animnapung taong gulang pataas, naging asawa ng iisang lalaki, [10] at kilala sa paggawa ng mabuti, gaya ng maayos na pagpapalaki ng mga anak, may magandang loob sa mga panauhin, naglilingkod sa mga kapatid sa Panginoon, tumutulong sa mga nangangailangan, at naglalaan ng sarili sa paggawa ng mabuti. [11] Huwag mong isasama sa listahan ang mga batang biyuda, sapagkat maaaring ilayo sila kay Cristo ng kanilang maalab na pagnanasa at sila'y mag-asawang muli.*

10. Basahin ang 1 Corinto 9:14. Maliban sa mga balo, mga ulila, mga salat sa buhay, sino pa ang sinusuportahan ng iglesia?

1 Corinto 9:14 *Sa gayunding paraan, itinakda ng Panginoon na ang mga nangangaral ng ebanghelyo ay dapat kumuha ng ikabubuhay mula sa ebanghelyo.*

11. Basahin ang Mateo 25:35-40. Bakit iniisip ng mga tao na ang pag-aalay ng salapi ay ang tanging paraan upang makapagbigay sa Diyos?

Mateo 25:35-40 *Sapagkat ako'y nagutom at ako'y inyong pinakain. Ako'y nauhaw, at ako'y inyong pinainom. Ako'y naging isang dayuhan, at ako'y inyong pinatuloy. [36] Ako'y naging hubad at ako'y inyong dinamitan. Ako'y nagkasakit at ako'y inyong dinalaw. Ako'y nabilanggo at ako'y inyong pinuntahan.' [37] Pagkatapos ay itatanong sa kanya ng mga matuwid, 'Panginoon, kailan ka namin nakitang gutom, at ika'y pinakain, o kaya'y uhaw, at aming pinainom? [38] Kailan ka namin nakitang isang dayuhan at pinatuloy ka, o kaya'y hubad,*

at dinamitan ka? [39] At kailan ka namin nakitang maysakit, o nakabilanggo at dinalaw ka namin?’ [40] At sasagot sa kanila ang Hari ng ganito: ‘Tinitiyak ko sa inyo, yamang ginawa ninyo ito sa isa sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.’

12. Basahin ang Mga Gawa 4:32-35 at Kawikaan 3:9-10. Ano ang ginawa ng mga *church elders* at mga pastor sa pananalapi ng iglesia?

Mga Gawa 4:32-35 *Lahat ng mga mananampalataya ay nagkakaisa sa puso at kaluluwa. Hindi sinarili ng sinuman ang kanyang mga ari-arian, kundi lahat ng mga bagay ay kanilang pinagsasaluhan. [33] Taglay ang dakilang kapangyarihan, nagpatotoo ang mga apostol tungkol sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus. At sumakanilang lahat ang dakilang pagpapala ng Diyos. [34] Walang sinumang naghihikahos sa kanila sapagkat ipinagbibili ng lahat ang kanilang mga lupa at mga bahay at ipinapaubaya ang pinagbilhan ng mga ito [35] sa pamamahala ng mga apostol at ipinamamahagi naman iyon ayon sa pangangailangan ng bawat isa.*

Kawikaan 3:9-10 *Parangalin mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani: [10] Sa gayo’y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Hebreo 10:25. Ano ang hindi natin dapat talikuran?
Pagtitipon-tipon ng mga mananampalataya.
2. Basahin ang Mga Gawa 5:42. Ano ang dalawang bagay na ginawa nila tungkol kay Hesu Kristo?
Pagtuturo at pangangaral.
3. Basahin ang Mga Gawa 2:42. Ano ang apat na bagay na patuloy na ginawa ng sinaunang iglesia?
Masigasig silang nanatili sa mga turo ng apostol, sa pagsasama-sama bilang magkakapatid, sa pagpuputul-putol ng tinapay, at sa pananalangin.
4. Basahin ang Mga Gawa 2:44-45. Tama o mali: ang unang iglesia ay nagpatuloy sa pagbibigay ng salapi upang ipatayo ang *parking lot* ng simbahan?
Mali.
5. Basahin ang 1 Corinto 12:28. Ano ang walong uri ng kaloob na ibinigay ng Diyos sa Kanyang iglesia?
Apostol, ikalawa, ng mga propeta, ikatlo, ng mga guro, at ng mga himala, at mga kaloob ng pagpapagaling, mga pagtulong, mga kakayahan sa pamumuno, at iba't ibang uri ng wika.
6. Basahin ang 1 Corinto 14:26. Kapag nagtitipon ang iglesia, may kalayaan silang ipahayag ang kanilang mga kaloob. Magbigay ng limang bagay na naganap ng sila ay nagkatipon-tipon.
Ang bawat isa ay may awit, may aral, may pahayag, may wika, o kaya'y may pagpapaliwanag.
7. Basahin ang Mga Gawa 6:1. Kanino ibinahagi ng sinaunang *New Testament church* ang pang-araw-araw na pagkain?
Mga balo.
8. Basahin ang Santiago 1:27. Tungkol saan ang tanging relihiyon na pinahahalagahan ng Diyos?
Kinakalinga ang mga ulila at ang mga balo sa kanilang kahirapan.
9. Basahin ang 1 Timoteo 1:5-11. Ano ang pamantayan ng sinaunang *New Testament church* upang makakuha ng suporta ang mga balo?

Dapat isama sa listahan ang isang biyuda kung siya ay animnapung taong gulang pataas, naging asawa ng iisang lalaki, [10] at kilala sa paggawa ng mabuti, gaya ng maayos na pagpapalaki ng mga anak, may magandang loob sa mga panauhin, naglilingkod sa mga kapatid sa Panginoon, tumutulong sa mga nangangailangan, at naglalaan ng sarili sa paggawa ng mabuti. [11] Huwag mong isasama sa listahan ang mga batang biyuda.

10. Basahin ang 1 Corinto 9:14. Maliban sa mga balo, mga ulila, mga salat sa buhay, sino pa ang sinusuportahan ng iglesia?
Ang mga mangangaral ng ebanghelyo.
11. Basahin ang Mateo 25:35-40. Bakit iniisip ng mga tao na ang pag-aalay ng salapi ay ang tanging paraan upang makapagbigay sa Diyos?
Sapagkat iyon ang naituro sa kanila.
12. Basahin ang Mga Gawa 4:32-35 at Kawikaan 3:9-10. Ano ang ginawa ng mga *church elders* at mga pastor sa pananalapi ng iglesia?
Magbigay sa mga nangangailangan, parangalan ang Panginoon sa pamamagitan ng pagbibigay.

ARALIN 5

PAGPAPALAYA (*Deliverance*)

Isinulat ni Don Krow

Pag-aaralan natin ngayon ang *demonology*. Ginugol ni Hesus ang Kanyang ministeryo sa lupa sa pagpapalayas ng mga demonyo, pagpapagaling sa may sakit, pagbuhay ng patay, at paggawa ng iba pang mga himala. Halos nasa ika-apat na bahagi ng Kanyang ministeryo ay nagugol sa pagpapalayas ng mga masasamang espiritu sa mga tao. Sinasabi sa aklat ng Mga Gawa 10:38, *kung paanong si Jesus na taga-Nazareth ay binuhusan ng Diyos ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan; kung paanong naglibot siya na gumagawa ng mabuti at nagpapagaling ng lahat ng mga pinahihirapan ng diyablo, sapagkat kasama niya ang Diyos*. Mayroon akong ibang pananaw patungkol sa *demonology* – na ang mga demonyo, ang masasamang espiritu, ang mga maruruming espiritu, o kung anong nais mong itawag sa kanila – ay nagpapakita lamang sa India o *third-world countries* kung saan ang mga tao ay hindi sumasamba sa Tunay at Buhay na Diyos bagkus ay sumasamba sa mga diyos-diyosan. Ako’y nagkamali.

Ibig kong ikwento sa inyo ang aking naging karanasan maraming taon na ang nakalipas sa isang simbahan sa Dallas, Texas. Ang lahat ng tao ay umaawit ng biglang bumagsak ang isang batang babae sa sahig. Para bang siya ay nangingisay. Nagkataon na may isang doktor doon na nagngangalang Dr. Rice. May ilang tao na may tahanan na ilang bloke mula sa simbahan, at sinabi ni Dr. Rice na dalhin siya doon upang masuri siya. Nang makarating kami sa tahananang ito, ang batang babaeng ito ay parang isang mabangis na pusa! Ang kanyang mga mata ay nanlalaki, at mayroong isang malakas na tinig ng lalaki na nagsasalita mula sa bibig ng batang babae, marahil ang batang babae ay hindi titimbang ng *100 pounds*. Ako ay biglang pinagsalitaan ng ganito: “IKAW AY PUPUNTA SA IMPIYERNO!” Ako ay sumagot, “hindi!” Ako ay natakot dahil hindi ko pa naranasan ang ganito kailanman. At ang batang babae ay sumagot, “OO, IKAW AY PUPUNTA SA IMPIYERNO”, at ako ay sumagot, “Hindi. Hindi ako pupunta sa impiyerno.” Para bang siya ay may kapangyarihan laban sa akin, at hindi ko alam ang aking gagawin o kung paano ko haharapin ang espiritong ito na nasa batang babae.

Isa sa aking matalik na kaibigan ay lubhang natakot at siya ay dali-daling umalis. Ako ay naiwan. Tinanong ko ang aking sarili, ano ang dapat kong gawin? Ang batang babae ay may kakaibang lakas, at nagsimulang magsalita na para bang Aleman – lahat ng uri ng mababangis na pagpapakita ng demonyo ay lumabas sa kanya. Siya ay sinasaniban ng demonyo, at kahit hindi ko alam kung ano ang aking gagawin, naniniwala ako na may kapangyarihan ang Bibliya. Para bang noong tayo ay mga batang paslit at nanonood ng nakakatakot na palabas tulad ng *Dracula*. Ang bampira ay lalapit sa isang tao, at biglang maglalabas ng krus at ang bampira ay matatakot. Ganito ang aking pananaw tungkol sa Bibliya. Alam ko na ito’y may kapangyarihan,

ngunit hindi ko alam kung paano ko mailalabas ang kapangyarihang ito na galing sa Bibliya. Tinulungan ako ng biyaya ng Diyos, dahil hindi ko naranasan ang ganito kailanman. Binuksan ko ang aking Bibliya sa Bagong Tipan at mangyari na nabuksan ito sa aklat ng Filipos. Sinimulan kong basahin ang kabanata 2:8-11, *At nang natagpuan sa kaanyuan ng tao, [8] ibinaba niya ang kanyang sarili, at naging masunurin hanggang sa kamatayan, maging kamatayan sa krus. [9] Kaya naman siya'y lubusang itinaas ng Diyos, at ginawaran ng pangalang higit na mataas kaysa lahat ng pangalan; [10] upang sa pangalan ni Jesus ang bawat tuhod ay lumuhod, ang mga nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa, [11] at ipahayag ng bawat bibig na si Jesu-Cristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama.*

At sinabi ng demonyo, “Huwag mong sabihin yan! Hindi ko kakayanin ang mga salitang ‘yan! Huwag mong sabihin yan!” Naisip ko, ibang klasing reaksyon! Kaya nga sinabi ko, “sa ngalan ni Hesus, ang lahat ay luluhod – mga bagay sa langit, mga bagay sa lupa, at mga bagay sa ilalim ng lupa”. “Huwag mong sabihin yan! Hindi ko kakayanin ang mga salitang yan! Huwag mong sabihin ‘yan! Huwag mong sabihin ‘yan!” ang sigaw ng batang babae. Naisip ko, nababaliw ang demonyong ito sa loob ng batang babae, at ang ginagawa ko lamang ay basahin ang Salita ng Diyos! Kaya nga binasa ko ulit, *At nang natagpuan sa kaanyuan ng tao, ibinaba niya ang kanyang sarili, at naging masunurin hanggang sa kamatayan, maging kamatayan sa krus. Kaya naman siya'y lubusang itinaas ng Diyos, at ginawaran ng pangalang higit na mataas kaysa lahat ng pangalan; upang sa pangalan ni Jesus ang bawat tuhod ay lumuhod.* At ganun muli ang kanyan reaksyon: “Huwag mong sabihin yan! Hindi ko kakayanin ang mga salitang ‘yan! Huwag mong sabihin yan!” At hinablot ng demonyo ang tainga ng batang babae, at siya’y nagsabi “Huwag mong sabihin yan! Hindi ko kakayanin ang mga salitang ‘yan! Huwag mong sabihin yan!” Itinapon ng demonyo ang batang babae sa aking harapan, at siya’y nagsimulang lumuhod sa pangalan ni Hesus. At sinabi ko, “sa pangalan ni Hesus ang lahat ay luluhod, sa langit o sa lupa o sa ilalim ng lupa.”

Sa mga unang sandali, may kapangyarihan ang demonyo laban sa akin. Akala ko ako’y kanyang lalatiguhin, bubugbugin, at ihahagis palabas – hindi ko alam! Ang tanging nalalaman ko ay may kapangyarihan ang Bibliya, at binuksan ko ito at sinimulang basahin. Sinasabi ng Bibliya sa Efeso 6:17, *Gamitin ninyo ang helmet ng kaligtasan, at ang tabak ng Espiritu, na walang iba kundi ang salita ng Diyos.* Mayroong nakapipinsalang armas katulad ng isang tabak na makasusugat at makapananakit sa kaaway. Ito ay ang *Sword of the Spirit*, ang Salita ng Diyos. Naaalala mo ba ng si Hesus ay tuksuhin? Nilapitan Siya ng kaaway at sinabi ng kaaway sa Kanya “ibibigay ko ang lahat ng kaharian sa mundo kung ikaw ay luluhod at sasambahin ako”. Sumagot sa kanya si Jesus, “Layas, Satanas! Sapagkat nasusulat, ‘Ang Panginoong Diyos ang iyong sasambahin at siya lamang ang iyong paglilingkuran.” (Mateo 4:10). At tinukso Siyang muli ng kaaway, at sinabi ni Hesus “nasusulat, Satanas...nasusulat”, at binanggit Niya ang Salita ng Diyos. Ginamit Niya ang *Sword of the Spirit*, at sinabi ng Bibliya na ang diablo ay lumayas at

ARALIN 5

iniwan Siya ng ilang panahon.

Ang tanging armas na mayroon tayo upang talunin ang kaaway ay ang *Sword of the Spirit*, ang Salita ng Diyos. Alam mo ba kung ano ang natutunan ko mula dito? Ito ang aking natutunan: sa bawat oras na gusto kong mag-aral ng Salita ng Diyos, iniisip ko na ako ay gutom na gutom at kailangan kong humanap ng makakain, o iniisip ko ang lahat ng bagay na hindi ko nagawa sa araw na iyon. Alam ko na may iba sa *discipleship class* na mayroong iba't-ibang dahilan upang sila ay lumiban sa klasi. At aking napagtanto kung bakit. Mayroong bagay sa Bibliya na nais ng Diyos na ating malaman at ayaw ng kaaway na malaman natin ito. Kaya nga sa oras na ikaw ay mag-aaral ng Salita ng Diyos o pumasok sa *discipleship class*, mayroong bagay sa Salita ng Diyos na ayaw ng kaaway na malaman mo – ayaw niyang malaman mo ang Diyos sa likod ng mga salita.

Mayroong kaharian ng kadiliman, at mayroon ding kaharian ang Anak ng Diyos. Sa Colosas 1:13, *Siya ang nagligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kadiliman at naglipat sa atin tungo sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak*. Kaninong kaharian ka nabibilang? Ang isang kaharian ay mayroong namumuno at naghahari. Si Hesu Kristo ay isang hari. Ibinigay mo na ba ang buhay mo sa Kanya? Sumusunod ka ba sa Kanya ngayon? O hinahayaan mo ba na ang ibang bagay ang manguna sa iyong buhay? Sinabi ni Hesus sa Lucas 6:46, “*Bakit ninyo ako tinatawag na ‘Panginoon! Panginoon!’ gayong hindi naman ninyo sinusunod ang inuutos ko?*” Gusto Niyang Siya ang pangunahin sa atin buhay, Siya ang *number one*. Mayroong kaharian ng kadiliman na sinusubukang alisin si Hesus sa Kanyang pangunguna, isang posisyon na Siya ay hari sa ating buhay. Ang dahilan nito ay nais ng kaaway na siya ang pumalit sa pangunguna ni Hesus sa ating buhay. Manumbalik kay Hesus ng buong puso at mapagtanto na may kaaway. Ang pangalan niya ay satanas at mayroon siyang *demonic power*, ngunit sinasabi ng Bibliya na tayo’y mayroong kapangyarihan laban sa kaaway.

Sinabi ni Hesus sa Mateo 10:8 *Ang mga maysakit ay inyong pagalingin, ang mga patay ay inyong buhayin, ang mga ketongin ay inyong linisin, at ang mga demonyo ay inyong palayasin. Tinanggap ninyo nang walang bayad, ipamigay din ninyong walang bayad*. Ipangaral ang Ebanghelyo ng kaharian, at habang ikaw ay humahayo may taglay kang kapangyarihan laban sa kaaway. Huwag mong hayaan ang kaaway na agawin ang anomang ibinigay ng Diyos sa iyo. Gawin mong Panginoon si Hesus at *number one* sa buhay mo. Hindi mo ito pagsisihan.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Efeso 6:12. Paano ipinahayag ng bersikulong ito ang labanan sa pagitan ng hukbo ng kadiliman at espirituwal na puwersa ng kaharian ng Diyos?

Efeso 6:12 *Sapagkat ang pakikipaglaban natin ay hindi sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga makasanlibutang hukbo ng kadilimang ito, laban sa mga espirituwal na puwersa ng kasamaan na nasa kaitaasan.*

2. Basahin ang Marcos 16:17. Ano ang sinasabi ng bersikulong ito tungkol sa kapangyarihan o awtoridad ng isang mananampalataya?

Marcos 16:17 *Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga sumasampalataya: magpapalayas sila ng mga demonyo sa aking pangalan at magsasalita sila ng mga bagong wika.*

3. Basahin ang Santiago 4:7. Ano ang dapat gawin ng isang tao na naghahangad na mapalaya sa impluwensiya ng mga demonyo?

Santiago 4:7 *Kaya't pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo, at siya ay tatakbo palayo sa inyo.*

4. Basahin ang Santiago 1:14. Paano tayo nililinlang ng diyablo na gawing kanais-kais ang isang bagay na masama?

Santiago 1:15 *Natutukso ang tao kapag siya'y naaakit at nagpapatangay sa sarili niyang pagnanasa.*

5. Basahin ang Roma 6:30. Ang taong namumuhay na puno ng mga bagay na patungkol kay Kristo, kusang lalayo ang mga demonyo sa kanya. Ano ang ibig ipagawa ng bersikulong ito sa atin?

Kawikaan 6:13 *Huwag na rin ninyong ialay sa kasalanan ang anumang bahagi ng inyong katawan bilang kasangkapan sa paggawa ng kasamaan. Sa halip, ialay ninyo ang inyong sarili sa Diyos, bilang namatay na at muling binuhay, at ialay sa kanya ang mga bahagi ng inyong katawan bilang kasangkapan ng pagiging matuwid.*

6. Basahin ang Roma 13:14. Sa gawa ng laman nagtatagumpay ang demonyo, kaya't talunin natin ito sa paglakad na kasama ang Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig at kadalisayan.

ARALIN 5

Ano ang dapat gawin upang hindi magtagumpay ang diablo?

Roma 13:14 *Sa halip, isapuso ninyo ang Panginoong Hesu-Cristo, at huwag bigyang-daan ang hilig ng laman patungo sa mga pagnanasa nito.*

7. Basahin ang Lucas 10:17-19. Hindi sinabi ni Hesus na manalangin tayo sa Kanya upang palayasin ang mga demonyo. Binigyan Niya tayo ng kapangyarihan o awtoridad. Sinasabi ng bersikulong ito na mayroon tayong kapangyarihan o awtoridad laban sa ...?

Lucas 10:17-19 *Bumalik ang pitumpu't dalawa [b] at nagagalak na nagsabi kay Jesus, "Panginoon, maging ang mga demonyo ay nagpapasakop sa amin dahil sa inyong pangalan!" [18] At sinabi niya sa kanila, "Nakita ko si Satanas na bumulusok mula sa langit tulad ng kidlat. [19] Tingnan ninyo, binibigyan ko kayo ng kapangyarihang tapakan ang mga ahas at mga alakdan, at mangibabaw sa kapangyarihan ng kaaway. Walang makapananakit sa inyo.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Efeso 6:12. Paano ipinahayag ng bersikulong ito ang labanan sa pagitan ng hukbo ng kadiliman at espirituwal na puwersa ng kaharian ng Diyos?
Pakikipagbuno.
2. Basahin ang Marcos 16:17. Ano ang sinasabi ng bersikulong ito tungkol sa kapangyarihan o awtoridad ng isang mananampalataya?
Tayo ay may awtoridad o kapangyarihan upang magpalayas ng mga demonyo.
3. Basahin ang Santiago 4:7. Ano ang dapat gawin ng isang tao na naghahangad na mapalaya sa impluwensiya ng mga demonyo?
Magpasakop sa Diyos at labanan ang demonyo.
4. Basahin ang Santiago 1:14. Paano tayo nililinlang ng diyablo na gawing kanais-kais ang isang bagay na masama?
Ginagamit ni satanas ang ating sariling pagnanasa (upang gawing kanais-nais ang masama).
5. Basahin ang Roma 6:30. Ang taong namumuhay na puno ng mga bagay na patungkol kay Kristo, kusang lalayo ang mga demonyo sa kanya. Ano ang ibig ipagawa ng bersikulong ito sa atin?
Huwag sumuko sa kasalanan, sa Diyos tayo sumuko. Isuko ang bahagi ng ating katawan bilang instrumento sa paggawa ng mabuti.
6. Basahin ang Roma 13:14. Sa gawa ng laman nagtatagumpay ang demonyo, kaya't talunin natin ito sa paglakad na kasama ang Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig at kadalisayan. Ano ang dapat gawin upang hindi magtagumpay ang diablo?
Huwag bigyang daan ang hilig ng laman.
7. Basahin ang Lucas 10:17-19. Hindi sinabi ni Hesus na manalangin tayo sa Kanya upang palayasin ang mga demonyo. Binigyan Niya tayo ng kapangyarihan o awtoridad. Sinasabi ng bersikulong ito na mayroon tayong kapangyarihan o awtoridad laban sa ...?
Lahat ng kapangyarihan ng kaaway.

ARALIN 6

AWTORIDAD/KAPANGYARIHAN NG MANANAMPALATAYA

Isinulat ni Andrew Wommack

Tayo ay binigyan ng awtoridad o kapangyarihan ng Diyos bilang mananampalataya. Upang mapaglaanan natin ito ng pansin, hindi lamang ang ating awtoridad ang dapat bigyan ng atensiyon kundi pati na rin ang awtoridad ng diablo; masyado siyang nabigyan ng pansin. Pinaniwala ang mga Kristiyano na tayo ay nakikipaglaban sa isang nilalang na may higit na malakas na kapangyarihan higit sa atin, at halos hindi natin siya kayang labanan. Hindi ito ang itinuturo ng Kasulatan. Sinasabi sa Efeso 6:12 *Sapagkat ang pakikipaglaban natin ay hindi sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga makasanlibutang hukbo ng kadilimang ito, laban sa mga espirituwal na puwersa ng kasamaan na nasa kaitaasan.* Ang diablo ay totoo. Siya ay may mga kampon na may kapangyarihan na ating kinakaharap, ngunit sinasabi ng bersikulong ating nabasa, sinasabi dito na labanan natin ang mga espirituwal na puwersa ng kasamaan na nasa kaitaasan. Ang tanging kapangyarihan ng diablo sa atin ay panlilinlang. Wala siyang kapangyarihan upang magtagumpay laban sa atin.

Mababasa natin sa Genesis 3 noong unang dumating ang tukso laban kay Adan at Eba, walang taglay na kakaibang kapangyarihan ang diablo. Halimbawa, sa halip na gamitin niya ang elepante, upang apakan ang ulo ni Adan, binantaan sila, at nagsabi “paglingkuran niyo ako kung hindi”, ginamit niya ang ahas, ang pinakamapanlinlang o *subtle* na nilalang. Ang kahulugan ng salitang *subtle* ay palihim, mapanlinlang, o tuso. Ang dahilan kung bakit ginamit ng diablo ang ahas ay sapagkat wala siyang taglay na kapangyarihan upang puwersahin si Adan at Eba na gumawa ng kahit anong bagay. Ang kaya lamang niyang gawin ay manlinlang. Sinalungat niya ang tunay na kalikasan at katangian ng Diyos at tinuligsa niya ang Diyos, “hindi tunay ang pag-ibig ng Diyos sa inyo – may itinatago Siya sa inyo”. Panlilinlang ang ginamit niya upang tuksuhin si Adan at Eba para magkasala laban sa Diyos. Sila ang may lubos na awtoridad o kapangyarihan at ang dahilan kung bakit kinakailangang gawin ng diablo ang panlilinlang na ito ay dahil wala siyang kapangyarihan upang siya ay magtagumpay laban sa Diyos.

Marami pa akong dapat ibahagi, ngunit ang mahalagang punto ay ang tungkol sa awtoridad o kapangyarihan ng mananampalataya, kailangan mong mapagtanto na walang kapangyarihan ang diablo laban sa iyo. Siya’y isang talunan. Ang tanging kapangyarihan niya laban sa iyo ay kasinungalingan at panlilinlang. Kung ang iyong buhay ay nasisira, masasabi mo “ang diablo ang may kagagawan nito,” ngunit ikaw ang nagbibigay sa kanya ng kapangyarihan. Ikaw ang rumirispundi sa kanyang mga kasinungalingan at panlilinlang.

Kung hindi ka sana nagpasakop sa diablo, wala siyang lakas upang sirain ang buhay mo. Mababasa sa 2 Corinto 10:3-5, *Sapagkat bagaman kami ay nabubuhay pa sa katawang tao, ang pakikipaglaban namin ay hindi ayon sa pamantayan ng tao. [4] Sapagkat hindi galing sa tao ang mga sandatang ginagamit namin sa pakikipaglaban, kundi galing sa Diyos, na may kapangyarihang magwasak kahit ng mga kuta. [5] Ibinabagsak namin ang mga pangangatwiran at anumang kapalaluan na nagmamataas laban sa karunungan ng Diyos, at binibihag namin ang bawat pag-iisip upang sumunod kay Cristo.* Ang bersikulong ito ay nagsasabi tungkol sa ating sandata sa pakikipaglaban, at ang bawat sandatang nabanggit ay tumutukoy sa ating pag-iisip. Walang anomang kapangyarihan ang diablo laban sa iyo kundi ang panlilinlang.

Gusto kong ibigay ang buod ng ating paksa. Sa panimula ang Diyos, ang Siyang makapangyarihan sa lahat. Ang lahat ng awtoridad at kapangyarihan ay nanggagaling sa Kanya sapagkat Siya lamang ang makapangyarihan sa lahat. Lahat ng iba pa ay ipinagkatiwala sa Kanya. Noong lalangin Niya ang lupa at langit, lahat ng kapangyarihan ay sumasa Kanya. At sa Genesis 1:26, noong lalangin Niya si Adan at Eba, sinabi Niya, “at magkaroon sila ng kapangyarihan ... sa ibabaw ng lupa.” At idugtong pa ang Mga Awit 115:16, na nagsasabi, *Ang mga langit ay mga langit ng Panginoon; nguni't ang lupa ay kaniyang ibinigay sa mga anak ng mga tao.* Ang Diyos ang nagmamay-ari ng lahat ng bagay sapagkat Siya ang tagapaglalang, subalit binigay Niya ang kapangyarihan o awtoridad sa tao upang pamahalaan ang lupa. Kailanman ay hindi nagkaroon ng karapatan at kapangyarihan ang diablo sa pamamahala sa lupa. Ninakaw niya ito sa pamamagitan ng panlilinlang sa tao sa kasalanan. Ibinigay ng Diyos ang kapangyarihan sa tao, at nang siya ay mahulog sa kasalanan, isinanla niya sa diablo ang kanyang taglay na kapangyarihan na bigay ng Diyos. Hindi kailanman binigyan ng kapangyarihan o awtoridad ang diablo upang supilin ang tao o pagharian ang lupa.

Sinasabi sa Kasulatan na ang diablo ay siyang diyos ng sanlibutan, hindi dahil ginawa siyang diyos ng ating Panginoon. Hindi kailanman binigyan ng Diyos ng mataas na posisyon ang diablo kumpara sa tao. Binigyan Niya ng kapamahalaan at kapangyarihan ang tao dito sa lupa. Ang tanging dahilan kung bakit nakakapang-api, nakakapamahala o nakakagawa ng problema ang diablo ay sa kadahilanang isinuko o isinanla ng tao ang kanyang taglay na awtoridad o kapangyarihan na galing o bigay ng Diyos. Ito'y nagdulot ng malaking problema sa Diyos, sapagkat Siya ay espiritu, at ibinigay Niya ang awtoridad o pamamahala sa lupa sa tao. Tanging mga tao lamang ang mayroong awtoridad at kapangyarihan na mamahala at mag-impluwensiya dito sa lupa. Kailangang linlangin ng diablo ang tao upang maisuko nito ang kanyang taglay na awtoridad. At ito ang dahilan kung bakit kailangan niyang gumamit ng tao (may katawan). Sinasabi sa Kasulatan, ang demonyo ay nangangailangan ng katawan ng tao sapagkat siya ay makakakilos lamang sa pamamagitan ng katawang ito. Sapagkat ang Diyos ay espiritu, at ibinigay Niya ang kapangyarihan sa tao, tila ba nakatali ang Kanyang mga kamay. Hindi sa kadahilanang wala Siyang kapangyarihan at awtoridad kundi dahil sa

ARALIN 6

Kanyang integridad. Ibinigay Niya ang awtoridad sa tao (may katawan), at ang Diyos ay tapat sa Kanyang salita, hindi Niya ito maaring kunin muli at sabihing, “hindi ganito ang gusto Kong mangyari; tama na, tigilan na ito, at magsisimula ulit Ako.” Hindi, nakatali ang Diyos sa Kanyang sariling salita. Noon pa man naghahanap na Siya ng mapagdadaluyan Niya ng kapangyarihan, subalit ang lahat ng nilalang ay *corrupt* at nagsuko siya ng sarili sa diablo. Ano ngayon ang dapat gawin ng Diyos?

Ang ginawa ng Diyos ay Siya mismo ang bumaba sa lupa at nagkatawang-tao. Napakalaking bagay nito kung ating nauunawaan, ngayon ang diablo ay nahaharap sa malaking gulo. Ginagamit niya ang kapangyarihan ng tao, at hindi maaring makialam ang Diyos upang masolusyunan ang problemang ito, sapagkat kusang isinuko ng tao ang kanyang taglay na awtoridad at kapangyarihan sa diablo. Maling-mali ang diablo sa kanyang ginawa, ngunit ibinigay ng tao ang kanyang awtoridad at kapangyarihan sa kanya. Ngunit ngayon, narito na ang Diyos, hindi lamang Siya naparito bilang espiritu kundi Siya ay nagkatawang tao rin. Nalagay sa alanganing sitwasyon ang diablo dahil dito, hindi lamang sa langit ang kapangyarihan ng Diyos, ngayon Siya ay isa ng tao taglay na rin Niya ang awtoridad dito sa lupa. Sinabi ni Hesus sa Juan 5:26-27, *Sapagkat kung paanong ang Ama ay may buhay sa kanyang sarili, ipinagkaloob din niya sa Anak na magkaroon ng buhay sa kanyang sarili, [27] at ibinigay sa kanya ang kapangyarihang humatol, sapagkat siya ang Anak ng Tao.* Tinutukoy Niya dito ang Kanyang pisikal na katawan.

Dumating si Hesus at Kanyang isinagawa ang awtoridad na galing sa Diyos. Siya’y tinukso ng diablo ngunit hindi Siya nagpatalo. Natalo si Satanas sa lahat ng labanan sa pagitan nila ni Hesus. At kinuha lahat ni Hesus ang ating mga kasalanan, namatay Siya para sa lahat ng ito, pumunta sa impiyerno, at nabuhay na muli, at sinabi sa Mateo 28:18 *Naibigay na sa akin ang lahat ng awtoridad sa langit at sa ibabaw ng lupa.* Nakuha Niyang muli ang awtoridad na ibinigay ng Diyos sa tao, na kanyang ginamit sa maling paraan, at bilang isang Diyos na nagkatawang-tao, na kay Hesus ang lahat ng awtoridad sa langit at lupa. At sa sumunod na bersikulo Kanyang sinabi, “humayo kayo, at gawin ang mga bagay na ito.” Tila ba Kanyang sinabi, “nasa Akin ang lahat ng awtoridad sa langit at lupa, at ibinabahagi Ko ito sa inyo.” Ngunit ngayon, mayroong kakaibang awtoridad ang ibinigay ng Diyos sa ating mga mananampalataya. Ito ay pinagsamang awtoridad sa pagitan ni Hesus at tayong mga mananampalataya. Hindi na katulad ng kina Adan at Eba na maaari nilang ipamigay, at hayaang supilin sila ng diablo, na para bagang nawalan na sila ng pag-asa, ngunit ngayon ang awtoridad ni Hesus ay Kanyang ibinahagi sa ating mga mananampalataya. Katulad ito ng isang *joint account* na nangangailangan ng pirma ng dalawang partido upang makapaglabas ng pera mula sa banko. Kabahagi natin sa Hesus sa awtoridad, at ang Kanyang awtoridad ay ibinahagi sa simbahan.

Sa kabila ng ating pagkakasala, hindi kailanman pipirma ang Diyos upang maibalik ang awtoridad sa diablo. Si Satanas ay isang talunan at walang kapangyarihan. Wala siyang anomang

AWTORIDAD/KAPANGYARIHAN NG MANANAMPALATAYA

kapangyarihan gumawa ng kahit ano sa buhay mo kundi ang linlangin ka at kung ikaw ay kusang mahuhulog sa kanyang panlilinlang o bitag. Maaari mo siyang bigyan ng awtoridad sa buhay mo, at maaari kang mag dusa o maghirap dahil sa pagbibigay mo sa kanya, ngunit hindi kailanman ibibigay ng Diyos sa diablo ang Kanyang awtoridad na Kanya ng ibinigay sa tao. Mananatiling tapat ang Diyos sa pagbabahagi Niya ng Kanyang awtoridad sa ating mga mananampalataya. Kailangan mo lamang mapagtanto na ikaw ang mayroong awtoridad at kapangyarihan. Ang sandata ng diablo ay ang paglaruan ang iyong isip, ngunit may sandata ka upang sugpuin ang mga kaisipang ito. Dapat mong malaman na hindi ka kayang apihin ng diablo *physically* at alamin mo kung ano ang sinasabi ng Bibliya patungkol sa kagalingan o *healing*. Sinasabi sa Juan 8:32, *At malalaman ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo*. Ikaw ang mayroong awtoridad at kapangyarihan. Ibinahagi ito ng Diyos sa iyo, at ang tanging dahilan kung bakit hindi mo ito naisasagawa ay hindi mo pa pinalaya ang iyong kaisipan sa pagkakasupil ng diablo. Hindi mo ginagamit ang mga *spiritual weapons* upang mabago ang iyong pagiisip at hindi mo alam kung ano ang meron ka. Makabubuti kung malaman mo na ikaw ang may kapangyarihan at awtoridad.

Manalangin ka at magbulay-bulay, at bibigyan ka ng Diyos ng kapahayagan na si Satanas ang nanginginig/natatakot sa iyo. Hindi mo siya dapat katakutan, dahil ikaw ang may awtoridad/kapangyarihan na galing sa Diyos. Labanan ninyo ang diablo, at siya ay tatakbo palayo sa inyo (Santiago 4:7).

ARALIN 6

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Genesis 3:1. Tunay na nilalang si Satanas, ngunit ang kanyang kapangyarihan ay galing lamang sa kanyang kakayanang manlinlang. Ano ang ginawa ng ahas (diablo) upang magawang magtanong/magduda ni Eba tungkol sa sinabi ng Diyos?

Genesis 3:1 *Ang ahas nga ay lalong tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay bang sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?*

2. Basahin ang Genesis 3:1. Ano sa iyong palagay bakit gumamit si Satanas ng panlilinlang?

3. Basahin ang Genesis 1:26, 28. Sino ang nagbigay ng awtoridad sa tao?

Genesis 1:26 *At sinabi ng Dios, Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis: at magkaroon sila ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa mga hayop, at sa buong lupa, at sa bawa't umuusad, na nagsisiusad sa ibabaw ng lupa.*

Genesis 1:28 *At sila'y binasbasan ng Dios, at sa kanila'y sinabi ng Dios, Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin; at magkaroon kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa dagat, at sa mga ibon sa himpapawid, at sa bawa't hayop na gumagalaw sa ibabaw ng lupa.*

4. Basahin ang Mga Awit 8:4-8. Paano ginawa ng Diyos ang tao?

Mga Awit 8:4-8 *Ano ang tao upang iyong alalahanin siya? At ang anak ng tao, upang iyong dalawin siya? [5] Sapagka't iyong ginawa siyang kaunting mababa lamang kay sa Dios, at pinaputungan mo siya ng kaluwalhatian at karangalan. [6] Iyong pinapagtataglay siya ng kapangyarihan sa mga gawa ng iyong mga kamay; iyong inilagay ang lahat ng mga bagay sa ilalim ng kaniyang mga paa: [7] Lahat na tupa at baka, Oo, at ang mga hayop sa parang; [8] Ang mga ibon sa himpapawid, at ang mga isda sa dagat, anomang nagdaraan sa mga kalaliman ng mga dagat.*

5. Basahin ang 2 Corinto 4:4. Ano ang ipinahihiwatig na nangyari ng kasulatang ito?

2 Corinto 4:4 *Binulag ng diyos ng sanlibutang ito ang pag-iisip ng mga hindi sumasampalataya, upang hindi nila makita ang liwanag ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Cristo, na siyang larawan ng Diyos.*

AWTORIDAD/KAPANGYARIHAN NG MANANAMPALATAYA

6. Basahin ang Mateo 4:8-9. Pinalalakas ba ng mga bersikulong ito ang nais bigyang diin?

Mateo 4:8-9 *Muli, dinala siya ng diyablo sa isang napakataas na bundok at ipinakita sa kanya ang lahat ng mga kaharian sa sanlibutan at ang dangal ng mga ito.*

7. Basahin ang Mateo 28:18. Pagkatapos ng pagkamatay at pagkabuhay na muli ni Hesus, sino ngayon ang nagmamay-ari ng lahat ng awtoridad at kapangyarihan sa lupa at sa langit?

Mateo 28:18 *Paglapit ni Jesus ay sinabi niya sa kanila, Naibigay na sa akin ang lahat ng awtoridad sa langit at sa ibabaw ng lupa.*

8. Basahin ang Mateo 28:18-19. Kanino itinalaga ang awtoridad ayon sa bersikulong ito?

Mateo 28:18-19 *Paglapit ni Jesus ay sinabi niya sa kanila, "Naibigay na sa akin ang lahat ng awtoridad sa langit at sa ibabaw ng lupa. [19] Kaya't sa inyong paghayo ay gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, na binabautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu."*

9. Basahin ang Efeso 1:19. Para kanino ang labis na kadakilaan ng kapangyarihan ng Diyos?

Efeso 1:19 *At ang walang kapantay na kadakilaan ng kanyang kapangyarihan para sa ating mga sumasampalataya, ayon sa paggawa ng kanyang makapangyarihang lakas.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Genesis 3:1. Tunay na nilalang si Satanas, ngunit ang kanyang kapangyarihan ay galing lamang sa kanyang kakayanang manlinlang. Ano ang ginawa ng ahas (diablo) upang magawang magtanong/magduda ni Eba tungkol sa sinabi ng Diyos?
Salita ng Diyos (tunay nga ba sinabi ng Diyos?).
2. Basahin ang Genesis 3:1. Ano sa iyong palagay bakit gumamit si Satanas ng panlilinlang?
Hindi niya sila mapipilit na sumuway. Panlilinlang ang kanyang ginamit upang isuko nila ang kanilang awtoridad.
3. Basahin ang Genesis 1:26, 28. Sino ang nagbigay ng awtoridad sa tao?
Ang Diyos.
4. Basahin ang Mga Awit 8:4-8. Paano ginawa ng Diyos ang tao?
Na may kapangyarihan sa mga gawa ng Kanyang mga kamay.
5. Basahin ang 2 Corinto 4:4. Ano ang ipinahihiwatig na nangyari ng kasulatang ito?
Kinuha ni Satanas ang awtoridad ng tao at siya ang naging diyos ng sanlibutan (ng kapanahunang ito).
6. Basahin ang Mateo 4:8-9. Pinalalakas ba ng mga bersikulong ito ang nais bigyang diin?
Oo/Opo.
7. Basahin ang Mateo 28:18. Pagkatapos ng pagkamatay at pagkabuhay na muli ni Hesus, sino ngayon ang nagmamay-ari ng lahat ng awtoridad at kapangyarihan sa lupa at sa langit?
Hesus.
8. Basahin ang Mateo 28:18-19. Kanino itinalaga ang awtoridad ayon sa bersikulong ito?
Sa Mananampalataya.
9. Basahin ang Efeso 1:19. Para kanino ang labis na kadakilaan ng kapangyarihan ng Diyos?
Sa atin na nananampalataya.

ARALIN 7

ANG PAGPAPAGALING AY NASA PAGBABAYAD-SALA

Isinulat ni Andrew Wommack

Binayaran na ni Hesus ang ating kagalingan. Sa Markos 2 at Lukas 5 nagtuturo si Hesus sa isang bahay na puno ng tao at isang paralisado ang ibinaba ng kanyang mga kaibigan mula sa bubong ng bahay at siya ay milagrosong pinagaling ni Hesus. Sa Mateo 8:14-16, matapos pagalingin ni Hesus ang marami, sinabi ng Bibliya, *Nang pumasok si Jesus sa bahay ni Pedro, nakita niya ang biyenang babae nito na nakahiga dahil may lagnat. [15] Hinawakan niya ang kamay ng babae at nawala ang lagnat nito. Bumangon siya at pinaglingkuran si Jesus. [16] Kinagabihan ay dinala nila sa kanya ang maraming taong sinasaniban ng mga demonyo. Sa pamamagitan ng salita ay pinalayas niya ang mga espiritu at pinagaling ang lahat ng mga maysakit. At nagbigay ng dahilan ang bersikulo 17 kung bakit nangyari ang mga bagay na ito: Nangyari ito upang matupad ang sinabi sa pamamagitan ni Propeta Isaias: Kinuha niya ang ating mga karamdaman, at ang mga sakit natin ay kanyang pinasan. Sa pagkakataong ito, nagpagaling si Hesus ng maraming tao, kung saan sinasaad sa Isaias 53:3-5: Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya. Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati. Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.*

Napakamakapangyarihang talata ang mga ito sa Kasulatan. Sinasabi ng iba ang ganito, “tinutukoy nito ang mga espirituwal na bagay.” Ang simbahang aking kinalakhan ay hindi naniniwala sa pisikal na kagalingan ng katawan. Ang ganitong talata sa Bibliya ay bibigyan nila ng espirituwal na kahulugan - at kanilang sasabihing tayo ay nasugatan sa ating emosyon, at kung itatalaga natin ang ating buhay kay Hesus, pagagalingin Niya tayo. Subalit kung pagsasamahin natin ang mga talata na aking binanggit sa simula, hindi ganyan ang tinutukoy o aplikasyon ng mga nasabing talata. Totoo nga na pagagalingin ni Hesus ang iyong emosyon at sa iba pang kaparaanan, subalit tinutukoy ng mga talatang ito ang pisikal na kagalingan ng katawan. Sinabi sa Mateo 8:17 na nangyari ang mga pagpapagaling upang matupad ang propesiya ni Isaias na ating nabasa, *Kinuha niya ang ating mga karamdaman, at ang mga sakit natin ay kanyang pinasan.* Sinasabi dito na Siya mismo ang kumuha at bumitbit ng ating mga sakit bilang katuparan ng propesiya. Tinutukoy nito ang pisikal na karamdaman, mga sakit, at

ARALIN 7

pananakit. Pinagaling ni Hesus ang pisikal na karamdaman ng marami upang matupad ang sinabi sa Bibliya na sa pamamagitan ng Kanyang mga latay tayo ay pinagaling.

At nagpatuloy ang Bibliya sa 1 Pedro 2:24, *Sa kanyang pagkamatay sa krus, [a] pinasan niya ang bigat ng ating mga kasalanan upang tayo'y mamatay sa kasalanan at mamuhay sa katuwiran. Sa pamamagitan ng kanyang mga sugat, kayo ay gumaling.* Ito ay tapos na (past tense). Pumarito si Hesus at kasama sa Kanyang pagparito ay pagalingin ang ating pisikal na katawan. Hindi ko binabawasan ang katotohanan na Siya ay dumating upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan. Ito ay mahalaga, ang kapatawaran ng mga kasalanan ay nagsilbing pinto para sa lahat ng bagay, ngunit hindi lamang Siya pumarito para sa ating kapatawaran. Pumarito Siya para sa kagalingan ng ating pisikal na pangangatawan. Sa Griyego, ang salitang ginamit sa *salvation* sa Bagong tipan ay **sozo**, na sumasaklaw sa maraming iba't-ibang mga bagay. Ngunit kung ating pag-aaralan, ito'y nangangahulugang kagalingan. Sinabi sa Santiago 5:14, *May sakit ba ang sinuman sa inyo? Ipatawag niya ang matatandang pinuno ng iglesia upang ipanalangin siya at pahiran ng langis sa pangalan ng Panginoon.* Ang salitang *save* ay **sozo** sa Griyego, at nagsasabing ang mga may sakit na pisikal ay gumaling. At ang salitang ito na ang ibig sabihin ay kapatawaran ng kasalanan na daang beses ginamit sa Bagong Tipan ay katumbas din ng kahulugang kagalingan.

Sa Mateo 10 pinahayo ni Hesus ang mga disipulo, ang utos na ibinigay Niya ay pagalingin ang mga may sakit, ang mga patay ay inyong buhayin, linisin ang mga ketongin, ang mga demonyo ay inyong palayasin, at ipahayag ang Ebanghelyo. Ang pagpapagaling ng sakit ay kasing halaga ng pagpapatawad ng mga kasalanan.

Huwag mong isipin na gusto ng Diyos na ikaw ay magkasala upang matuto ka sa iyong kasalanan, ayaw ka Niyang mabuhay na may taglay na karamdaman. Hindi ang Diyos ang may akda ng sakit o karamdaman sa buhay mo. Minsan sinasabi ng tao ang ganito, “ang sakit na ito ay isang pagpapala mula sa Diyos sapagkat namumbalik ako sa Kanya.” Totoo nga na sa panahon ng krisis o kagipitan natututo tayong lumapit sa Kanya, subalit hindi ka Niya bibigyan ng sakit upang turuan ka. Hindi Niya gagawin ang ganito katulad din ng hindi Niya pagpapahintulot na magkasala ka. Mayroon ka ba matututunan kung ikaw ay mamumuhay sa kasalanan? Kung ikaw ay mabubuhay sa pangangalunya o *homosexuality* at magkasakit dahil dito, matututunan mo ba na ang ganitong uri ng pamumuhay ay mali? Oo, matututo ka, ngunit hindi ang Diyos ang nagtulak sa iyo na mamuhay sa ganitong uri ng buhay. Hindi Siya ang naglagay sa iyo sa pagkakasala, subalit mayroon ka natututunan sa kasalanan nagawa mo. Maaari mong iuntog ang ulo mo sa pader upang malaman mo na mali ang iyong nagawa, subalit maaari ka rin namang matuto na hindi mo kailangan ipukpok ang ulo mo sa pader. Kaya mong matuto ng mga bagay-bagay na hindi mo kailangan dumaan sa mga mabibigat na pagsubok o karanasan. Hindi ka bibigyan ng sakit ng Diyos upang turuan kang magpakumbaba o ng iba

ANG PAGPAPAGALING AY NASA PAGBABAYAD-SALA

pang aral. Namatay si Hesus upang patawarin ka sa iyong mga kasalanan at upang pagalingin ang iyong mga karamdaman. Dinala Niya ang iyong mga kasalanan sa sarili Niyang katawan, at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ikaw ay pinagaling.

Ang *supernatural divine healing* ay magagamit nating lahat at ito ay bahagi ng pagbabayad-sala na ginawa ni Hesus sa Kanyang pagkakapako sa krus. Kung hindi mo nararanasan ang kagalingan, hindi nagtatampo ang Diyos sa iyo. Hindi mo kailangan gumaling sa iyong sakit upang ibigin ang Diyos, kahit hindi ka maniwala sa pagpapagaling ikaw ay pupunta pa rin sa langit. At sa totoo lang, mapapabilis ang biyahe mo papuntang langit dahil hindi mo alam kung paano lumakad sa kalusugan. Ngunit alam mo ba-ito ay abot-kamay mo lamang. Namatay si Hesus upang makamit mo ito. Ibig ng Diyos na maranasan mo ang kagalingan.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Mateo 8:16-17. Ilan ang bilang ng mga pinagaling ni Hesus?

Mateo 8:16-17 *Kinagabihan ay dinala nila sa kanya ang maraming taong sinasaniban ng mga demonyo. Sa pamamagitan ng salita ay pinalayas niya ang mga espiritu at pinagaling ang lahat ng mga maysakit. [17] Nangyari ito upang matupad ang sinabi sa pamamagitan ni Propeta Isaias: Kinuha niya ang ating mga karamdaman, at ang mga sakit natin ay kanyang pinasan.*

2. Basahin ang Isaias 53:3-5. Anong uri ng kagalingan ang tinutukoy ng bersikulong ito?

Isaias 53:3-5 *Siya'y hinamak at itinakuwil ng mga tao; isang taong sa kapanglawan, at bihasa sa karamdaman: at gaya ng isa na pinagkublihan ng kanilang mukha ng mga tao, na siya'y hinamak, at hindi natin hinalagahan siya. [4] Tunay na kaniyang dinala ang ating mga karamdaman, at dinala ang ating mga kapanglawan; gayon ma'y ating pinalagay siya na hinampas, sinaktan ng Dios, at dinalamhati. [5] Nguni't siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang, siya'y nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ang parusa ng tungkol sa ating kapayapaan ay nasa kaniya; at sa pamamagitan ng kaniyang mga latay ay nagsigaling tayo.*

3. Basahin ang Mateo 8:17. Ano ang nangyari sa ating mga sakit at karamdaman?

Mateo 8:17 *Nangyari ito upang matupad ang sinabi sa pamamagitan ni Propeta Isaias: Kinuha niya ang ating mga karamdaman, at ang mga sakit natin ay kanyang pinasan.*

4. Basahin ang 1 Pedro 2:24. Ano ang 2 bagay na sinasabi ng bersikulong ito na ginawa ni Hesus para sa atin?

1 Pedro 2:24 *Sa kanyang pagkamatay sa krus, pinasan niya ang bigat ng ating mga kasalanan upang tayo'y mamatay sa kasalanan at mamuhay sa katuwiran. Sa pamamagitan ng kanyang mga sugat, kayo ay gumaling.*

5. Basahin ang Santiago 5:14-15. Ang salitang *saved* sa bersikulo 15 sa Griyego ay **sozo**, na nangangahulugang ipabatid, protektahan, pagalingin, pangalagaan, at maging buo muli. Ito rin ang ginamit sa salitang *salvation*. Ayon sa mga bersikulong ito at sa kahulugan sa Griyego, ano ang nakapaloob sa *salvation*?

Santiago 5:14-15 *May sakit ba ang sinuman sa inyo? Ipatawag niya ang matatandang pinuno ng iglesia upang ipanalangin siya at pahiran ng langis sa pangalan ng Panginoon.*

ANG PAGPAPAGALING AY NASA PAGBABAYAD-SALA

[15] *Ang panalanging may pananampalataya ang magpapagaling sa maysakit, palalakasin siyang muli ng Panginoon at kung siya'y nagkasala, siya'y patatawarin.*

6. Basahin ang Mateo 10:7. Nang pinahayo ni Hesus ang mga disipulo, ano ang ibig Niyang ipahayag nila?

Mateo 10:7-8 *Sa inyong paghayo ay ipahayag ninyo: Malapit nang dumating ang kaharian ng langit. [8] Ang mga maysakit ay inyong pagalingin, ang mga patay ay inyong buhayin, ang mga ketongin ay inyong linisin, at ang mga demonyo ay inyong palayasin. Tinanggap ninyo nang walang bayad, ipamigay din ninyong walang bayad.*

7. Basahin ang Mateo 10:8. Ano ang ipinagagawa ni Hesus sa mga disipulo?
8. Basahin ang Marcos 16:15. Ano ang gustong ipagawa ni Hesus sa Kanyang mga disipulo?

Marcos 16:15-18 *Sinabi niya sa kanila, Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo ang ebanghelyo sa lahat ng tao. [16] Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. [17] Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga sumasampalataya: magpapalayas sila ng mga demonyo sa aking pangalan at magsasalita sila ng mga bagong wika; [18] walang mangyayaring masama sa kanila kahit makahawak sila ng mga ahas o makainom ng lason; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at gagaling ang mga ito.*

9. Basahin ang Marcos 16:16. Ano ang gagawin ng mga tumugon sa Ebanghelyo?
10. Basahin ang Marcos 16:17. Anong mga palatandaan ang sumusunod sa isang mananampalataya?
11. Basahin ang Marcos 16:18. Anong iba pang palatandaan ang taglay ng mga mananampalataya?

ARALIN 7

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Mateo 8:16-17. Ilan ang bilang ng mga pinagaling ni Hesus?
Lahat ng lumapit sa Kanya.
2. Basahin ang Isaias 53:3-5. Anong uri ng pagpapagaling ang tinutukoy ng mga bersikulong ito?
Lahat ng uri ng pagpapagaling(kasama ang pisikal).
3. Basahin ang Mateo 8:17. Ano ang nangyari sa ating mga sakit at karamdaman?
Kanyang pinasan.
4. Basahin ang 1 Pedro 2:24. Ano ang 2 bagay na sinasabi ng bersikulong ito na ginawa ni Hesus para sa atin?
Kanyang pinasan ang ating mga kasalanan sa sarili Niyang katawan at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay tayo ay gumaling.
5. Basahin ang Santiago 5:14-15. Ang salitang *saved* sa bersikulo 15 sa Griyego ay **sozo**, na nangangahulugang ipabatid, protektahan, pagalingin, pangalagaan, at maging buo muli. Ito rin ang ginamit sa salitang *salvation*. Ayon sa mga bersikulong ito at sa kahulugan sa Griyego, ano ang nakapaloob sa *salvation*?
Kagalingan.
6. Basahin ang Mateo 10 :7. Nang pinahayo ni Hesus ang mga disipulo, ano ang ibig Niyang ipahayag nila?
Malapit na ang kaharian ng langit.
7. Basahin ang Mateo 10:8. . Ano ang ipinagagawa ni Hesus sa mga disipulo?
Pagalingin ang may sakit, buhayin ang patay, palayasin ang mga demonyo.
8. Basahin ang Marcos 16:15. Ano ang gustong ipagawa ni Hesus sa Kanyang mga disipulo?
Humayo sila sa lahat ng bansa at ipangaral ang Ebanghelyo.
9. Basahin ang Marcos 16:16. Ano ang gagawin ng mga tumugon sa Ebanghelyo?
Manampalataya at magpabautismo.
10. Basahin ang Marcos 16:17. Anong mga palatandaan ang sumusunod sa isang mananampalataya?
Sila'y magpapalayas ng mga demonyo at magsasalita sa ibang wika.
11. Basahin ang Marcos 16:18. Anong iba pang palatandaan ang taglay ng mga mananampalataya?
Pagpapatong ng kamay sa mga may sakit at sila'y gumaling.

ARALIN 8

MGA HADLANG SA PAGPAPAGALING

Isinulat ni Andrew Wommack

Sa nakaraang aralin, nagsalita ako tungkol sa katotohanan na kalooban ng Diyos ang magpagaling, at ito ay bahagi ng pagbabayad-sala. Marami pa ang maaaring pag-usapan tungkol dito, sa dahilang kahit ito ay iyong tanggapin at mababasa sa Bibliya, mayroon pa ring katanungan tulad ng, “kung kalooban ng Diyos ang magpagaling, bakit hindi lahat ay gumagaling?” Maraming dahilan, paimbabaw lamang ang mga bagay na nalalaman ko. Maraming impormasyon ngunit hindi ko kayang ilahad lahat, subalit kung kalooban ng Diyos ang magpagaling, nais kong bigyang diin ang bahagi kung bakit hindi nararanasan ng iba ang kagalingan. Isa sa mga dahilan ay kamangmangan. Hindi ka makagagalaw o makakikilos kung hindi mo nauunawaan ang isang bagay o sitwasyon, at sa aking sariling buhay ito ay totoo.

Sinanay akong maniwala na ang kalooban ng Diyos ay kusang nangyayari, na wala akong kapangyarihan o awtoridad sa anomang bagay o sitwasyon. Dahil sa aking kamangmangan, mayroong iilang bagay ang nangyari. Ang aking ama ay namatay noong ako ay 12 taong gulang at mayroon pa 2 o 3 na namatay sa aking harapan noong ako’y 21 anyos. Ipinagdasal ko sila na gumaling, ngunit hindi ko nakita ang kagalingan, hindi dahil sa ayaw ng Diyos, kundi dahil sa aking kamangmangan. Kamangmangan ang dahilan kung bakit nangyayari ang bagay-bagay, ngunit hindi ito dapat gamiting palusot. Katulad ito ng *law of gravity*: maaaring sabihin ng tao, “hindi ko namalayan na ako’y naglalakad sa itaas ng 10 palapag na gusali at ako’y mamamatay kung mahuhulog ako.” Hindi mo kailangang mamalayan na ikaw ay mamamatay kung lalaban mo ang *law of gravity*. Mayroong mga tao na mangmang pagdating sa mga batas ng Diyos. Hindi nila alam kung paano gumagana ang paraan ng pagpapagaling ng Diyos, kaya pinapatay sila ng sariling kamangmangan.

Isa pa sa dahilan kung bakit hindi natin nararanasan ang pagpapagaling ng Diyos ay kasalanan. Masama ang loob ng tao kapag naririnig ito, dahil ang pagkakaunawa nila ay lahat ng sakit ay resulta ng kasalan natin, na hindi naman totoo. Hindi ganito ang tinutukoy ko. Sa Juan 9, may isang tagpo na papalabas si Hesus sa templo, at sinabi sa Kanya ng mga disipulo na may isang lalaki na ipinanganak na bulag. Sinabi ng mga disipulo sa bersikulo 2, *Tinanong siya ng mga alagad niya, Rabbi, sino ba ang nagkasala’t ang lalaking ito ay ipinanganak na bulag, siya o ang kanyang mga magulang?* Sa madaling salita, sinasabi nila na ang sakit ng lalaki ay dahil sa kasalanan, tinanong nila kung kasalan ba niya o ng kanyang mga magulang kung kaya’t siya ay nagkasakit ng ganito. Ang sagot ni Hesus, “wala sa kanila ang nagkasala.” Hindi ibig sabihin na hindi sila nagkasala kailanman, ngunit hindi ang kanilang kasalanan ang sanhi ng kanyang pagkabulag. Isang kamalian kung sasabihin natin na ang lahat ng sakit ay mayroong

ARALIN 8

kaugnayan sa kasalanan, subalit hindi rin tamang sabihin na walang kaugnayan ang kasalanan sa ating karamdaman.

Sa Juan 5 mayroong tagpo noong si Hesus ay nasa paliguan ng Bethesda, at pinagaling Niya ang isang lalaki *supernaturally*. Maraming tao sa lugar na iyon, at isang tao lamang ang gumaling. Pagkaraan nito mababasa natin sa kabanata na nagsasabing hindi alam ng lalaki kung sino ang nagpagaling sa kanya nang tanungin siya ni Hesus sa bersikulo 12, *Siya'y kanilang tinanong, "Sino ang nagsabi sa iyong dalhin mo ang iyong higaan at lumakad? Nagpatuloy sa bersikulo 13-14, Ngunit hindi nakilala ng lalaki kung sino ang nagpagaling sa kanya, dahil umalis si Jesus nang dumami na ang tao sa lugar na iyon. Pagkalipas ng mga ito, natagpuan siya ni Jesus sa templo, at sinabi sa kanya, "Tingnan mo, magaling ka na! Huwag ka nang gumawa ng kasalanan upang wala nang masamang mangyari sa iyo. Sinabi ni Hesus na ang kasalanan ay maaaring magdulot pa ng higit na karamdaman kaysa sa pagkaparalisa. At sinabi rin Niya sa Juan 9 na hindi kasalanan ninoman ang pagiging bulag ng lalaki mula sa pagsilang nito.*

Mayroong mga bagay na natural na nangyayari, ngunit may mga pagkakataon na ang sanhi ng sakit o suliranin ay kasalanan. Kahit sa mga pagkakataong ganito, hindi nangangahulugang ang Diyos ang may gawa nito. Halimbawa, ang isang tao na namumuhay sa *homosexuality*, na isang hayagang paglabag sa natural na kalikasan. Ang katawan ng tao ay hindi nakadiseno sa ganitong uri ng pamumuhay. Iba't-ibang sakit ang makukuha sa pakikipagtalik. Hindi ang Diyos ang may-akda ng ganitong uri ng sakit-ang kalikasan ay nagrebelde sapagkat hindi ito ang disenyo kung paano mamuhay. Halimbawa, kung ikaw ay kakain ng mga pagkaing hindi angkop sa katawan, magkakasakit ka, at hindi sa Diyos galing ang sakit. Mayroong *natural laws*. May katotohanan na ang kasalanan ang isang sanhi kung bakit hindi nakararanas ng kagalingan ang tao.

Kung mayroon kang alam na kasalanan na iyong ginagawa at nananalig ka na pagagalingin ka ng Diyos, tigilan mo ang pag-gawa ng kasalananang ito, sapagkat binibigyan mo ng pahintulot ang diablo upang hadlangan ang iyong kagalingan. Sinasabi sa Roma 6:16, *Hindi ba ninyo alam na kaninuman ninyo ialay ang inyong sarili bilang alipin, kayo'y alipin ng inyong sinusunod, maging ito'y kasalananang hahantong sa kamatayan, o pagsunod na hahantong sa pagiging matuwid?* Hindi ibig sabihin na si Satanas na ang hari at mawawala ang iyong kaligtasan at pupunta ka sa impiyerno, nangangahulugan lamang na kung Kristiano ka man o hindi - kung namumuhay ka sa kasalanan - pinahihintulutan mo si Satanas sa iyong buhay. Sinabi sa Juan 10:10 ang magnanakaw ay dumating lamang upang magnakaw, pumatay, at sumira. Ngunit pumarito si Hesus upang bigyan ka ng buhay na masagana. Naririyang si Hesus upang bigyan ka ng buhay at kalusugan, ngunit naririyang din si Satanas upang bigyan ka ng sakit o karamdaman. Sa pamamagitan ng kasalanan ay sinusuko mo ang iyong buhay kay Satanas, pinalalakas mo siya at binibigyang pagkakataon na sirain ang iyong buhay. Maaari kang manalangin at hingin

sa Diyos na pagalingin ka, subalit sa pamamagitan ng iyong mga gawa ay nagkakaroon ng pagkakataon ang diablo na pumasok sa buhay mo at magdala ng sakit. Kaya kung ikaw ay namumuhay sa kasalanan, kailangan mong itigil ito.

Maaari mong isipin ang ganito, “Lagi naman akong kulang o salat sa ibang bagay” at kahit naniniwala ka na ang Diyos ay nagpapagaling, iisipin mo na hindi Niya gagawin ito sa iyo dahil hindi ka karapat-dapat. At ito’y malayo sa katotohanan. Walang sinoman sa atin ang pinagaling ng Diyos dahil tayo ay karapat-dapat (*deserving*). Wala pang pumasa sa kwalipikasyon ng Diyos para tayo makapaglingkod sa Kanya, huwag mong iugnay ang iyong mga gawa upang kumilos ang Diyos sa buhay mo, o ang iyong kabanalan. Nakaugnay ito sa kung ano ang ginawa ni Hesus para sa iyo at ang iyong pananampalataya sa Kanya. Kaugnay din nito, huwag mong ipag-walang bahala ang iyong mga gawa at ipasailalim ang iyong sarili sa diablo, sapagkat magiging hadlang siya sa iyo. Magiging madali ang kagalingan mo kung ikaw ay magsisisi at itigil ang anomang ginagawa mo na nagbibigay ng daan para makapasok ang diablo sa buhay mo.

Isa pang dahilan kung bakit hindi natin nararanasan ang pagpapagaling ng Diyos, at hindi lubos na nabibigyan ng pansin ay ang kawalan ng pananampalataya ng ibang tao na maaring makaapekto sa iyo. May halimbawa sa Marcos 6 kung saan si Hesus ay nasa sarili Niyang bayan, at hindi Siya nirespeto ng mga tao sa dahilang ang naaalala nila ay ang kabataan Niya. Kilala nila ang Kanyang ama at ina, ang Kanyang mga kapatid, at hindi nila ibinigay ang respeto kagaya ng iba. Linabanan nila si Hesus at Siya’y kanilang pinuna. Sa Marcos 6:4-6, *Kaya’t sinabi ni Jesus, Ang propeta’y hindi nawawalan ng karangalan, maliban sa kanyang sariling bayan, mga kamag-anak, at mga kasambahay. [5] Hindi siya nakagawa ng kahit anong himala roon liban sa pagpapatong ng kanyang mga kamay sa ilang maysakit upang sila’y mapagaling. [6] Nagtaka siya sa kanilang hindi pagsampalataya.* Hindi ibig sabihin na si Hesus ay hindi makagagawa ng mga kamangha-manghang mga bagay. Si Hesus, ang Anak ng Diyos, pumarito sa lupa bilang tao, at walang kakulangan sa Kanyang pananampalataya. At walang anomang kaparaanan na makapasok ang kasalanan sa Kanyang buhay. Subalit limitado ang Kanyang maaaring gawin para sa mga tao sa dahil na rin sa kanilang kawalan ng pananampalataya. Mababasa sa Mateo 13:58, *Kaya’t hindi siya gumawa roon ng maraming himala dahil sa hindi nila pagsampalataya,* makikita natin dito na si Hesus na walang limitasyon sa Kanyang kakayanang magpagaling at walang bahid kasalanan sa Kanyang pamumuhay na maaaring gamitin ng diablo laban sa Kanya ay hindi makakilos ng malaya dahil sa mga tao sa paligid Niya.

Lubhang mahalaga na maunawaan natin ito: kalooban ng Diyos na magpagaling sa lahat ng oras. At kung pinaniniwalaan mo ito, huwag kang magkakamaling pumunta sa ospital at palabasin lahat ng may sakit sapagkat nananalig kang kagustuhan ng Diyos na pagalingin sila. Oo, kalooban nga ng Diyos na pagalingin sila, ngunit hindi Siya makakikilos ng labag sa kanilang kagustuhan. Isasaalang-alang ng Diyos ang kanilang kagustuhang magkasakit, at ang

ARALIN 8

karapatan kung ayaw nilang tumanggap ng kagalingan. Walang sinomang makapipilit sa kanila upang tanggapin ang lunas na galing sa Diyos- at hindi sila gagaling sa pananampalataya ng iba. Ang pananampalataya ng ibang tao ay makatutulong sa kanila kung sila ay nahihirapan, ngunit walang sinoman ang makagagawa nito para sa kanila. Maaari mong itulak ang kotse kapag ito ay nasa *neutral*, ngunit hindi mo kayang itulak ang kotse na hindi umaandar. Kung ang isang tao ay laban sa pagpapagaling, hindi mo ito kaya o malalampasan. At dahil dito, hindi mo maaaring palabasin ang mga may sakit sa ospital o pumunta sa simbahan at umasa na makita ang pagpapagaling ng Diyos sa mga tao na wala ang kanilang koopersayon. Kapag nagpapagaling si Hesus, kasama ang pagbuhay ng patay, sasabihin Niya ang ganito, “huwag kang tumangis.” Sinabihan Niyang huwag umiyak ang ina ng isang batang lalaking pumanaw at binuhay Niya itong muli. Mayroong pagkakataong kailangang gamitin ang pananampalataya ng ibang tao. Kailangang may taglay tayong pananampalataya, at marami pang ibang bagay ang sangkot sa pagpapagaling. Natalakay ko ang iba dito, at umaasa ako na nakatulong ito sa inyo, subalit isa sa pangunahing bagay na dapat ninyong mapulot sa aral na ito ay tapat ang Diyos. Kalooban Niya na ikaw ay gumaling, subalit kailangan Niya ang kooperasyon mo. Hindi Siya makagagalaw kung wala ang iyong kooperasyon, gagawin Niya ito sa pamamagitan mo.

Dalangin ko na makatutulong ang mga bagay na aking ibinahagi at magsimula kang magpasakop o sumuko, upang ang kapangyarihan ng Diyos ay dumaloy sa pamamagitan mo, at ikaw ay lumakad sa *supernatural health*.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Mateo 8:17. Ano ang ginawa ni Hesus upang makamit Niya ang ating kagalingan?

Mateo 8:17 *Nangyari ito upang matupad ang sinabi sa pamamagitan ni Propeta Isaias: Kinuha niya ang ating mga karamdaman, at ang mga sakit natin ay kanyang pinasan.*

2. Basahin ang Hosea 4:6. Ang ibang tao ay hindi gumagaling dahil sa ...?

- A. Kamangmangan.
- B. Hindi pagdalo sa simbahan.
- C. Kulang ang kanilang kabaitan o kabutihan.

Hosea 4:6 *Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka't ikaw ay nagtakuwil ng kaalaman, akin namang itatakuwil ka, upang ikaw ay huwag maging saserdote ko: yamang iyong nilimot ang kautusan ng iyong Dios, akin namang kalilimutan ang iyong mga anak.*

3. Basahin ang Juan 9:1-3. Ano ang iniisip na dahilan ng mga disipulo sa pagkabalag ng lalaki? Tama ba ang kanilang iniisip?

Juan 9:1-3 *Habang naglalakad si Jesus, nakita niya ang isang lalaking bulag mula pa sa pagkasilang. [2] Tinanong siya ng mga alagad niya, Rabbi, sino ba ang nagkasala't ang lalaking ito ay ipinanganak na bulag, siya o ang kanyang mga magulang? [3] Sumagot si Jesus, Hindi ang lalaking ito, ni ang mga magulang niya ang nagkasala; ipinanganak siyang bulag upang sa pamamagitan niya, ang mga gawa ng Diyos ay maihayag.*

4. Basahin ang Juan 5:14. Hindi sa lahat ng pagkakataon ay kasalanan ang sanhi ng sakit. Maliban sa sakit, ano pa ang dulot ng kasalanan sa tao?

Juan 5:14 *Pagkalipas ng mga ito, natagpuan siya ni Jesus sa templo, at sinabi sa kanya, Tingnan mo, magaling ka na! Huwag ka nang gumawa ng kasalanan upang wala nang masamang mangyari sa iyo.*

5. Basahin ang Roma 5:12-14. Hindi sa lahat ng pagkakataon ay kasalanan ang sanhi ng sakit, ano pa ang ibang maaring sanhi nito?

Roma 5:12-14 *Sa pamamagitan ng isang tao ay pumasok ang kasalanan sa sanlibutan, at ang*

ARALIN 8

kamatayan ay pumasok sa pamamagitan ng kasalanan. Dahil dito'y naranasan ng lahat ng tao ang kamatayan, sapagkat ang lahat ay nagkasala. [13] Nasa sanlibutan na ang kasalanan bago pa dumating ang Kautusan, ngunit hindi itinuturing na kasalanan ang kasalanan kung walang Kautusan. [14] Gayunman, naghari ang kamatayan mula kay Adan hanggang kay Moises, pati sa mga taong hindi nagkasala gaya ng paglabag ni Adan, na siyang larawan ng isang paparating.

6. Basahin ang Mga Gawa 10:38. Ayon sa kabanatang ito, ano ang maaaring dahilan ng sakit?

Mga Gawa 10:38 *Kung paanong si Jesus na taga-Nazareth ay binuhusan ng Diyos ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan; kung paanong naglibot siya na gumagawa ng mabuti at nagpapagaling ng lahat ng mga pinahihirapan ng diyablo, sapagkat kasama niya ang Diyos.*

7. Basahin ang Mateo 13:58. Ano ang maaaring humadlang sa pagpapagaling?

Mateo 13:58 *Kaya't hindi siya gumawa roon ng maraming himala dahil sa hindi nila pagsampalataya.*

8. Basahin ang Santiago 5:15. Ano ang magliligtas sa may sakit?

Santiago 5:15 *Ang panalanging may pananampalataya ang magpapagaling sa maysakit, palalakasin siyang muli ng Panginoon at kung siya'y nagkasala, siya'y patatawarin.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Mateo 8:17. Ano ang ginawa ni Hesus upang makamit Niya ang ating kagalingan?
Kinuha Niya ang ating mga kahinaan at dinala ang ating mga sakit.
2. Basahin ang Hosea 4:6. Ang ibang tao ay hindi gumagaling dahil sa ...?
A. Kamangmangan.
3. Basahin ang Juan 9:1-3. Ano ang iniisip na dahilan ng mga disipulo sa pagkabalug ng lalaki?
Kasalanan.
Tama ba ang kanilang iniisip?
Hindi.
4. Basahin ang Juan 5:14. Hindi sa lahat ng pagkakataon ay kasalanan ang sanhi ng sakit. Maliban sa sakit, ano pa ang dulot ng kasalanan sa tao?
Maraming bagay na masahol pa sa sakit, tulad ng kamatayan (Roma 6:23).
5. Basahin ang Roma 5:12-14. Hindi sa lahat ng pagkakataon ay kasalanan ang sanhi ng sakit, ano pa ang ibang maaaring sanhi nito?
Ang pagkahulog (Gen. 3). Si Adan, sa pamamagitan ng kanyang paglabag ay nagpasok ng kasalanan at karamdaman sa sangkatauhan.
6. Basahin ang Mga Gawa 10:38. Ayon sa kabanatang ito, ano ang maaaring dahilan ng sakit?
Nasa ilalim ng kapangyarihan ng diablo.
7. Basahin ang Mateo 13:58. Ano ang maaaring humadlang sa pagpapagaling?
Kawalan ng paniniwala o pananampalataya.
8. Basahin ang Santiago 5:15. Ano ang magliligtas sa may sakit?
Ang panalanging may pananampalataya.

ARALIN 9

PAGPAPATAWAD

Isinulat ni Don Krow

Sa Mateo 18:21-22, *Noon ay lumapit si Pedro at sinabi sa kanya, Panginoon, hanggang ilang ulit ko po bang patatawarin ang aking kapatid kapag siya'y nagkasala sa akin? Hanggang pitong ulit po ba? Sumagot si Jesus, Hindi ko sinasabi sa iyo na hanggang pitong ulit, sa halip ay hanggang sa ikapitong pitumpu.* Inakala ni Pedro na siya'y isang mapagbigay o maunawain na tao dahil tinanong niya si Hesus kung sapat na ba ang patawarin ang isang taong nagkasala ng 7 beses sa maghapon. Sumagot si Hesus, "Pedro, hindi 7 kundi 70 times 7." Katumbas ng 490 beses, ngunit hindi nangangahulugang pagkatapos ng 490 beses ay hindi ka na magpapatawad. Ang sinambit ni Hesus ay isang imposibleng pagkakasala na maaaring gawin ng isang tao sa loob ng maghapon. Sinasabi Niya na ang pagpapatawad ay dapat tuloy-tuloy at walang katapusan. Ang pagpapatawad ay siyang dapat na maging saloobin ng isang Kristiano. Sinabi ni Hesus sa Lucas 23:24, *At sinabi ni Jesus, Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa.* At ito rin ang sinabi ng martir na si Esteban sa Mga Gawa 7:60, *Panginoon, huwag mo po silang papanagutin sa kasalanang ito.* Hindi lahat ay tatanggap ng pagpapatawad, subalit ang saloobin ng bawat Kristiano ay laging handang magpatawad.

Nagpatuloy si Hesus sa pagsasalaysay tungkol sa isang parabula sa bersikulo 23 ng Mateo 18, *Kaya't ang kaharian ng langit ay maihahambing dito: May isang haring nagpasyang ipatawag ang kanyang mga alipin upang sila'y makipag-ayos tungkol sa kanilang mga utang. Nang magsimula na siyang magkuwenta, iniharap sa kanya ang isang may utang sa kanya ng sampung libong talento. Sapagkat wala siyang maibayad, ipinag-utos ng kanyang panginoon na ipagbili siya, gayundin ang kanyang asawa at mga anak, at samsamin ang lahat ng kanyang ari-arian upang siya'y magbayad. Kaya't lumuhod ang alipin, at nakiusap, 'Bigyan pa po ninyo ako ng palugit at makababayad din ako sa lahat ng utang ko sa inyo.* Narito ang sitwasyon: Mayroong isang lalaki na nagkakautang ng 10 milyon sa kanyang amo. Alam niya na wala siyang kakayanang bayaran ito at alam din ng kanyang amo na hindi siya makababayad. Noong unang panahon hindi pa maaaring mag anunsyo ng pagkabankarote ang isang tao, kaya nga ibebenta ka, ang iyong asawa, mga anak, lahat ng iyong pag-aari, at ikaw ay magiging alipin. Ikaw ay mabibilanggo hanggang sa ikaw ay makabayad, at kung kulang pa, ikaw ay mananatili sa bilangguan hanggang sa iyong kamatayan. Ginawa ng lalaking ito ang bagay na alam niyang nararapat niyang gawin: Lumuhod siya at nagmakaawa, "aking panginoon, pagpasensyahan mo na ako! Nagmamakaawa ako sa iyo. Babayaran ko lahat ng pagkakautang ko. Pagpasensyahan mo lang ako!" Pansinin ang nangyari sa bersikulo 27. Nahabag ang amo at siya ay pinatawad sa kanyang pagkakautang.

Tayo'y mayroong utang na hindi natin kayang bayaran. Ang sabi ng Bibliya sa Roma 6:23,

ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan- paghihiwalay sa Diyos magpasawalang-hanggan- kahit ang lahat ng yaman sa mundo ay hindi tayo kayang tubusin. Ang Diyos, sa Kanyang habag at biyaya ay isinugo ang Kanyang Anak na si Hesus sa lupa upang bayaran ang utang na hindi natin kayang bayaran. Tiningnan tayo ng Diyos na may awa at habag at sinabi, “Pinatatawad Ko ang inyong utang.”

Ang nasabing lalaki na may 10 milyon dolyar na pagkakautang ay nagpautang ng 20 dolyar sa isang aliping tulad niya. Nagkita sila at nagsabi ng ganito, “ako’y pinatawad sa 10 milyong dolyar na utang ko, kaya ikaw ay akin din pinatatawad. Malaya ka nang tulad ko!” Ito ang dapat nangyari, subalit hindi. Basahin natin ang tunay na pangyayari sa mga bersikulo 28-31. *Subalit sa paglabas ng alipin ding iyon, ay nakita niya ang isa niyang kapwa alipin na may utang sa kanya ng isandaang denaryo. Bigla niya itong hinawakan at sinakal, ‘Magbayad ka na ng utang mo,’ ang sabi niya. [29] Lumuhod sa harap niya ang kanyang kapwa alipin at nakiusap sa kanya, ‘Bigyan mo pa ako ng palugit, at babayaran kita. [30] Subalit hindi siya mapakiusapan. Sa halip ay umalis siya at ipinakulong ang kapwa alipin^[g] hanggang sa makapagbayad ito ng utang. [31] Nang makita ng iba pang mga alipin ang pangyayari, labis nila itong ikinalungkot. Pumunta sila sa kanilang panginoon at isinumbong sa kanya ang buong pangyayari. Ipinakulong niya ang aliping may utang sa kanya ng 20 dolyar samantalang siya’y pinatawad ng kanyang amo sa 10 milyong dolyar na pagkakautang! Maiisip mo ba ang ganito?*

Mababasa sa bersikulo 32-34 ang ganito, *Ipinatawag nga siya ng kanyang panginoon, at sinabi sa kanya, Napakasama mong alipin! Pinatawad kita sa lahat ng iyong pagkakautang sapagkat nakiusap ka sa akin. [33] Hindi ba dapat naawa ka sa iyong kapwa alipin, kung paanong naawa ako sa iyo? [34] At sa galit ay ibinigay siya ng kanyang panginoon sa mga tagapagparusa sa loob ng bilangguan hanggang sa makabayad siya sa lahat ng kanyang utang.* Nabilanggo ang lalaking ito dahil sa pagtrato niya sa kapwa alipin, at nawala ang kanyang kapatawaran sa kanyang utang. Sinabi ni Hesus na bersikulo 35, *Gayundin ang gagawin ng aking Amang nasa langit sa bawat isa sa inyo kung hindi kayo taos-pusong magpapatawad sa inyong kapatid.* Isang kahibangan na matapos kang patawarin sa lahat mong pagkakautang – ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan at habang-buhay na pagkakahiwalay sa Diyos – ay tatanggi kang magpatawad? Nagsusumamo tayo sa Diyos, at nagsasabing, “patawarin mo ako at mahabag Ka sa akin sa ngalan ni Hesus,” at tayo ay patatawarin Niya, at sa kabila nito ipagkakait natin ang pagpapatawad sa iba sa mga maliliit na bagay na ating pinalalaki- matapos nating mapatawad sa lahat ng ating mga kasalanan. Ito ay matinding kasamaan sa mata ng Diyos.

Dati akong naging pastor ng isang simbahan, at may isang babae sa aking simbahan na may abilidad na makita ang hinaharap. Nagpunta siya sa akin isang araw at nagsabi ng ganito, “Ang Banal na Espiritu ba ang nagsasalita at nagpapakita sa akin ng mga bagay na mangyayari sa hinaharap? Alam ko kung ang isang tao ay mamamatay at kung ang isa ay maaaksidente,

ARALIN 9

at iba pang mga bagay na tulad nito.” Ang sagot ko, “hindi mo magugustuhan ang sagot ko, subalit hindi galing sa Banal na Espiritu ang mga bagay na iyan. Sa aking kaalaman iyan ay espiritu ng panghuhula, katulad ng espiritu na sumunod kay Pablo sa aklat ng Mga Gawa 16. Ito’y kanyang sinaway at inutusang lumabas sa batang babae at nawala ang kanyang abilidad na manghula.” At nagpatuloy ako sa pagsasabi sa kanya na hindi ako Diyos, at tinuruang, “lumapit ka kay Hesus at natungin mo Siya ng ganito, ‘Panginoon, sino ang nagsasabi sa akin ng mga bagay na ito kahit noong bago pa man ako nanampalataya sa Iyo? Ang Banal na Espiritu ba o may ibang espiritu na nagsasalita sa akin?’ Isang araw binalikan niya ako at sinabi, “Kinausap ko ang Diyos tungkol dito, at sa aking palagay ay wala namang problema.” Ang sagot ko, “Kung anoman ang sabihin ng Diyos, wala akong tutol dito – hindi ako ang Dakilang Pastol.”

Noong 1986 nangyari ito, at alam mo ba kung ano ang nangyari? May *space shuttle* na tinawag na *Challenger*, 8 katao ang lulan nito. Ang isa dito ay isang babaeng guro. At habang nanonood ang babae na miyembro ng aking simbahan, nakita niya ang babaeng guro na nagsasabi, “Bukas sasakay ako sa *Challenger*.” May espiritu na nagsabi sa babae na miyembro ng aking simbahan, “Siyay mamamatay.” Kinabukasan inilunsad sa himpapawid ang *Challenger*, ito ay sumabog at lahat ng lulan nito ay namatay. Ang babaeng miyembro ng aking simbahan ay bumalik sa akin at nagsabi, “Don, sa aking palagay hindi ang Banal na Espiritu ang nagsasalita sa akin. Maaari mo ba akong ipanalangin?” Pagkatapos ng aming gawain, nang makaalis na ang lahat, nanalangin ako at inutusan ang espiritu ng panghuhula na lumabas sa kanya. Walang nangyari. Sinubukan ng mga disipulo ni Hesus na palayasin ang masamang espiritu sa isang lalaki ngunit hindi nila nagawa. Ang sabi ni Hesus, “dalhin ninyo sa akin ang lalaki.” Ako’y nagsabi ng ganito, “Panginoon, akala ko alam ko ang nangyayari, subalit nandito ang babaeng ito sa Iyong harapan. Ipakita mo sa akin kung ano ang nangyayari.” Kasama naming nagdarasal ang aking asawa at binigyan siya ng Diyos ng *word of knowledge*. Sinabi ng aking asawa ang ganito, “May kinalaman ang kanyan ina.” Tinanong ko ang babae, “Kaya mo bang patawarin ang iyong ina?” Nang aking sabihin ito, isang malakas na sigaw ang lumabas sa babae, “HINDI! Ipinamigay niya ako!” At iginapos ko ang masamang espiritu at muli kong tinanong ang babae kung mapapatawad ba niya ang kanyang ina. Sa pagkakataong ito pinatawad niya ang kanyang ina sa tulong ng biyaya ng Diyos. Siya’y nakagawa ng desisyon na magpatawad, at nakatanggap ng pagpapalaya at kalayaan.

Katulad ng sinabi sa parabula sa Mateo 18, kung hindi tayo magpapatawad matapos nating makatanggap ng kapatawaran mula sa ating Ama sa Langit sa malaking pagkakautang, tayo’y ibibigay sa kamay ng nagpapahirap. Ano ang mga nagpapahirap? Iba’t ibang bagay- mga kuta ng demonyo, pang-aapi, karamdaman, depresyon, sakit, at marami pang iba. Ang ugat ay hindi pagpapatawad. Ang hindi pagpapatawad ay daan upang makapasok ang diablo sa ating buhay. Sinasabi sa Bibliya na ang pagpapatawad ay isang desisyon. Sa *Lord’s Prayer* (Mateo 6:9-11), sinabi ni Hesus na tayo ay magpatawad sapagkat tayo ay pinatawad.

Sa Marcos 11:25-26 kung tayo ay nananalangin, kung mayroon tayong galit o hinanakit kaninoman, dapat tayong magpatawad. Ano ang ibig sabihin nito? Gaano katagal mananatili ang hindi pagpapatawad sa ating puso? Kapag tayo ay haharap sa Diyos at mananalangin. At kung mayroon kang taong hindi pinapatawad, dapat mo siyang palayain at patawarin. Kailangan mong piliin ang magpatawad dahil ikaw ay pinatawad sa napakalaki mong pagkakautang.

“Panginoon, dalangin ko ang taong nagbabasa ng araling ito na mayroong hindi pagpapatawad sa kanyang puso, na gumawa ng desisyon sa oras na ito na palayain ang sinomang nakagawa sa kanya ng hindi mabuti o masama, patawarin siya buhay man o patay. Dalangin ko na lumaya siya at maghilom ang sugat sa pamamagitan ng Iyong biyaya at kapangyarihan. Salamat, sa ngalan ni Hesus. Amen.”

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Mateo 18:21. Ilang beses nag-alok ng pagpapatawad si Pedro?

Mateo 18:21 *Noon ay lumapit si Pedro at sinabi sa kanya, Panginoon, hanggang ilang ulit ko po bang patatawarin ang aking kapatid kapag siya'y nagkasala sa akin? Hanggang pitong ulit po ba? Sumagot si Jesus, Hindi ko sinasabi sa iyo na hanggang pitong ulit.*

2. Basahin ang Mateo 18:22. Ayon kay Hesus, ilang beses tayo dapat magpatawad?

Mateo 18:22 *Sumagot si Jesus, Hindi ko sinasabi sa iyo na hanggang pitong ulit, sa halip ay hanggang sa ikapitong pitumpu.*

3. Basahin ang Mateo 18:23-24. Magkano ang pagkakautang ng alipin sa kanyang amo?

Mateo 18:23-24 *Kaya't ang kaharian ng langit ay maihahambing dito: May isang haring nagpasyang ipatawag ang kanyang mga alipin upang sila'y makipag-ayos tungkol sa kanilang mga utang. [24] Nang magsimula na siyang magkuwenta, iniharap sa kanya ang isang may utang sa kanya ng sampung libong talento.*

4. Basahin ang Mateo 18:25. Ano ang mangyayari sa alipin dahil hindi siya maaaring maghain ng *bankruptcy*?

Mateo 18:25 *Sapagkat wala siyang maibayad, ipinag-utos ng kanyang panginoon na ipagbili siya, gayundin ang kanyang asawa at mga anak, at samsamin ang lahat ng kanyang ari-arian upang siya'y magbayad.*

5. Basahin ang Mateo 18:26. Ano ang pakiusap ng alipin?

Mateo 18:26 *Kaya't lumuhod ang alipin, at nakiusap, 'Bigyan pa po ninyo ako ng palugit at makababayad din ako sa lahat ng utang ko sa inyo. Kaya ba niyang bayaran ang kanyang pagkakautang?*

6. Basahin ang Mateo 18:27. Ano ang saloobing ipinamalas ng amo sa kanyang alipin? Anong uri ng saloobin ang ipinakita ng Diyos sa atin at sa ating kasalanan o pagkakautang?

Mateo 18:27 *Nahabag naman sa alipin ang kanyang panginoon, kaya't siya'y pinakawalan at pinatawad sa kanyang pagkakautang.*

7. Basahin ang Mateo 18:28. Magkano ang pagkakautang ng alipin sa kapwa niya alipin na nagtamo ng kapatawaran?

Mateo 18:28 *Subalit sa paglabas ng alipin ding iyon, ay nakita niya ang isa niyang kapwa alipin na may utang sa kanya ng isandaang denaryo. Bigla niya itong hinawakan at sinakal, 'Magbayad ka na ng utang mo,' ang sabi niya.*

8. Basahin ang Mateo 18:28. Ano ang saloobin ng aliping ito sa kapwa niya alipin?

Mateo 18:28 *Subalit sa paglabas ng alipin ding iyon, ay nakita niya ang isa niyang kapwa alipin na may utang sa kanya ng isandaang denaryo. Bigla niya itong hinawakan at sinakal, 'Magbayad ka na ng utang mo,' ang sabi niya.*

9. Basahin ang Mateo 18:29-30. Ano ang ginawa ng alipin sa kanyang kapwa alipin?

Mateo 18:29-30 *Lumuhod sa harap niya ang kanyang kapwa alipin at nakiusap sa kanya, Bigyan mo pa ako ng palugit, at babayaran kita. [30] Subalit hindi siya mapakiusapan. Sa halip ay umalis siya at ipinakulong ang kapwa alipin^[g] hanggang sa makapagbayad ito ng utang.*

10. Basahin ang Mateo 18:31-33. Ano ang bansag ng amo sa aliping tumangging magpatawad?

Mateo 18:31-33 *Nang makita ng iba pang mga alipin ang pangyayari, labis nila itong ikinalungkot. Pumunta sila sa kanilang panginoon at isinumbong sa kanya ang buong pangyayari. [32] pinatawag nga siya ng kanyang panginoon, at sinabi sa kanya, Napakasama mong alipin! Pinatawad kita sa lahat ng iyong pagkakautang sapagkat nakiusap ka sa akin. [33] Hindi ba dapat naawa ka sa iyong kapwa alipin, kung paanong naawa ako sa iyo?*

11. Basahin ang Mateo 18:33. Ano ang sinabi ng amo sa kanyang alipin na nararapat sana na kanyang ginawa?

Mateo 18:33 *Hindi ba dapat naawa ka sa iyong kapwa alipin, kung paanong naawa ako sa iyo?*

12. Basahin ang Mateo 18:34. Ano ang naging damdamin ng amo matapos niyang nalaman ang nangyari?

Mateo 18:34 *At sa galit ay ibinigay siya ng kanyang panginoon sa mga tagapagparusa sa loob ng bilangguan hanggang sa makabayad siya sa lahat ng kanyang utang.*

ARALIN 9

13. Basahin ang Mateo 18:34. Nawala ba ang kapatawarang natamo ng alipin dahil sa kanyang ginawa?

Mateo 18:34 *At sa galit ay ibinigay siya ng kanyang panginoon sa mga tagapagparusa sa loob ng bilangguan hanggang sa makabayad siya sa lahat ng kanyang utang.*

14. Basahin ang Mateo 18:35. Ano ang punto o itinuturo ng talinghagang ito?

Mateo 18:35 *Gayundin ang gagawin ng aking Amang nasa langit sa bawat isa sa inyo kung hindi kayo taos-pusong magpapatawad sa inyong kapatid.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Mateo 18:21. Ilang beses nag-alok ng pagpapatawad si Pedro?
Pitong beses.
2. Basahin ang Mateo 18:22. Ayon kay Hesus, ilang beses tayo dapat magpatawad?
Apat na raan at siyam na pu (walang katapusan).
3. Basahin ang Mateo 18:23-24. Magkano ang pagkakautang ng alipin sa kanyang amo?
Sampung libong talento (halagang marahil ay kailanman hindi mababayaran).
4. Basahin ang Mateo 18:25. Ano ang mangyayari sa alipin dahil hindi siya maaaring maghain ng *bankruptcy*?
Siya, ang kanyang asawa, mga anak, at lahat ng kanyang pag-aari ay ipagbibili sa pamilihan ng mga alipin upang siya'y makabayad ng utang.
5. Basahin ang Mateo 18:26. Ano ang pakiusap ng alipin?
Naki-usap siyang bigyan siya ng palugit hanggang makabayad siya ng buo.
Kaya ba niyang bayaran ang kanyang pagkakautang?
Malamang ay hindi.
6. Basahin ang Mateo 18:27. Ano ang saloobing ipinamalas ng amo sa kanyang alipin?
Pagkahabag at pagpapatawad.
Anong uri ng saloobin ang ipinakita ng Diyos sa atin at sa ating kasalanan o pagkakautang?
Pagkahabag at pagpapatawad.
7. Basahin ang Mateo 18:28. Magkano ang pagkakautang ng alipin sa kapwa niya alipin na nagtamo ng kapatawaran?
Isang buong araw na pasahod.
8. Basahin ang Mateo 18:28. Ano ang saloobin ng aliping ito sa kapwa niya alipin?
Kawalan ng pasensya, karahasan, at hindi pagpapatwad.
9. Basahin ang Mateo 18:29-30. Ano ang ginawa ng alipin sa kanyang kapwa alipin?
Ipinabilanggo siya hanggang sa mabayaran ang kakaunting pagkakautang.
10. Basahin ang Mateo 18:31-33. Ano ang bansag ng amo sa aliping tumangging magpatawad?
Umalis ka sa harapan ko ikaw na masamang alipin.

ARALIN 9

11. Basahin ang Mateo 18:33. Ano ang sinabi ng amo sa kanyang alipin na nararapat sana na kanyang ginawa?

Dapat sana ay nahabag siya sa kapwa niya alipin katulad ng pagkahabag o awa sa kanya ng amo. Kalayaan at pagpapatawad ang dapat niyang ibinigay.

12. Basahin ang Mateo 18:34. Ano ang naging damdamin ng amo matapos niyang nalaman ang nangyari?

Siya'y nagalit.

13. Basahin ang Mateo 18:34. Nawala ba ang kapatawarang natamo ng alipin dahil sa kanyang ginawa?

Oo.

14. Basahin ang Mateo 18:35. Ano ang punto o itinaturo ng talinghagang ito?

Gayundin ang gagawin ng aking Amang nasa langit sa bawat isa sa inyo kung hindi kayo taos-pusong magpapatawad sa inyong kapatid.

ARALIN 10

KASAL – Part 1

Isinulat ni Don Krow

Ngayon ay pag-uusapan natin ang tungkol sa kasal. Una sa lahat magbibigay ako ng istatistika: 75% ng mga yunit ng pamilya ay nangangailangan ng pagpapayo tungkol sa kasal. Isa sa bawat dalawang kasalan o kasal ay nauuwi sa *divorce*. Kalahati o 50% ng mga mag-asawa, ang isa ay hindi mananatiling tapat sa loob ng unang limang taon. Kahit pa sa mga Kristiano, sinasabi na 30% ng mga ministro ay nasasangkot sa isang hindi naaangkop na relasyon sa miyembro ng simbahan. Lumilitaw na maliwanag na hindi nauunawaan ang prinsipyo ng Bibliya kung ganito ang istatistika. Titingnan natin ang aralin patungkol sa kasal upang makita ang ibang mga bagay kung ano ang sinasabi ng Diyos hinggil dito – kung paano ninyo mapalalakas ang inyong relasyong mag-asawa.

Ang kasal ay ideya ng Diyos. Mababasa sa Genesis 2:18, *At sinabi ng Panginoong Dios, Hindi mabuti na ang lalake ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang katulong niya.* At sa Genesis 1:31 ay ating mababasa, *At nakita ng Dios ang lahat ng kaniyang nilikha, at, narito, napakabuti. At nagkahapon at nagkaumaga ang ikaanim na araw.* Dapat nating alalahanin na ito'y isang perpektong pagkakalikha. Ang Diyos ay malayang nakikipag-ugnayan sa Kanyang nilalang. Mayroon Siyang kaaya-ayang relasyon sa kanya. Bawat gabi ay sinasamahan Niya si Adan sa halamanan. Minsan naiisip natin na kung mayroon lang tayong perpektong relasyon sa Diyos, wala na tayong kakailanganin pa, ngunit hindi totoo ito. Sinabi ng Diyos sa Genesis 1:31, tungkol sa Kanyang nilikha, *Masdan mo, ito'y napakabuti.* Ang unang binigkas ng Diyos ay “hindi mabuti” na makikita sa Genesis 2:18, *Hindi mabuti na ang lalake ay mag-isa.* Kaya nga, ang kasal ay ideya ng Diyos upang tugunan ang pangangailangan ng lalake, bigyan siya ng katuwang upang masolusyonan ang problema ng kalungkutan na maaari niyang maranasan sa buhay. Ang kasal, kung susundin natin ang tagubilin ng Diyos, ay sinadya upang magdala ng kaligayahan at hindi paghihirap.

Unang beses binanggit sa Genesis 2:24 ang patungkol sa kasal. Ito ang sinasabi, *Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman.* Kung ang isang tao ay mag-aasawa iiwanan niya ang ibang relasyong mayroon siya at itutuon ang atensyon sa kanyang asawa, ito ang disenyo ng Diyos. Ito'y parang isang relasyong *tri-unity*. Sa kasalan na kung saan tinawag ng Diyos si Adan at Eba, hindi lamang si Adan ang nakipag relasyon sa Diyos. Ngayon ay silang dalawa na bilang isang unit, na may isang layunin sa pakikipag relasyon sa Diyos. Sinasabi sa 1 Pedro 3:7, Sa gayunding paraan, kayong mga lalaki, unawain ninyo at pakitunguhan nang may paggalang ang inyong asawa, tulad sa mas mahinang kasangkapan. Sila'y inyong kapwa tagapagmana sa kaloob na

ARALIN 10

walang hanggang buhay. Gawin ninyo ito at walang magiging sagabal sa inyong mga panalangin. Ang Genesis 5:1-2, ay mahalagang talata sa Kasulatan na nagsasabi ng ganito, *Ito ang aklat ng mga lahi ni Adam. Nang araw na lalangin ng Dios ang tao, sa wangis ng Dios siya nilalang; lalaki at babae silang nilalang; at sila'y binasbasan, at tinawag na Adam ang kanilang pangalan, nang araw na sila'y lalangin.* Pansinin na pinangalanan ni Adan ang kanyang asawa na Eba, ngunit tinawag sila ng Diyos bilang isang yunit (unit), Adan. Sa isang kasalan o pag-aasawa, hindi na ito ako at ang Diyos kundi ako at ang aking asawa ay iisa, tagapagmana ng biyaya ng buhay na tinawag ng Diyos na may layunin, upang lumakad o mamuhay na iisa at may pagkakaisa.

Nabasa natin sa Genesis 2:24, kaya't iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ina, at makikipisan sa kanyang asawa at sila'y magiging isang laman. Ang ibig sabihin ng salitang *cleave* ay dumikit o sumunod, maging isa, maging isa sa layunin. Kung ikaw ay nagkakaroon ng problema sa iyong pakikisama sa asawa mo, hayaan mong tanungin kita ng ilang mga katanungan: Ang mga bagay ba na iyong ginagawa, ang iyong mga ikinikilos, ang mga bagay na sinasabi mo sa iyong asawa, ang mga ito ba ay nagiging dahilan upang magkalapit kayo? O dahilan para kayo ay magkalayo? Ang utos ng Kasulatan tungkol sa pag-aasawa ay dumikit (*cleave*) sa isa't-isa. Ang mga ginagawa mo ba ay nagpapatibay sa inyong relasyon o sumisira nito? Kailangan mong pagukulan ng pansin ang mga ito.

Iniisip ng mga tao na ang pag-ibig ay isang emosyonal na pakiramdam lamang: “Noon ay minahal kita, subalit ngayon ay hindi ko na nararamdaman ito-hindi na kita mahal.” Ipagpalagay na ikaw ay nagmula sa isang *dysfunctional* (hindi ayon sa normal na kahulugan ng isang pamilya; hindi buo). Ikaw ay nagpunta sa isang ministro o hukom upang magpakasal; sumumpa ka na itatalaga mo ang iyong buhay sa taong iyong pakakasalan; nais mong hanggang kamatayan ang inyong pagsasama. Subalit dahil ikaw ay galing sa isang *dysfunctional* na pamilya, hindi mo naranasan ang pagmamahalan sa pamilyang pinanggalingan mo, hindi mo ito nakitang napahayag sa miyembro ng pamilya, at hindi mo rin nakalakhan sa iyong mga magulang ang pagpapamalas ng ganitong uri ng pagpapahayag ng pagmamahalan. Maaaring ang asawa mo ay galing sa pamilyang malayang nagpapamalas ng kanilang pagmamahal sa isa't-isa, ngunit hindi mo alam kung paano gawin ito. Sa kabila ng iyong pagnanais na mahal in ang iyong asawa, dahil sa ikaw ay hindi lumaki sa isang normal o buong pamilya, hindi mo rin narayanan kung paano magpahayag ng pagmamahal, malamang mabibigo ka. Mayroong pagkakataon na sa ilang mga taon ikaw ay hihingi ng payo at magsasabi ng ganito, “Hindi kami magkasundo. Naglaho na ang aking pag-ibig sa kanya.” Ako'y may magandang balita sa iyo: Kung nakararanas ka ng suliranin sa iyong pagsasama (kasal), mayroong bagay na magtatama nito.

Kung ikaw ay bumili ng bagong *refrigerator* at nagkaroon ka ng problema dito, titingnan mo ngayon ang *manual*. Sasabihin sa iyo ng *manual* kung ano ang problema, o dadalhin mo ito sa magkukumpuni. Mayroon din *manual* na magkukumpuni ng inyong pagsasama (kasal).

Ang tawag dito ay Salita ng Diyos, sinasabi sa Tito 2:4 na ang pag-ibig ay maaaring ituro, maaaring mapag-aralan. Kung ikaw man ay galing sa *dysfunctional* na pamilya at hindi ka marunong magpahayag ng iyong pagmamahal sa iyong asawa- bumabagsak o nasisira ang inyong pagsasama- mayroon akong magandang balita. Sa 1 Juan 5:3 mababasa ang ganito, *Sapagkat ganito ang pagmamahal sa Diyos, na sundin natin ang kanyang mga utos, at hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos.* Sa pamamagitan ng mga kautusan ni Hesus, na Siyang nagpamalas kung paano magmahal, kung paano ipahayag ang kabaitan at pagkabukas-palad, kung paano unahin ang kapakanan ng asawa mo, kayang ayusin ng Diyos ang sitwasyong ito.

Ito ay panimula lamang sa paksa ng kasal. Pagpalain ka ng Diyos sa iyong pagpapatuloy sa pag-aaral na ito. Naniniwala ako na ibig ng Diyos na bigyan ka ng karunungan at kaalaman sa iyong pagpapatuloy sa pag-aaral sa paksang ito.

ARALIN 10

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Efeso 5:31-32. Ang Efeso 5:31 ay sipi mula sa Genesis 2:24. Sa pamamagitan ng pagtingin sa Efeso 5:32, ano sa palagay mo ang tunay na sinasabi ng Diyos sa talatang ito?

Efeso 5:31-32 *Dahil dito ay iiwan ng isang tao ang kanyang ama at ina, at pipisan siya sa kanyang asawa, at ang dalawa ay magiging isang laman. Napakalalim ng hiwagang ito, ngunit ang sinasabi ko ay tungkol kay Cristo at sa iglesya.*

2. Basahin ang Santiago 4:4-5. Ano ang itinuturo ng mga bersikulong ito?

Santiago 4:4-5 *Mga taksil! Hindi ba ninyo alam na ang pakikipagkaibigan sa sanlibutan ay pakikipag-away sa Diyos? Kaya't sinumang nagnanais maging kaibigan ng sanlibutan ay nagiging kaaway ng Diyos.*

3. Basahin ang 1 Pedro 3:7. Bakit kailangang mamuhay ang mag-asawa sa pagkakaisa at pagmamahalan?

1 Pedro 3:7 *Sa gayunding paraan, kayong mga lalaki, unawain ninyo at pakitunguhan nang may paggalang ang inyong asawa, tulad sa mas mahinang kasangkapan. Sila'y inyong kapwa tagapagmana sa kaloob na walang hanggang buhay. Gawin ninyo ito at walang magiging sagabal sa inyong mga panalangin.*

4. Basahin ang Juan 15:5. Magtatagumpay ba ang inyong pagsasama bilang mag-asawa kung wala si Hesu Kristo sa buhay niyo?

Juan 15:5 *Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin at ako rin sa kanya ay namumunga nang sagana, sapagkat hindi kayo makagagawa ng anuman kung kayo'y hiwalay sa akin.*

5. Basahin ang Tito 2:4. Ang pag-ibig ay hindi lamang emosyon. Ayon sa Kasulatan, ang pag-ibig ay maaaring ...?

Tito 2:4 *Upang maturuan nila ang mga kabataang babae na mahal in ang kanilang asawa at mga anak.*

6. Basahin ang 1 Juan 5:3. Kapag tayo ay namumuhay na sumusunod sa mga utos ng Diyos, tayo ay lumalakad sa ...?

1 Juan 5:3 *Sapagkat ganito ang pagmamahal sa Diyos, na sundin natin ang kanyang mga utos, at hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos.*

7. Basahin ang Mateo 7:12. Kung tayo ay nagkakaroon ng suliranin sa ating buhay may-asawa, ito ba ay sa dahilang hindi tayo lumalakad sa ...?

Mateo 7:12 *Kaya't anumang nais ninyong gawin sa inyo ng iba, gayundin ang gawin ninyo sa kanila, sapagkat ito ang buod ng Kautusan at ng mga propeta.*

8. Basahin ang 1 Corinto 13:4. Ang Pag-ibig ay ...?

- A. Emosyonal.
- B. Mainit pakiramdam (*warm feeling*).
- C. Mabait.

1 Corinto 13:4 *Ang pag-ibig ay matiyaga at mabait; hindi mapanibughuin, hindi mapagmalaki o mayabang.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Efeso 5:31-32. Ang Efeso 5:31 ay sipi mula sa Genesis2:24. Sa pamamagitan ng pagtingin sa Efeso 5:32, ano sa palagay mo ang tunay na sinasabi ng Diyos sa talatang ito?
Isang relasyon sa pagitan ni Kristo at ng Kanyang simbahan (inihalintulad sa kasal).
2. Basahin ang Santiago 4:4-5. Ano ang itinuturo ng mga bersikulong ito?
Ang Diyos ay nagseselos sa atin at nais Niya na maging totoo tayo sa Kanya.
3. Basahin ang 1 Pedro 3:7. Bakit kailangang mamuhay ang mag-asawa sa pagkakaisa at pagmamahalan?
Upang walang maging hadlang sa kanilang mga panalangin.
4. Basahin ang Juan 15:5. Magtatagumpay ba ang inyong pagsasama bilang mag-asawa kung wala si Hesu Kristo sa buhay niyo?
Hindi.
5. Basahin ang Tito 2:4. Ang pag-ibig ay hindi lamang emosyon. Ayon sa Kasulatan, ang pag-ibig ay maaaring ...?
Ituro.
6. Basahin ang 1 Juan 5:3. Kapag tayo ay namumuhay na sumusunod sa mga utos ng Diyos, tayo ay lumalakad sa ...?
Pag-ibig.
7. Basahin ang Mateo 7:12. Kung tayo ay nagkakaroon ng suliranin sa ating buhay may-asawa, ito ba ay sa dahilang hindi tayo lumalakad sa ...?
Pag-ibig.
8. Basahin ang 1 Corinto 13:4. Ang Pag-ibig ay ...?
C. Mabait.

ARALIN 11

KASAL – Part 2

Isinulat ni Don Krow

Babalikan nating muli ang aralin tungkol sa kasal, ang tanong ay ganito, “Ano ang kasal?” Napagisipan mo ba ito? Ang sabi ng Bibliya, ang kasal ay ideya ng Diyos. Ang kasal ay isang pagsasama-sama, isang pagkakaisa, isang pagbubuklod. Sinabi sa Genesis 2:24, *Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman.* Alam mo ba na ang kasal ay higit pa sa pagsasama-sama, higit pa sa pagkakaisa? Halimbawa, sinasabi sa 1 Corinto 6:15-16, kung ako bilang Kristiano, ay makikisiping sa isang bayarang babae, ako’y nakipagisa sa kanya sa laman. Pagkatapos ay isaalang-alang ang sipi sa Genesis 2:24 patungkol sa kasal. Ang aking pagsama o pagsiping sa isang bayarang babae ay hindi nangangahulugang ako’y hiwalay na sa aking asawa o ako’y nagpakasal sa bayarang babae na aking sinipingan. Ngayon, ano ang ibig sabihin ng kasal? Kung ito ay pagsasama-sama, pagkakaisa, o pagbubuklod, ano ang kaibahan ng kasal sa pakikipagtalik o pagsiping sa isang bayarang babae? Malinaw na kapag ikaw ay nagpunta sa isang bayarang babae, ikaw ay makikipag-talik sa kanya.

Pinahahayag ng Bibliya na ang kasal ay pagsasama-sama, pagkakaisa, o pagbubuklod, ngunit higit pa rito ang ibig sabihin nito. Ito’y pagsasama-sama, pagkakaisa, o pagbubuklod sa pamamagitan ng isang tipan. Ang salitang tipan (*covenant*) sa Hebreo ay **berith**, na ang ibig sabihin ay pinagbuklod o pinagdikit. Ito’y isang pangwakas (final) na pangako ng isang indibidwal, isang tipan hanggang sa kamatayan. Ngayon, kung ako ay sumiping sa isang babaeng mababa ang lipad, kung ginawa ko ang isang maka-demonyong kasalanan tulad nito, walang tipan na namagitan sa amin. Ang kakanyahan (*essence*) ng kasal ay una sa lahat talikuran ang iba. Ang sabi ng Bibliya ay iwanan mo ang iyong ama at ina at dumikit o makipagbuklod sa iyong asawa. Ang sabi ni Ezekiel, “Ikaw ay akin na.” Iiwan mo ang lahat para sa iyong asawa-italaga ang iyong sarili sa isang ito. Kung ikaw, sa isang imoral na paraan, makikisiping sa isang tao kung ikaw ay may asawa, linalabag mo ang prinsipyo ng kasal, ang pagsasama-sama, ang pagkakaisa, ang pagbubuklod na nagmumula sa isang tipan o pangako. Tinawag itong tipan ng pagpapakasal o pag-iisang dibdib sa Ezekiel 16:8. Sa Efeso 5, natutunan natin na sa kasal, dapat mahalín ng asawang lalaki ang kanyang kabiyak, katulad ng pag-ibig ni Kristo sa Kanyang simbahan, kaya nga ito ay isang tipan ng pag-ibig. Ang dahilan kung bakit ito ay isang tipan ng pag-ibig ay sapagkat pag-ibig ang pangunahing prinsipyo sa kasal. Higit sa lahat ng bagay, pag-ibig ang pangunahing prinsipyo sa kasal.

Ang kasal ay isang tipan ng pagsasama-sama. Sinasabi sa 1 Pedro 3:7, kung hindi ko pinahahalagahan ang aking asawa bilang mas mahinang sisidlan at mapagtanto na kami ay

ARALIN 11

magkasamang tagapagmana ng biyaya ng buhay, ang aming mga panalangin ay mahahadlangan. Isipin mo ito- ang ating espiritwal na buhay ay mahahadlanagn kung hindi tayo lalakad sa pagkakaisa na disenyo ng Diyos sa buhay may asawa. Ang Kawikaan 2:16-17 ay nagsasalita tungkol sa isang masamang babae na tumalikod sa kanyang tipan sa kasal, ang gabay ng kanyang kabataan, at ang relasyong iyon ng kasal ay tinatawag na tipan ng kanyang Diyos. Ito’y isang napakaseryosong bagay. Ito ay isang tipan na ginagawa natin sa isang indibidwal, ito rin ay isang tipan na ginagawa natin sa harap ng Diyos. Gustong-gusto kong magministeryo sa ibang tao, subalit ang Diyos ay may prayoridad, at iyon ay upang tumutok sa aking kasal o buhay may asawa. Ang kasal ay pagtutok ng aking buhay sa aking asawa o kabiyak, at katulad ng aking nabanggit, ang pangunahing prinsipyo ay pag-ibig.

Ating mababasa sa Mateo 7:12 kung ano ang nais nating gawin ng iba sa atin, yaon din ang dapat nating gawin sa kanila, sapagkat ito ang Batas at ang sinabi ng mga propeta. At ito mismo ang prinsipyong dapat maghari sa pag-aasawa o kasal. Hindi ito isang maramot na bagay, o pansarili, hindi kung ano ang maaaring ibigay ng iyong asawa o kabiyak. Sinasabi sa 1 Corinto 13:4 na ang pag-ibig ay mabait. Ibig sabihin ay unahin o hanapin ang kapakanan ng iba, maging mapagbigay at mabait, at laging hanapin o unahin ang pinakamahasay para sa kabiyak. Ang dahilan kung bakit ganito ang disenyo ng kasal ay isa itong halimbawa ng tunay na relasyon sa Diyos. Binigyan Niya tayo ng mga natural na ilustrasyon. Pinakita Niya kung paano magkaroon ng mabuting pagsasama bilang mag-asawa, isang magandang kasal, dahil nais Niyang magkaroon tayo ng halimbawa kung ano ang tunay at walang hanggang relasyon sa Kanya. Ang kasal ay matatapos o magwawakas sa kamatayan, ito’y hindi permanente. Ang sabi ng Bibliya sa muling pagkabuhay, hindi sila nag-aasawa. Ibig ng Diyos na maunawaan natin ang isang maayos na kasal o pag-iisang dibdib - ang prinsipyo ng pag-ibig - ang prinsipyo ng pagbibigay ng hindi makasarili sa iba. Sinasabi Niya, “Ibig Kong maunawaan ninyo na tinawag ko kayo upang makipag-isa sa Akin- sa isang permanenting relasyon, hindi relasyon na makalipas ang ilang taon ay mawawala na, kundi isang relasyon kung saan ay lahat ng Aking pag-ibig ay mahahayag magpakailanman.”

Hayaan ninyong magbigay ako ng ilang prinsipyo tungkol sa kasal. Ang kasal ay isang pagsasanib, hindi lamang ito *partnership*. Binaggit sa Genesis 4 bilang isang pagkakakilanlan (knowing) at sa 1 Pedro 3:7 bilang magkasamang tagapagmana sa biyaya ng buhay. Ang kasal ay isang tipan, nangangahulugang ito ay may bisa; may kasamang pangako. Hindi pumasok ang kasalanan sa unang simbahan; pumasok ito sa kauna-unahang kasal o pag-iisang dibdib, kaya kailangan nating kunin ang *manual*, kunin ang mga tagubilin tungkol sa kasal, at ipatupad ang mga prinsipyo ng pag-ibig sa ating buhay. Tinatanong din natin, “Ano ang pag-ibig?” Ang tunay na kahulugan ng pag-ibig ay hindi pagkamakasarili.. Mababasa sa Isaias 53:6 para tayong mga tupa na naligaw at nagtungo sa kanya-kanyang direksyon, subalit sa kasal, nakatuon ang ating pansin sa ating asawa at hanapin ang kanyang kapakanan at kapakinabangan.

Sinasabi sa Efeso na kung iniibig mo ang iyong asawa ay para mo na ring iniibig ang iyong sariling katawan. Tayong mga asawang lalaki ay dapat pahalagahan at parangalan ang ating mga asawa na ibinigay ng Diyos sa atin. Hindi ka lamang uupo at hahawakan ang kamay mo upang ipakita na mahal mo ang iyong katawan o di kaya'y tapikin ang iyong balikat, at magsasabi ng ganito, "O katawan ko mahal kita." Ang mahal in ang sarili ay protektahan ito, pakainin ito, at pangalagaan ito. Hindi dapat ipagwalang- bahala ang ating asawa, huwag ipahiya sa publiko, huwag gawing katawa-tawa, o gumawa ng mga bagay na makasasakit ng kanyang damdamin. Kailangan mo siyang mahal in katulad ng pagmamahal mo sa iyong sarili.

Una sa lahat, manalangin ka Diyos, pasalamat mo Siya at ikaw ay Kanyang minahal. Pagkatapos ay pasalamat mo Siya sa kabiyak na galing sa Kanya. Maaring bahagi ito ng problema. Marahil ay hindi mo binigyan ng pagpapahalaga ang iyong asawa, minaliit mo siya, ang sabi ng Bibliya ito ay makasarili at ito'y kasalanan. Sinabi sa Efeso 5 na lininis ng Diyos ang Kanyang iglesia sa pamamagitan ng paghugas ng Kanyang Salita. Kung ikaw ay magbibitaw ng salita sa iyong asawa, aakyat ang iyong mga sinabi sa antas ng mga salitang iyong binibitawan. Kung sasabihin mong "ikaw ay pangit, mataba, hindi ka magaling," pipigilan mo ang inyong pagsasama sa pagkakabuklod na hahantong sa hiwalayan o pagkakalayo ng damdamin. Ngunit kung ikaw ay bibigkas ng mga mabubuting salita ng pagpapahalaga sa iyong kabiyak at magsasabing "mahal kita", at ipakikita sa iyong mga gawa, aangat ang iyong asawa sa antas ng iyong mga sinasabi sa kanya.

Kung mapapansin mo sa panahon ngayon marami sa problema ng mag-asawa ay dahil sa mga salitang kanilang binibitawan. Itinataas mo ba o ibinababa ang iyong kabiyak? Hinihikayat ko kayong magsalita ng mabubuting bagay sa inyong asawa. Ang pag-ibig ay hindi emosyon lamang; ang tunay na pag-ibig ay inuuna ang kapakanan at ang makabubuti sa kanyang kabiyak kahit ano pa man ang iyong damdamin o nararamdaman. Magsimula ka ngayong gumawa ng mabubuting bagay para sa iyong asawa; pagpapahalaga, pagpaparangal, pagbibigay ng mga salitang kaibig-ibig, at kapag ginawa mo ito makikita mo ang kaibahan sa iyong kabiyak. Pagpalain ka ng Diyos sa iyong pagsasagawa ng mga ito.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Kawikaan 18:22. Ang kasal o pagpapakasal ay ...?

- A. Isang mabuting bagay.
- B. Kakila-kilabot.
- C. Kaaya-aya sa Panginoon.

Kawikaan 18:22 *Sinomang lalaking nakakasumpong ng asawa ay nakasumpong ng mabuting bagay, at nagtatamo ng lingap ng Panginoon.*

2. Basahin ang Hebreo 13:4. Ang pagtatalik o pagsisiping na nakapaloob sa kasal ay ...?

- A. Kasalanan.
- B. Marumi.
- C. Walang dungis.

Mga Hebreo 13:4 *Kilalanin ang dangal ng pag-aasawa, at huwag dungisan ang pagsasama, sapagkat parurusahan ng Diyos ang mga mapakiapid at mga mangangalunya.*

3. Basahin ang Mangangaral 9:9. Tama o mali: Ang maka-diyos na kasal o pag-aasawa ay regalo at gantimpala ng Diyos sa iyong buhay.

Mangangaral 9:9 *Ikaw ay mabuhay na masaya na kalakip ng asawa na iyong iniibig sa lahat ng mga kaarawan ng buhay ng iyong walang kabuluhan, na kaniyang ibinigay sa iyo sa ilalim ng araw, lahat ng mga kaarawan ng iyong walang kabuluhan: sapagka't iyan ang iyong bahagi sa buhay, at sa iyong gawa na iyong ginagawa sa ilalim ng araw.*

4. Basahin ang 1 Juan 3:18. Sinabi ni Hukom Philip Gilliam na sa 28,000 kaso sa *juvenile court* na kanyang hinatulan, ang kawalan ng pagmamahal sa pagitan ng ama at ina ay siyang pinakamalaking sanhi ng *juvenile delinquency* na kanyang nalalaman. Paano natin ipahahayag ang pagmamahal?

1 Juan 3:18 *Mga anak, magmahal tayo, hindi lamang sa pamamagitan ng salita o kaya'y ng dila, kundi sa pamamagitan ng gawa at ng katotohanan.*

5. Basahin ang Efeso 5:28. Tama o mali. Hindi ko dapat pabayaang aking asawa gaya ng pagpapabaya ko sa sarili kong katawan.

Efeso 5:28 *Sa gayunding paraan, dapat ibigin ng asawang lalaki ang kanyang sariling asawa tulad ng sarili niyang katawan. Ang umiibig sa sarili niyang asawa ay umiibig sa kanyang sarili.*

6. Basahin ang 1 Juan 3:16. Tama o mali. Ang katagang “mahal kita” ay napaka-ganda kung ipapakita sa gawa o kilos. Pinatunayan ni Hesus ang Kanyang pag-ibig sa atin sa pamamagitan ng kamatayan sa krus. Dapat din nating patunayan na mahal natin ang ating kabiyak sa iba’t-ibang paraan. Magbigay ng halimbawa kung paano mo gustong ipakita ng iyong asawa ang kanyang pagmamahal sa iyo.

1 Juan 3:16 *Ganito natin nakikilala ang pag-ibig: ibinigay niya ang kanyang buhay alang-alang sa atin; at dapat din nating ibigay ang ating mga buhay alang-alang sa mga kapatid.*

7. Basahin ang Efeso 5:25-26. Tama o mali. Kung ano ang aking ipinahahayag sa aking asawa ay iyon din ang makikita ko sa kilos o gawa niya. Ang aking mga salita ay magdadala sa kanya sa kung saan mararating niya ang kanyang kakayanan.

Efeso 5:25-26 *Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyu-inyong mga asawa, kung paanong inibig ni Cristo ang iglesya at inialay ang kanyang sarili para dito, [26] upang pakabanalin niya ito, matapos linisin sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na may kalakip na salita,*

8. Basahin ang Roma 8:38-39 at 1 Juan 4:19. Tama o mali. Tayo ay napapa-ibig sa pamamagitan ng mga salitang nagpapahayag ng pagmamahal na may kaakibat na gawa. Sinuyo tayong Diyos sa pamamagitan ng mga salita na galing sa Kanyang *love letters*, na naitala bilang Kasulatan.

Roma 8:38-39 *Sapagkat lubos akong naniniwala na kahit kamatayan o buhay, mga anghel, mga pamunuan, mga bagay na kasalukuyan, mga bagay na darating, maging mga kapangyarihan, kataasan, o kalaliman, o kahit anumang bagay na nilikha ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.*

1 Juan 4:19 *Tayo ay umiibig sapagkat siya ang unang umibig sa atin.*

9. Basahin 1 Juan 5:3 at 2 Juan 1:6. Tama o mali. Ang mga alituntunin ng pagpapahayag ng pagmamahal ay makikita sa mga kautusan ni Hesus. Matututunan natin ang mga prinsipiyo ng pag-ibig mula sa Salita ng Diyos.

1 Juan 5:3 *Sapagkat ganito ang pagmamahal sa Diyos, na sundin natin ang kanyang mga utos, at hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos.*

ARALIN 11

2 Juan 1:6 *At ito ang pag-ibig: tayo'y mamuhay ayon sa kanyang mga utos. At ito ang utos, tulad ng inyong narinig mula pa noong una: mamuhay tayo ayon dito.*

10. Basahin ang Juan 14:15. Tama o mali. Ang pag-ibig ay hindi lamang usapin tungkol sa iyong emosyon kundi sa iyong kalooban. Ang bawat utos sa Kasulatan ay naisulat para sa kalooban ng tao, hindi sa kanyang emosyon. Hindi kailanman sinabi ng Diyos na mamuhay ka sa pamamagitan ng iyong emosyon o sa kung ano ang iyong nararamdaman, ngunit sa halip ay sinasabi Niya sa iyo kung paano ka kumilos.

Juan 14:15 *Kung minamahal ninyo ako, susundin ninyo ang aking mga utos.*

11. Basahin ang Galatia 5:22-23. Hindi natural ang umibig o magmahal. Ito ay kailangang matutuhan at maipanganak sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang bunga ng pag-ibig ay ...?
- A. Pag-iisip ng tao.
 - B. Kalikasan ng tao.
 - C. Espiritu ng Diyos.

Galatia 5:22-23 *Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan, kaamuan, at pagpipigil sa sarili. Walang batas laban sa mga ito.*

12. Basahin ang Efeso 5:31-32. Ang maganda o maayos na pag-aasawa ay isang halimbawa ng ano?

Efeso 5:31-32 *Dahil dito ay iiwan ng isang tao ang kanyang ama at ina, at pipisan siya sa kanyang asawa, at ang dalawa ay magiging isang laman. Napakalalim ng hiwagang ito, ngunit ang sinasabi ko ay tungkol kay Cristo at sa iglesya.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Kawikaan 18:22. Ang kasal o pagpapakasal ay ...?
A. Isang mabuting bagay.
C. Kaaya-aya sa Panginoon.
2. Basahin ang Hebreo 13:4. Ang pagtatalik o pagsisiping na nakapaloob sa kasal ay ...?
C. Walang dungis.
3. Basahin ang Mangangaral 9:9. Tama o mali: Ang maka-diyos na kasal o pag-aasawa ay regalo at gantimpala ng Diyos sa iyong buhay.
Tama.
4. Basahin ang 1 Juan 3:18. Sinabi ni Hukom Philip Gilliam na sa 28,000 kaso sa *juvenile court* na kanyang hinatulan, ang kawalan ng pagmamahal sa pagitan ng ama at ina ay siyang pinakamalaking sanhi ng *juvenile delinquency* na kanyang nalalaman. Paano natin ipahahayag ang pagmamahal?
Sa pamamagitan ng gawa at tunay na pagmamalasakit.
5. Basahin ang Efeso 5:28. Tama o mali. Hindi ko dapat pabayaang aking asawa gaya ng pagpapabaya ko sa sarili kong katawan.
Tama.
6. Basahin ang 1 Juan 3:16. Tama o mali: Ang katagang “mahal kita” ay napaka-ganda kung ipapakita sa gawa o kilos. Pinatunayan ni Hesus ang Kanyang pag-ibig sa atin sa pamamagitan ng kamatayan sa krus. Dapat din nating patunayan na mahal natin ang ating kabiyak sa iba’t- ibang paraan.
Tama.
Magbigay ng halimbawa kung paano mo gustong ipakita ng iyong asawa ang kanyang pagmamahal sa yo.
7. Basahin ang Efeso 5:25-26. Tama o mali. Kung ano ang aking ipinahahayag sa aking asawa ay iyon din ang makikita ko sa kilos o gawa niya. Ang aking mga salita ay magdadala sa kanya sa kung saan mararating niya ang kanyang kakayanan.
Tama. Ang salitang Griyego na ginamit sa Efeso 5:26 ay *rhema*, ang ibig sabihin ay *spoken words*.
8. Basahin ang Roma 8:38-39 at 1 Juan 4:19. Tama o Mali. Tayo ay napapa-ibig sa pamamagitan ng mga salitang nagpapahayag ng pagmamahal na may kaakibat na gawa.
Tama. Ang Salita ng Diyos ay puno ng mga mapagmahal na salita para sa atin.

ARALIN 11

9. Basahin 1 Juan 5:3 at 2 Juan 1: 6. Tama o mali. Ang mga alituntunin ng pagpapahayag ng pagmamahal ay makikita sa mga kautusan ni Hesus. Matututunan natin ang mga prinsipiyo ng pag-ibig mula sa Salita ng Diyos.

Tama.

10. Basahin ang Juan 14:15. Tama o mali. Ang pag-ibig ay hindi lamang usapin tungkol sa iyong emosyon kundi sa iyong kalooban. Ang bawat utos sa Kasulatan ay naisulat para sa kalooban ng tao, hindi sa kanyang emosyon. Hindi kailanman sinabi ng Diyos na mamuhay ka sa pamamagitan ng iyong emosyon o sa kung ano ang iyong nararamdaman, ngunit sa halip ay sinasabi Niya sa iyo kung paano ka kumilos.

Tama.

11. Basahin ang Galatia 5:22-23. Hindi natural ang umibig o magmahal. Ito ay kailangang matutuhan at maipanganak sa sangkatauhan sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang bunga ng pag-ibig ay ...?

C. Espiritu ng Diyos.

12. Basahin ang Efeso 5:31-32. Ang maganda o maayos na pag-aasawa ay isang halimbawa ng ano?
Si Kristo at ang Kanyang iglesia.

ARALIN 12

ANG URI NG PAG-IBIG NG DIYOS – Part 1

Isinulat ni Don Krow

Sinasabi sa 1 Corinto 13:13, *Samantala, nananatili ang tatlong ito: pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig, ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig.* At mababasa sa 1 Corinto 14:1, *Pakamithiin ninyo ang pag-ibig at naisin ninyong magkaroon ng mga kaloob na espirituwal, lalung-lalo na ang kayo'y makapagpahayag ng propesiya.* Ang sabi ng Bibliya sundin ang pag-ibig, pakamithiin ito, at gawing pinakamataas na layunin. Ito lamang ang tanging bagay na madadala natin sa walang hanggan. Hindi natin maisasama sa atin ang sasakyan, ang bahay, ang pera o yaman, subalit ang tanging madadala lamang natin ay ang pag-ibig na ibinahagi ni Hesus sa ating buhay sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Ang pag-ibig ay ang tanging bagay na may walang hanggang halaga.

Ano nga ba ang tunay na kahulugan ng pag-ibig? Sinasabi ko, “Mahal ko ang aking asawa (I love my wife), mahal ko ang sorbetes (I love ice cream), mahal ko ang *apple pie* (I love apple pie).” Isa lamang ang salita sa *English* upang isalarawan ang salitang pag-ibig (love), kapag sinabi kong mahal ko ang aking asawa, mahal ko ang pusa, humahanga ba sa sinabi ko ang aking asawa? Hindi. Nakikita mo ba ang sinasabi ko? Kapag ginagamit natin ang salitang *love*, nangangahulugan itong pagsisiping o pakikipag-talik, sa iba naman ay marubdob na damdamin-iba’t-iba ang kahulugan ng pag-ibig sa maraming tao. Mayroong 4 na pangunahing salita sa Griyego ang pag-ibig (love). Isa dito ay **eros**, hindi ginagamit sa Bibliya, may kahulugang *sexual love* o *sexual attraction*. Itinalaga ng Diyos ang ganitong uri ng pag-ibig noong sinabi Niya sa lalaki na iwanan niya ang kanyang ama at ina, at dumikit o makisama o makiniig sa kanyang asawa, at sila’y magbubuklod o magiging isa. Ang aklat sa Bibliya na may pamagat na Awit ni Solomon ay tungkol sa *sexual love* na ipinaghihigpit ng Diyos sa pagsasanib ng kasal. Ang iba pang uri ng pag-ibig ay pinahintulutan ng Diyos, ngunit ang **eros** ay itinalaga lamang Niya para sa mag-asawa. May isa pang uri ng pag-ibig, **storge**, ang pag-ibig sa pamilya. **Phileo** galing sa salitang-ugat na **philia**. Ito’y ginamit ng 72 ulit sa Bagong Tipan. Ang ibig sabihin ay mainit na damdamin at hindi nananatili. Nararamdaman ngayon, subalit bukas o makalipas ang mga araw ay mawawala. Karamihan sa mga taong nagsasalita tungkol sa pag-ibig ay inaakala nila na ganito ang umiibig, kaya sinasabi nila ang ganito, “*I fall in love and I fall out of love.*” Kung ang inyong pag-sasama ay itinayo sa ganoong uri ng pag-ibig, mayroong mga panahon na ikaw ay parang nasa langit at kung minsa’y nasa impiyerno. Maaari kang ma *in love* o ma *fall out of love* kung ganito ang damdamin mo.

Sinasabi ng Bibliya na dapat nating ibigin ang isa’t-isa na katulad ng pag-ibig ng Diyos sa atin, ito ay tinatawag na **agape**. Anong uri ng pag-ibig ang agape? Maraming aspeto ang

ARALIN 12

pag-ibig, sa 1 Corinto 13 mababasa ang kumpletong kahulugan kung ano ang sangkap ng pag-ibig. Sinasabi sa 1 Juan 5:3, *sapagkat ganito ang pagmamahal sa Diyos, na sundin natin ang kanyang mga utos, at hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos*. Ang mga utos ni Hesus ay nagpapakita ng pagpapahayag ng pagmamahal, ngunit kung susumahin ko, gagamitin ko ang Mateo 7:12, *Kaya't anumang nais ninyong gawin sa inyo ng iba, gayundin ang gawin ninyo sa kanila, sapagkat ito ang buod ng Kautusan at ng mga propeta*. Hindi ito tungkol sa mga tao sa simbahan na ayaw akong mahal, na walang malasakit sa akin, at kung ano-ano pa. Hindi, sinasabi sa Bibliya na gawin mo sa iba ang anomang gusto mong gawin nila sa iyo. Iyan ang pag-ibig. Ito'y labag sa ating laman, labag sa ating natural na kalikasang unahin ang kapakanan at ikabubuti ng iba higit sa ating sarili. Kailangan mo ang tulong ng Diyos upang magawa ito. Mababasa sa Bibliya na ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig at ang Diyos ay pag-ibig. Siya ang pinagmulan ng pag-ibig at Siya rin ang magpapakita sa atin kung paano umibig sa pamamagitan ng Kanyang mga kautusan. Ang Diyos ang magpapalakas sa atin, sa kabila ng ating laman, makagagawa tayo ng tamang pagpili at tamang desisyon at kumilos ng naayon sa tamang prinsipyo.

Isang araw gusto kong manalangin gaya ng nakagawian ko pagkatapos kong magtrabaho. Ako'y nasa *park*, at sinabi ko sa Diyos ang ganito, “Panginoon, nais kong magministeryo sa iba.” Medyo mainit ang araw noon, nakita ko ang isang batang lalaki at batang babae na nakaupo sa *swing*. Ako'y umupo sa isang *swing* na malapit sa kanila, kinausap ko ang batang babae. Ang sabi ko, “Napakaganda ng araw, hindi ba?” Sumagot siya, “Hindi ako marunong magsalita ng iyong lenguahe”, tinanong ko siya, “Taga saan ka?” Sinabi niya na siya ay taga Romania. Alam ko na may mga galing ng Romania sa lugar na iyon. Nakita ko na may mga taong nakatingin sa akin, at marahil ay nagtataka kung bakit ko kinakausap ang kanyang anak. Lumapit ako sa kanila at nagsabing, “Gusto ko kayong tulungan.” Ang sagot nila, “Bakit mo naman kami gustong tulungan? Hindi mo kami kilala.” Ang sagot ko ay, “Sapagkat gusto kayong tulungan ng Diyos.” Binubulay ko ang mga prinsipyo tungkol sa pag-ibig na matatagpuan sa 1 Juan 3:18 na nagsasabi ng ganito, *Mga anak, magmahal tayo, hindi lamang sa pamamagitan ng salita o kaya'y ng dila, kundi sa pamamagitan ng gawa at ng katotohanan*. Huwag lamang sa salita tayo umibig o magmahal, ipakita ito sa gawa. Hindi ko ugaling magdala ng pera sa aking bulsa, noong araw na iyon ay mayroon akong maliit na halaga, dinukot ko sa aking bulsa at ibinigay sa kanila, at ibinigay ko rin ang aking baong pagkain. Sila ay naantig at nagtanong, “Sino ka?” Ang aking sagot, “Itinalaga ng Diyos ang araw na ito para tayo ay magkatagpo, at magkikita tayong muli.”

Isinalaysay ko sa aking asawa ang pangyayari ito. Kinabukasan bumili ako ng isang kahong mga gamit at nagpunta sa *park* kasama ang aking asawa. Nandoon ang mga Romanians at ang kanilang mga anak at sinabi ko, “May dala akong regalo para sa inyo.” Mabigat ang mga ito, ngunit kung sasabihin mo sa akin kung saan kayo nakatira ay ihahatid ko sa iyong bahay.” Nang makarating kami sa kanilang maliit na tahanan na may isang silid, inilabas ko ang aking

regalo, mga plato, kutsara at kubyertos na magkakapareho – at isa-isa kong inabot ka kanila. Habang inaabot ko ang mga ito, tumulo ang luha sa kanilang mga mata, at nagsalita ang babae, “naiikyak ako!” Inimbitahan ko sila sa *Bible Study* sa aming tahanan. Nais nilang magpunta. Sinabi ko, “hindi ko gustong pumunta kayo dahil binigyan ko kayo ng regalo.” Sumagot sila, “Hindi, nais naming magpunta at makilala ang inyong mga kaibigan.”

Sinusundo ko sila at hinahatid, at sa kalaunan, hinipo sila ng Diyos. Kakaunti ang alam nila sa *English*, ngunit hinipo sila ng Diyos noong sila ay aming ipinanalangin. Nahayag ang pag-ibig ng Diyos sa kanila. Hindi nagtagal ay nakilala namin ang isa pang mag-asawang Romanian. Ipinakilala pa ng unang mag-asawang aming naministryohan ang iba pa nilang mga kaibigan. Nakatanggap ako ng tawag sa telepono isang araw at nagsabi, “Mr. Don, gusto ka naming makilala.” Sinamahan ako ng aking kaibigang Romanian at nagtungo kami sa kanila. Dinalhan ko sila ng regalo, pagkain, at iba pang mga kagamitan. Nagpatuloy ako sa pagbisita sa kanila hanggang sa isang araw sinabi ng aking kaibigan (unang Romanian na aking nakilala), “Kailangan kayong pumunta sa *Bible Study*. Pinag-uusapan nila si Hesus. At ito’y kahanga-hanga. Sumagot sila, “Hintay, galing kami sa komunistang bansa at hindi alam na mayroong Diyos. Ayaw namin sa Hesus na sinasabi mo.”

Sinabi ko sa kanila, “Hayaan ninyong maging magkaibigan tayo.” Ipinapasyal ko sila tuwing Sabado o Linggo at ibinibili ng mga damit at iba pang mga bagay na kanilang kailangan. Sila’y nahihiya at nag-aatubili. “Ayaw mo ba ng damit?” “Gusto ko, subalit ...” “Kung gayon bilhin natin.” Ipinamalas ko sa kanila ang pag-ibig na may gawa, ngunit ayaw nilang sumali sa *Bible Study* at nagsabi ako ng, “Malamang ay may mga Amerikano doon na makapag-bibigay sa inyo ng trabaho.” At dali-dali silang dumalo. Sa *Bible Study* noong gabing iyon ay may sinabi ako sa Diyos na para bang ako’y tanga, “Panginoon, kailangan Mo akong bigyan ng tunay o makatotohanang *gift of tongues* sapagkat hindi kami magkakaintindihan nga mga taong ito.” May mga Amerikanong nagbigay ng kanilang patotoo. Nang magsimula akong magsalita, may nangyari sa isang babaeng Romanian. Pagkatapos ng aming pag-aaral, nanalangin ako, at hinipo sila ng Diyos at napuno at naramdaman ang pag-ibig ng Diyos ang silid. Nagsalita ang babae, “Alam mo ba nang magsimula kang magpahayag ng Salita ng Diyos tungkol sa Kanyang pag-ibig sa akin, at kung ano ang Kanyang ginawa upang ako ay magkaroon ng relasyon sa Kanya, naintindihan ko ang lahat ng iyong sinabi! Malinaw kong naunawaan! Galing ito sa Diyos!” Ang result nito, nabago ang kanilang mga buhay.

Mula noon napuno ang aking bahay ng mga tao - *Romanians, Bulgarians, Russians, Africans*. Binabago ng Diyos ang kanilang mga buhay at ramdam nila ang aking pagmamahal sa kanila. Kahit halos hindi kami magkakaintindihan, isa lamang ang alam nila: kapag kami ay nananalangin, nagpapahayag ang Diyos sa kanila. Alam din nila na gagawin ko ang lahat para sa kanila at mahal ko sila. Binago ng Diyos ang kanilang mga buhay at ang iba pang dumadalo.

ARALIN 12

Nangyari ang lahat ng ito dahil isang araw sa *park*, nakakita ako ng tao na may ibang kulay ang balat, ibang nasyonalidad. Wala akong naramdamang anomang pagmamalasakit, subalit isa lamang ang alam ko na ang pag-ibig ay: kung anoman ang ibig mong gawin sa iyo ng iba, ito rin ang gawin mo sa kanila. Hinanap ko ang makabubuti at makapagbibigay ng benepisyo sa kanila sa kabila ng aking naramdaman, at alam mo ano ang nangyari? Pinahalagahan nila ito at nakadama sila ng **philia** uri ng pag-ibig, isang pag-ibig na may kalakip na damdamin, at sinabi nila sa akin, ” Mahal kita”, niyakap at hinagkan nila ako. Ako ay nagkaroon din ng ganitong damdamin para sa kanila. Kung ibig mong magkaroon ng pag-ibig na may kasamang emosyon, sanayin mong ipahayag ang **agape** uri ng pag-ibig. Hanapin ang kapakanan at kapakinabangan ng iba, ito ay magresulta sa pag-ibig na may damdamin.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang 1 Juan 5:3. Ang pag-ibig ng Diyos ay naipapahayag sa pamamagitan ng ...?

1 Juan 5:3 *Sapagkat ganito ang pagmamahal sa Diyos, na sundin natin ang kanyang mga utos, at hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos.*

2. Basahin ang Roma 13:9-10. Ipaliwanag kung papaano nagpahayag ng pag-ibig ang mga utos ng Diyos.

Roma 13:9-10 *Ang mga utos gaya ng, Huwag kang mangangalunya; Huwag kang papatay; Huwag kang magnanakaw; Huwag kang maging sakim; at ang iba pang utos, ay nabubuo sa salitang ito, “Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili. Sapagkat ang pag-ibig ay hindi gumagawa ng masama sa kapwa, kaya ang pag-ibig ang katuparan ng Kautusan.*

3. Basahin ang Roma 12:19-21. Paano natin mamahalin ang ating kaaway kahit hindi natin ito nararamdaman?

Roma 12:19-21 *Mga minamahal, huwag kayong maghihiganti, sa halip ay bigyang-daan ang galit ng Diyos. Sapagkat nasusulat, “Akin ang paghihiganti; ako ang gaganti, sabi ng Panginoon.” [20] Ngunit, “kung nagugutom ang iyong kaaway, pakainin mo; kung siya'y nauuhaw, painumin mo; sapagkat sa paggawa mo nito ay parang malalagyan mo siya ng baga sa kanyang ulo.” [21] Huwag kang magpadaig sa masama, sa halip ay daigin mo ng mabuti ang masama.*

4. Basahin ang Tito 2:4. Ano ang ipinapakita ng talatang ito tungkol sa pag-ibig?

Tito 2:4 *Upang maturuan nila ang mga kabataang babae na mahal in ang kanilang asawa at mga anak.*

5. Basahin ang 1 Corinto 13:4-8. Ilarawan ng detalye ang prinsipyo ng pag-ibig.

1 Corinto 13:4-8 *Ang pag-ibig ay matiyaga at mabait; hindi mapanibughuin, hindi mapagmalaki o mayabang; [5] hindi magaspang ang asal; hindi nag-iisip para sa sariling kapakanan, hindi mayayamutin, hindi nagbibilang ng kamalian. [6] Hindi ito nagagalak sa kasamaan, kundi nakikigalak sa katotohanan. [7] Ang pag-ibig ay nagtitiis sa lahat, nagtitiwala sa lahat, may pag-asa sa lahat at may tiyaga sa lahat. [8] Ang pag-ibig ay walang katapusan. Ngunit maging ang mga propesiya ay matatapos; maging ang iba't ibang wika ay titigil; maging ang kaalaman ay lilipas.*

6. Basahin ang 1 Juan 3:18. Paano natin isasabuhay ang pag-ibig?

1 Juan 3:18 *Mga anak, magmahal tayo, hindi lamang sa pamamagitan ng salita o kaya'y ng dila, kundi sa pamamagitan ng gawa at ng katotohanan.*

.MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang 1 Juan 5:3. Ang pag-ibig ng Diyos ay naipapahayag sa pamamagitan ng ...?
Mga utos.
2. Basahin ang Roma 13:9-10. Ipaliwanag kung papaano nagpahayag ng pag-ibig ang mga utos ng Diyos.
Ang pag-ibig ay hindi gumagawa ng masama sa kanyang kapwa. Ang bawat utos ay nagpapakita kung paano tayo tumugon sa ating kapwa.
3. Basahin ang Roma 12:19-21. Paano natin mamahalin ang ating kaaway kahit hindi natin ito nararamdaman?
Kung ang ating kaaway ay nagugutom, pakainin siya; kung siya ay nauuhaw, painumin siya. Unahin ang kapakanan at kapakinabangan ng iba kahit ano pa ang ating nararamdaman.
4. Basahin ang Tito 2:4. Ano ang ipinapakita ng talatang ito tungkol sa pag-ibig?
Ang pag-ibig ay naituturo. Hindi lamang ito emosyon.
5. Basahin ang 1 Corinto 13:4-8. Ilarawan ng detalye ang prinsipyo ng pag-ibig.
1 Corinto 13:4-8. Ang pag-ibig ay matiyaga at mabait; hindi mapanibughuin, hindi mapagmalaki o mayabang; hindi magaspang ang asal; hindi nag-iisip para sa sariling kapakanan, hindi mayayamutin, hindi nagbibilang ng kamalian. Hindi ito nagagalak sa kasamaan, kundi nakikigalak sa katotohanan. Ang pag-ibig ay nagtitiis sa lahat, nagtitiwala sa lahat, may pag-asa sa lahat at may tiyaga sa lahat.
6. Basahin ang 1 Juan 3:18. Paano natin isasabuhay ang pag-ibig?
Ipakita ang pag-ibig sa gawa, hindi lamang sa salita.

ARALIN 13

ANG URI NG PAG-IBIG NG DIYOS – Part 2

Isinulat ni Don Krow

Si Hesu Kristo ang pinakadakilang pagpapahayag ng pagmamahal o pag-ibig na dumating sa balat ng lupa, subalit hindi naitala sa Bibliya na binigkas Niya ang mga katagang “I love you (mahal kita)”. Ito’y kahanga-hanga, hindi ba? Ang pinakadakilang kapahayagan ng pag-ibig ay ni minsan hindi nagsabi ng “I love you (mahal kita)”. Alam mo ba kung bakit? Sapagakat ang pag-ibig ay higit pa sa salita; ito ay gawa o kilos. Halimbawa sinabi ko aking asawa “I love you (mahal kita)” at pagkatapos ay nangalunya ako. Paniniwalaan ba niya ang sinabi ko na mahal ko siya, o mas maniniwala siya sa aking ginawa o ikinilos? Siya’y maniniwala ayon sa aking gawa, sapagkat 95% ng pag-ibig ay hindi binibigkas. Wala ito sa mga salitang binibitawan mo; ito’y kung ano ang iyong mga gawa o kilos.

Sa 1 Juan 3:18 mababasa, *Mga anak, magmahal tayo, hindi lamang sa pamamagitan ng salita o kaya'y ng dila, kundi sa pamamagitan ng gawa at ng katotohanan.* Ang pag-ibig ay isang salita na may kalakip na gawa o kilos. Sa Mateo 25:35-36, inilarawan ni Hesus ang pag-ibig sa pamamagitan ng mga kilos na hinihimok nito, na nagsasabi, “Ako’y gutom at pinakain mo Ako. Nauhaw Ako at pinainom. Ako’y hubad at dinamitan mo Ako. Inalagaan mo Ako noong Ako’y may sakit.” At sinabi sa bersikulo 40, “Sa paggawa mo nito sa pinakamababa sa Aking mga kapatid, ginawa mo ito sa Akin.” Makikita dito na ang pag-ibig ay may kasamang gawa. Ang sabi sa Hebreo 6:10, *Sapagkat makatarungan ang Diyos; hindi niya kalilimutan ang inyong ginawa at ang pag-ibig na inyong ipinakita sa paglilingkod ninyo sa mga banal alang-alang sa kanyang pangalan. Ito ay patuloy ninyong ginagawa hanggang ngayon.* Sa Mateo 22 nang tanungin si Hesus kung ano ang pinakadakilang utos, sumagot Siya, “Mahalin o ibigin ang Diyos at ang iyong kapwa.” Kung ating nauunawaan ang mga utos na ito, iisa ang kahulugan. Kung minamahal mo ang pinakamababa sa Aking mga kapatid, nagpapakita lamang ito na Ako’y minamahal mo rin. Itinuturo ng Bibliya ang magandang pagkakataon na mahalin si Hesus sa praktikal na paraan, mahalin o ibigin ang kapwa.

Sa naunang aralin, ibinahagi ko ang tungkol sa Romanians na nakilala ko sa *park*. Nagbago ang kanilang buhay dahil inuna ko ang kapakanan at kapakinabangan nila sa kabila ng aking naramdaman. Iba ang kulay ng kanilang balat at nasyonalidad, subalit alam ko na ang pag-ibig ng Diyos ay napahahayag kung uunahin ko ang kapakanan ng iba katulad ng ginawa ni Hesus. Hindi Niya gustong maipako sa krus. Binigkas Niya, “Ama, kung may iba pang paraan, iyon na lamang, ngunit hindi ang kalooban Ko ang mangyari kundi ang kalooban Mo.” Inisip at hinanap ni Hesus ang makabubuti para sa atin sa kabila ng Kanyang naramdaman.

ARALIN 13

Isang araw ay nakatanggap ako ng tawag mula sa mga Romanians. Umiiyak sila. Pito't kalahating taon na silang sana Estados Unidos. Naninirahan at nagtatrabaho sila na Kansas ngayon. Ang sabi nila, "Sa wakas ay nakakuha na kami ng desisyon sa aming mga papeles ng *political asylum*. Binigyan kami ng 30 araw upang mag-apela, at pagkatapos ay ipatatapon na kami." Mayroon lamang 2-5% na pag-asa upang makakuha ng *political asylum* sa bansang ito. Nagtungo sila sa abogado, at sinabi na wala silang pag-asa. Ang sabi ko sa kanila ay manalangin at susubukan kong tumulong. Paano? Hindi ko alam. Sa aking isip ay isang malaking kawalan ng hustisya kung ipatatapon o pababalikin sila sa kanilang pinanggalingan.

Tinawagan ng aking kaibigan ang kongresista ng Colorado na nagsabing tawagan si Senador Sam Brownback sa Kansas, dahil doon naninirahan ang mga Romanians. Maganda ito sapagkat may kaibigan ako na nagtatrabaho para kay Senador Brownback. Kinausap ko si Kim at nagawa niyang pagsamahin ang 4 na tao upang tutukan ang kasong ito. Sa Sublette, Kansas, ang komunidad ay nagsama-sama at nangalap ng mga lagda na nagsasabing gusto nilang manatili ang mga Romanians dito. "Sila'y mabubuting tao, nagbabayad ng buwis, at masisipag." Nailathala ito sa pahayagan. Ito'y isang himala, dahil may mga mataas na opisyal ng gobyerno na nakaka-unawa sa mga pangyayari, nakatanggap ng sulat ang mga Romanians na nagsabing binago ang desisyon at nagbigay pahintulot na maaari silang manatili sa Estados Unidos.

Nagpunta ako sa Sublette, Kansas. Hindi alam ng aking mga kaibigan na ako'y darating. Nadatnan ko sila kausap si Senador Brownback at nagpapasalamat sa tulong na kanyang ibinigay. Matapos silang mag-usap, niyakap nila ako ng mahigpit, at natuon ang kamera ng mga mamamahayag sa akin. Nagtanong sila, "Sino ka at bakit kilala mo ang mga taong ito?" Isinalaysay ko ang buong kwento. Ibinhagi ko ang sinasabi sa Mateo 7:12.

Nagkaroon ng malaking selebrasyon para sa mga Romanians. Itinalaga ng alcalde ng siyudad ang 12 Pebrero bilang *Jucan Family Day* upang parangalan ang mga ito. Binigyan sila ng bandila ng Estados Unidos at mga dokumento na nagpapatunay na sila'y legal na makakapanatili sa bansa habang buhay. Nanalangin kami at ganito ang aking sinabi, "May isang tao na hindi pa natin lubusang napasasalamatan, ang Diyos. Sa isang *park* sa Colorado Springs, pito at kalahating taon na ang nakalipas, noong araw na iyon ako'y nakipag-ugnayan sa Diyos, sinasabi ko sa Kanya na gusto kong ipadama ang Kanyang pag-ibig sa iba. Dinala ako ng Diyos sa mga Romanians na ito. Inulit ko ang kwento at nagsabi, "Gusto kayong tulungan ng Diyos - maligayang pagdating sa Estados Unidos."

Ang lahat ng ito ay isang himala. Alam ko na ang mga Romanians ay nasa tamang lugar, sa tamang oras. Si Kim, ang aking kaibigan, ay gumawa ng *arrangement* upang kami ni Senador Brownback ay magkita sa Andrew Wommack Ministry isang taon bago mangyari ang lahat ng ito. Sinabi niya, "Kailangan mong makilala si Don Krow." Hindi naging komportable ang aking

pakiramdam noon. Hindi ko alam na ito pala ay paraan ng Diyos upang matulungan ang isang pamilya at maipamalas ang Kanyang pag-ibig sa kanila, dahil na rin sa utos ni Hesus na gawin mo sa iba kung ano ang gusto mong gawin nila sa iyo. Ito’y isang himala na hindang-hindi nila makakalimutan, at sasabihin nila ang ganito, “Ang lahat ng ito ay dahil sa Diyos.” Sinabi ni Anka, ang babaeng Romanian, “Nanghina ang aking pananampalataya, subalit tapat ang Diyos, pinahintulutan Niya kaming manatili sa Estados Unidos.

Maraming tao ang naghahanap ng pag-ibig. Ang tanging paraan upang makamit ito ay gumawa ng desisyong unawain ang prinsipyo ng pag-ibig mula sa Salita ng Diyos. Ang pag-ibig ay mabait, inuuna o hinahanap ang kapakanan ng iba-katulad ng ginawa ni Hesus sa krus, inuna at hinanap Niya ang ating kapakanan. Pagpalain ka ng Diyos habang tinutuklas mo ang mga prinsipyong ito, kung ano ang tunay na kahulugan ng umibig o magmahal kagaya ng pag-ibig o pagmamahal ng Diyos.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Mateo 7:12. Ipaliwanag mo ang kahulugan ng *golden rule*.

Mateo 7:12 *Kaya't anumang nais ninyong gawin sa inyo ng iba, gayundin ang gawin ninyo sa kanila, sapagkat ito ang buod ng Kautusan at ng mga propeta.*

2. Basahin ang Mateo 7:12. Sa pagsisikap na matuklasan ang pag-ibig, maraming tao ang nagsisikap na makahanap ng tamang tao. Dapat mo bang hanapin ang tamang tao, o ikaw ang dapat maging tamang tao?

Mateo 7:12 *Kaya't anumang nais ninyong gawin sa inyo ng iba, gayundin ang gawin ninyo sa kanila, sapagkat ito ang buod ng Kautusan at ng mga propeta.*

3. Basahin ang 1 Juan 5:3. Ang pag-ibig ba ay emosyon o ito'y bagay na ginagawa o ikinikilos?

1 Juan 5:3 *Sapagkat ganito ang pagmamahal sa Diyos, na sundin natin ang kanyang mga utos, at hindi naman mahirap sundin ang kanyang mga utos.*

4. Basahin ang 1 Juan 3:18. Kapag sinabi mo sa iyong asawa “mahal kita”, ngunit ikaw ay nangalunya, maniniwala ba siya sa iyong sinabi o sa iyong ginawa?

1 Juan 3:18. *Mga anak, magmahal tayo, hindi lamang sa pamamagitan ng salita o kaya'y ng dila, kundi sa pamamagitan ng gawa at ng katotohanan.*

5. Basahin ang Roma 5:6-8. Sa iyong palagay, ginusto ba ni Hesus ang mamatay?

Roma 5:6-8 *Sapagkat noong tayo ay mahihina pa, namatay si Cristo sa takdang panahon para sa mga makasalanan. Bihira ang taong mag-aalay ng buhay alang-alang sa isang taong matuwid, bagama't maaaring may mangahas mamatay dahil sa isang mabuting tao. Subalit ipinapakita ng Diyos ang kanyang pag-ibig sa atin, na noong tayo'y makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin.*

6. Basahin ang Galacia 5:22. Magagawa mo bang umibig ng totoo kung wala si Hesus sa kaibuturan ng iyong puso?

Galacia 5:22 *Subalit ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiyaga, kagandahang-loob, kabutihan, katapatan.*

7. Basahin ang 1 Juan 4:8. Ang dahilan kung bakit kailangan natin ang tulong ng Diyos upang magmahal ng totoo sa iba ay sapagkat Siya lamang ang nag-iisang ...?

1 Juan 4:8 *Ang sinumang hindi umiibig ay hindi nakikilala ang Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig.*

8. Basahin ang 1 Corinto 13:5. Pumili sa mga sumusunod na salita kung ano ang hindi tugma sa paglalarawan ng pag-ibig: bastos, makasarili, hindi mapagpatawad.

1 Corinto 13:5 *Hindi magaspang ang asal; hindi nag-iisip para sa sariling kapakanan, hindi mayayamutin, hindi nagbibilang ng kamalian.*

9. Basahin ang 1 Corinto 13:8. Ano ang bagay na dadalhin mo mula sa buhay na ito hanggang sa susunod na buhay, o sa kabilang buhay?

1 Corinto 13:8 *Ang pag-ibig ay walang katapusan. Ngunit maging ang mga propesiya ay matatapos; maging ang iba't ibang wika ay titigil; maging ang kaalaman ay lilipas.*

10. Basahin ang Kawikaan 10:12. Naisulat sa 1 Corinto 13:5, “Hindi nagbibilang ng kamalian ang pag-ibig.” Gaano kalaki ang pagtatakip ng kasalanan ang kayang gawin ng pag-ibig?

Kawikaan 10:12 *Ang pagtatanim ay humihila ng mga kaalitan: nguni't tinatakpan ng pagibig ang lahat ng pagsalangsang.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Mateo 7:12. Ipaliwanag mo ang kahulugan ng *golden rule*.
Gawin mo sa iba kung ano ang ibig nila gawin sa iyo.
2. Basahin ang Mateo 7:12. Sa pagsisikap na matuklasan ang pag-ibig, maraming tao ang nagsisikap na makahanap ng tamang tao. Dapat mo bang hanapin ang tamang tao, o ikaw ang dapat maging tamang tao?
Ikaw dapat ang tamang tao.
3. Basahin ang 1 Juan 5:3. Ang pag-ibig ba ay emosyon o ito'y bagay na ginagawa o ikinikilos?
Ito'y isang bagay na ating ginagawa sa pamamagitan ng paglakad sa mga prinsipyo ng Diyos.
4. Basahin ang 1 Juan 3:18. Kapag sinabi mo sa iyong asawa “mahal kita”, ngunit ikaw ay nangalunya, maniniwala ba siya sa iyong sinabi o sa iyong ginawa?
Ang iyong mga gawa. Ang mga gawa o kilos ay nagsasalita ng mas malakas kaysa sa mga salita.
5. Basahin ang Roma 5:6-8. Sa iyong palagay, ginusto ba ni Hesus ang mamatay?
Hindi, subalit inuna o hinanap Niya ang kapakanan o ikabubuti nating lahat sa kabila ng Kanyang nararamdaman.
6. Basahin ang Galacia 5:22. Magagawa mo bang umibig ng totoo kung wala si Hesus sa kaibuturan ng iyong puso?
Hindi.
7. Basahin ang 1 Juan 4:8. Ang dahilan kung bakit kailangan natin ang tulong ng Diyos upang magmahal ng totoo sa iba ay sapagkat Siya lamang ang nag-iisang ...?
Pag-ibig.
8. Basahin ang 1 Corinto 13:5. Pumili sa mga sumusunod na salita kung ano ang hindi tugma sa paglalarawan ng pag-ibig: bastos, makasarili, hindi mapagpatawad.
Ang lahat ng mga salitang ito ay hindi tugma sa paglalarawan ng pag-ibig.
9. Basahin ang 1 Corinto 13:8. Ano ang bagay na dadalhin mo mula sa buhay na ito hanggang sa susunod na buhay, o sa kabilang buhay?
Pag-ibig. Ito'y mananatili magpakailanman.
10. Basahin ang Kawikaan 10:12. Naisulat sa 1 Corinto 13:5, “Hindi nagbibilang ng kamalian ang pag-ibig.” Gaano kalaki ang pagtatakip ng kasalanan ang kayang gawin ng pag-ibig?
Lahat ng kasalanan.

ARALIN 14

PANANALAPI – Part 1

Isinulat ni Andrew Wommack

Gusto ni Hesus na umunlad ka sa pananalapi. Ito'y napakahalaga sa lahat. Kailangan ng pera upang mabuhay, upang matugunan ang iyong mga pangangailangan, at upang maging pagpapala sa iba. Hindi tayo pinabayaan ng Diyos na mag-isa sa bahaging ito ng ating buhay. Hindi Niya sinabi ang ganito, “Nag-aalala lamang Ako tungkol sa inyong espirituwal na buhay, ngunit wala akong pakialam sa inyong pinansyal na bahagi ... bahala na kayo sa inyong sarili.” Hindi, mahal ka Niya ng buong-buo, sa lahat ng aspeto ng buhay mo - espiritu, kaluluwa, at katawan (*spirit, soul and body*) – gumawa Siya ng probisyon para sa iyo. Kinikilala ng karamihan sa mga tao na kailangan ang ilang antas ng kaunlaran sa pananalapi, ngunit ang relihiyon ay karaniwang nanindigan laban sa pagkakaroon ng kasaganaan.

Ang Salita ng Diyos ay nagtuturo laban sa kasakiman sa maraming iba't ibang paraan ngunit napakalinaw din nito na ang pananalapi ay isang pagpapala. Sa 3 Juan 2, sinabi ni Apostol Pablo ang ganito, *Mahal kong kapatid, dalangin ko nawa'y nasa mabuti kang kalagayan (maunlad ang iyong pananalapi) at malusog ang iyong pangangatawan, kung paanong mabuti rin ang kalagayan ng iyong kaluluwa.* Isang napakatibay na pahayag. Ang sabi ni Juan, “Higit sa lahat ng bagay!” Ito'y nagsasalita tungkol sa pagpapagaling, emosyon, relasyon, at pananalapi. Ibig ng Diyos na ikaw ay sumagana sa pananalapi at maging malusog ang iyong katawan higit sa lahat ng bagay. Gusto ka Niyang sumagana sa espiritu, kaluluwa, at katawan. Ito ang kalooban Niya para sa iyo.

Maraming relihiyoso ang nagsasabi na gusto ng Diyos na ikaw ay mahirap o salat sa buhay, na ang kasalatan ay maka-diyos, kung mas mahirap ka, mas maka-diyos ka. Pinalaki ako sa ganyang pag-iisip, na ang mga mangangaral ay hindi dapat maunlad, na ang isang Kristiano ay dapat salat sa buhay. Hindi ito pinatunayan sa Kasulatan. Si Abraham ang pinakamayaman noong kapanahunan niya, kaya't hiniling ng mga hari na umalis siya dahil ang kanyang ari-arian ay nakakaapekto sa yaman ng kanilang bansa. Ganito rin si Isaac at Jacob. Si Joseph ay isang taong maunlad at napakalaki ng ari-arian. Si David ay nag-alay sa Diyos ng ginto at pilak na nagkakahalaga ng 2.5 bilyong dolyar mula sa sarili niyang kaban upang maitayo ang templo. Si Solomon, anak ni David, ang pinakamayang tao na nabuhay sa balat ng lupa. Kung titingnan mo sa Banal na Kasulatan, ang mga taong tunay na naglingkod sa Diyos ay pinagpala sa pananalapi.

May mga halimbawa ng mga taong nahirapan at namuhay sa kasalatan. Sinabi ni Pablo sa Filipos 4:13 na kaya niyang gawin ang lahat ng bagay sa pamamagitan ni Kristo at makuntento

ARALIN 14

sa anumang sitwasyong kinalalagyan niya. Alam daw niya kung paano mamuhay ng salat at kung paano managana. May mga panahon na ang mga lingkod ng Diyos ay dumanas ng kasalatan at kahirapan, subalit hindi mo makikita sa Bibliya na kung mas mahirap ka ay mas maka-diyos ka. Hindi totoo ito, lumabas ka sa lansangan at makikitang hindi ito napatunayan. Oo nga, may katotohanan dito na mali ang kasakiman. Mababasa sa 1 Timoteo 6:10, *Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan*. Sinasabi ng ilang tao na ang pera ang ugat ng lahat ng kasamaan, ngunit sinabi ang ganito, “Ang pag-ibig sa salapi ay ang ugat ng lahat ng uri ng kasamaan.” May mga tao na umiibig sa salapi subalit wala ni kusing; ang iba naman ay may malaking kayamanan ngunit hindi umiibig sa salapi. Ginagamit lamang nila ito.

Ipinakita sa Deuteronomio 8:18 ang tunay na layunin ng kaunlaran sa pananalapi. Kausap ng Diyos ang mga Israelita, na malapit nang pumasok sa Lupang Pangako at mararanasan ang kayamanan at kasaganaan sa paraang hindi pa nila naranasan kailanman. Sinabi Niya sa kanila ang ganito, *Kundi iyong aalalahanin ang Panginoon mong Dios, sapagka't siya ang nagbigay sa iyo ng kapangyarihan upang magkaroon ka ng kayamanan; upang kaniyang papagtibayin ang kaniyang tipan na kaniyang isinumpa sa iyong mga magulang, gaya nga sa araw na ito*. Ayon sa talatang ito ng Kasulatan, ang layunin ng kaunlaran ay hindi upang magkaroon ng kasaganaan ng mga bagay para sa pansarili o personal na layunin, ngunit upang maitatag mo ang layunin ng Diyos dito sa lupa. Sa madaling salita, pagpapalain ka ng Diyos upang ikaw ay maging pagpapala sa iba. Sa Genesis 12:2 sinabi ng Diyos kay Abraham ang ganito, *At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang kapalaran*. Bago ka maging pagpapala sa iba, kailangan mong pagpapalain ang sarili mo.

Kailangan mo ng ilang mga bagay at may mga tiyak na pangangailangan na gustong matugunan ng Diyos, ngunit ito ay higit pa sa isang makasariling bagay. Gusto kang paunlarin ng Diyos upang dumaloy sa iyo ang salapi at sa pamamagitan mo ay mapagpala ang ibang tao. Sinabi sa 2 Corinto 9:8, *Kaya ng Diyos na pagkalooban kayo ng masaganang pagpapala sa lahat ng bagay, upang maging masagana kayo sa lahat ng uri ng mabuting gawa, habang pinupunan ang lahat ng inyong mga pangangailangan sa tuwina*. Ito’y nagsasabi kung bakit nais ng Diyos na ikaw ay paunlarin , upang ikaw ay sumagana sa bawat mabuting gawa. Ito ay tulad ng isang espirituwal na kahulugan ng kasaganaan. Ano ang kasaganaan? Ito ba’y ang pagkakaroon ng magandang bahay, magarang sasakyan, magandang damit, masarap na pagkain? Ayon sa bersikulong ito, ito ay ang pagkakaroon ng sapat upang matugunan ang iyong pangangailangan at maging masagana sa bawat mabuting gawa. Kung sinabi ng Diyos sa iyong magbigay ka sa isang tao o organisasyon o simbahan at hindi mo kaya, sa makatuwid ay hindi ka maunlad o mayaman sa salapi katulad ng kahulugan na ibinigay ng Bibliya. Sabi ng Diyos ay pagpapalain ka Niya sa antas na lahat ng iyong mga pangangailangan ay matutugunan, at ikaw ay magiging masagana sa mabubuting gawa.

Ang tunay na biblical na kaunlaran ay hindi lamang para matugunan ang iyong mga pansariling pangangailangan, kundi upang maging pagpapala ka sa iba. Makasarili o maramot ang taong nag-iisip lamang ng kanyang buhay. Kung may magsasabi na “naniniwala ako sa Diyos na pagpapalain Niya ako ng higit sa aking pangangailangan,” iispin ng iba na siya ay sakim o makasarili, subalit ito’y depende sa motibo ng tao. Kung ang motibo mo ay upang magkaroon ng magarang sasakyan o mas malaking bahay, ito ay hindi naaayon sa Kasulatan. Subalit kung ang motibo mo ay upang maging pagpapala sa iba, ito ang pag-uugaling nais ng Diyos. Ibig ng Diyos na ikaw ka ay umunlad. Kalooban Niya na masagana ang iyong pananalapi.

Tinalakay sa Mateo 6 ang mga bagay na kailangan natin at sinabi na kung pagsikapan muna ninyong matagpuan ang kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran, at ang lahat ng bagay na ito ay idaragdag sa inyo. Habang sinisimulan mong unahin ang Diyos, ibibigay Niya ang lahat ng mga bagay na ito. Ang lahat ng iyong pangangailangan ay matutugunan, at ikaw ay magiging pagpapala sa iba. Gustong paunlarin ng Diyos ang iyong pananalapi, subalit nakabatay ang lahat ng ito sa iyong motibo at mga gawa o kilos.

Dalangin ko na ito’y humamon sa iyo, at ngayon magsisimula kang maniwala sa Diyos para sa Kanyang pinakamahusay, na para ikaw ay umunlad.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang 2 Corinto 8:7-8. Ano ang pinatutunayan mo kapag ikaw ay nagbibigay ng tulong sa nangangailangan?

2 Corinto 8:7-8 *Ngunit kung paanong kayo'y sumasagana sa lahat ng bagay, sa pananampalataya, sa pananalita, sa kaalaman, sa kasabikang tumulong, at sa inyong pag-ibig sa amin, sikapin din ninyo na kayo ay sumagana sa biyaya ng pagbibigay. [8] Hindi sa inuutusan ko kayo, ngunit nais kong subukin ang katapatan ng inyong pag-ibig sa pamamagitan ng kasabikan ng iba na tumulong.*

2. Basahin ang 2 Corinto 8:13-14. Ano ang resultang nais makita ng Diyos kapag tayo ay nagsama-sama para magbigay?

2 Corinto 8:13-14 *Hindi sa nais kong guminhawa ang iba at kayo naman ay mabigatan, kundi upang magkaroon ng pagkakapantay-pantay. Sa kasalukuyang panahon, ang inyong kasaganaan ang tutustos sa kanilang pangangailangan, upang balang araw ang kanilang kasaganaan naman ang tutustos sa inyong pangangailangan, sa gayon ay magkakaroon ng pagkakapantay-pantay.*

3. Basahin ang 2 Corinto 8:13-14. Paano matutugunan ang pangangailangan ng lahat?

2 Corinto 8:13-14 *Hindi sa nais kong guminhawa ang iba at kayo naman ay mabigatan, kundi upang magkaroon ng pagkakapantay-pantay. [14] Sa kasalukuyang panahon, ang inyong kasaganaan ang tutustos sa kanilang pangangailangan, upang balang araw ang kanilang kasaganaan naman ang tutustos sa inyong pangangailangan, sa gayon ay magkakaroon ng pagkakapantay-pantay.*

4. Basahin ang Efeso 4:28. Ang isang magnanakaw ay dapat tumigil sa pagnanakaw, at halip ay magsimulang magtrabaho at maghanapbuhay. Ano ang sinasabi ng Efeso 4:28 na kailangan nilang gawin?

Efeso 4:28 *Ang nagnanakaw ay tumigil na sa pagnanakaw, sa halip ay magtrabaho siya at gumawa ng mabuti sa pamamagitan ng kanyang sariling mga kamay, upang mayroon siyang maibigay sa nangangailangan.*

5. Basahin ang Genesis 13:2 at 12:2. Mapagkakatiwalaan ng Diyos si Abraham ng kayamanan dahil hindi lamang iniisp ni Abraham ang kanyang sarili kundi siya'y ...? sa iba.

Genesis 13:2 *At si Abram ay totoong mayaman sa hayop, sa pilak, at sa ginto.*

Genesis 12:2 *At gagawin kitang isang malaking bansa, at ikaw ay aking pagpapalain, at padadakilain ko ang iyong pangalan; at ikaw ay maging isang pagpapala.*

6. Basahin ang 1 Timoteo 6:17-18. Ano ang 3 bagay na dapat gawin ng mayaman sa kanyang salapi?

1 Timoteo 6:17-18 *Utusan mo ang mayayaman sa kapanahunang ito na huwag silang magmataas o magtiwala sa kayamanang lumilipas at pansamantala lamang. Sa halip ay magtiwala sila sa Diyos na masaganang nagkakaloob ng lahat ng bagay para sa ating kasiyahan. [18] Turuan mo silang gumawa ng kabutihan at maging mayaman sa mabuting gawa, maging bukas-palad at namamahagi sa nangangailangan.*

7. Mapagkakatiwalaan ka ba ng Diyos pagdating sa pananalapi?

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang 2 Corinto 8:7-8. Ano ang pinatutunayan mo kapag ikaw ay nagbibigay ng tulong sa nangangailangan?
Na ang iyong pag-ibig ay tunay.
2. Basahin ang 2 Corinto 8:13-14. Ano ang resultang nais makita ng Diyos kapag tayo ay nagsama-sama para magbigay?
Pagkakapantay-pantay, dapat ibigay ng lahat ang kanilang makakaya.
3. Basahin ang 2 Corinto 8:13-14. Paano matutugunan ang pangangailangan ng lahat?
Sa pagbibigay ng iyong makakayanan, kung kailan mo kayang magbigay.
4. Basahin ang Efeso 4:28. Ang isang magnanakaw ay dapat tumigil sa pagnanakaw, at halip ay magsimulang magtrabaho at maghanapbuhay. Ano ang sinasabi ng Efeso 4:28 na kailangan nilang gawin?
Tumulong sa mahihirap o nangangailangan.
5. Basahin ang Genesis 13:2 at 12:2. Mapagkakatiwalaan ng Diyos si Abraham ng kayamanan dahil hindi lamang iniisp ni Abraham ang kanyang sarili kundi siya'y ...? sa iba.
Pagpapala.
6. Basahin ang 1 Timoteo 6:17-18. Ano ang 3 bagay na dapat gawin ng mayaman sa kanyang salapi?
Gumawa ng mabuti, bukas-palad na pagtulong sa mga nangangailangan, ibahagi sa iba ang anumang bigay ng Diyos sa kanila.
7. Mapagkakatiwalaan ka ba ng Diyos pagdating sa pananalapi?

ARALIN 15

PANANALAPI – Part 2

Isinulat ni Andrew Wommack

Sa huling aralin, ipinaliwanag ko na kalooban ng Diyos na umunlad ka o sumagana sa buhay pagdating sa pananalapi. May mga susi kung paano ito’y makakamtan. Nagsasabi ng ganito ang Lucas 6:38, *Magbigay kayo at kayo ay bibigyan. Husto ang sukat, siksik, liglig at umaapaw ang ilalagay nila sa inyong kandungan. Sapagkat ang panukat na ginamit ninyo ang siya ring gagamiting panukat sa inyo.* Maraming mga prinsipyo ang sangkot, ngunit hindi natin maaaring pag-usapan ang tungkol sa kaunlaran nang hindi pinag-uusapan ang pagbibigay. Maaari mong ibigay ang isang pirasong damit. Ang lahat ay may ibibigay, kaya kalimutan mo ang ganitong argumento na wala kang ibibigay.

Kapag pinag-uusapan ang pag-unlad sa pananalapi o pagyaman, marami ang nagsasabi ng ganito, “Sige, gusto akong payamanin ng Diyos, pero wala akong maibigay.” Makikita natin sa Bibliya kung saan binanggit ni Hesus ang kwento ng isang balo na naglagay ng kanyang kahuli-hulihang 2 kusing bilang kanyang alay o handog sa simbahan. Pinagmamasdan Niya ang mga mayayaman na naghahandog ng malalaking halaga, subalit tinawag Niya ang Kanyang mga disipulo at sinabing ang babaeng ito ay naghandog ng higit sa mga mayayaman. Sinabi Niya ito dahil sila ay nagbigay galing sa kanilang kasaganaan, ngunit ang babae ay nagbigay mula sa kanyang kasalatan o kahirapan. Hindi sinusuri ng Diyos ang laki ng iyong regalo o handog sa pamamagitan ng halaga ng pera kundi sa porsiyento ng kung ano ang dapat mong ibigay. Pag sinabi ng tao, “Wala akong kahit anong maibibigay,” hindi totoo ito. Sa totoo lang, sa oras na tila wala kang anumang bagay na maibibigay ay kadalasang ito ang panahon na higit na malaking porsiyento ang kaya mong ibigay. Ang isang tao na mayroong 10 dolyar at nagbigay ng 5 dolyar ay naghandog ng higit pa sa isang tao na nagbigay ng 1 milyong dolyar subalit mayroon pa siyang bilyun-bilyong natitira. Itinakda ito ng Diyos upang ang bawat tao ay makapagbibigay.

Bakit sinabi ng Diyos na magbigay tayo? Maraming dahilan, isa sa pangunahing layunin ay nais ng Diyos na magtiwala tayo sa Kanya sa lahat ng larangan ng ating buhay. Kung walang Diyos, at kung ang Salita Niya ay walang katotohanan nang sabihin Niyang, *“Magbigay, at ito’y ibibigay sa iyo,”* ang pagkuha ng isang bahagi ng kung ano ang mayroon ka at ibigay sa iba ay ang pinaka-hangal na bagay na maaari mong gawin. Sa halip na sumulong ka sa layunin na matugunan ang lahat ng iyong mga pangangailangan, lumalayo ka rito kung hindi nangako ang Diyos na pagpapalain ka. Kailangan ng pananampalataya upang makapagbigay sa paraan na itinalaga ng Diyos, at iyon ang dahilan kung bakit Niya sinabing gawin mo ito sa pamamaraan na itinakda Niya.

ARALIN 15

Sa Lucas 16 may isang parabula tungkol sa isang tagapamahala na dinadaya o niloloko ang kanyang amo, na humantong sa ganito: Kung hindi ka naging tapat sa hindi matuwid na *mammon* (tinutukoy dito ay salapi o pera), sino ang magtatalaga ng tunay na yaman sa iyo? Kung hindi mo pinaniwalaan ang Diyos sa maliit na bagay, tungkol sa salapi o pera, paano mo makakamtan ang higit na mahalagang bagay, na may espirituwal na halaga o importansiya? Ang Kasulatang tulad nito ay nagpapahayag na ang pera ay isa sa pinakamababang antas ng pangangasiwa. Kung hindi mo kayang pagkatiwalaan ang Diyos hinggil sa iyong pananalapi, paano mo Siya pagkatiwalaan tungkol sa iyong walang hanggang tadhana? Paano mo lubusang paniniwalaan si Hesus na pinatawad Niya ang kasalanan mo at ikaw ay makakasama Niya magpasawalang hanggan sa langit?

Habang ipinapako si Hesus, nagawa Niyang lumingon sa mga taong gumagawa nito sa Kanya at nagsabi, “Ama, patawarin Mo sila, sapagkat hindi nila alam ang kanilang ginagawa.” Hindi Niya kinontrol ang mga taong gumagawa nito sa halip kinontrol Niya ang Kanyang sarili. Ang pagiging makasarili ang nagtutulak sa atin upang magalit. Hindi dumating sa lupa si Hesus para sa Kanyang sarili, kundi dahil sa labis Niyang pag-ibig sa mga tao, kaya Siya naparito. Naisip Niya ang Kanyang ina habang Siya ay nakapako sa krus at sinabi sa isa Niyang disipulo na alagaan siya. Ang dahilan kung bakit si Hesus ay nakapagpatawad at nagawang mahal in ang pumako sa Kanya sa krus – sa gitna ng masidhing paghihirap, kawalan ng katarungan, at lahat ng bagay na Kanyang naranasan – ay dahil sa hindi Siya makasarili. Kung ikukumpara, ang mga espirituwal na bagay na sinasabing pinaglalaanan natin ng ating pananampalataya sa Panginoon ay mas mahalaga kaysa sa pera. Sinasabi sa Kawikaan 11:24 na may iba na nagbibigay ng higit sa kailangan, subalit sila ay umuunlad, may iba naman na nagtatago ng kanilang yaman, na nagiging sanhi ng kahirapan na loob nila.

Kung hahanapin mo muna ang kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran, idaragdag Niya sa iyo ang lahat ng mga bagay na ito. Kung sinasabi mo na gusto mong tulungan ka ng Diyos sa iyong pananalapi, at ikaw ay nananalangin-subalit hindi mo inuunang hanapin ang Kanyang kaharian, at hindi ka humahakbang na may pananampalataya, hindi mo Siya pinagkatiwalaan sa iyong pananalapi, at hindi ka nagbibigay- hindi ka tunay na nagtitiwala sa Kanya.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Juan 3:16. Ano ang nag-udyok sa Diyos para Siya ay magbigay?

Juan 3:16 *Sapagkat ganoon inibig ng Diyos ang sanlibutan, kaya ipinagkaloob niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.*

2. Basahin ang 1 Corinto 13:3. Ano dapat ang mag-uudyok o motibasyon sa ating pagbibigay?

1 Corinto 13:3 *Kahit ipamigay ko pa ang lahat ng aking ari-arian, at ibigay ko ang aking katawan upang sunugin,[a] ngunit wala naman akong pag-ibig, wala itong pakinabang sa akin.*

3. Basahin ang Santiago 2:15-16. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng bersikulong ito.

Santiago 2:15-16 *Halimbawang ang isang kapatid ay walang maisuot at walang makain sa araw-araw, [16] at ang isa sa inyo ay magsabi sa kanya, “Pagpalain ka ng Diyos; magbihis ka't mabusog,” ngunit hindi naman ninyo ibinibigay ang mga kailangan ng kanyang katawan, ano'ng pakinabang niyon?*

4. Basahin ang Lucas 6:38. Ano ang sinasabi ng bersikulong ito sa iyo?

Lucas 6:38 *Magbigay kayo at kayo ay bibigyan. Husto ang sukat, siksik, liglig at umaapaw ang ilalagay nila sa inyong kandungan. Sapagkat ang panukat na ginamit ninyo ang siya ring gagamiting panukat sa inyo.*

5. Basahin ang Efeso 1:7. Nagbigay ba ang Diyos ng Kanyang kayamanan o ayon sa Kanyang kayamanan? Ipaliwanag ang pagkakaiba.

Efeso 1:7 *Sa kanya'y nakamtan natin ang katubusan sa pamamagitan ng kanyang dugo, na siyang kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng kanyang biyaya,*

6. Basahin ang Kawikaan 19:17. Kapag ikaw ay nagbibigay sa mahihirap o mga dukha, ano ang iyong ginagawa? Ibabalik bang muli ng Diyos sa iyo ang ibinigay mong tulong?

Kawikaan 19:17 *Ang naaawa sa dukha ay nagpapautang sa Panginoon, at ang kaniyang mabuting gawa ay babayaran sa kaniya uli.*

7. Basahin ang Mga Awit 41:1-3. Ano ang 5 bagay na ginagawa ng Diyos sa mga nagbibigay sa

ARALIN 15

mga mahihirap o dukha?

Mga Awit 41:1-3 *Mapalad siya na nagpapakundangan sa dukha: ililigtas siya ng Panginoon sa panahon ng kaligaligan. [2] Pananatilihin siya, at iingatan siyang buhay ng Panginoon, at siya'y pagpapalain sa ibabaw ng lupa; at huwag mong ibigay siya sa kalooban ng kaniyang mga kaaway. [3] Aalalayan siya ng Panginoon sa hiligan ng panghihina: iyong inaayos ang buo niyang higaan sa kaniyang pagkakasakit.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Juan 3:16. Ano ang nag-udyok sa Diyos para Siya ay magbigay?
Ang Kanyang pag-ibig.
2. Basahin ang 1 Corinto 13:3. Ano dapat ang mag-uudyok o motibasyon sa ating pagbibigay?
Pag-ibig; ang unahin ang kapakanan at benepisyo ng iba anuman ang ating nadarama.
3. Basahin ang Santiago 2:15-16. Ipaliwanag ang ibig sabihin ng bersikulong ito.
95% ng lahat ng uri ng pag-ibig ay hindi binibigkas (non-verbal). Hindi sa mga salitang ating binigkas kundi sa mga bagay na ating ginagawa.
4. Basahin ang Lucas 6:38. Ano ang sinasabi ng bersikulong ito sa iyo?
Kung anuman ang panukat na ginamit mo sa iyong pagbibigay (maliit o malaki), ito rin ang gagamitin sa iyo.
5. Basahin ang Efeso 1:7. Nagbigay ba ang Diyos ng Kanyang kayamanan o ayon sa Kanyang kayamanan? Ipaliwanag ang pagkakaiba.
Ayon sa Kanyang kayamanan, ibinigay Niya ang lahat para tubusin tayo, ang Kanyang bugtong na Anak.
6. Basahin ang Kawikaan 19:17. Kapag ikaw ay nagbibigay sa mahihirap o mga dukha, ano ang iyong ginagawa?
Nagpapautang sa Diyos.
Babayaran o ibalik bang muli ng Diyos sa iyo ang ibinigay mong tulong?
Oo.
7. Basahin ang Mga Awit 41:1-3. Ano ang 5 bagay na ginagawa ng Diyos sa mga nagbibigay sa mga mahihirap o dukha?
Ililigtas sila sa panahon ng kabagabagan. Pinoprotektahan sila. Binibigyan sila ng kasaganaan. Ililigtas sa kanilang mga kaaway. Pinagagaling sila; inaalagaan sila upang manumbalik ang kanilang kalusugan.

ARALIN 16

ANO ANG GAGAWIN KAPAG ANG IYONG MGA PANALANGIN AY TILA HINDI SINASAGOT

Isinulat ni Andrew Wommack

Ibig kong ibahagi sa iyo kung ano ang dapat gawin kapag ang mga panalangin mo ay tila ba hindi sinasagot, gusto kong bigyang diin ang katotohanan na ang mga panalangin mo ay “tila” ba hindi sinasagot. Ang totoy ay laging sumasagot, laging sumasagot ang Diyos sa anumang panalangin na naaayon sa Kanyang Salita na may kalakip na pananampalataya. Sa 1 Juan 5:14-15, *At ito ang katiyakang taglay natin sa kanya: kung anuman ang hihilingin natin ayon sa kanyang kalooban, pinakikinggan niya tayo. [15] At kung alam nating pinakikinggan niya tayo sa anumang hinihiling natin, nakatitiyak na tayo na tatanggapin natin ang hiniling natin mula sa kanya.* Iyon ay isang malaking pagtitiwala. Laging sinasagot ng Diyos ang panalangin, ngunit tila ba hindi ito sinagot. Sinasabi sa Mateo 7:7-8, *Hingin ninyo at ibibigay sa inyo. Hanapin ninyo at matatagpuan ninyo. Tumuktok kayo at kayo'y pagbubuksan. [8] Sapagkat ang bawat humihingi ay makatatanggap; at ang bawat humahanap ay makatatagpo; at pagbubuksan ang bawat tumutuktok.* Ang mga bersikulong ito ay nagsasabing sinasagot ng Diyos ang mga panalangin natin. Gayunpaman ang bawat isa sa atin ay maaaring mag-isip ng isang oras sa ating buhay na humingi tayo ng isang bagay na pinaniniwalaan nating tama, magandang bagay, hindi makasarili o sa labas ng kalooban ng Diyos, ngunit hindi natin nakita ang sagot.

Ang sabi ng Salita ng Diyos, ikaw ay humingi, at ito ay ibibigay sa iyo. Subalit naranasan natin ang humingi ngunit hindi natin natanggap. Ano ba ang totoo? Ang sagot ay maaaring ikagulat mo, ngunit ang katotohanan ay malamang na pareho. Karamihan ay mag-iisip ng ganito, “Hintay muna, ang sabi sa Salita ng Diyos na Siya ay sasagot, bakit hindi ko nakita ang kasagutan?” Sa Juan 4:24 sinabi ang ganito, *Ang Diyos ay espiritu, at ang mga sumasamba sa kanya ay dapat sumamba sa espiritu at katotohanan.* Kumikilos ang Diyos sa espiritwal na kaharian upang sagutin ang ating mga panalangin, ngunit kailangan ang ating pananampalataya upang mahayag ito. Ang pananampalataya ang kumukuha ng mga bagay sa espiritwal na mundo at inililipat sa pisikal na mundo. Ito talaga ang sinasabi ng Hebreo 11:1, *Ngayon, ang pananampalataya ay pagiging tiyak sa mga bagay na inaasahan at paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita.* Hindi nito sinasabi na ang pananampalataya ay katibayan ng mga bagay na wala o hindi nakikita. Ang mga bagay na tinutukoy ay nandito, ngunit hindi natin nakikita, nasa espiritwal na kaharian ang mga ito. Ang pananampalataya ay umaabot sa espiritwal na kaharian at dinadala ang mga bagay na iyon sa mundo ng pisikal kung saan nakikita natin ang mga ito.

ANO ANG GAGAWIN KAPAG ANG IYONG MGA PANALANGIN AY TILA HINDI SINASAGOT

Para lang itong *signal* sa radyo. Ang telebisyon at radyo ay nagsasahimpapawid ng tuloy-tuloy. Maaaring nasa isang silid ka na hindi mo naririnig o nakikita ang *signal*, ngunit hindi ibig sabihin nito na walang *signal* dito. Kailangan mong buksan ang radyo at ipihit ang *frequency* sa gusto mong marinig o pakinggan. Pagkatapos ay hinihila ng radyo ang *signal* mula sa himpapawid na hindi mo nauunawaan at muling ibinabalita ang mga ito kung saan maari mong marinig ang mga balita gamit ang iyong tainga. Tumutugon ang Diyos ng mga panalangin sa kaperahong paraan: Binibigay Niya ang mga bagay sa espiritwal na kaharian, at sa pamamagitan ng pananampalataya, kailangan mong abutin ang mga bagay na ito at dalhin sa pisikal na kaharian o mundo kung saan makikita mo sila. Ang pisikal at espiritwal na mundo o kaharian ay gumagalaw na magkatulad sa isa't isa. Kumikilos at sumasagot ang Diyos sa mga panalangin, ngunit maaaring hindi mo ito makita sa pisikal maliban kung hahayaan mo ang pananampalataya na maging tulay sa agwat sa pagitan ng hindi nakikitang kaharian at ng pisikal na mundong ating ginagalawan.

Halimbawa, si Daniel, isang maka-Diyos na lalaki, ay nanalangin at humihingi ng kapahayagan sa Diyos. Pinadala ng Diyos ang anghel na si Gabriel, upang magpakita kay Daniel at sagutin ang kanyang panalangin. Sinabi sa Daniel 9:22-23, *At kaniya akong tinuruan, at nakipagsalitaan sa akin, at nagsabi, Oh Daniel, ako'y lumabas ngayon upang bigyan ka ng karunungan at kaunawaan. [23] Sa pasimula ng iyong mga samo ay lumabas ang utos, at ako'y naparito upang saysayin sa iyo; sapagka't ikaw ay totoong minahal: kaya't gunitain mo ang bagay, at unawain mo ang pangitain.* Narito ang punto: Sinabi ni Gabriel na sa umpisa pa lamang na manalangin si Daniel, ang utos ng Diyos ay dalhin ang sagot sa kanya. Kung babasahin mo kung gaano katagal bago makuha ang sagot, ito'y mga 3 minuto, 3 minutong pagitan sa utos ng Diyos at ng pisikal na pagpapakita.

Inaakala natin na kung ang Diyos ay tunay na Diyos at kung kalooban Niya ang isang bagay, ito ay nangyayari lamang tulad ng isang kispas-mata; hindi ito totoo. Sa pagkakataong ito, binigay ng Diyos ang utos, at umabot ng humigit-kumulang ng 3 minuto para maabot ni Gabriel ang distansyang iyon. Ang punto ko ay mula sa oras na ibinigay ng Diyos ang utos, mayroong humigit-kumulang sa 3 minutong palugit bago nahayag ang kasagutan sa pisikal. Ngayon, kung ganito lamang kahaba ang ating hihintayin para sa sagot sa ating panalangin, karamihan sa atin ay kakapit ng mahigpit hanggang sa matanggap ang sagot, ngunit hindi laging ganito ang nangyayari.

Sa Daniel 10 makikita natin na nanalangin muli si Daniel, at sa pagkakataong ito umabot ng 3 linggo bago dumating ang sagot. Marami sa makakabasa nito ay magsasabi, “Bakit sinagot ng Diyos ang unang dalangin sa loob ng 3 minuto at ang pangalawa ay 3 linggo?” Mababasa sa Daniel 10: 11-12, *At sinabi niya sa akin, Oh Daniel, ikaw na lalaking minamahal na mainam, unawain mo ang mga salita na aking sinasalita sa iyo, at tumayo kang matuwid; sapagka't*

ARALIN 16

sa iyo'y sinugo ako ngayon. At ng kaniyang masalita ang salitang ito sa akin, ako'y tumayo na nanginginig. [12] Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Huwag kang matakot, Daniel; sapagka't mula nang unang araw na iyong ilagak ang iyong puso na makaunawa, at magpakababa sa harap ng iyong Dios, ang iyong mga salita ay dininig: at ako'y naparito alangalang sa iyong mga salita. Ipinapakita nito na inutusan ng Diyos ang sugo sa unang araw na nanalangin si Daniel. Inabot ng 3 linggo bago dumating ang sagot sa panalangin, ngunit tapat ang Diyos. Sinabi sa Hebreo 13:8, Si Jesu-Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

Kung pagsasamahin natin ang kabanata 9 at 10, naniniwala ako na agad sinagot ng Diyos ang 2 panalangin. Ang isa sa loob ng 3 minuto at ang isa sa loob ng 3 linggo, ngunit hindi ang Diyos ang dahilan. Ito ang punto: Sinasagot ng Diyos ang ating mga panalangin. May mga pangyayari sa pagitan ng oras na sinasagot Niya ang mga panalangin at makikita mo ang sagot sa pisikal. Kailangan mong maniwala; kailangang abutin ng pananampalataya mo ang espiritwal na kaharian o mundo upang makita ang sagot sa pisikal. Kaya ang pananampalataya ay isa sa kritikal na sangkap.

Makikita rin sa 13 bersikulo ng Daniel 10 ang ganito, *Nguni't ang prinsipeng ng kaharian ng Persia ay nakipagpunyagi sa akin na dalawang pu't isang araw; nguni't, narito, si Miguel ay isa sa mga punong prinsipeng, dumating upang tulungan ako: at ako'y natira doon na kasama ng mga hari sa Persia.* Ang tinutukoy nito ay hindi tao kundi isang hadlang ng demonyo. Ang diablo ay isang dahilan sa prosesong ito. Sumasagot ang Diyos sa ating mga panalangin, ngunit hinahadlangan ng diablo sa pamamagitan ng ibang tao. Gumagamit siya ng tao. Halimbawa, kung ikaw ay humihingi ng salapi o pera, hindi personal na ibibigay ng Diyos ang pera sa iyo. Hindi gagawa ng huwad na salapi ang Diyos at ilalaglag sa lupa na parang ulan na nagmula sa langit, at ilalagay sa iyong bulsa. Sinabi sa Lucas 6:38, *Magbigay kayo at kayo ay bibigyan. Husto ang sukat, siksik, liglig at umaapaw ang ilalagay nila sa inyong kandungan.* Kikilos at sasagutin ng Diyos ang iyong panalangin, ngunit gagamit ng tao ang Diyos, magmumula sa tao ang kasagutan. Ang ibang tao ay sadyang sakim, kung sila ay galit sa iyo o nasasaktan mo sila, gagamitin ng diablo ito para mahadlangan ang sagot sa dalangin mo. Kung ikaw ay mananalangin tungkol sa salapi o pera, dapat mong kilalanin na ang ibang tao ay maaaring bahagi ng milagro, at kailangan mo silang ipagdasal.

Tapat ang Diyos. Hindi kailanman nagkulang ang Diyos sa pagsagot sa panalangin batay sa Kanyang Salita at nanalangin nang may pananampalataya. Laging nagbibigay ang Diyos, subalit baka hindi mo makita ang sagot sa pisikal dahil may mga ibang dahilan. Umaasa akong makakatulong itong mapalago ang iyong pananampalataya at malaman mong laging sumasagot ang Diyos.

ANO ANG GAGAWIN KAPAG ANG IYONG MGA PANALANGIN AY TILA HINDI SINASAGOT

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Mateo 7:7-8. Ano ang pwede nating asahan mula sa Diyos kung tayo ay hihingi?

Mateo 7:7-8 *Hingin ninyo at ibibigay sa inyo. Hanapin ninyo at matatagpuan ninyo. Tumuktok kayo at kayo'y pagbubuksan.*

2. Basahin ang Mateo 7:7-8. Kung hahanapin natin ang Diyos, ano ang ating aasahan?

Mateo 7:7-8 *Hingin ninyo at ibibigay sa inyo. Hanapin ninyo at matatagpuan ninyo. Tumuktok kayo at kayo'y pagbubuksan.*

3. Basahin ang Mateo 7:7-8. Kung tayo ay kakatok, ano ang aasahan natin?

4. Basahin ang Juan 10:35. May ibibigay ba ang Diyos na mas mababa sa Kanyang ipinangako?

Juan 10:35 *Kung ang mga dinatnan ng salita ng Diyos ay tinawag na mga 'diyos', at ang kasulatan ay hindi mapapawalang bisa.*

5. Basahin ang Santiago 4:1-3. Bakit hinadlangan ang mga tao sa pagtanggap sa Diyo?

Santiago 4:1-3 *Ano ba ang sanhi ng inyong mga alitan at pag-aaway? Hindi ba't ang mga ito'y dahil sa inyong mga layaw na naglalaban-laban sa loob ng inyong pagkatao? [2] Naghahangad kayo ngunit hindi mapasainyo. Kaya't pumapatay kayo. Hindi ninyo makuha ang mga bagay na hinahangad ninyo kaya kayo'y nagkakagalit at naglalaban-laban. Hindi ninyo makuha ang inyong hinahangad dahil hindi kayo humihingi sa Diyos. [3] Kung humingi man kayo, hindi rin ninyo matatanggap sapagkat hindi tama ang inyong layunin. Humihingi kayo upang gamitin sa inyong kalayawan.*

6. Basahin ang 1 Pedro 3:7. Kung minimaltrato mo ang iyong asawa, ano ang magiging resulta sa iyong buhay panalangin?

1 Pedro 3:7 *Sa gayunding paraan, kayong mga lalaki, unawain ninyo at pakitunguhan nang may paggalang ang inyong asawa, tulad sa mas mahinang kasangkapan. Sila'y inyong kapwa tagapagmana sa kaloob na walang hanggang buhay. Gawin ninyo ito at walang magiging sagabal sa inyong mga panalangin.*

7. Basahin ang 1 Juan 5: 14-15. Ano ang susi upang ang iyong mga panalangin ay masagot?

ARALIN 16

1 Juan 5:14-15 *At ito ang katiyakang taglay natin sa kanya: kung anuman ang hihilingin natin ayon sa kanyang kalooban, pinakikinggan niya tayo. [15] At kung alam nating pinakikinggan niya tayo sa anumang hinihiling natin, nakatitiyak na tayo na tatanggapin natin ang hiniling natin mula sa kanya.*

8. Basahin ang Marcos 11:24. Kapag ikaw ay nanalangin, ano ang dapat mong gawin?

Marcos 11:24 *Kaya't sinasabi ko sa inyo, anuman ang hingin ninyo sa inyong panalangin, paniwalaan ninyong tinanggap na ninyo at mangyayari nga iyon sa inyo.*

ANO ANG GAGAWIN KAPAG ANG IYONG MGA PANALANGIN AY TILA HINDI SINASAGOT

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Mateo 7:7-8. Ano ang pwede nating asahan mula sa Diyos kung tayo ay hihingi?
Maaasahan nating ito'y ibibigay.
2. Basahin ang Mateo 7:7-8. Kung hahanapin natin ang Diyos, ano ang ating asahan?
Hanapin.
3. Basahin ang Mateo 7:7-8. Kung tayo ay kakatok, ano ang asahan natin?
Tayo ay pagbubuksan.
4. Basahin ang Juan 10:35. May ibibigay ba ang Diyos na mas mababa sa Kanyang ipinangako?
Wala/hindi.
5. Basahin ang Santiago 4:1-3. Bakit hinadlangan ang mga tao sa pagtanggap sa Diyo?
Ang motibo ng kanilang mga puso ay masama o mali. Pansarili lamang nila ang lahat. Pagkamakasarili ang kanilang motibo.
6. Basahin ang 1 Pedro 3:7. Kung minamaltrato mo ang iyong asawa, ano ang magiging resulta sa iyong buhay panalangin?
Mahahadlangan ang iyong mga panalangin.
7. Basahin ang 1 Juan 5: 14-15. Ano ang susi upang ang iyong mga panalangin ay masagot?
Humingi ng naaayon sa kanyang kalooban.
8. Basahin ang Marcos 11:24. Kapag ikaw ay nanalangin, ano ang dapat mong gawin?
Maniwala ka na matatanggap mo at ito'y iyong makakamit.

**PAGPAPALAGANAP NG EBANGHELYO SA PAMAMAGITAN
NG PAGDIDISIPULO**

(DISCIPLESHIP EVANGELISM O DE)



ANTAS 3

NILALAMAN

1. ANG BANAL NA PAGDALOY	3-200
2. GINAGAMIT ANG MGA KALOOB UPANG MAGLINGKOD O MAGMINISTERYO	3-206
3. ANG MGA HIMALA AY LUMULUWALHATI SA DIYOS	3-217
4. ANG KAPANGYARIHAN NG MAKA-DIYOS NA RELASYON	3-225
5. PAG-UUSIG	3-229
6. ANG HARI AT ANG KANYANG KAHARIAN	3-235
7. ANG LAYUNIN NG PANANAMPALATAYANG NAGLILIGTAS	3-244
8. ANG WASTONG PAGGAMIT NG BATAS NG DIYOS	3-249
9. HINDI SA ILALIM NG BATAS, KUNDI SA ILALIM NG BIYAYA	3-256
10. WALA NANG KAMALAYAN NG KASALANAN	3-262
11. MINAMAHAL AKO, MAGANDA AKO	3-269
12. ANG BUNGA NG KALIGTASAN - PART 1	3-275
13. ANG BUNGA NG KALIGTASAN- PART 2	3-283
14. ANG TAWAG SA PAGIGING DISIPULO	3-289
15. PAANO GAMITIN ANG IYONG PATOTOO	3-297
16. GINAGAMIT NG LAHAT ANG MGA KALOOB UPANG MANDISIPULO	3-305

ARALIN 1

ANG BANAL NA PAGDALOY

Isinulat ni Andrew Wommack

Maaari mong simulang padaluyin ang Diyos sa pamamagitan mo upang makapaglingkod o makapagministeryo ka sa iba. Nasa iyo ang kapangyarihan at pagpapahid (anointing) ng Diyos, ngunit paano mo ito maipahahayag sa ibang tao? May mga bilang ng Banal na Kasulatan na maaari nating simulan. Sa Filemon 6, ang dalangin ni Pablo, *Idinadalangin kong ang pamamahagi mo ng iyong pananampalataya ay maging mabisa upang lubos mong maunawaan ang mga kabutihang dulot ng ating pakikipag-isa kay Cristo*. Ang unang hakbang upang dumaloy ang kapangyarihan ng Diyos sa iyo ay kilalanin mo ang mga mabubuting bagay na nasasa iyo. Hindi mo maibabahagi ang bagay na wala sa iyo, ngunit sa oras na malaman mo kung ano ang nasa loob mo, awtomatikong magsisimulang mangyayari ang mga bagay-bagay. Magsisimula mong ibahagi sa iba ang iyong pananabik, magbibigay ka ng patotoo kung ano ang ginawa ng Diyos sa buhay mo, at awtomatikong matutulungan mo ang ibang tao.

Sa 1 Juan 4:7-8 ating mababasa, *Mga minamahal, ibigin natin ang isa't isa, sapagkat ang pag-ibig ay mula sa Diyos. Ang sinumang umiibig ay anak na ng Diyos at nakikilala niya ang Diyos. Ang sinumang hindi umiibig ay hindi nakikilala ang Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig*. Anumang oras na madama mong dumadaloy ang pag-ibig o pagmamahal buhat sa iyo patungo sa iba, ito ang pag-ibig ng Diyos na dumadaloy sa iyo para sa kanila. Mayroong 4 na pangunahing salita para sa pag-ibig sa salitang Griyego, ang pinakamataas na anyo, **agape** love, ay ang *supernatural* na uri ng pag-ibig ng Diyos. Kailangan mong kilalanin ang pagkakaiba ng pagkahumaling o pagnanais patungo sa ibang tao at ang *supernatural* at mataas na antas ng uri ng pag-ibig ng Diyos. Sa tuwing nadarama mo ang pag-ibig ng Diyos na dumadaloy mula sa iyo patungo sa iba, hindi ito nag-iisip ng para sa sariling kapakanan. Maaari mo itong patunayan sa pamamagitan ng pagbasa ng 1 Corinto 13:4-8, na nagbibigay ng mga kwalipikasyon ng uri ng pag-ibig ng Diyos. Ito'y hindi mapanibughuin, hindi makasarili, hindi mayayamutin, at iba pa. Dapat mong suriin ang tinatawag mong pag-ibig at siguraduhing ito ay talagang pag-ibig ng Diyos- hindi makasarili o pansariling kapakanan lamang ang iniisip- na hindi mo iniibig o minamahal ang tao dahil sa kung ano ang mapakikinabangan mo sa kanya. At habang ikaw ay lumalago at natututunan ang Kanyang uri ng pag-ibig, at kung maramdaman mong dumadaloy sa iyo ang pag-ibig patungo sa iba, ito'y pagkilos ng Diyos. At kapag napagtanto mong dumadaloy nga ang pag-ibig ng Diyos sa iyo para sa ibang tao, kailangan mong kumilos o magbigay ng salitang makakapagpatibay ng kanilang loob. Lakipan ito ng gawa.

Kung ako ay nananalangin at may isang tao ang biglang papasok sa aking isipan, nakakadama ako ng pagmamahal at pagmamalasakit o pakikiramay sa kanya. Wala namang dahilan upang ito ay mangyari; ito'y *supernatural*. Tatawagan ko ang taong ito, susulatan,

o aabutin ko siya sa anumang paraan. Halos sa bawat oras na mangyayari ang ganito, magsasabi sa akin ang tao ng ganito, “Iyon ay paraan ng Diyos, ginamit ka Niya upang magsalita sa akin at sa pamamagitan mo hinipo ng Diyos ang buhay ko.” Alam mo ba kung paano nangyari ito? Dahil nadama ko ang pag-ibig ng Diyos, isang maka-Diyos na pagmamalasakit na dumaloy patungo sa taong ito. Kapag ganito ang nararamdaman ko ngayon, kinikilala ko na hindi ito galing sa akin, kundi sa Diyos. Ang Diyos ay pag-ibig, at kapag iniibig ko ang iba, ito ay ang Diyos na nagpapadama ng Kanyang pag-ibig sa pamamagitan ko. Sa ganitong paraan nagmiministryo si Hesus. Mababasa sa Mateo 14:14, *Pagdating ni Jesus sa pampang at nakita niya ang napakaraming tao, naawa siya sa kanila at pinagaling niya ang mga maysakit na naroon.* Ang paraan ng pagdaloy ng kapangyarihan ni Hesus ay sa pagkaawa at pag-ibig sa mga taong miniministryohan o pinaglilingkuran Niya. Sa Mateo 8:2-3 isang lalaking may sakit na ketong, siya’y marumi at hindi maaaring hawakan ayon sa Batas ng mga Hudyo, siya ay sumigaw ng malakas mula sa kalayuan, *Panginoon, maaari mo po akong gawing malinis, kung nanaisin mo. Iniunat ni Jesus ang kanyang kamay at hinawakan ang lalaki. Sinabi niya rito, Nais ko. Maging malinis ka.* Si Hesus ay nahabag sa lalaking ketongin at Kanya itong hinawakan. Kung pag-aaralan mo ang Kasulatan, makikita mong ito ay pagkahabag, ito’y maka-Diyos na pag-ibig. Hindi lamang ito emosyon, kundi habag na may kalakip na pag-ibig o pagmamahal na dumadaloy mula sa atin.

Noong si Hesus ay nasa krus, lubos ang pag-ibig Niya sa mga tao sa paligid at nasabi Niya ito, *Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa* (Lucas 23:34). Ito ang mga taong gusto Siyang ipako sa krus, ngunit nahabag Siya sa kanila at hiniling sa Diyos na sila’y patawarin. Alam natin na hindi lamang ito emosyon-ito’y isang pagpili o desisyon. Gayunpaman, ito’y Kanyang naramdaman at piniling ipadama o iparanas ang pag-ibig Niya. Nananahan ang Diyos sa bawat isa sa inyo na *born again*. Ayon sa sinimulan nating bersikulo, 1 Juan 4:8, ang Diyos ay pag-ibig, at nais Niyang dumaloy sa pamamagitan ninyo upang maabot ninyo ang ibang tao. Upang magawa Niya ito, kailangan Niyang magpahayag ng habag o awa. Mararamdaman mo itong dumadaloy buhat sa iyo tungo sa ibang tao, at kung ganito ang nangyayari kailangan mong tumalima.

Hindi mo kailangang gumawa ng isang bagay na espesyal. Hindi rin naman laging “ito ang sinabi ng Diyos.” May pagkakataon na makakaramdam ka ng awa o habag sa iba, lapitan mo siya at akbayan at sabihing, “Mahal ka ng Diyos at mahal din kita.” Minsan nangyari ito sa akin nang ako ay muntik ng palayasin sa isang simbahan. Siniraan ako at muntik ng patayin. Nakaramdam ako ng panghihina ng loob at nagsabi, “Panginoon, anong silbi nito? Walang nagpapahalaga sa aking ginagawa.” Nakipaglaban ako sa demonyo tungkol sa nararamdaman ko, at biglang may natanggap akong tawag mula sa kaibigan. Nag-usap kami ng ilang sandali. Tinanong ko siya kung bakit siya napatawag. Sagot niya ay, “gusto ko lang sabihin sa iyo na mahal kita. Nananalangin ako at naramdaman ko ang pagmamahal ng Diyos sa iyo. Pinahahalagahan

ARALIN 1

kita.” Iyon lamang ang sinabi niya. Wala siyang nalalaman sa mga nangyayari sa buhay ko, ngunit ginamit ito ng Diyos. Naunawaan ko at naramdaman ang pagmamahal ng Diyos sa akin sa pamamagitan ng aking kaibigan. Ginamit siya ng Diyos. Ako’y nagpatuloy sa aking ministeryo at nagbago ang aking buhay.

Hindi ito kailangang malalim o magandang salita. Ang Diyos ay pag-ibig, at kapag napagtanto mong dumadaloy ang pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan mo, ito’y isang banal na pagdaloy ... ang banal na buhay ng Diyos. Kapag naramdaman mo ito, gawin o sundin mo ang iyong nararamdaman. Gumawa ka ng isang bagay, bumigkas ka ng salitang makakapagbigay buhay, maging pagpapala ka sa iba. Hayaang gamitin ka ng Diyos bilang Kanyang bibig. Gagamitin ka Niya, at palalayain Niya ang mga tao dahil malaya kang makagagalaw ng may habag at makakapag ministeryo ka sa iba.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

Tandaan: Sa araling ito, susuriin natin kung paano mapadadaloy sa iba ang inilgay sa atin ng Diyos.

1. Basahin ang Filemon 1: 6. Ano ang unang hakbang upang payagan ang Diyos na dumaloy palabas sa atin?

Filemon 1:6 *Idinadalangin kong ang pamamahagi mo ng iyong pananampalataya ay maging mabisa upang lubos mong maunawaan ang mga kabutihang dulot ng ating pakikipag-isa kay Cristo.*

2. Basahin ang 1 Juan 4:7-8. Ano ang tunay na pinagmumulan ng pag-abot sa pagmamahal sa iba?

1 Juan 4:7-8 *Mga minamahal, ibigin natin ang isa't isa, sapagkat ang pag-ibig ay mula sa Diyos. Ang sinumang umiibig ay anak na ng Diyos at nakikilala niya ang Diyos. Ang sinumang hindi umiibig ay hindi nakikilala ang Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig.*

3. Sabi ni Andrew, “anumang oras na maramdaman mo ang pag-agos ng pag-ibig mula sa iyo, ito ay ang Diyos na dumadaloy mula sa iyo. Anong pararila sa 1 Juan 4:7 ang nagpapatunay sa katotohanang ito?

1 Juan 4:7 *Mga minamahal, ibigin natin ang isa't isa, sapagkat ang pag-ibig ay mula sa Diyos. Ang sinumang umiibig ay anak na ng Diyos at nakikilala niya ang Diyos.*

4. Basahin ang 1 Corinto 13:4-8. Ano ang ilan sa mga katangian ng pag-ibig?

1 Corinto 13:4-8 *Ang pag-ibig ay matiyaga at mabait; hindi mapanibughuin, hindi mapagmalaki o mayabang; hindi magaspang ang asal; hindi nag-iisip para sa sariling kapakanan, hindi mayayamutin, hindi nagbibilang ng kamalian. Hindi ito nagagalak sa kasamaan, kundi nakikigalak sa katotohanan. Ang pag-ibig ay nagtitiis sa lahat, nagtitiwala sa lahat, may pag-asa sa lahat at may tiyaga sa lahat. Ang pag-ibig ay walang katapusan. Ngunit maging ang mga propesiya ay matatapos; maging ang iba't ibang wika ay titigil; maging ang kaalaman ay lilipas.*

5. Basahin ang Mateo. 14:14. Paano naantig si Hesus sa paglilingkod o pagmiministeryo sa iba?

Mateo 14:14 *Pagdating ni Jesus sa pampang at nakita niya ang napakaraming tao, naawa siya sa kanila at pinagaling niya ang mga maysakit na naroon.*

ARALIN 1

6. Basahin ang Mateo 25:37-40. Kapag naabot natin ang iba na may pagmamahal at pagmamalasakit, sino ang tunay nating minamahal at inaalagaan o pinagmamalasakitan?

Mateo 25:37-40 *Pagkatapos ay itatanong sa kanya ng mga matuwid, 'Panginoon, kailan ka namin nakitang gutom, at ika'y pinakain, o kaya'y uhaw, at aming pinainom? Kailan ka namin nakitang isang dayuhan at pinatuloy ka, o kaya'y hubad, at dinamitan ka? At kailan ka namin nakitang maysakit, o nakabilanggo at dinalaw ka namin?' At sasagot sa kanila ang Hari ng ganito: 'Tinitiyak ko sa inyo, yamang ginawa ninyo ito sa isa sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.*

Hebreo 6:10 *Sapagkat makatarungan ang Diyos; hindi niya kalilimutan ang inyong ginawa at ang pag-ibig na inyong ipinakita sa paglilingkod ninyo sa mga banal alang-alang sa kanyang pangalan. Ito ay patuloy ninyong ginagawa hanggang ngayon.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Filemon 6. Ano ang unang hakbang upang payagan ang Diyos na dumaloy palabas sa atin?
Upang kilalanin ang bawat mabuting bagay na inilagay Niya sa atin sa pamamagitan ni Kristo Hesus.
2. Basahin ang 1 Juan 4:7-8. Ano ang tunay na pinagmumulan ng pag-abot sa pagmamahal sa iba?
Pag-ibig, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig (1 Juan 4:8).
3. Sabi ni Andrew, “Anumang oras na maramdaman mo ang pag-agos ng pag-ibig mula sa iyo, ito ay ang Diyos na dumadaloy mula sa iyo. Anong pararila sa 1 Juan 4:7 ang nagpapatunay sa katotohanang ito?
Ang pag-ibig ay mula sa Diyos (Siya ang pinanggagalingan).
4. Basahin ang 1 Corinto 13:4-8. Ano ang ilan sa mga katangian ng pag-ibig?
Ang pag-ibig ay hindi madaling magalit at mapagpasensya. Ang kahulugan nito ay ang pag-ibig ay patuloy na kumikilos sa ganitong paraan. Ang pag-ibig ay mabait. Nagpapakita ito ng mabait na gawa, at patuloy sa ganitong asal. Hindi mainggitin. Hindi masama ang loob kung nakikitang umuunlad at nagtatagumpay ang iba. Hindi mayabang o mapagmalaki. Hindi nito nilalabag kung ano ang tama. Hindi magaspang ang asal. Hindi makasarili. Hindi sariling kapakanan lamang ang iniisip. Hindi nag-iisip ng masama tungkol sa kapwa. Hindi nagbibilang ng kamalian ng iba. Hindi nagagalak sa kasamaan, kundi nakikigalak sa katotohanan. Ang pag-ibig ay nagtitiis o matiisin. Hindi madaling sumuko. Ang pag-ibig ay nagtitiwala. Ang pag-ibig ay nagpapatuloy hanggang sa wakas at nananatili magpakailanman.
5. Basahin ang Mateo. 14:14. Paano naantig si Hesus sa paglilingkod o pagmimistryo sa iba?
Siya ay nahabag sa mga tao. Ang kahulugan ng *compassion* ay pagkaawa o pagkahabag.
6. Basahin ang Mateo 25:37-40. Kapag naabot natin ang iba na may pagmamahal at pagmamalasakit, sino ang tunay nating minamahal at inaalagaan o pinagmamalasakitan?
Si Hesus. Basahin ang Hebreo 6:10.

ARALIN 2

GINAGAMIT ANG MGA KALOOB UPANG MAGLINGKOD O MAGMINISTERYO

Isinulat ni Andrew Wommack

Paano mo kukunin ang pag-ibig ng Diyos na iyong natanggap at ito'y ibahagi sa iba-paano ka magiging mabisang tagapaglingkod sa iba? Sinasabi sa 1 Pedro 4:11, *Kung nagsasalita ang sinuman, magsalita siya bilang nagpapahayag ng mga salita ng Diyos.* Ang terminong *the oracles of God* (ang orakulo ng Diyos) ay tumutukoy sa Lumang Tipan noong mayroon pang kabanal-banalang lugar na kung saan inilagay ang Salita ng Diyos sa Kaban ng Tipan. Iyan ang tinawag na *the oracles* (orakulo), kaya kapag sinabing magsalita ng orakulo ng Diyos, ibig sabihin ay magsalita bilang tagapagsalita ng Diyos. Magsalita ka na parang nagsasalita ka mula sa Diyos. Ang karugtong ng bersikulo ay, *Kung siya'y naglilingkod, maglingkod siya sa pamamagitan ng lakas na ibinigay sa kanya ng Diyos. Sa gayon, sa lahat ng bagay ay papupurihan ang Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Sa kanya ang kaluwalhatian at ang kapangyarihan magpakailanpaman.* Ang sinabi dito ay kailangan mong maglingkod sa iba, hindi sa sarili mong kakayanan, kundi sa kakayanan na bigay ng Diyos.

Isa sa mga dakilang bagay tungkol sa buhay Kristiano ay hindi lamang ako o ikaw ang nagbabahagi sa iba at hindi galing sa sariling kakayanan, kundi buhat sa Diyos na nananahan sa atin. Nagsimula Siyang magsalita o magpahayag sa atin at dumaloy sa pamamagitan natin. Maari tayong literal na angkinin ng Diyos at ang espiritu Niya ay dumadaloy sa atin. At kapag nagsimula tayong magbahagi sa iba, dapat nating tandaan na ito ang tinatawag na mga kaloob ng Espiritu, at ito ang layunin nito. Ang bawat tao sa katawan ni Kristo ay binibigyan ng tiyak na regalo. Sinabi sa 1 Corinto 12 na lahat tayo ay binigyan ng iba't-ibang kaloob na ayon sa Kanyang kalooban. Mababasa sa bersikulo 4-6, *May iba't ibang uri ng mga kaloob, ngunit mula sa iisang Espiritu. [5] At may iba't ibang uri ng paglilingkod, ngunit mula sa iisang Panginoon. [6] May iba't ibang uri ng gawain, ngunit mula sa iisang Diyos na gumagawa ng lahat ng bagay sa lahat.* Nangangahulugang ginagawa ng Diyos ang mga bagay na ito sa ating lahat, gaya ng sinabi sa bersikulo 7, *Ngunit ibinigay sa bawat isa ang kapahayagan ng Espiritu para sa kapakinabangan ng lahat.*

Sinasabi ng mga bersikulong ito na naglagay ang Diyos ng *supernatural* na abilidad sa bawat isa sa atin. Hindi mo ito mararamdaman, maaring hindi mo alam ang tungkol dito, ngunit ito ay pangako sa Salita ng Diyos. Kung umabot ka na ng ganito kalayo sa pag-aaral mo sa serye ng *Discipleship Evangelism*, kung ginawa mo ng Panginoon si Hesus ng buhay mo, kung natutunan mo ng tumanggap mula sa Diyos at nagsimulang gamitin ito sa iyong buhay, maipapangako

GINAGAMIT ANG MGA KALOOB UPANG MAGLINGKOD O MAGMINISTERYO

ko sa iyo na ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay kumikilos na sa kaloob-looban mo. Ang himalang ibig maranasan ng iba ay nasasa iyo. Inilagay ng Diyos sa iyo ang milagro o himala na ninanais ng iba sa pamamagitan ng isang binhi. Ikaw ang bahalang maglabas nito at isalin sa kanilang buhay. Sinabi sa Kasulatan na ito’y ibinigay sa atin ng Banal na Espiritu. Walang isa man ang hindi tumanggap. Siyam na iba’t- ibang kaloob ng Espiritu ang mababasa sa 1 Corinto 12, katulad ng salita ng karunungan, kakayahang kumilala ng mga espiritu, gumawa ng himala, pagpapagaling, at iba pa. May iba pang mga kaloob na makikita sa Roma 12. Kailangan mong alamin at pag-aralan ang mga ito at malaman na ang bawat isa sa atin ay may espesyal na kaloob na galing sa Banal na Espiritu-*special anointing*-espesyal na abilidad- upang makapagministryo sa iba. Hindi lahat ay magagawang magministryo tulad ko. Maaaring wala kang kaloob upang magturo, ngunit ang bawat isa sa katawan ni Kristo ay maaaring magturo sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanyang pananampalataya. May mga taong tinawag na magturo, mga taong tinawag upang mangaral at mag pastor. Mayroon din naman tinawag sa mabuting pakikitungo (gift of hospitality) na mababasa sa Roma 12. Marami sa inyo ang may kaloob, ngunit hindi niyo nalalaman. Mayroon ka lamang pagnanais na maging pagpapala sa isang tao. Maaaring ikaw ay ang uri ng tao, kapag pumasok ka sa isang silid ay madali mong matukoy ang tao na may problema o pinagdadaanan. Nadarama mo ang kanilang nararamdaman, alam mo ito kung ano, may hangarin kang mapagaan ang kanilang sitwasyon at ibig mong magministryo sa kanila. Alam mo ba na ito’y *supernatural* na kaloob sa iyo ng Diyos?

Sinasabi sa Roma 12 na may mga taong tinawag na mayroong kaloob sa pagbibigay, may kakayanang kumita ng pera o madaling yumaman at nagbibigay sa gawain ng pagpapalaganap ng Ebanghelyo. Ito ang kaloob na buhat sa Diyos, dito sila tinawag, at ang iba sa inyo ay nabigyan ng ganitong uri ng kaloob, ang pagbibigay. May mga nabigyan ng regalo o kaloob ng pangangaral. Ang iba naman ay may kaloob ng pangangasiwa, kadalasang tinatawag na kaloob sa pagtulong. Maraming iba’t ibang bagay ang maaaring gawin, hindi lamang sa loob ng simbahan, subalit sa pang araw-araw na pakikitungo sa ibang tao. May iba sa inyo ang may kakayanang maghikayat (encourage) ng mga pinanghihinaan ng loob, isang bagay na hindi ko magagawa sa pamamagitan lamang ng pagtuturo ng Salita ng Diyos. Marahil ay mayroon kang *supernatural* na kakayanan na lumapit sa tao at akbayan ito, pagpalain, at hikayatin upang umangat o mapagtagumpayan ang anumang nararanasan niyang kahirapan o suliranin sa buhay. Ang aking punto ay hindi mo dapat ituring ito na natural lamang, at sabihing, “ito ang aking personalidad, ganito talaga ako.” Maaaring ang tingin mo sa iyong sarili ay ganitong uri ng tao, ngunit alam mo ba na ito’y *supernatural* na kakayanan na inilagay ng Diyos sa iyo, na nagbigay sa iyo ng kaloob, talento, at ang perspektibo o pananaw na nagpapasigla sa iyo sa paggawa ng ilang mga bagay.

Sa iyong paglilingkod o pagmimistryo sa iba, ayon sa Kasulatan ikaw ay dapat maglingkod o magministryo ng naaayon sa kung ano ang inilagay ng Diyos sa iyo. Lahat tayo ay

ARALIN 2

dapat maglingkod o magministeryo, kung pipiliin mo itong gawing isang *full time* na bokasyon o adhikain, sa iyong trabaho, o kung saan ka man naroroon. Kung ikaw ay magmiministeryo sa iyong kapitbahay o sa mga tao sa tindahan o sa kalye, gawin mo ito sa kakayanan na bigay ng Diyos, hindi sa iyong sariling kakayanan. Kaya hinihikayat kita na hanapin ang Diyos, tuklasin ang mga kaloob na inilagay Niya sa iyo, at huwag mong balewalain ang mga ito kung hindi ka man tinawag sa isa sa mga kaloob sa ministeryo na isang bokasyon. Kilalanin na ang bawat isa sa inyo ay binigyan ng *supernatural* na abilidad o kakayanan ng Banal na Espiritu, at maglingkod sa iba sa pamamagitan ng kaloob na inilagay ng Diyos sa iyo.

Kailangan magukol ng oras at pagsasanay. Hindi ka magiging perpekto sa simula, kaya huwag matakot magsanay. Kung ikaw man ay magkamali, hindi bababa ang Diyos sa kanyang trono, at makikita ng iba ang sinseridad o katapatan ng iyong puso. Ang iyong pagmamahal ay siyang magmiministeryo sa kanila sa kabila ng iyong kakulangan o hindi pagiging perpekto. Magsimula kang magministeryo o maglingkod sa iba. Kilalanin na ikaw ay kaloob ng Diyos sa iba, at simulan mong ibahagi ang *supernatural* na kakayanan o abilidad na bigay ng Diyos sa iyo.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang 1 Pedro 4:11. Kaninong kakayanan ang dapat nating gamitin sa ating pagmiministeryo o paglilingkod?

1 Pedro 4:11 *Kung nagsasalita ang sinuman, magsalita siya bilang nagpapahayag ng mga salita ng Diyos. Kung siya'y naglilingkod, maglingkod siya sa pamamagitan ng lakas na ibinigay sa kanya ng Diyos. Sa gayon, sa lahat ng bagay ay papupurihan ang Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Sa kanya ang kaluwalhatian at ang kapangyarihan magpakailanpaman. Amen.*

2. Basahin ang 1 Corinto 12:4. May iba't ibang uri ng espiritwal na kaloob, sino ang pinagmulan ng mga ito?

1 Corinto 12:4 *May iba't ibang uri ng mga kaloob, ngunit mula sa iisang Espiritu.*

3. Basahin ang 1 Corinto 12:6. Piliin ang tamang sagot.

- A. Gumagawa ang Diyos sa isang paraan lamang.
- B. May iba't ibang paraan ang Diyos sa pagkilos sa pamamagitan ng tao.
- C. Tanging sa mangangaral lamang kumikilos ang Diyos.

1 Corinto 12:6 *May iba't ibang uri ng gawain, ngunit mula sa iisang Diyos na gumagawa ng lahat ng bagay sa lahat.*

4. Basahin ang 1 Corinto 12:7. Tama o mali: Ang presensya ng Banal na Espiritu at Kanyang mga kaloob ay ibinigay sa atin para sa ikabubuti ng lahat.

1 Corinto 12:7 *Ngunit ibinigay sa bawat isa ang kapahayagan ng Espiritu para sa kapakinabangan ng lahat.*

5. Basahin ang 1 Corinto 12:8-10. Isulat at bigyang kahulugan ang mga espiritwal na kaloob na bigay ng Diyos.

1 Corinto 12:8-10 *May binigyan ng salita ng karunungan sa pamamagitan ng Espiritu, at ang iba nama'y binigyan ng salita ng kaalaman ayon sa gayunding Espiritu; [9] ang iba'y pananampalataya sa pamamagitan ng gayunding Espiritu, at ang iba'y mga kaloob ng pagpapagaling sa pamamagitan ng iisang Espiritu. [10] Ang iba'y binigyan ng kapangyarihang gumawa ng mga himala, ang iba'y propesiya, ang iba'y kakayahang kumilala ng mga espiritu, ang iba'y kakayahang magsalita ng iba't ibang wika, at ang iba nama'y pagpapaliwanag ng mga wika.*

ARALIN 2

6. Basahin ang Roma 12:6-8. Bigyang kahulugan ang mga espiritwal na kaloob na binanggit na bigay ng Diyos sa tao.

Roma 12:6-8 *Mayroon tayong mga kaloob na magkakaiba ayon sa biyayang ibinigay sa atin. Kung ang kaloob natin ay pagpapahayag ng propesiya, gamitin natin ito ayon sa sukat ng pananampalataya. [7] Kung paglilingkod, gamitin sa paglilingkod. Kung pagtuturo, sa pagtuturo. [8] Kung pagpapalakas ng loob, sa pagpapalakas ng loob. Kung pagbibigay ay bukas-palad sa pagbibigay. Kung pamumuno, mamuno nang buong sikap. Kung pagkakawanggawa, gawin ito nang masaya.*

7. Mayroon bang mga kaloob ang nakikita mong sumasaiyo? Ano ito?
8. Basahin ang 1 Corinto 12:7. Sino ang dapat makinabang sa mga regalo o kaloob na ito?

1 Corinto 12:7 *Ngunit ibinigay sa bawat isa ang kapahayagan ng Espiritu para sa kapakinabangan ng lahat.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang 1Pedro 4:11. Kaninong kakayanan ang dapat nating gamitin sa ating pagmiministeryo o paglilingkod?
Kakayanan ng Diyos.
2. Basahin ang 1 Corinto 12:4. May iba't ibang uri ng espiritwal na kaloob, sino ang pinagmulan ng mga ito?
Diyos/Banal na Espiritu.
3. Basahin ang 1 Corinto 12:6. Piliin ang tamang sagot.
May iba't ibang paraan ang Diyos sa pagkilos sa pamamagitan ng tao.
4. Basahin ang 1 Corinto 12:7. Tama o mali: Ang presensya ng Banal na Espiritu at Kanyang mga kaloob ay ibinigay sa atin para sa ikabubuti ng lahat.
Tama.
5. Basahin ang 1 Corinto 12:8-10. Isulat at bigyang kahulugan ang mga espiritwal na kaloob na bigay ng Diyos.
 - **Salita ng karunungan = isang *supernatural* na kapahayagan mula sa kaisipan at layunin ng Diyos.**
Aklat ng Mga Gawa 27:21-25 Nang matagal na silang hindi kumakain, tumayo si Pablo sa gitna nila at nagsalita, "Mga ginoo, kung nakinig sana kayo sa akin at hindi tayo umalis sa Creta, naiwasan sana natin ang pinsala at kapahamakang ito. [22] Ngayon ito ang payo ko: lakasan ninyo ang inyong loob sapagkat walang mapapahamak isa man sa inyo kundi ang barko. [23] Sapagkat nagpakita sa akin kagabi ang isang anghel ng Diyos, ang Diyos na may-ari sa akin at aking pinaglilingkuran. [24] Sinabi ng anghel sa akin, 'Huwag kang matakot, Pablo. Kailangan mong humarap sa Emperador. Ipinagkaloob ng Diyos sa iyo na iligtas niya ang mga kasama mong naglalakbay.' [25] Kaya tibayan ninyo ang inyong loob, mga ginoo, sapagkat sumasampalataya ako sa Diyos na mangyayari ang lahat ng sinabi niya sa akin.
 - **Salita ng kaalaman = isang *supernatural* na kapahayagan mula sa Diyos tungkol sa isang pangyayari.**
Aklat ng Mga Gawa 9:11-12 Sinabi sa kanya ng Panginoon, "Tumindig ka at pumunta sa lansangang tinatawag na Tuwid. Ipagtanong mo sa bahay ni Judas ang isang lalaking taga-Tarso na may pangalang Saulo. Sa sandaling ito'y nananalangin siya. [12] Nakita niya sa pangitain ang isang lalaking ang pangalan ay Ananias. Pumapasok ito at ipinapatong ang mga kamay sa kanya upang muli siyang makakita.

- **Kaloob ng pananampalataya = isang supernatural na kakayanan na manalig o manampalataya sa Diyos ng walang pagdududa.**
1 Corinto 13:2 Kung mayroon man akong kaloob ng propesiya at nauunawaan ko ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat ng mga kaalaman, at taglayin ko man ang lahat ng pananampalataya upang mapalipat ko ang mga bundok, ngunit wala naman akong pag-ibig, ako ay walang kabuluhan.
- **Kaloob ng pagpapagaling = isang *supernatural* na kakayanan na magpagaling ng mga sakit na walang kaugnay na manggagamot o medisina.**
Marcos 16:18 Walang mangyayaring masama sa kanila kahit makahawak sila ng mga ahas o makainom ng lason; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at gagaling ang mga ito.”
- **Kapangyarihang gumawa ng himala = isang *supernatural intervention* na gumawa ng himala na salungat sa natural na kalikasan.**
Hebreo 2:3-4 Kaya paano tayo makakaiwas sa parusa kung ipagwawalang-bahala natin ang ganito kadakilang kaligtasan? Ang Panginoon ang nagpahayag nito noong una, at pinatunayan din sa atin ng mga nakarinig sa kanya. [4] Lalo pa itong pinatunayan ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda, ng mga kababalaghan at iba’t ibang himala gayundin sa pamamagitan ng mga kaloob ng Banal na Espiritu, na ipinamahagi ayon sa kanyang kapasyahan.
- **Propesiya = isang *supernatural* na pagbigkas, sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos, sinasalita sa isang kilalang wika ng nagsasalita.**
Aklat ng Mga Gawa 11:27-28 Nang panahong iyon ay dumating sa Antioquia ang mga propetang galing sa Jerusalem. [28] Tumindig ang isa sa kanila na ang pangalan ay Agabo, at sa pamamagitan ng Espiritu ay nagpahayag na magkakaroon ng matinding taggutom sa buong daigdig. Nangyari ito noong panahon ni Claudio.
1 Corinto 14:3 Ngunit ang nagpapahayag ng propesiya ay sa mga tao nagsasalita upang sila’y maging matatag, masigla at mabigyang-kaaliwan.
- **Kakayanang kumilala ng espiritu = isang *supernatural* na kakayanan mula sa Diyos na matukoy kung anong uri ng espiritu ang nasa tao at kung ano ang kayang gawin ng espiritu.**
Aklat ng Mga Gawa 16:16-18 Minsang papunta kami sa dakong dalanginan, sinalubong kami ng isang batang babaing alipin na may espiritu ng panghuhula. Malaki ang pakinabang ng kanyang mga amo dahil sa kanyang panghuhula. [17] Sinusundan-sundan niya kami nina Pablo, habang sumisigaw ng ganito, “Ang mga taong ito’y mga lingkod ng Kataas-taasang Diyos! Ipinapahayag nila sa inyo ang daan ng kaligtasan.” [18] Ginawa

GINAGAMIT ANG MGA KALOOB UPANG MAGLINGKOD O MAGMINISTERYO

niya ito sa loob ng maraming araw. Ngunit nang mainis na si Pablo ay lumingon siya at sinabi sa espiritu, “Iniuutos ko sa iyo sa pangalan ni Jesu-Cristo, lumabas ka sa kanya.” At lumabas ang espiritu nang oras ding iyon.

- **Kakayanang magsalita sa iba’t ibang wika= isang *supernatural* na pagbigkas, sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, sa salitang hindi nalalaman (hindi alam o nauunawaan ng nagsasalita).**

Aklat ng Mga Gawa 2:4-11 Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nagsalita sa iba’t ibang wika, ayon sa kakayahang magpahayag na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu. [5] Naninirahan noon sa Jerusalem ang mga Judiong masigasig sa kanilang pananampalataya. Galing pa sila sa iba’t ibang mga bansa. [6] Nang dumating ang ugong na ito, nagtipon sila at namangha sapagkat nagsasalita ang mga alagad sa mga wika nilang mga nakikinig. [7] Labis silang nagulat at namangha, kaya’t sila’y nagtanong, “Pakinggan ninyo! Hindi ba mga taga-Galilea ang lahat ng mga nagsasalitang ito? [8] Paanong nangyaring naririnig ng bawat isa sa atin ang ating mga sariling wika sa kanila? [9] Tayong mga Parto, mga Medo, mga Elamita, mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea, at sa Capadocia, sa Ponto at sa Asia. [10] Mayroon din sa ating taga-Frigia at Pamfilia, sa Ehipto at sa mga lupain ng Libya na sakop ng Cirene, at mga panauhing taga-Roma, mga Judio at mga nahikayat maging Judio. [11] May mga taga-Creta at taga-Arabia rin dito. Paano sila nakapagsasalita sa ating mga sariling wika tungkol sa mga kamangha-manghang gawa ng Diyos?

- **Pagpapaliwanag ng iba’t ibang wika = isang *supernatural* na pagbigkas, sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos, na magbigay kahulugan sa pagsasalita ng ibang wika.**

1 Corinto 14:13-14 Kaya’t ang nakapagsasalita sa ibang wika ay dapat manalangin na magkaroon din siya ng kakayahang makapagpaliwanag. [14] Sapagkat kung ako’y nananalangin sa ibang wika, nananalangin ang aking espiritu, ngunit wala namang ibinabahagi ang aking pag-iisip.

6. Basahin ang Roma 12:6-8. Bigyang kahulugan ang mga espiritwal na kaloob na binanggit na bigay ng Diyos sa tao.

- **Propesiya = isang *supernatural* na pagbigkas , sa ilalim ng inspirasyon ng Diyos, sinasalita sa isang kilalang wika ng nagsasalita.**

- **Ministryo (pagmimistryo o paglilingkod)= paglilingkod sa iba, praktikal na paglilingkod.**

2 Timoteo 4:11 Si Lucas na lamang ang kasama ko. Himukin mong sumama sa iyo si Marcos papunta rito, sapagkat malaking tulong siya sa aking gawain.

ARALIN 2

- **Pagtuturo = ipaliwnag, ibahagi ang mga tagubilin.**
Aklat ng Mga Gawa 13:1 Sa iglesya sa Antioquia ay may mga propeta at mga guro. Kabilang dito sina Bernabe, si Simeon na tinatawag ding Negro, si Lucio na taga-Cirene, si Manaen na malapit kay Herodes, at si Saulo.
- **Pangangaral = upang himukin, payuhan, hikayatin, magsumamo, aliwin o balaan.**
Aklat ng Mga Gawa 13:15 Matapos ang pagbasa mula sa Kautusan at sa Mga Propeta, nagpasabi sa kanila ang mga tagapamahala ng sinagoga, “Mga kapatid, kung mayroon kayong salitang magpapalakas ng loob ng mga tao, sabihin ninyo.”
- **Pagbibigay = masaganang pagbabahagi ng mga regalo inialay sa Diyos at sa iba.**
Mga Kawikaan 22:9 Ang may magandang-loob na mata ay pagpapalain: sapagka’t nagbibigay ng kaniyang tinapay sa dukha.
- **Pamumuno = pamumuno (leadership).**
Aklat ng Mga Gawa 20:28 Ingatan ninyo ang inyong sarili at ang buong kawan, sapagkat itinalaga kayo ng Banal na Espiritu na mga tagapangasiwa upang pangalagaan ninyo ang iglesya ng Diyos [b] na tinubos niya ng kanyang sariling dugo.
- **Awa o habag = pagpapakita ng habag o awa sa isang nagkasala o biktima.**
Mateo 5:7 Pinagpala ang mga mahabagin, sapagkat sila ay kahahabagan.

7. Mayroon bang mga kaloob ang nakikita mong sumasaiyo? Ano ito?
8. Basahin ang 1 Corinto 12:7. Sino ang dapat makinabang sa mga regalo o kaloob na ito?
Sa lahat. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga kaloob upang tulungan ang iba, dumadaloy ang Diyos sa iyo.

KARAGDAGANG MGA BANAL NA KASULATAN MULA SA ARALIN

Aklat ng Mga Gawa 27:21-25 *Nang matagal na silang hindi kumakain, tumayo si Pablo sa gitna nila at nagsalita, “Mga ginoo, kung nakinig sana kayo sa akin at hindi tayo umalis sa Creta, naiwasan sana natin ang pinsala at kapahamakang ito. [22] Ngayon ito ang payo ko: lakasan ninyo ang inyong loob sapagkat walang mapapahamak isa man sa inyo kundi ang barko. [23] Sapagkat nagpakita sa akin kagabi ang isang anghel ng Diyos, ang Diyos na may-ari sa akin at aking pinaglilingkuran. [24] Sinabi ng anghel sa akin, ‘Huwag kang matakot, Pablo. Kailangan mong humarap sa Emperador. Ipinagkaloob ng Diyos sa iyo na iligtas niya ang mga kasama mong naglalakbay.’ [25] Kaya tibayan ninyo ang inyong loob, mga ginoo, sapagkat sumasampalataya ako sa Diyos na mangyayari ang lahat ng sinabi niya sa akin.”*

Aklat ng Mga Gawa 9:11-12 *Sinabi sa kanya ng Panginoon, “Tumindig ka at pumunta sa lansangang tinatawag na Tuwid. Ipagtanong mo sa bahay ni Judas ang isang lalaking taga-Tarso na may pangalang Saulo. Sa sandaling ito’y nananalangin siya. [11] Nakita niya sa pangitain ang isang lalaking ang pangalan ay Ananias. Pumapasok ito at ipinapatong ang mga kamay sa kanya upang muli siyang makakita.”*

1 Corinto 13:2 *Kung mayroon man akong kaloob ng propesiya at nauunawaan ko ang lahat ng mga hiwaga at ang lahat ng mga kaalaman, at taglayin ko man ang lahat ng pananampalataya upang mapalipat ko ang mga bundok, ngunit wala naman akong pag-ibig, ako ay walang kabuluhan.*

Marcos 16:18 *Walang mangyayaring masama sa kanila kahit makahawak sila ng mga ahas o makainom ng lason; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at gagaling ang mga ito.*

Mga Hebreo 2:3-4 *Kaya paano tayo makakaiwas sa parusa kung ipagwawalang-bahala natin ang ganito kadakilang kaligtasan? Ang Panginoon ang nagpahayag nito noong una, at pinatunayan din sa atin ng mga nakarinig sa kanya. [4] Lalo pa itong pinatunayan ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda, ng mga kababalaghan at iba’t ibang himala gayundin sa pamamagitan ng mga kaloob ng Banal na Espiritu, na ipinamahagi ayon sa kanyang kapasyahan.*

Aklat ng Mga Gawa 11:27-28 *Nang panahong iyon ay dumating sa Antioquia ang mga propetang galing sa Jerusalem. [28] Tumindig ang isa sa kanila na ang pangalan ay Agabo, at sa pamamagitan ng Espiritu ay nagpahayag na magkakaroon ng matinding taggutom sa buong daigdig. Nangyari ito noong panahon ni Claudio.*

ARALIN 2

1 Corinto 14:3 Ngunit ang nagpapahayag ng propesiya ay sa mga tao nagsasalita upang sila'y maging matatag, masigla at mabigyang-kaaliwan.

Aklat ng Mga Gawa 16:16-18 Minsang papunta kami sa dakong dalanginan, sinalubong kami ng isang batang babaing alipin na may espiritu ng panghuhula. Malaki ang pakinabang ng kanyang mga amo dahil sa kanyang panghuhula. [17] Sinusundan-sundan niya kami nina Pablo, habang sumisigaw ng ganito, "Ang mga taong ito'y mga lingkod ng Kataas-taasang Diyos! Ipinapahayag nila sa inyo ang daan ng kaligtasan." [18] Ginawa niya ito sa loob ng maraming araw. Ngunit nang mainis na si Pablo ay lumingon siya at sinabi sa espiritu, "Iniuutos ko sa iyo sa pangalan ni Jesu-Cristo, lumabas ka sa kanya." At lumabas ang espiritu nang oras ding iyon.

Aklat ng Mga Gawa 2:4-11 Napuspos silang lahat ng Banal na Espiritu, at nagsalita sa iba't ibang wika, ayon sa kakayahang magpahayag na ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu. [5] Naninirahan noon sa Jerusalem ang mga Judiong masigasig sa kanilang pananampalataya. Galing pa sila sa iba't ibang mga bansa. [6] Nang dumating ang ugong na ito, nagtipon sila at namangha sapagkat nagsasalita ang mga alagad sa mga wika nilang mga nakikinig. [7] Labis silang nagulat at namangha, kaya't sila'y nagtanong, "Pakinggan ninyo! Hindi ba mga taga-Galilea ang lahat ng mga nagsasalitang ito? [8] Paanong nangyaring naririnig ng bawat isa sa atin ang ating mga sariling wika sa kanila? [9] Tayong mga Parto, mga Medo, mga Elamita, mga naninirahan sa Mesopotamia, sa Judea, at sa Capadocia, sa Ponto at sa Asia. [10] Mayroon din sa ating taga-Frigia at Pamfilia, sa Ehipto at sa mga lupain ng Libya na sakop ng Cirene, at mga panauhing taga-Roma, mga Judio at mga nahikayat maging Judio [11] May mga taga-Creta at taga-Arabia rin dito. Paano sila nakapagsasalita sa ating mga sariling wika tungkol sa mga kamangha-manghang gawa ng Diyos?

1 Corinto 14:13-14 Kaya't ang nakapagsasalita sa ibang wika ay dapat manalangin na magkaroon din siya ng kakayahang makapagpaliwanag. [14] Sapagkat kung ako'y nananalangin sa ibang wika, nananalangin ang aking espiritu, ngunit wala namang ibinabahagi ang aking pag-iisip.

ARALIN 3

ANG MGA HIMALA AY LUMULUWALHATI SA DIYOS

Isinulat ni Andrew Wommack

Napagusapan natin ang tungkol sa paglakad sa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos at ang pagmiministeryo o paglilingkod sa iba sa pamamagitan ng mga kaloob na ibinigay Niya sa atin. Ibig kong magbahagi ng ilang mga bagay tungkol sa kung paano tunay na maluluwalhati ang Diyos at kung paano Niya tayo inaasahang gamitin ang ating *supernatural* na abilidad o kakayanan. Maraming kasulatan ang tungkol dito subalit iilan lamang ang aking maaaring talakayin. Sa Mateo 9 ay may isang halimbawa na kung saan pinagaling ni Hesus ang isang paralitiko, tatalakayin ko ito ng buong detalye sa Marcos 2. Sinabi sa Mateo 9:8, *Nang makita ito ng napakaraming tao, natakot sila at nagbigay-luwalhati sa Diyos na nagkaloob ng gayong kapangyarihan sa mga tao.* Alam mo ba na ang mga kaloob ng Espiritu-himala-ay nagbibigay luwalhati sa Diyos, at ito ang dahilan kung bakit Niya tayo binigyan ng kakayanang gumawa ng himala?

Kapag nagsimula kang magbahagi sa iba, may likas na ugali sila para magduda at magsimulang magtanong, “At paano ko naman malalaman na ang sinasabi mo ay totoo?” Minsan ay narinig ko si T.L. Osborne, isang tanyag na ebangelista o mangangaral na nagdala sa libo-libong tao upang manampalataya kay Hesus, nagbahagi siya ng kanyang karanasan nang una siyang nagtungo sa isang larangan ng misyon sa ibang bansa (foreign missions field). Sinubukan niyang magpatotoo sa tao, ngunit hindi siya pinaniwalaan. At isang araw kausap niya ang isang tao at nagsabi, “ngunit ito ang sabi ng Bibliya,” at ang sagot ng tao, “Ano naman ang kaibahan ng iyong aklat sa iba pang aklat na alam ko?” At nagisip si T.L. Osborne, *Paano malalaman ng mga taong ito na ang Bibliya ay totoo? Naniniwala ako na ang Bibliya ay ang Salita ng Diyos, ngunit paano ko sila makukumbinsi?”*

Nilisan niya ang *mission field* na talo at nasiraan ng loob, bumalik sa kanyang tahanan, at nagsimulang hanapin ang Diyos. Nangusap ang Diyos sa kanya na kailangan niyang gamitin ang Kanyang *supernatural* na abilidad o kakayanan. Ang mga tanda at kababalaghan ay para sa layunin ng pagpapatunay ng Salita ng Diyos, at ito ang magpapabago ng buhay ng mga tao. Sa 1 Pedro 1:23, *Sapagkat muli kayong isinilang, hindi sa pamamagitan ng binhing nasisira kundi sa pamamagitan ng buháy at nananatiling salita ng Diyos.* Ang Salita ng Diyos ang siyang nagpapabago ng buhay ng tao, ngunit paano mo sila mapapaniwala na ang Diyos ang tunay na nagsasasilita? At ito ang layunin ng mga himala. Kapag tayo ay nangangaral at sinasabing kalooban ng Diyos na ang tao ay gumaling, ipinapakita natin ito sa pamamagitan ng pagsasalita sa kanila sa pangalan ni Hesus. Ang kanilang mga bulag na mata o binging mga tainga na nabuksan ay nagpapatunay na ito nga ay galing sa Diyos. Hindi babaguhin ng mga himala ang mga tao, subalit

ARALIN 3

ito ay magiging dahilan na maniwala sila na ang mga sinalita mo ay Salita ng Diyos.

Isang halimbawa ay makikita sa Marcos 2:1-9, na mayroong detalye tungkol sa paralitiko na gumaling: *Nang magbalik si Jesus sa Capernaum pagkaraan ng ilang araw, kumalat ang balitang siya'y nasa kanilang bahay. [2] Nagtipon doon ang maraming tao, kaya't wala nang lugar kahit sa may pintuan. Ipinangangaral niya sa kanila ang salita. [3] Dumating ang apat na lalaking may buhat na lalaking paralitiko. [4] Dahil sa dami ng tao ay hindi nila mailapit ang paralitiko kay Jesus, kaya't binakbak nila ang bubungan sa tapat niya. Pagkatapos nito'y ibinaba nila ang paralitikong nakaratay sa higaan. [5] Nang makita ni Jesus ang kanilang pananampalataya, sinabi niya sa paralitiko, "Anak, pinapatawad na ang iyong mga kasalanan." [6] Ang mga tagapagturo ng Kautusan na nakaupo roon ay nag-iisip ng ganito: [7] "Bakit ganyan ang salita ng taong iyan? Kalapastanganan iyan! Hindi ba't Diyos lamang ang makapagpatawad ng kasalanan?" [8] Kaagad nabatid ni Jesus sa kanyang kalooban ang tanong sa kanilang pag-iisip, kaya't sinabi niya, "Bakit kayo nag-iisip ng ganyan? [9] Alin ba ang mas madali, ang sabihin sa paralitiko, 'Pinapatawad na ang iyong mga kasalanan;' o ang sabihin, 'Bumangon ka, damputin mo ang iyong higaan, at lumakad ka?' Ang katotohanan ay parehong teknikal na imposible ang 2 bagay na ito. Imposible para sa isang tao ang magbigay ng kapatawaran, at imposible rin na mapagaling ng isang tao ang paralitiko. Kaya nga kung kayang gawin ng Diyos ang isa, may kakayanan din Siyang gawin ang isa pa.*

Sinabi ni Hesus sa bersikulo 10-12, *Ngunit upang malaman ninyo na dito sa lupa ang Anak ng Tao ay may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan" - sinabi niya sa paralitiko, "Sinasabi ko sa iyo, bumangon ka, damputin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na!" Bumangon nga ang lalaki, agad na dinampot ang higaan at umalis sa harapan nilang lahat. Dahil dito'y namangha ang lahat at niluwalhati ang Diyos. Sinabi nila, "Wala pa kaming nakitang tulad nito!" Binigyang linaw ito ni Hesus ng Kayang sabihing, *Ngunit upang malaman ninyo na dito sa lupa ang Anak ng Tao ay may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan" - sinabi niya sa paralitiko.* Kailangan Niyang gumawa ng himala upang malaman ng tao na kung kaya Niyang dumaloy sa pisikal na kaharian na makikita nilang nangyari sa pamamagitan ng Kanyang Salita, ang mga bagay din na espiritwal tulad ng kapatawaran ng kasalan ay maaari din Niyang gawin. Gumamit si Hesus ng mga himala upang patunayan ang Kanyang Salita.*

Ang eksaktong parehong bagay na ito ay sinabi sa Hebreo 2:2-3: *Napatunayang totoo ang mensaheng ipinahayag ng mga anghel at sinumang lumabag dito ay tumanggap ng kaukulang parusa. [3] Kaya paano tayo makakaiwas sa parusa kung ipagwawalang-bahala natin ang ganito kadakilang kaligtasan? Ang Panginoon ang nagpahayag nito noong una, at pinatunayan din sa atin ng mga nakarinig sa kanya.* Kinumprima ng Diyos ang Kanyang Salita sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Pagsamahin o pagdugtungin ito sa Marcos 16:20, *Humayo ang kanyang mga alagad at nangaral sa lahat ng dako. Sinamahan sila ng Panginoon sa gawaing ito at pinatunayan*

ang kanyang salita sa pamamagitan ng mga tandang kalakip nito. Ang puntong nais kong ibahagi ay gusto ng Diyos na gamitin mo ang Kanyang supernatural na abilidad at kapangyarihan na dumadaloy sa iyo sa pagmiministeryo sa iba. Ginagamit Niya ang mga himala na nangyayari sa pamamagitan ng mga kaloob ng Banal na Espiritu upang patunayan sa mga tao na Siya ang tunay na nagsasalita o nangungusap sa kanila. Sa huli, ibig Niyang mapalaya ang puso ng mga tao, subalit kung minsan ang daan patungo sa puso ng isang tao ay sa pamamagitan ng kanyang katawan at damdamin. Kung maaari mong abutin ang tao sa pamamagitan ng kanyang katawan at damdamin upang siya ay mapalaya, pagkatapos nito ay magbubukas siya at hahayaan ang Panginoon na hawakan ang natitirang bahagi ng kanyang buhay at literal na ipagkatiwala ang kanyang buong pagkatao sa Kanya.

Sa 1 Corinto 2:1-5, sumulat si Pablo sa mga taga Corinto kung paano niya sila unang inabot o linapitan: *Mga kapatid, nang pumunta ako sa inyo, hindi ako dumating na nagbabalita sa inyo ng hiwaga^[a] ng Diyos ayon sa kahusayan ng pananalita o ng karunungan. Sapagkat napagpasyahan ko noong kasama ninyo ako na walang anumang makilala, maliban kay Jesu-Cristo, siya na ipinako sa krus. Ako ngay nakasama ninyo nang may kahinaan, may takot, at matinding panginig. Ang aking pananalita at ang aking pangangaral ay hindi sa pamamagitan ng mga mapanghikayat na salita ng karunungan, kundi sa pagpapakita ng kapangyarihan ng Espiritu, upang ang inyong pananampalataya ay hindi mapasalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Diyos.* Nilinaw niya ang dahilan kung bakit hindi siya nagdiin (emphasize) at gumagamit lamang ng mga salita, ngunit dumating Siya para ipakita ang Espiritu at kapangyarihan Nito upang ang kanilang pananampalataya ay manatili sa kapangyarihan ng Diyos at hindi sa karunungan ng tao.

Ang Kristiyanismo ay may kahanga-hangang lohika (logic) dito. Kapag nakita mo ang katotohanan, magtataka ka kung paano mo ito napalampas at bakit hindi ito tinatanggap ng lahat. Subalit ang Kristiyanismo ay hindi lamang lohika ... ito'y isang totoong karanasan sa pagitan ng isang tunay o makatotohanang Diyos. Buhay Siya ngayon, at gusto Niyang mahayag ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng kapangyarihang eksakto ang parehong paraan na ginawa Niya sa Kanyang Salita. Mababasa sa Hebreo 13:8, *Si Jesu-Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.* Dumating si Hesus bilang tao, sinang-ayunan ng Diyos sa pamamagitan ng mga tanda, at mga kababalaghan at mga himala. Sinabi sa Aklat ng Mga Gawa 10:38, *kung paanong si Jesus na taga-Nazareth ay binuhusan ng Diyos ng Banal na Espiritu at ng kapangyarihan; kung paanong naglibot siya na gumagawa ng mabuti at nagpapagaling ng lahat ng mga pinahihirapan ng diyablo, sapagkat kasama niya ang Diyos.* Nakumpirma ang Kanyang mga Salita, at ang mga himala ay tila ba kampana na umaakit sa mga tao patungo sa Kanyang mensahe. Pinarangalan nila ang Diyos. Maraming kasulatan ang nagsabi na ang mga himalang ito ay nagbigay ng parangal sa Diyos, at kung kailangang gumamit si Hesus ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang magministeryo at mabago ang buhay ng mga tao, iisipin ba natin na kaya nating higitan ang

ARALIN 3

ginawa Niya? Kung si Hesus ay gumawa ng mga himala upang ilapit ang mga tao sa Kanyang sarili upang tanggapin ang Kanyang mensahe, paano natin maiisip na makukumbinsi natin ang mundo ngayon nang hindi kumikilos sa *supernatural* na kapangyarihan ng Diyos? Ang katotohanan ay ang mga himala ay lumuluwalhati sa Diyos. Tila ba kampana na naghihikayat sa mga tao patungo sa Diyos. Katulad ng kalembang ng kampana na nagbibigay hudyat na oras na ng hapunan- ang pagkain ang magpapabusog sa iyo, ngunit ang kampana ang kumuha ng iyong pansin. Kung wala ang kampana ang ibang tao ay makakaligtaan ang oras ng hapunan. Kung wala ang himala ng Diyos, maraming tao ang makakaligtaan ang katotohanan na tunay ang Diyos at kaya Niyang baguhin ang kanilang puso at patawarin ang kanilang mga sala.

Hinihikayat ko kayo na mapagtanto na nais ng Diyos na dumaloy sa bawat isa sa atin at gawin ang mga himalang ito sa pamamagitan natin sa buhay ng ibang tao. Ang iba sa inyo ay magsasabi ng ganito, “Ngunit nakakatakot ito sa akin. Ano ang mangyayari kung ipanalangin ko ang isang tao at hindi siya gumaling? Paano ko malalaman na mangyayari nga ito?” Dapat mong maunawaan na hindi ikaw ang gumagawa ng mga himala; ang Diyos ang gumagawa. Wala kang pananagutan kung mangyari man o hindi ang himala at mapalaya ang tao, at huwag sisihin ang sarili kung hindi man ito mangyari. Manalangin ka lang; ang Diyos ang gagawa ng pagpapagaling, ngunit kailangan Niyang dumaloy sa pamamagitan mo. Nais ng Diyos na gamitin kang daluyan ng mga himala. Kailangan mong saliksikin o pag-aralan ang Salita, makita kung paano Ito ginamit at nakatulong sa iba, ilapat ang mga bagay na iyon sa iyong sarili, at hayaan ang mahimalang *supernatural* na kapangyarihan ng Diyos ay magsimulang dumaloy sa pamamagitan mo ngayon.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Ano ang himala?
2. Basahin ang Marcos 2:10-12. Ano ang kapangyarihan ang kayang gawin ni Hesus na ipinakita Niya sa pamamagitan ng himalang Kanyang ginawa?

Marcos 2:10-12 *Ngunit upang malaman ninyo na dito sa lupa ang Anak ng Tao ay may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan”—sinabi niya sa paralitiko, [11] “Sinasabi ko sa iyo, bumangon ka, damputin mo ang iyong higaan, at umuwi ka na!” [12] Bumangon nga ang lalaki, agad na dinampot ang higaan at umalis sa harapan nilang lahat. Dahil dito’y namangha ang lahat at niluwalhati ang Diyos. Sinabi nila, “Wala pa kaming nakitang tulad nito!”*

3. Basahin ang Marcos 16:15-18. Bilang mga mananampalataya, ano ang dapat nating gawin?

Marcos 16:15-18 *Sinabi niya sa kanila, “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo ang ebanghelyo [a] sa lahat ng tao. [16] Ang sinumang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas. Ngunit ang hindi sumasampalataya ay parurusahan. [17] Ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga sumasampalataya: magpapalayas sila ng mga demonyo sa aking pangalan at magsasalita sila ng mga bagong wika; [18] walang mangyayaring masama sa kanila kahit makahawak sila ng mga ahas o makainom ng lason; ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, at gagaling ang mga ito.”*

4. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:5-8 at 12. Ano ang nakita ng mga tao, at paano sila tumugon?

Aklat ng Mga Gawa 8:5-8; 12 *Si Felipe ay bumaba sa lungsod ng Samaria at ipinangaral sa kanila ang Cristo. [6] Nang marinig ng maraming tao ang mga sinabi ni Felipe at nang makita ang mga himalang ginawa niya, nagkaisa silang bigyan ng pansin ang kanyang sinasabi. [7] Sapagkat lumalabas ang masasamang espiritu na sumisigaw nang malakas mula sa maraming taong sinapian; at maraming lumpo at pilay ang pinagaling. [8] Kaya’t nagkaroon ng malaking kagalakan sa lungsod na iyon. ... [12] Ngunit nang naniwala sila kay Felipe na nangangaral ng Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos at sa pangalan ni Jesu-Cristo, sila ay nabautismuhan, mga lalaki at mga babae.*

5. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 3:12. Ano ang sinabi ni apostol Pedro tungkol sa kanyang sariling kabalanan na nagbubunga ng mga himala?

Aklat ng Mga Gawa 3:12 *Nang makita ito ni Pedro, sinabi niya sa mga tao, “Mga Israelita,*

ARALIN 3

bakit ninyo ito ipinagtataka at bakit ninyo kami tinititigan na para bang napalakad namin siya sa sarili naming kapangyarihan o kabanalan?

6. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 3:16. Paano nangyayari ang mga himala?

Aklat ng Mga Gawa 3:16 *Sa pamamagitan ng pananampalataya sa kanyang pangalan, gumaling ang lalaking ito na inyong nakikita at nakikilala. Ang pananampalataya kay Jesus ang lubusang nagpagaling sa kanya, gaya ng nakikita ninyong lahat.*

7. May mga halimbawa ba ng mga himalang nangyari sa Bagong Tipan na hindi gawa ng mga apostoles?

8. Basahin ang 1 Corinto 1:7. Kailan hihinto o matatapos ang kaloob ng himala?

1 Corinto 1:7 *Kaya't hindi kayo nagkukulang sa anumang espirituwal na kaloob habang inyong hinihintay na maipahayag ang ating Panginoong Jesu-Cristo.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Ano ang himala?
Isang pambihira o hindi pangkaraniwang pangyayari na itinuturing na isang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos. Isa rin itong supernatural na interbensiyon ng kapangyarihan ng Diyos sa natural na batas o kalikasan.
2. Basahin ang Marcos 2:10-12. Ano ang kapangyarihan ang kayang gawin ni Hesus na ipinakita Niya sa pamamagitan ng himalang Kanyang ginawa?
Magpatawad ng kasalanan.
3. Basahin ang Marcos 16:15-18. Bilang mga mananampalataya, ano ang dapat nating gawin?
Ipangaral ang Ebanghelyo, binyagan ang mga nagbalik-loob, magpalayas ng mga demonyo, magsalita ng ibang wika, at magpagaling ng mga may sakit.
4. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:5-8 at 12. Ano ang nakita ng mga tao, at paano sila tumugon?
Nakakita sila ng mga himala (b7), nanampalataya sila kay Hesus, at nagpapabautismo (b12).
5. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 3:12. Ano ang sinabi ni apostol Pedro tungkol sa kanyang sariling kabalanan na nagbubunga ng mga himala?
Hindi sarili niyang kabalanan o kapangyarihan ang nagpagaling sa lalaki; ang Diyos.
6. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 3:16. Paano nangyayari ang mga himala?
Sa pamamagitan ng pangalan ni Hesus at pananampalataya sa Kanya.
7. May mga halimbawa ba ng mga himalang nangyari sa Bagong Tipan na hindi gawa ng mga apostoles?
Oo. Hindi pinangalanang tagasunod ni Kristo (Marcos 9:38-39), Philip (Mga Gawa 8:5-7), Ananias (Mga Gawa 9:10-18).
8. Basahin ang 1 Corinto 1:7. Kailan hihinto o matatapos ang kaloob ng himala?
Sa pagbabalik ng Panginoong Hesus.

MGA KARAGDAGANG KASULATAN MULA SA ARALIN

Marcos 9:38-39 Sinabi sa kanya ni Juan, “Guro, nakakita kami ng isang taong nagpapalayas ng mga demonyo sa iyong pangalan. Pinagbawalan namin siya, sapagkat hindi siya sumasama sa atin.” Ngunit sinabi ni Jesus, “Huwag ninyo siyang pagbawalan. Sapagkat walang taong gumagawa ng himala sa pamamagitan ng pangalan ko ang agad makapagsasalita ng masama tungkol sa akin.

Aklat ng Mga Gawa 9:10-18 Noon ay may isang alagad sa Damasco na ang pangalan ay Ananias. Sinabi sa kanya ng Panginoon sa isang pangitain, “Ananias.” At sumagot siya, “Narito ako, Panginoon.” [11] Sinabi sa kanya ng Panginoon, “Tumindig ka at pumunta sa lansangang tinatawag na Tuwid. Ipagtanong mo sa bahay ni Judas ang isang lalaking taga-Tarso na may pangalang Saulo. Sa sandaing ito’y nananalangin siya. [12] Nakita niya sa pangitain ang isang lalaking ang pangalan ay Ananias. Pumapasok ito at ipinapatong ang mga kamay sa kanya upang muli siyang makakita.” [13] Ngunit sumagot si Ananias, “Panginoon, marami na po ang nagbalita sa akin tungkol sa lalaking ito, kung gaano katindi ang kasamaang ginawa niya sa iyong mga hinirang na nasa Jerusalem. [14] Mayroon siyang pahintulot mula sa mga punong pari na igapos ang lahat ng mga tumatawag sa iyong pangalan.” [15] Ngunit sinabi sa kanya ng Panginoon, “Humayo ka. Sapagkat ang lalaking ito ay isang kasangkapang pinili ko upang dalhin ang aking pangalan sa harapan ng mga Hentil at ng mga hari, at ng mga anak ni Israel. [16] Ipapakita ko sa kanya kung gaano karaming bagay ang dapat niyang tiisin alang-alang sa aking pangalan.” [17] Kaya’t umalis si Ananias at pumasok sa bahay. Ipinatong niya ang kanyang mga kamay kay Saulo at sinabi niya, “Kapatid na Saulo, isinugo ako ng Panginoong Jesus na nagpakita sa iyo sa daan sa iyong pagpunta rito upang muli kang makakita at mapuspos ng Banal na Espiritu.” [18] Agad nalaglag mula sa mga mata ni Saulo ang bagay na parang mga kaliskis, at muli siyang nakakita. Tumayo siya at binautismuhan.

ARALIN 4

ANG KAPANGYARIHAN NG MAKA-DIYOS NA RELASYON

Isinulat ni Don Krow

Ngayon ay pag-uusapan natin ang kapangyarihan ng maka-Diyos na relasyon. Kung iisipin mo, ang kabuuan ng Bibliya ay tinatalakay ang paksang ito. Halimbawa, ang salitang *church* sa *Griyego* ay *ekklesia*, na ang kahulugan ay isang tinawag na grupo (a called out group). Habang sinasaliksik mo ang Salita ng Diyos, makikita mo na ang *church*, o ang mga grupo ng tao na maka-Diyos, ay hinihikayat na magkita-kita. Hinihikayat silang manalangin ng sama-sama at magpalakasan araw-araw. Sila ay nahihikayat o napalalakas sa pamamagitan ng maka-Diyos na relasyon habang sila ay sama-sama sa pagsulong sa pangaraw-araw na buhay. Kung iisipin mo rin ang salitang *elder*, ginamit ito ng maraming beses sa Kasulatan, ito ay naglalarawan ng isang taong nakatatanda sa edad, isang *mature*, isang tao na lumakad o namuhay ng kasama si Kristo Hesus, at matagumpay sa kanyang pamilya at pag-aasawa (marriage). Kung ako'y may problema sa aking buhay may-asawa, gusto kong pumunta sa isang tao na alam kong maka-Diyos, na nagtamo ng maka-Diyos na karunungan sa paglipas ng mga panahon.

Dapat din nating mapagtanto na inilalarawan ng Kasulatan ang katawan ni Kristo bilang isang pisikal na katawan. Mayroon itong kamay, mata, tainga, at iba pang bahagi. Tayong lahat ay bahagi ng bawat isa. At bilang bahagi ng bawat isa, humuhugot tayo ng lakas sa isa't isa. Ang bawat *ligament*, bawat bahagi ay may kanya-kanyang kaloob, talento, sarili nitong paraan ng pagbibigay ng lakas at kaalaman.

Sinabi sa Santiago 5:16, *Kaya't ipagtapat ninyo sa isa't isa ang inyong mga kasalanan, at ipanalangin ninyo ang isa't isa at magdalanginang upang kayo'y gumaling. Ang panalangin ng taong matuwid ay makapangyarihan at mabisa.* Isa itong halimbawa sa Kasulatan ng kapangyarihan ng maka-Diyos na relasyon. Alam mo na may kulang sa katawan ni Kristo. Sa palagay ko, dahil binigyang-diin natin ang *priesthood* ng mananampalataya, direktso sa Diyos at hind isa isa't isa, may mga bagay na nawala sa atin. Tinukoy ng Bibliya ang pagtatapat ng ating mga pagkakamali sa isa't isa. May kaibigan ako na ang pangalan ay Dr. Loren Lewis. Siya'y may edad na lalaki, at matagal na panahon kaming naging magkaibigan. Isa siyang *Greek scholar* at kabisado niya ang pagbabasa ng Griyego. Kapag hindi ko maintindihan ang aking binabasa sa Bibliya, nagtatanong ako sa kanya. Marami siyang naitulong sa aking pag-aaral ng Kasulatan. Maraming oras ang aking ginugol na kasama siya. Isang taong may karunungan. Maka-Diyos. Matagumpay ang buhay may-asawa. May matagumpay na pamilya. At may mga oras na kaming lahat ay nagsasabi ng aming mga kasalanan sa isa't isa. Alam ko na sinasabi ng Bibliya na dapat tayong mangumpisal

ARALIN 4

diretso sa Diyos, hindi ko sinasabi na mangumpisal ka sa tao na tila ba kaya ka niyang patawarin sa kasalanan mo, sapagkat kailangan nating dumiretso sa Diyos. Ngunit kailangan nating magkaroon ng pananagutan (accountability) sa ating buhay.

Ang kapangyarihan ng pagkakaroon ng maka-Diyos na relasyon ay siya ring kapangyarihan na kailangan natin upang magkaroon ng pananagutan (accountability) at upang may humikayat sa atin na hanapin ang Panginoon. Sa aklat ng Hebreo, hinihimok tayong magpalakasan araw-araw, huwag kaligtaan ang pagtitipon-tipon, hikayatin ang bawat isa, upang magbalaan (warn) sa isa't isa na baka ang sinoman sa atin ay tumigas sa pamamagitan ng panlilinlang ng kasalanan. Ang lahat ng ito ay nagsasabi tungkol sa kahalagahan ng maka-Diyos na relasyon. Sa negatibong panig, ilang ulit nagbabala ang Bibliya tungkol sa hindi maka-Diyos na relasyon, kung papano nakakaapekto sa ating kaisipan at pag-iisip ang hindi maka-Diyos na relasyon. Bago pa man natin mamalayan, maari tayong matangay sa mga bagay na hindi natin dapat pasukin, dahil hindi natin na protektahan ang ating sarili at hindi pinalibutan ng maka-Diyos na payo (Kawikaan 11:14, 13:20, 1 Corinto 15:33). Sinabi sa Bibliya, *Huwag kayong makipamatok nang hindi patas sa mga di-mananampalataya. Sapagkat anong samahan mayroon ang katuwiran at kamalian? O anong pakikisama mayroon ang liwanag sa kadiliman?* (2 Corinto 6:14).

Habang tinatahak mo ang buhay Kristiyano, mahikayat kang palibutan ang sarili ng maka-Diyos na relasyon, at layuan ang anomang makakaimpluwensya sa iyo sa negatibong paraan. Napakahalaga na magkaroon ng maka-Diyos na mananampalataya sa buhay natin na makakapagpatalas sa ating kaalaman at karunungan (Kawikaan 27:17) at magkaroon ng pananagutan (accountable). Pagpalain kayo ng Diyos sa inyong pagpapatuloy sa pagnilay (meditate) sa mga bagay na ito.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang 1 Corinto 15:33. Ano ang itinuturo ng bersikulong ito tungkol sa mga relasyon?

1 Corinto 15:33 *Huwag kayong padaya: “Ang masasamang kasamahan ay sumisira ng magagandang asal.”*

2. Basahin ang 1 Corinto 12:12. Ano ang ipinapakita ng bersikulong ito tungkol sa ating buhay Kristiyano?

1 Corinto 12:12 *Sapagkat kung paanong iisa ang katawan at marami ang mga bahagi, at ang lahat ng bahagi ng katawan, bagama’t marami ay iisang katawan, gayundin naman kay Cristo.*

3. Basahin ang Hebreo 10:24. Ano ang matututunan natin mula sa bersikulong ito?

Hebreo 10:24 *At isipin natin kung paano natin hihimukin ang isa’t isa sa pag-ibig at sa paggawa ng mabuti.*

4. Basahin ang Hebreo 10:25. Ano ang ating matututunan sa bersikulong ito tungkol sa relasyon?

Hebreo 10:25 *Huwag nating pabayaang ang ating pagtitipon, gaya ng ugali ng iba, sa halip ay palakasin ang loob ng isa’t isa, lalung-lalo na habang nakikita ninyo na papalapit na ang Araw.*

5. Basahin ang Kawikaan 5:22-23. Bakit kailangan bantayan ang ating puso sa hindi maka-Diyos na relasyon?

Kawikaan 5:22-23 *Ang sarili niyang mga kasamaan ay kukuha sa masama. At siya’y matatalian ng mga panali ng kaniyang kasalanan. Siya’y mamamatay sa kakulangan ng turo; at sa kadahilanan ng kaniyang pagkaulol ay maliligaw siya.*

6. Basahin ang 2 Timoteo 2:22. Kanino dapat hanapin ang katuwiran, pag-ibig, at pananampalataya?

2 Timoteo 2:22 *Layuan mo ang masasamang pagnanasa ng kabataan. Pagsikapan mong mabuhay ka sa katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, at kapayapaan, kasama ng mga tumatawag sa - Panginoon mula sa pusong dalisay.*

7. Basahin ang Hebreo 13:7. Sino ang ating dapat alalahanin at maging huwaran sa ating buhay?

Hebreo 13:7 *Alalahanin ninyo ang mga namumuno sa inyo, silang nangaral sa inyo ng salita ng Diyos. Tandaan ninyo ang bunga ng kanilang pamumuhay at sundan ninyo ang halimbawa ng kanilang pananampalataya.*

ARALIN 4

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang 1 Corinto 15:33. Ano ang itinuturo ng bersikulong ito tungkol sa mga relasyon?
Ang masasamang kasamahan ay sumisira ng magagandang asal.
2. Basahin ang 1 Corinto 12:12. Ano ang ipinapakita ng bersikulong ito tungkol sa ating buhay Kristiyano?
Katulad ng ating pisikal na katawan, kailangan natin ang ibang bahagi ng katawan ni Kristo.
3. Basahin ang Hebreo 10:24. Ano ang matututunan natin mula sa bersikulong ito?
Silang mga nasa maka-Diyos na relasyon ay mag-uudyok sa iba upang mahalín ang kapwa at gumawa ng mabuti.
4. Basahin ang Hebreo 10:25. Ano ang ating matututunan sa bersikulong ito tungkol sa relasyon?
Kailangan nating magtipon-tipon, makisama, magpalakasan sa isa't-isa.
5. Basahin ang Kawikaan 5:22-23. Bakit kailangan bantayan ang ating puso sa hindi maka-Diyos na relasyon?
Upang hindi tayo mailigaw ng karangalan.
6. Basahin ang 2 Timoteo 2:22. Kanino dapat hanapin ang katuwiran, pag-ibig, at pananampalataya?
Silang tumatawag sa pangalan ng Panginoon mula sa isang pusong busilak.
7. Basahin ang Hebreo 13:7. Sino ang ating dapat alalahanin at maging huwaran sa ating buhay?
Ang mga namumuno sa inyo na nagbigay ng Salita ng Diyos.

ARALIN 5

PAG-UUSIG

Isinulat ni Don Krow

Mababasa sa Mateo 10:16-23 na gustong ihanda ni Hesus ang Kanyang mga disipulo sa nagbabadyang pagsalungat (opposition). Ibig Niyang malaman nila na makararanas sila ng pagsalungat. Silang mga nabubuhay bilang tagasunod ni Kristo Hesus ay daranas ng pag-uusig (2 Timoteo 3:12). Hindi ito isang bagay na pwede mong pagsabihan o pagbawalan. Ang kalaban ay maaaring nasa likod nito, ngunit ang pag-uusig ay bahagi ng paninindigan para sa katuwiran. Sinasabi sa Bibliya na silang namumuhay sa katuwiran ni Kristo ay daranas ng pag-uusig. Hinahanda ni Hesus ang Kanyang mga disipulo at sinabi, *Behold, I send you forth as sheep in the midst of wolves* (Matthew 10:16). Tandaan ninyo, isinusugo ko kayo na parang mga tupa sa gitna ng mga asong-gubat (Mateo 10:16). Ang salitang *behold* (masdan) ay sinasabi, “Makinig kayo sa Akin, gusto Kong makuha Ninyo ito.” Isusugo Ko kayo na parang tupa sa gitna ng mga asong-gubat.” Ang mga tupa ay walang kakayanang ipagtanggol ang sarili at pala-asa sa iba. Wala silang pangil, walang lason na gaya ng ahas-walang kahit anomang depensa. Ang tanging depensa lang talaga nito ay ang pastol.

Ang responsibilidad ng isang pastol ay ilayo ang mga lobo sa kawan ng mga tupa, ngunit taliwas dito ang sinasabi ni Hesus: “Isusugo Ko kayo na parang tupa sa gitna ng mga lobo.” Ito’y kamangha-mangha hindi ba? Ang dahilan kung bakit Niya sinabi ito ay para ihanda sila sa paparating na oposisyon o pagsalungat. Sinabi sa Efeso 6:12, *Sapagkat ang pakikipaglaban natin ay hindi sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga makasanlibutang hukbo ng kadilimang ito, laban sa mga espirituwal na puwersa ng kasamaan na nasa kaitaasan*. Magkakaroon ng oposisyon o pagsalungat. Bahagi ng buhay Kristiyano ang oposisyon o pagsalungat, at ibig ni Hesus na malaman mo ito. At gusto Ka niyang ihanda tungkol dito sa pagsasabi, *Kaya’t magpakatalino kayong gaya ng mga ahas* (Mateo 10:16). Ang salitang magpakatalino (wise) ay nangangahulugang sa lahat ng pagkakataon, sa mga pagsubok na iyong kakaharapin, may taglay kang karunungan na lagi mong dala-dala o kasa-kasama.

At nagpatuloy Siya sa pagsasalita, *Mag-ingat kayo sa mga tao* (Mateo 10:17). Mga tao ang gagamitin ng kalaban. Ang sabi sa Efeso 2:2 na mayroong, *pinuno ng kapangyarihan ng himpapawid, ang espiritung kumikilos ngayon sa mga anak ng pagsuway*. Gagamitin ni Satanas ang mga tao upang salungatin tayo, upang salungatin ang layunin ni Hesus, at salungatin ang Salita ng Diyos. *Mag-ingat kayo sa mga tao, sapagkat may mga magkakanulo sa inyo sa mga hukuman at hahagupit sa inyo sa kanilang mga sinagoga* (Mateo 10:17). Sinabi ni apostol Pablo, *Limang beses akong hinampas, limang ulit akong nakatanggap sa mga Judio ng 39 na hagupit, dahil kay Hesus, at ang mensahe ni Hesu Kristo, at ang mensahe ng Ebanghelyo* (2 Corinto 11:23-24).

ARALIN 5

Sinabi ni Hesus haharap kayo sa mga gobernador-may mga pagkakataon na pati ang gobyerno ay gagamitin upang salungatin ang layunin ni Hesus. Dadalhin kayo sa harap ng mga hari at gobernador alang-alang kay Kristo, para sa isang patotoo para sa kanila o laban sa iyo.

Nagtuturo ako ng kurso sa ebanghelismo, ipinapakita ko sa mga estudyante kung paano gamitin ang liham tungkol sa ebanghelismo at personal na patotoo upang abutin ang mga hindi mananampalataya. Gumawa ako ng sarili kong liham at ipinadala ko sa 50-100 katao. Lumipas lamang ang ilang araw, nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula sa isang babaeng nagngangalang Mary Anne. Sinabi niya, “Hindi mo matatakas ito; hindi mo maaring sabihin sa akin ang tungkol kay Hesu Kristo; hindi ka makakatakas dito. Saan at paano mo nakuha ang pangalan ko?” Ang sagot ko, “Nakuha ko sa listahan ng mga pangalan sa telepono.” Sumagot siya, “Sinungaling! Ang pangalan ko at tirahan ay wala sa listahan!” Ang sagot ko, “doon ko ito nakuha.” Ang sagot niya, “Bukas ay tatawagan ka ng pulis.” Tinanong ko ang aking sarili, “Totoo ba talaga ang Bibliya?” At kinabukasan nga ay dumating ang pulis at inabot ng dalawang oras ang kanyang pagtatanong.

Nakikita niyo ba kung ano ang sinasabi ko? Kung saan may mga kriminal sa kalye, sinayang ng pulis ang kanyang 2 oras. Bakit? Alang-alang kay Hesu Kristo, alang-alang sa Ebanghelyo. Talaga bang tunay ang Salita ng Diyos? Kung ikaw ay maninindigan sa Salita ng Diyos, kung matapang kang sumaksi, kung matapang kang ipahayag si Hesus, kung matapang kang mamuhay ng matuwid sa harap ng mga tao, magkakaroon ng oposisyon. May mga pwersa ng kasamaan; may mga pwersa ng kabutihan. Ibig ni Hesus na maging handa ang Kanyang mga disipulo.

Sinabi sa Mateo 10:19, *Kapag kayo’y ipinadakip, huwag ninyong ipangamba kung paano kayo magsasalita o kung ano ang inyong sasabihin, sapagkat ang inyong sasabihin ay ibibigay sa inyo sa oras ding iyon.* Sa Espiritu ng Diyos, magkakaroon ka ng karunungan tulad ni Esteban (Stephen) noon unang panahon. Hindi nakayanan ng mga tao ang karunungan kung saan siya nagsasalita. Sinabi ni Hesus sa bersikulo 22-23, *Kamumuhian kayo ng lahat dahil sa aking pangalan. Subalit ang makatagal hanggang sa wakas ay maliligtas. [23] Kapag ginigipit nila kayo sa isang bayan, tumakas kayo papunta sa kasunod.* May oposisyon laban sa katuwiran, laban sa mga layunin ni Hesus, ito’y totoo kung ikaw ay tumatalima sa Salita at hindi lamang tagapakinig.

Ako’y nasa *park* kanina pa, at nakita ko ang isang matandang babae na nasa *swing*. Naisip ko, hindi siya mapanganib; hindi niya ako kayang saktan! Tinanong ko siya kung pwede ba akong umupo sa *swing* sa tabi niya, umupo ako at nakipag-kwentuhan sa kanya. Nalaman ko ang pangalan niya ay Jane, at ako’y nagtanong kung ano ang kanyang ginagawa o ang kanyang trabaho. Sumagot siya, “Ako’y matanda na; hindi na ako nagtatrabaho. Nagretiro na ako.” Siya’y nagtanong sa akin, “Ano ang iyong ginagawa o trabaho?” Sumagot ako, “Nagtatrabaho ako sa isang *parachurch ministry*, isang *parachurch organization*.” Biglang nagbago ang kanyang mukha, at nagsabi, “Huwag mong sabihin sa akin ang tungkol sa Diyos! Huwag mong sabihin

sa akin ang tungkol kay Hesus!” Ang aking sagot, “Jane, huwag kang magsalita ng ganyan,” at sumagot siya, “Kung nasa harap ko si Hesus ngayon, duduraan ko ang Kanyang mukha!” Sinabihan ko siya ng, “Jane, hindi ka dapat nagsasalita nang ganyan. Marahil ay maraming tao ang nakasakit sa iyo sa mga simbahan na iyong dinaluhan kaya ka nagsasalita ng ganyan. Hayaan mong ikwento ko sa iyo ang tungkol sa aking pamilya.” Sumigaw siya, “Hindi!” Ayaw kong marinig ang tungkol kay Hesus at kung ano ang ginawa ng Diyos sa iyong pamilya, hindi kita pahihintulutan. Hindi ka pwedeng magsalita.” Ang sumamo ko, “Nakiki-usap ako, Jane, kailangan kong sabihin sa iyo ang tungkol kay Hesus.” Isang sigaw ang bumalik sa akin, “TUMIGIL KA!”

May dala siyang aso na nakatali, hinatak niya ito hanggang sa masakal at siya’y lumayo. Narito ang isang babae na nawalan ng kontrol sapagkat isang espiritu ang sumanib sa kanya, espiritu ng pagsuway. Siya’y kontrolado ng kaaway. Hindi ako sanay na masigawan ng tao, hindi ako sanay na ipahiya ng harapan. Ang tanging naramdaman ko ay pagmamahal, walang iba kundi pagmamahal para kay Jane. Wala na siya sa kontrol at ako’y ganap na may kontrol. Umuwi na ako at kinausap ang Diyos, “Alam mo ba Panginoon, ang pinakadakilang himala ay noong ako’y may ganap na kontrol, napigilan ko ang aking sarili ng ako’y hiyain at sigawan ni Jane, at ang tanging nadama ko ay pagmamahal para sa kanya.”

Pag-uusig at oposisyon o pagsalungat ay tiyak nating mararanasan kung tayo ay mamumuhay na sumusunod kay Hesus. Ang parehong Espiritu ng Diyos na nagbibigay katapangan upang ipahayag si Hesus kahit na tayo ay tinanggihan para sa Kanyang kapakanan ay siya ring Espiritung magbibigay sa atin ng kaginhawaan (comfort) at lakas sa anomang sitwasyon.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang 2 Timoteo 3:12. Ano ang mararanasan ng mga namumuhay ng maka-Diyos?

2 Timoteo 3:12 *Totoo ngang ang lahat ng ibig mabuhay bilang tagasunod ni Cristo Jesus ay daranas ng pag-uusig.*

2. Ano ang kahulugan ng pag-uusig?
3. Basahin ang Marcos 4:16-17. Ano ang dahilan kung bakit nararanasan natin ang paghihirap at pag-uusig?

Marcos 4:16-17 *Ang iba nama'y tulad ng mga nahasik sa batuhan. Nang marinig nila ang salita, buong galak nila itong tinanggap. [17] Ngunit dahil walang ugat, sandali lamang silang nagtatagal at madali silang tumalikod pagdating ng kapighatian o mga pag-uusig dahil sa Salita.*

4. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:1 at 4. Ano ang naging resulta ng pag-uusig sa Jerusalem?

Aklat ng Mga Gawa 8:1 at 4 *Nang araw na iyon, sumiklab ang isang malawakang pag-uusig laban sa iglesia na nasa Jerusalem. Maliban sa mga apostol, nagkahiwa-hiwalay ang lahat ng mananampalataya sa buong lupain ng Judea at Samaria. ... [4] Ang mga nagkawatak-watak nama'y naglakbay na ipinapahayag ang salita.*

5. Basahin ang Mateo 5:10-12. May pagpapalang nakalaan para sa mga pinag-uusig alang-alang sa ...?

Mateo 5:10-12 *Pinagpala ang mga inaapi nang dahil sa katuwiran, sapagkat para sa kanila ang kaharian ng langit. [11] Pinagpala kayo kapag dahil sa akin, kayo'y inaalipusta, inaapi at pinararatangan ng lahat ng uri ng kasamaan na pawang kasinungalingan. [12] Magalak kayo at matuwa, sapagkat malaki ang gantimpala ninyo sa langit, sapagkat gayundin nila inusig ang mga propetang nauna sa inyo.*

6. Basahin ang Mateo 5:12. Kapag ang mga mananampalataya ay pinag-uusig alang-alang sa katuwiran, ano ang kanilang mararanasan sa hinaharap?

Mateo 5:12 *Magalak kayo at matuwa, sapagkat malaki ang gantimpala ninyo sa langit, sapagkat gayundin nila inusig ang mga propetang nauna sa inyo.*

7. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 9:4-5. Sino ang pinag-uusig ni Saul?

Aklat ng Mga Gawa 9:4-5 *Bumagsak siya sa lupa at nakarinig ng isang tinig na sa kanya'y nagsasabi, "Saulo, Saulo, bakit mo ako inuusig?" [5] Sinabi niya, "Sino po ba kayo, panginoon?" At siya'y sumagot, "Ako si Jesus na iyong inuusig."*

8. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 9:1. Sa totoo, sino ang inuusig ni Saul?

Mga Gawa 9:1 *Samantala, sumisidhi ang pagnanais ni Saulo na maipapatay ang mga alagad ng Panginoon. Kaya pumunta siya sa Kataas-taasang Pari.*

9. Basahin ang Galatia 6:12. Sa aklat ng mga Taga Galatia, sinubukan ng mga *Judaizers* na dagdagan ang mga *religious Laws* sa Ebanghelyo, ano ang kanilang iniwasan?

Galatia 6:12 *Ang mga taong naghahangad na gumawa ng panlabas na kapurihan ang mga namimilit sa inyong kayo'y magpatuli. Ginagawa nila ito upang huwag na silang usigin dahil sa krus ni Cristo.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang 2 Timoteo 3:12. Ano ang mararanasan ng mga namumuhay ng maka-Diyos?
Pag-uusig.
2. Ano ang kahulugan ng pag-uusig?
Upang gipitin; magdulot ng paghihirap dahil sa paniniwala o pananampalataya.
3. Basahin ang Marcos 4:16-17. Ano ang dahilan kung bakit nararanasan natin ang paghihirap at pag-uusig?
Alang-alang sa Salita ng Diyos; upang alisin ang Salita.
4. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:1 at 4. Ano ang naging resulta ng pag-uusig sa Jerusalem?
Ang mga tao ay nagtungo sa lahat ng dako upang ipangaral ang Salita.
5. Basahin ang Mateo 5:10-12. May pagpapalang nakalaan para sa mga pinag-uusig alang-alang sa ...?
Alang-alang sa kapakanan ng katuwiran.
6. Basahin ang Mateo 5:12. Kapag ang mga mananampalataya ay pinag-uusig alang-alang sa katuwiran, ano ang kanilang mararanasan sa hinaharap?
Dakilang gantimpala sa langit.
7. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 9: 4-5. Sino ang pinag-uusig ni Saul?
Hesus.
8. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 9:1. Sa totoo, sino ang inuusig ni Saul?
Ang mga disipulo (Kristiyano) ng Panginoon.
9. Basahin ang Galatia 6:12. Sa aklat ng mga Taga Galatia, sinubukan ng mga *Judaizers* na dagdagan ang mga *religious Laws* sa Ebanghelyo, ano ang kanilang iniwasan?
Pagdurusa ng pag-uusig para sa krus ni Hesu Kristo. Sa madaling salita, iniwasan nila ang pag-uusig na kasama mula sa panganagaral ng kaligtasan, na ito ay sa pamamagitan ng biyaya na may kalakip na pananampalataya.

ARALIN 6

ANG HARI AT ANG KANYANG KAHARIAN

Isinulat ni Don Krow

Sa Lumang Tipan, kung bakit naiiba ang Israel sa lahat ng iba pang bansa ay isa itong teokrasya (theocracy). Sa madaling salita, ito ay direktang pinasiyahanan ng Diyos (Is. 43:15). Sa kasaysayan ng Israel, gusto nilang maging katulad ng iba pang bansa sa mundo, na pangunahan ng isang makalupang hari (1 Sam 8:5-19). Kaya't pinagbigyan sila ng Diyos at pumili Siya ng hari para sa kanila na nagngangalang Saul (1 Sam 10:24-25). Di kalaunan dahil sa pagsuway ni Saul, hinirang ng Diyos si David bilang hari, isang lalaki na ayon sa sariling puso ng Diyos (Mga Gawa 13:21-22 at 1 Hari 15:3).

Ang makalupang hari ay dapat maging kinatawan ng isang hindi nakikitang Diyos (invisible God) ayon sa Deut 17:14-20. Kapag ang hari ay sumusunod sa Panginoon, siya at ang kanyang kaharian ay uunlad. At kung hindi siya sumunod, mabibihag at mapapahamak siya at ang kanyang kaharian (1 Sam 15:22-23).

Kapag pumili ang Diyos ng isang hari, Siya ay magpapadala ng isang propeta upang pahiran ng langis ang haring Kanyang napili. Inilalarawan nito ang Banal na Espiritu na nagbibigay ng kapangyarihan sa hari upang mamuno. At sa oras na iyon, bababa ang Banal na Espiritu at lulukuban siya at babaguin ang kanyang puso upang makapamuno ng may katuwiran, sapagkat sumasakanya ang Diyos (1 Sam. 10:1, 6-7, at 9). Ang ideya tungkol sa Mesiyas (Messiah) ay nanggaling sa paghaplas o pagpahid upang mamuno (upang maging hari). Ang salitang paghaplas o pagpahid (anointed) sa Hebreo ay *mashiac* (Messiah) at may kahulugang *Christos* (Christ) sa Griyego. Ang mga propeta sa Lumang Tipan ay nagpropesiya na sa hinaharap ay darating ang Mesiyas (Messiah - Anointed One), at magtatatag ang Diyos ng kalangitan ng isang kaharian na hindi maaring sirain (Dan. 2:44, 7:14, at 27). Kung iyong mapapansin sa Kasulatan, hindi nagpaliwanag si Hesus sa mga Hudyo tungkol sa kaharian habang ipinangangaral Niya ito. Isa itong konsepto sa Lumang Tipan na matagal na nilang hinahanap (Isa. 9:6-7, 11:1-6; Dan. 2:44, 7:13-14, 18, at 27).

Imposibleng maunawaan ang mensahe ni Hesus nang walang pangunahing pag-unawa sa kaharian. Ang kaharian ay ang mensahe ni Hesus at ang tanging iniutos Niya sa Kanyang mga alagad na ipangaral (Marcos 1:14-15; Lucas 9:1-2, 16:16; Mga Gawa 28:23-31; Mateo 24:14). Ang mensaheng ito ay tinukoy din bilang “kaligtasan” o ang alok na “buhay na walang hanggan” (Heb. 2:3; Mateo 19:16; ikumpara sa 19:23; Mga Gawa 28:23-24, 28, at 30-31). Sa loob ng pararila

ARALIN 6

“ang kaharian ng Diyos” ay ang ideya ng isang pangkat ng mga tao na pamamahalaan ng Diyos. May mga kundisyong dapat sundin kung gusto mong makapasok sa kaharian ng Diyos. Kailangan ang pagbabago ng puso. Ang pagbabago ng puso ay tinatawag sa Bibliya na pagsisisi. Pagbabago ng puso patungo sa Diyos; ito’y paglayo sa diablo, sa kasalanan at sa mga paraan nito, patungo sa Diyos, kay Hesus at sa Kanyang pamamaraan. At sa pagtalima, nag-alok ang Diyos (bilang regalo sa pamamagitan ng nabubos na dugo ni Hesus) ng kapatawaran ng mga kasalanan at buhay na walang hanggan (Roma 6:23). Ang “mabuting balitang” ito ay tumutukoy sa *Gospel of Grace* o ang pangangaral ng “kaharian ng Diyos” (Mga Gawa 20:24-25). Ang kaharian ng Diyos ay inilalarawan sa pamamagitan ng biyaya (Mateo 20:1-16) na pumasok ng tahimik at patago sa ministeryo ni Hesus (Mateo 13:33). Ito ay darating, isang araw, sa hinaharap ng maluwalhati at makikitang (visible) katuparan (Mateo 13:36-43).

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Daniel 2:44. Sa Lumang Tipan nagpropresiya ang mga propeta na sa darating na panahon, ang Mesiyas (Anointed One) ay darating, at ang Diyos ng kalangitan ay magtatayo ng kaharian na:
 - A. Tatagal ng 1,000 taon.
 - B. Hindi maaaring sirain o buwagin.
 - C. Panandalian lamang.

Daniel 2:44 *At sa mga kaarawan ng mga haring yaon ay maglalagay ang Dios sa langit ng isang kaharian, na hindi magigiba kailan man, o ang kapangyarihan man niya’y iiwan sa ibang bayan; kundi pagpuputolputulin at lilipulin niya ang lahat na kahariang ito, at yao’y lalagi magpakailan man.*

2. Basahin ang Mateo 4:17, 23. Ano ang mensahe ni Hesus?

Mateo 4:17, 23 *Mula noon ay nagsimulang mangaral ng ganito si Jesus, “Magsisi kayo, sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit.” ... [23] Nilibot ni Jesus ang buong Galilea sa pagtuturo sa mga sinagoga ng mga Judio at pagpapahayag ng Magandang Balita ng kaharian. Pinagag.*

3. Basahin ang Marcos 1:14-15. Ano ang ipinangaral ni Hesus?

Marcos 1:14-15 *Nang maibilanggo na si Juan, nagpunta si Jesus sa Galilea at nangaral ng Magandang Balita mula sa Diyos. Sinabi niya, “Dumating na ang takdang panahon at malapit na ang paghahari ng Diyos. Kaya magsisi na kayo at sumampalataya sa Magandang Balitang ito!*

4. Basahin Lucas 4:43. Ano ang dahilan kung bakit isinugo ng Diyos si Hesus?

Lucas 4:43 *Kaya’t sinabi niya sa kanila, “Kailangan ko ring ipangaral sa ibang bayan ang mabuting balita tungkol sa paghahari ng Diyos sapagkat isinugo ako para rito.”*

5. Basahin ang Juan 4:25. Sa Kasulatan, hindi kailanman ipinaliwanag ni Hesus sa mga Hudyo kung ano ang tungkol sa kaharihan na Kanyang ipinangangaral. Ito ay isang konsepto sa Lumang Tipan na:
 - A. Kakaunti ang kanilang nalalaman.
 - B. Inakalang hindi kailanman darating.
 - C. Kanila nang hinahanap ito.

ARALIN 6

Juan 4:25 Sinabi ng babae sa kanya, “Alam kong darating ang Mesiyas, siya na tinatawag na Cristo; sa pagdating niya, ipaliliwanag niya sa amin ang lahat ng bagay.”

6. Basahin ang Lucas 9:1-2. Ano ang 3 bagay na ginawa ng mga alagad o disipulo?

Lucas 9:1-2 Tinipon ni Jesus ang labindalawa at pagkatapos ay binigyan niya ang mga ito ng kapangyarihan at karapatan sa lahat ng mga demonyo at magpagaling ng mga may karamdaman. At isinugo niya ang mga ito upang ipangaral ang paghahari ng Diyos at magpagaling ng mga may sakit.

7. Basahin Lucas 10:1-2, 8-9. Anong mensahe ang sinabi ni Hesus na dapat ipangaral ng 70 alagad o disipulo?

Lucas 10:1-2, 8-9 Pagkatapos ng mga ito, humirang ang Panginoon ng pitumpu't dalawa at sila ay dala-dalawa niyang pinauna sa bawat bayan at pook na kanyang pupuntahan. [2] Sinabi niya sa kanila, “Napakarami ng aanihin, subalit kakaunti lamang ang manggagawa. Kaya idalangin ninyo sa Panginoon ng pag-aani na magpadala siya ng manggagawa sa kanyang aanihin. ... [8] Sa alinmang bayan na inyong puntahan at tanggapin kayo ng mga tagaroon, kainin ninyo ang anumang ihain sa inyo. [9] Pagalingin ninyo ang mga maysakit doon at sabihin ninyo sa kanila, ‘Malapit na sa inyo ang paghahari ng Diyos.’

8. Basahin Lucas 23:2. Ayon sa sariling depinasyon ng mga Hudyo, ang ibig sabihin ng Kristo ay ...?

Lucas 23:2 Nagsimula sila na paratangan si Jesus. Sinabi nila, “Natagpuan namin ang taong ito na inililigaw ang aming bansa at ipinagbabawal ang pagbubuwis sa Emperador. Sinasabi rin niyang siya ang Cristo, ang hari.”

9. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 17:7. Salungat sa batas ng mga Romano, sinabi ng mga Hudyo na itinuro ni apostol Pablo na may isa pang ...? si ...?

Aklat Ng Mga Gawa 17:7 Pinatuloy sila ni Jason sa kanyang tahanan. Lahat sila ay lumalabag sa mga utos ng Emperador, at sinasabi nilang may ibang hari na ang pangalan ay Jesus!

10. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 19:8-10. Buong tapang na nagsalita si Pablo sa Efeso na nakipagtalo at nanghihikayat sa iba tungkol sa ...?

Aklat ng Mga Gawa 19:8-10 Pumasok si Pablo sa sinagoga, at sa loob ng tatlong buwan ay buong tapang na nakipagpaliwanagan at nanghihikayat tungkol sa paghahari ng Diyos. [9] Ngunit nagmatigas ang ilan. Ayaw nilang maniwala at nagsalita pa ng masama tungkol sa

Daan ng Panginoon sa harap ng kapulungan. Kaya't umalis doon si Pablo at isinama ang mga alagad. Araw-araw siyang nakipagpaliwanagan sa bulwagan ni Tiranno.^[a] [10] Nagpatuloy ito sa loob ng dalawang taon. Dahil dito, ang lahat ng mga Judio at Griyegong naninirahan sa Asia ay nakarinig ng salita ng Panginoon.

11. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 28:23-31. Sa bersikulo 31, ano ang ipinangaral ni Pablo?

Aklat ng Mga Gawa 28:23-31 *Kaya't sila'y nagtalaga ng isang araw para sa kanya, at maraming nagtungo sa nagpaliwanag at nagpatotoo sa kanila si Pablo tungkol sa paghahari ng Diyos. Sinikap niyang hikayatin sila tungkol kay Jesus mula sa isinasaad ng Kautusan ni Moises at ng mga propeta.[24] May ibang naniwala sa kanyang sinabi at may iba namang hindi. [25] At nang hindi sila magkaisa, umalis sila matapos sabihin ni Pablo ang ganitong pahayag: "Tama ang sinabi ng Banal na Espiritu nang sabihin niya sa inyong mga ninuno sa pamamagitan ni propeta Isaias, [26] 'Pumaroon ka sa sambayanang ito at sabihin mo, Makinig man kayo nang makinig, kailanma'y hindi ninyo mauunawaan, tingnan man ninyo nang tingnan, hindi kayo makakakita. [27] Sapagkat pumurool na ang puso ng bayang ito, at mahirap nang makarinig ang kanilang mga tainga, ipinikit na nila ang kanilang mga mata; Sapagkat ayaw na nilang makakita ang kanilang mga mata, at makarinig ang kanilang mga tainga, at makaunawa ang kanilang puso, at magbalik-loob sa akin, at sila'y aking pagalingin.' [28] Kaya nais kong sabihin sa inyo na ipinararating na sa mga Hentil ang kaligtasang ito mula sa Diyos, at pakikinggan nila ito!" [29] {Matapos niyang sabihin ang mga ito ay umalis na ang mga Judio at mahigpit na nagtalu-talo.}[30] Dalawang taóng nanirahan sa Roma si Pablo, sa bahay na kanyang inuupahan. Tinatanggap niya ang lahat ng pumupunta sa kanya. [31] Buong tapang at malaya niyang ipinangangaral ang mga bagay tungkol sa paghahari ng Diyos at itinuturo ang tungkol sa Panginoong Jesu-Cristo.*

12. Basahin ang Mateo 24:14. Ano ang mensaheng dapat ipangaral sa buong daigdig o mundo?

Mateo 24:14 *At ang ebanghelyong ito ng kaharian ay ipangangaral sa buong daigdig bilang patotoo sa lahat ng mga bansa. Pagkatapos ay darating ang wakas.*

13. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 20:24-25. Minsan ang Ebanghelyo ng kaharian ay tinutukoy bilang Ebanghelyo ng ...?

Aklat ng Mga Gawa 20:24-25 *Subalit hindi ko itinuturing na mahalaga ang aking buhay, maganap ko lamang ang aking tungkulin at ang gawaing tinanggap ko mula sa Panginoong Jesus - ang magpahayag ng Magandang Balita tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos. [25] At ngayo'y nalalaman kong hindi na ninyo ako makikita pang muli, kayong lahat na aking napuntahan at napangaralan tungkol sa paghahari ng Diyos.*

ARALIN 6

14. Basahin ang Lucas 16:16. Imposibleng maunawaan ang mensahe ni Hesus kung walang pangunahing pagkaunawa tungkol sa kaharian. Ang kaharian ang siyang mensahe ni Hesus at ito lamang ang tanging bilin Niya sa mga alagad na:

- A. Ipangaral.
- B. Balewalain.
- C. Pag-isipan o bulayin.

Lucas 16:16 *Ang Kautusan at ang mga Propeta ay hanggang kay Juan. Buhat noon, ipinangangaral na ang Magandang Balita ng paghahari ng Diyos at nagpupumilit makapasok ang bawat isa.*

15. Basahin ang Mateo 6:10. Karaniwan, ang kaharian ng Diyos ay ang pamamahala ng Diyos. Paano ito ipinahayag sa talatang ito?

Mateo 6:10 *Dumating nawa ang iyong kaharian, matupad nawa ang iyong kalooban, dito sa lupa tulad ng sa langit.*

16. Basahin ang Colosas 1:13-14 at Roma 14:9. Sa loob ng pararilang “ang kaharian ng Diyos” ay ang ideya ng isang grupo ng mga tao na:

- A. Magtanong tungkol kay Hesus sa kanilang puso.
- B. Tanggapin ang pamamahala ng Diyos (tanggihan ang diablo) at tumanggap ng kapatawaran.
- C. Sumanib sa isang simbahan.

Colosas 1:13-14 *Siya ang nagligtas sa atin mula sa kapangyarihan ng kadiliman at naglipat sa atin tungo sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak. Sa kanya ay mayroon tayong katubusan, ang kapatawaran ng mga kasalanan*

Roma 14:9 *Dahil dito, si Cristo ay namatay at muling nabuhay upang siya’y maging Panginoon ng mga patay at ng mga buháy.*

17. Basahin ang Mateo 4:17. Upang makapasok sa kaharian ng Diyos, kailangang mabago ang puo. Ang pagbabago ng puso ay tinatawag ng Bibliya na:

- A. Penitensya.
- B. Mga gawa ng Batas.
- C. Pag-sisisi.

Mateo 4:17 *Mula noon ay nagsimulang mangaral ng ganito si Jesus, “Magsisi kayo, sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit.”*

18. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 26:18. Ikaw ba ay tumalikod na sa ...? patungo sa liwanag, mula sa ...? ng diablo patungo sa ...? upang tumanggap ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan?

Aklat ng Mga Gawa 26:18 *Upang buksan mo ang kanilang mga mata, ibalik sila mula sa kadiliman tungo sa liwanag, mula sa kapangyarihan ni Satanas tungo sa Diyos, upang tumanggap sila ng kapatawaran ng mga kasalanan at mapabilang sa piling ng mga ginawang banal sa pamamagitan ng pananampalataya sa akin.*

19. Basahin ang Ezekiel 36:26-27 at Mga Gawa 11:15-18. Nabigyan ka ba ng bagong puso at bagong Espiritu na naging sanhi ng paglakad mo sa kaparaanan ng Diyos?

Ezekiel 36:26-27 *Bibigyan ko rin naman kayo ng bagong puso, at lalagyan ko ang loob ninyo ng bagong diwa; at aking aalisin ang batong puso sa inyong katawan, at aking bibigyan kayo ng pusong laman. At aking ilalagay ang aking Espiritu sa loob ninyo, at palalakarin ko kayo ng ayon sa aking mga palatuntunan, at inyong iingatan ang aking mga kahatulan, at isasagawa.*

Aklat ng Mga Gawa 11:15-18 *Nang ako’y magsimulang magsalita, bumaba sa kanila ang Banal na Espiritu tulad ng nangyari sa atin noong una. At naalala ko ang sinabi ng Panginoon, ‘Nagbautismo sa tubig si Juan, subalit kayo’y babautismuhan sa Banal na Espiritu.’ Kung ibinigay sa kanila ng Diyos ang kaloob gaya ng kanyang ibinigay sa atin nang tayo’y sumampalataya sa Panginoong Jesu-Cristo, sino akong hahadlang sa Diyos? Nang marinig nila ang mga ito, tumahimik sila at niluwalhati ang Diyos, na sinasabi, “Kung gayo’y binigyan din ng Diyos ang mga Hentil ng pagkakataong magsisi upang magkamit ng buhay.”*

20. Basahin ang Lucas 18:13-14. Tumawag ka na ba sa Diyos para sa kapatawaran ng iyong mga kasalanan?

Lucas 18:13-14 *Samantala, ang maniningil ng buwis ay nakatayo sa malayo, hindi man lamang makatingin sa langit at binabayo ang kanyang dibdib sa pagsasabing, ‘Diyos ko, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan.’ Sinasabi ko sa inyo, umuwi ang taong iyon na itinuring na matuwid ng Diyos at hindi ang Fariseo. Sapagka’t ang bawat nagtataas ng kanyang sarili ay ibababa at ang bawat nagbababa ng sarili ay itataas.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Daniel 2:44. Sa Lumang Tipan nagpropresiya ang mga propeta na sa darating na panahon, ang Mesiyas (Anointed One) ay darating, at ang Diyos ng kalangitan ay magtatayo ng kaharian na:
B. Hindi maaaring sirain o buwagin.
2. Basahin ang Mateo 4:17, 23. Ano ang mensahe ni Hesus?
Magsisi kayo sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit.
3. Basahin ang Marcos 1:14-15. Ano ang ipinangaral ni Hesus?
Ang kaharian ng Diyos.
4. Basahin Lucas 4:43. Ano ang dahilan kung bakit isinugo ng Diyos si Hesus?
Ipangaral ang kaharian ng Diyos.
5. Basahin ang Juan 4:25. Sa Kasulatan, hindi kailanman ipinaliwanag ni Hesus sa mga Hudyo kung ano ang tungkol sa kaharihan na Kanyang ipinangangaral. Ito ay isang konsepto sa Lumang Tipan na:
C. Kanila nang hinahanap ito.
6. Basahin ang Lucas 9:1-2. Ano ang 3 bagay na ginawa ng mga alagad o disipulo?
Magpalayas ng demonyo, pagalingin ang may sakit, at ipangaral ang kaharian ng Diyos.
7. Basahin Lucas 10:1-2, 8-9. Anong mensahe ang sinabi ni Hesus na dapat ipangaral ng 70 alagad o disipulo?
Ang kaharian ng Diyos.
8. Basahin Lucas 23:2. Ayon sa sariling depinisyon ng mga Hudyo, ang ibig sabihin ng Kristo ay ...?
Hari.
9. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 17:7. Salungat sa batas ng mga Romano, sinabi ng mga Hudyo na itinuro ni apostol Pablo na may isa pang ...? si ...?
Hari/Hesus.
10. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 19:8-10. Buong tapang na nagsalita si Pablo sa Efeso na nakipagtalos at nanghihikayat sa iba tungkol sa ...?
Paghahari ng Diyos o kaharian ng Diyos.

11. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 19:8-10. Buong tapang na nagsalita si Pablo sa Efeso na nakipagtalo at nanghihikayat sa iba tungkol sa ...?
Kaharian ng Diyos o paghahari ng Diyos at mga katuruan tungkol kay Hesus.
12. Basahin ang Mateo 24:14. Ano ang mensaheng dapat ipangaral sa buong daigdig o mundo?
Ang Ebanghelyo ng kaharian ng Diyos.
13. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 20:24-25. Minsan ang Ebanghelyo ng kaharian ay tinutukoy bilang Ebanghelyo ng ...?
Kagandahang loob ng Diyos o ang Kanyang biyaya.
14. Basahin ang Lucas 16:16. Imposibleng maunawaan ang mensahe ni Hesus kung walang pangunahing pagkaunawa tungkol sa kaharian. Ang kaharian ang siyang mensahe ni Hesus at ito lamang ang tanging bilin Niya sa mga alagad na:
Ipangaral.
15. Basahin ang Mateo 6:10. Karaniwan, ang kaharian ng Diyos ay ang pamamahala ng Diyos. Paano ito ipinahayag sa talatang ito?
Matupad ang Iyong kalooban dito sa lupa gaya nang sa langit.
16. Basahin ang Colosas 1:13-14 at Roma 14:9. Sa loob ng pararilang “ang kaharian ng Diyos” ay ang ideya ng isang grupo ng mga tao na:
B. Tanggapin ang pamamahala ng Diyos (tanggihan ang diablo) at tumanggap ng kapatawaran.
17. Basahin ang Mateo 4:17. Upang makapasok sa kaharian ng Diyos, kailangang mabago ang puso. Ang pagbabago ng puso ay tinatawag ng Bibliya na:
C. Pag-sisisi.
18. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 26:18. Ikaw ba ay tumalikod na sa ...? patungo sa liwanag, mula sa ...? ng diablo patungo sa ...? upang tumanggap ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan?
Kadiliman/kapangyarihan/Diyos.
19. Basahin ang Ezekiel 36:26-27 at Mga Gawa 11:15-18. Nabigyan ka ba ng bagong puso at bagong Espiritu na naging sanhi ng paglakad mo sa kaparaanan ng Diyos?
20. Basahin ang Lucas 18:13-14. Tumawag ka na ba sa Diyos para sa kapatawaran ng iyong mga kasalanan?

ARALIN 7

ANG LAYUNIN NG PANANAMPALATAYANG NAGLILIGTAS

Isinulat ni Don Krow

Halimbawa, sa araw ng kasal ng isang lalaki, habang siya'y nakatayo sa harap ng pastor, biglang nagsabi ng ganito ang pastor: “Tinatanggap mo ba ang babaeng ito bilang iyong tagapag-luto, taga linis ng bahay, taga hugas ng pinggan? Tinatanggap mo ba siya bilang taga punas ng alikabok, taga walis ng sahig habang kayo ay nabubuhay?” At ang kanyang magiging kabiyak ay magsasabi ng ganito: “Sandali muna! Kung gusto mo lamang ng isang babae na gagawa ng lahat ng ito, kumuha ka na lamang ng katulong sa bahay. Gusto kong mahalín mo ako at tanggapin kung ano ako. Kung tatanggapin mo ako kung sino ako, gagawin ko ang lahat ng iyan para sa iyo, ngunit gusto kong tanggapin mo ako kung sino at ano ako ng buong-buo! Hindi ako papayag na ang mapapakinabangan mo lamang sa akin ang nais mo at hindi ang kabuuan ko.”

Sinabi ito ni A.W. Tozer, “Tila may kakaiba sa mga tagapagturo ngayon, hindi nila napagtanto na ang tanging tunay na bagay tungkol sa pananampalatayang nagliligtas ay si Kristo lamang at wala ng iba; hindi ang *saviourhood* (kakayanang magligtas o magpatawad) ni Kristo o ang pagiging Panginoon Niya, kundi Siya mismo, si Hesu Kristo lamang. Ang Diyos ay hindi nag-aalok ng kaligtasan sa isa na maniwala sa isa sa mga katungkulan o bahagi ni Kristo, ni ang isang katungkulan o bahagi ay hindi kailanman ipinakita bilang isang bagay ng pananampalataya. Hindi rin tayo hinihikayat na maniwala sa pagbabayad-sala, o sa krus, o sa *priesthood* ng Tagapagligtas. Ang lahat ng ito ay nakapaloob sa katauhan ni Hesu Kristo, ngunit sila ay hindi kailanman nahiwalay o ni isa man ay nakahiwalay sa iba. Lalong hindi tayo pinahihintulutan na tanggapin ang isa sa mga katungkulan o bahagi ni Kristo at tanggihan ang iba. Ang paniwala na tayo ay pinahihintulutan ay modernong maling pananampalataya, inuulit ko, katulad ng iba pang paniniwala, ito ay mayroong masamang kahihinatnan sa mga Kristiyano (*The Root of the Righteous*, pp 84-86).

Nakuha o naintindihan mo ba ang aking ibig sabihin? Bakit natin binibigyang-diin ang isang bahagi ni Kristo, ang Kanyang mga benepisyos, isang katungkulan ni Kristo, at hindi si Kristo? Katulad ito ng pagkuha ng isang asawa bilang iyong personal na utusan (taga-luto, taga-linis, at iba pa) at hindi ang kanyang kabuuang pagkatao.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin Juan 1:12. Kasing dami ng tumanggap sa Kanya:

- A. Siya (ang Panginoong Hesus).
- B. Hesus bilang Tagapagligtas.
- C. Hesus bilang Panginoon.
- D. Hesus, sila'y binigyan Niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos.

Juan 1:12 *Subalit sa lahat ng tumanggap sa kanya, sa mga sumampalataya sa pangalan niya, sila'y binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos.*

2. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 16:31. Kanino natin dapat ipagkatiwala ang ating sarili?

Aklat ng Mga Gawa 16:31 *At kanilang sinabi, "Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambayanan."*

3. Basahin ang Lucas 6:46. Ano ang ibig ipakahulugan ng salitang "Panginoon"?

Lucas 6:46 *Bakit ninyo ako tinatawag na 'Panginoon! Panginoon!' gayong hindi naman ninyo sinusunod ang inuutos ko?*

4. Basahin ang Mateo 1:21. Ano ang ipinahihiwatig ng salitang "Hesus"?

Mateo 1:21 *Magsisilang siya ng isang lalaki at ang ipapangalan mo sa kanya ay Jesus, sapagkat ililigtas niya ang kanyang sambayanan mula sa kanilang mga kasalanan.*

5. Basahin ang Lucas 23:2. Ano ang ibig ipahiwatig ng salitang "Kristo"?

Lucas 23:2 *Nagsimula sila na paratangan si Jesus. Sinabi nila, "Natagpuan namin ang taong ito na inililigaw ang aming bansa at ipinagbabawal ang pagbubuwis sa Emperador. Sinasabi rin niyang siya ang Cristo, ang hari."*

6. Basahin ang Roma 1:16. Ayon sa bersikulong ito, ang Ebanghelyo o Mabuting Balita, ay ...?

Roma 1:16 *Hindi ko ikinahihiya ang ebanghelyo; sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya, una'y sa mga Judio at gayundin sa mga Griyego.*

7. Basahin ang Roma 1:1-3. Ang Ebanghelyo ay naka sentro sa o tungkol sa, ...? Bahagi ng

ARALIN 7

Kanyang Anak o kabuuan ng Kanyang Anak?

Roma 1:1-3 *Mula kay Pablo, na lingkod ni Cristo Jesus, tinawag upang maging apostol at hinirang para mangaral ng ebanghelyo ng Diyos. [2] Ang ebanghelyong ito ay ipinangako ng Diyos noong una pa na isinasaad sa mga Banal na Kasulatan, sa pamamagitan ng kanyang mga propeta. [3] Tungkol ito sa kanyang Anak, na si Cristo Jesus na ating Panginoon, na sa kanyang pagiging tao ay nagmula sa binhi ni David.*

8. Basahin ang Juan 6:54. Kapag ikaw ay kakain, ano ang ibig ipakahulugan nito?

Juan 6:54 *Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan, at bubuhayin ko siyang muli sa huling araw.*

9. Basahin ang Galacia 3:27. Ano ang ibinabahagi o natatanggap ng isang tao na nabautismuhan kay Kristo? Anong bahagi ni Kristo ang kanyang nakamtan?

Galacia 3:27 *Nang kayo'y mabautismuhan kay Cristo, mismong siya ay parang damit na isinuot sa inyo.*

10. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 9:5-6. Nang si Saul ay napagbagong loob, ano ang 2 niyang katanungan kay Hesus?

Aklat ng Mga Gawa 9:5-6 *Sinabi niya, "Sino po ba kayo, panginoon?" At siya'y sumagot, "Ako si Jesus na iyong inuusig. [6] Tumayo ka at pumasok sa lungsod, at sasabihin sa iyo ang dapat mong gawin."*

11. Basahin ang Roma 7:4. Kanino tayo dapat makipag-isang dibdib o ikasal? Hanggang saang parte ni Hesus tayo nakipag-isang dibdib sa Kanya?

Roma 7:4 *Gayundin naman, mga kapatid, namatay na kayo sa Kautusan sa pamamagitan ng katawan ni Cristo, upang kayo'y maging pag-aari ng iba, sa kanya na muling binuhay, mula sa kamatayan upang tayo'y magbunga para sa Diyos.*

12. Nasisiyahan ka ba sa isang magandang pagsasama o pakikipag-isang dibdib kay Kristo? Nakikipag-usap ka ba, nagmamahal at sumasamba sa Kanya?

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin Juan 1:12. Kasing dami ng tumanggap sa Kanya:
D. Hesus, sila'y binigyan Niya ng karapatang maging anak ng Diyos.
2. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 16:31. Kanino natin dapat ipagkatiwala ang ating sarili?
Sa panginoong Hesu Kristo.
3. Basahin ang Lucas 6:46. Ano ang ibig ipakahulugan ng salitang “Panginoon”?
Amo, boss, tagapamahala, isang taong may karapatang kontrolin ang ating buhay. Ang salitang ito ay nagpapahiwatig ng pagka-diyos.
4. Basahin ang Mateo 1:21. Ano ang ipinahihiwatig ng salitang “Hesus”?
Hesus bilang Tagapagligtas.
5. Basahin ang Lucas 23:2. Ano ang ibig ipahiwatig ng salitang “Kristo”?
Hesus ang Hari at Mesiyas.
6. Basahin ang Roma 1:16. Ayon sa bersikulong ito, ang Ebanghelyo o Mabuting Balita, ay ...?
Si Kristo, kasama ng lahat ng Kanyang maaaring ipagkaloob sa atin o mga benepisyo.
7. Basahin ang Roma 1:1-3. Ang Ebanghelyo ay naka sentro sa o tungkol sa, ...?
Ang Anak ng Diyos, si Hesus ang Panginoon.
Bahagi ng Kanyang Anak o kabuuan ng Kanyang Anak?
Ang Kanyang kabuuan.
8. Basahin ang Juan 6:54. Kapag ikaw ay kakain, ano ang ibig ipakahulugan nito?
Na tanggapin mo lahat. Sa isang kahulugan, kung ano ang iyong kinakain ay iyon ang nagiging ikaw o ang nagiging buhay mo, ang iyong kalakasan.
9. Basahin ang Galacia 3:27. Ano ang ibinabahagi o natatanggap ng isang tao na nabautismuhan kay Kristo?
Ang Kanyang kabuuan o ang lahat sa/ng Kanya.
10. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 9:5-6. Nang si Saul ay napagbagong loob, ano ang 2 niyang katanungan kay Hesus?
 - **Sino po ba Kayo?**
 - **Ano ang ibig Mong gawin ko?**

ARALIN 7

11. Basahin ang Roma 7:4. Kanino tayo dapat makipag-isang dibdib o ikasal?

Sa Panginoong Hesus.

Hanggang saang parte ni Hesus tayo nakipag-isang dibdib sa Kanya?

lahat ng/sa Kanya o ang Kanyang kabuuan.

12. Nasisiyahan ka ba sa isang magandang pagsasama o pakikipag-isang dibdib kay Kristo?

Nakikipag-usap ka ba, nagmamahal at sumasamba sa Kanya?

ARALIN 8

ANG WASTONG PAGGAMIT NG BATAS NG DIYOS

Isinulat ni Don Krow

Isang araw ako at si Joe ay nakikipag-usap kay Bill at Steve sa may lawa. Isang tanong ang nabuksan sa aming usapan, “Paano mananagot sa harap ng Diyos ang mga taong hindi kailanman nakarinig tungkol sa Kanya o kay Hesus?” Ganito ang aking sinabi, “Bill, kunwari bumisita ka kay Steve sa kanyan bahay, ngunit wala siya pero ang kanyang asawa ay nandoon. Kung ikaw ay nakipag-relasyon sa kanyang asawa, makokonsensya ka ba dahil ginawa mo ito? Kahit hindi mo pa nabasa ang Bibliya o hindi mo pa narinig ang tungkol sa 10 Utos ng Diyos? Bakit ka nakokonsensya? Saan nagmula ang pakiramdam na may pananagutan ka sa iyong ginawa?”

Binigyan ng Diyos ang bawat isa sa atin, sa pamamagitan ng Batas (Law) at ng konsensya, ang abilidad na malaman ang tama at makaramdam ng konsensya sa maling nagawa natin. Ang Batas at ang konsensya ay siyang huhusga sa ating mga kilos o gawa, mag-aakusa o magpapawalang-sala tungkol sa ating pag-uugali o kilos at mga gawa.

Sinasabi ni Bill sa akin na siya ay isang mabuting tao. Hindi niya nakikita ang pangangailangan niya ng isang Tagapagligtas. Nagsimula kong basahin sa kanya ang Exodo 20 at ang 10 Utos. Tinanong ko siya, “Bill, ang Diyos ba ay laging pangunahin sa buhay mo, at mahal mo ba Siya ng higit sa ano pa man sa mundo? Kung hindi, nilabag mo ang unang utos (Exodo 20:3). Inilagay mo ba ang kahit anong bagay ng mas mataas kaysa Diyos? Kung oo, linabag mo ang ika 2 utos (Exodo 20:4). Ginamit mo ba ang pangalan ni Hesus sa walang kabuluhan? Nilabag mo ang ika 3 utos (Exodo 20:7). Naglaan ka ba ng araw para ikaw ay sumamba sa Diyos? Ang ika 4 na utos ang linabag mo. Pinarangalan mo ba ang iyong ama at ina sa iyong kabataan? Ang ika 5 utos ay iyong linabag (Exodo 20:12). Nagalit ka ba ng sobrang tindi sa isang tao? Linabag mo ang ika 6 na utos (ikumpara ang Exodo 10:13 sa Mateo 5:21-22). Pinagnasaan mo ba ang isang babae? Linabag mo ang ika 7 utos (ikumpara ang Exodo 20:14 sa Mateo 5:27-28). Kinuha mo ba ang isang bagay na hindi mo pag-aari? Ang ika 8 utos ang linabag mo (Exodo 20:15). Sa lahat ba ng oras ay nagsasalita ka ng katotohanan? Kung hindi ang sagot mo, linabag mo ang ika 9 na utos (Exodo 20:16). Nagkaroon ka ba ng pagnanais na makuha o mapasa-iyo ang pag-aari ng iba? Ang ika 10 utos ay iyong linabag (Exodo 20:17). Nakita mo ba kung bakit sinabi ni Hesus na Siya ay dumating upang iligtas ang mga makasalanan?” (Marcos 2:16-17).

Ang problema kapag inisip natin na ang ating kabutihan ay sapat na, o ang pagsisikap na maging mabuti upang makapunta sa langit, ay ang katotohanang tayong lahat ay lumabag sa 10 Utos.

ARALIN 8

Sinabi ng Santiago 2:10, *Sinumang tumutupad sa buong Kautusan, subalit lumalabag sa isang bahagi nito, ay nagkakasala sa buong Kautusan.* Ang Batas (Law) ay hindi inilaan upang gawin kang matuwid kundi upang ihayag lamang ang iyong kasalanan (Roma 3:19-20).

Lahat tayo ay nangangailangan ng Tagapagligtas! Ang salitang “Tagapagligtas” ay may ideya ng isang makapagligtas sa iyo mula sa parusa ng kasalanan. Ibinabalik ni Hesus ang mga napapahamak upang sila ay magkaroon ng buhay na walang hanggan (Mateo 1:21).

Upang maging mabuti para mapunta sa langit, kailangan nating magkaroon ng katuwiran na katumbas ng Diyos (2 Corinto 5:21). Ang Mabuting Balita ng Ebanghelyo ay hindi lamang patatawarin ni Hesus ang iyon kasalanan, ngunit inaalok ka Niya ng walang bayad- ang Kanyang sariling katuwiran bilang regalo o kaloob (Roma 5:17): *Sapagkat kung naghari ang kamatayan dahil sa pagsuway ng isang tao, lalong higit ang nakamtan ng mga taong kinahabagan nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos! Maghahari sila sa buhay sa pamamagitan ng isang tao, si Jesu-Cristo.*

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Marcos 2:16-17. Sa pagparito ni Hesus, sino ang Kanyang iniligtas?

Marcos 2:16-17 *Nang makita ng mga tagapagturo ng Kautusan na^[a] kabilang sa mga Fariseo ang mga makasalanan at ang mga maniningil ng buwis, na kasalo ni Jesus, tinanong nila ang kanyang mga alagad, “Bakit siya nakikisalo sa mga maniningil ng buwis at mga makasalanan?” [17] Narinig sila ni Jesus, kaya’t sinabi sa kanila, “Hindi ang malulusog ang nangangailangan ng manggagamot, kundi ang mga maysakit. Naparito ako hindi upang tawagin ang mga matuwid, kundi ang mga makasalanan.”*

2. Basahin ang Roma 2:1. Kapag hinuhusgahan natin ang iba, ano ang ginagawa natin sa ating sarili? Bakit?

Roma 2:1 *Kaya’t wala kang mairadahan, sino ka mang humahatol sa iba. Sapagkat sa paghatol mo sa iba ay hinahatulan mo rin ang iyong sarili, sapagkat ikaw na humahatol ay gumagawa rin ng gayon.*

3. Basahin ang Santiago 2:10. Kung susundin natin ng karamihan sa Batas ng Diyos, ngunit may ilan na iyong nakaligtaan o linabag, ano ang kasalananang nagawa mo?

Santiago 2:10 *Sinumang tumutupad sa buong Kautusan, subalit lumalabag sa isang bahagi nito, ay nagkakasala sa buong Kautusan.*

4. Basahin ang Galacia 3:10. Kung tayo ay nagiging matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa Batas ng Diyos, gaano karami ang kailangan nating sundin? Hanggang kailan natin dapat sundin ang mga kautusang ito? Nakikita mo ba kung bakit hindi tayo maliligtas sa pamamagitan ng pagsisikap na maging ganap na mabuti?

Galacia 3:10 *Nasa ilalim ng sumpa ang lahat na umaasa sa mga gawa ng Kautusan, sapagkat nasusulat, “Sumpain ang hindi tumutupad sa lahat ng nakasulat sa aklat ng Kautusan.*

5. Basahin ang Galacia 2:16. Ang pagbibigay-katwiran ay ang kaloob ng katuwiran, na ibinibigay ng Diyos, na nagdadala sa isang tao sa tamang katayuan at kaugnayan sa Diyos. Ang pagbibigay-katwiran sa mga makasalanan ay inaalok sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus at ito ay natupad una at higit sa lahat sa Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli (1 Corinto 15:3-4 at Roma 4:25). Ano o paano ang isang tao ay hindi nabibigyan ng katuwiran? Paano naliligtas ang isang tao? Ilang bilang ng mga tao ang mabibigyang katwiran sa pamamagitan ng Batas?

ARALIN 8

Galacia 2:16 *Nalalaman natin na walang sinumang itinuturing na matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. Kaya't tayo'y sumasampalataya kay Cristo Jesus upang ituring na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, at hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan. Sapagkat walang sinumang itinuturing na matuwid dahil sa pagsunod sa Kautusan.*

6. Basahin ang Roma 6:14. Bilang isang Kristiyano, ikaw ay:

- A. Nasa ilalim ng Batas.
- B. Nasa ilalim ng biyaya.

Roma 6:14 *Hindi na kayo dapat pang pagharian ng kasalanan, yamang wala na kayo sa ilalim ng Kautusan kundi nasa ilalim ng kagandahang-loob ng Diyos.*

7. Basahin ang Ezekiel 18:20. Kung ikaw ay nasa ilalim ng Batas, ano ang parusa sa iyong mga kasalanan?

Ezekiel 18:20 *Ang kaluluwa na nagkakasala, mamamatay: ang anak ay hindi magdadanas ng kasamaan ng ama, o magdadanas man ang ama ng kasamaan ng anak; ang katuwiran ng matuwid ay sasa kaniya, at ang kasamaan ng masama ay sasa kaniya.*

8. Basahin ang Roma 4:6-8. Sa ilalim ng biyaya (grace), anong 3 bagay ang ginawa ng Diyos sa iyong mga kasalan?

Roma 4:6-8 *Ganoon din ang sinasabi ni David, na pinagpala ng Diyos ang taong itinuturing na matuwid hindi batay sa anumang gawa: [7] Pinagpala ang mga taong pinatawad ang mga pagsuway, at silang pinawi na ang mga kasalanan. [8] Pinagpala ang taong hindi na kailanman sisingilin ng Panginoon sa kanyang kasalanan.*

9. Basahin ang Roma 5:1. Ngayon na tayo'y nabigyang katwiran na, ano ang benepisyong ating tinatamasa?

Roma 5:1 *Kaya't yamang tayo'y itinuring nang matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon na tayong pakikipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo.*

10. Basahin ang Roma 5:9. Ngayong naligtas na tayo sa pamamagitan ng dugo ni Hesus, saan o sa ano pa tayo maaaring maligtas?

Roma 5:9 *At ngayong itinuring na tayong matuwid sa pamamagitan ng kanyang dugo, lalo*

ANG WASTONG PAGGAMIT NG BATAS NG DIYOS

na tayong maliligtas sa pamamagitan niya mula sa poot ng Diyos.

11. Basahin ang Roma 10:4. Tinapos o tinupad ni Kristo ang Batas bilang paraan para makamit natin ang ...? sa harap ng Diyos.

Roma 10:4 *Si Cristo ang katuparan ng Kautusan upang maging matuwid ang bawat sumasampalataya sa kanya.*

12. Basahin ang 1 Corinto 10:30. Ginawa ng Diyos si Hesus para maging ...?, ...?, ...?, at ...?

1 Corinto 1:30 *Ngunit dahil sa kanya, kayo ay iniugnay kay Cristo Jesus, na para sa atin ay naging karunungan mula sa Diyos, at naging ating katuwiran, kabanalan, at katubusan.*

13. Basahin ang Filipos 3:9. Kung ikaw ay sumailalim sa Batas ni Moises, ano ang sinusubukan mong makuha sa iyong sariling kakayahan?

Filipos 3:9 *At ako'y matagpuan na nasa kanya. Wala akong sariling katuwiran batay sa kautusan, kundi ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, ang katuwirang buhat sa Diyos na nakabatay sa pananampalataya.*

14. Basahin ang 1 Corinto 11:1. Bilang mga Kristiyano, tayo ay nabubuhay sa ilalim ng Batas ni Kristo. Ang Batas ni Kristo ay hindi isang lipon ng mga tuntunin na dapat sundin; ito'y pamumuhay bilang tugon sa isang tao. Ang taong ito ay si ...?

1 Corinto 11:1 *Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Cristo.*

15. Basahin ang Roma 8:3. Hindi tayo kailanman maliligtas ng Batas, hindi dahil sa mali ang Batas, kundi dahil sa kahinaan ng ating...?, hindi natin ito matutupad o masusunod.

Roma 8:3 *Ang hindi magawa ng Kautusan, na pinahihina ng laman, ay ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng pagsusugo sa kanyang sariling Anak sa anyo ng makasalanang pagkatao upang hatulan niya ang kasalanan. Sa gayon, sa kanya iginawad ang hatol sa kasalanan.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Marcos 2:16-17. Sa pagparito ni Hesus, sino ang Kanyang iniligtas?
Ang mga makasalanan.
2. Basahin ang Roma 2:1. Kapag hinuhusgahan natin ang iba, ano ang ginagawa natin sa ating sarili?
Pagkondena sa ating sarili; iyon ay pagbigkas ng paghatol laban sa ating sarili.
Bakit?
Dahil sa ating paghusga sa iba, ginagawa din natin ng kanilang ginagawa.
3. Basahin ang Santiago 2:10. Kung susundin natin ng karamihan sa Batas ng Diyos, ngunit may ilan na iyong nakaligtaan o linabag, ano ang kasalanang nagawa mo?
Linabag natin ang lahat.
4. Basahin ang Galacia 3:10. Kung tayo ay nagiging matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa Batas ng Diyos, gaano karami ang kailangan nating sundin? Hanggang kailan natin dapat sundin ang mga kautusang ito? Nakikita mo ba kung bakit hindi tayo maliligtas sa pamamagitan ng pagsisikap na maging ganap na mabuti?
Lahat. Dapat tayong magpatuloy (walang makaliligtaan). Oo.
5. Basahin ang Galacia 2:16. Ang pagbibigay-katwiran ay ang kaloob ng katuwiran, na ibinibigay ng Diyos, na nagdadala sa isang tao sa tamang katayuan at kaugnayan sa Diyos. Ang pagbibigay-katwiran sa mga makasalanan ay inaalok sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus at ito ay natupad una at higit sa lahat sa Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli (1 Corinto 15:3-4 at Roma 4:25). Ano o paano ang isang tao ay hindi nabibigyan ng katuwiran?
Pansariling lakas o kaalaman, iyon ay pagsunod sa Batas.
Paano naliligtas ang isang tao?
Sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo.
Ilang bilang ng mga tao ang mabibigyang katwiran sa pamamagitan ng Batas?
Walang sinuman.
6. Basahin ang Roma 6:14. Bilang isang Kristiyano, ikaw ay:
B. Sa ilalim ng biyaya.
7. Basahin ang Ezekiel 18:20. Kung ikaw ay nasa ilalim ng Batas, ano ang parusa sa iyong mga kasalanan?
Kamatayan.

ANG WASTONG PAGGAMIT NG BATAS NG DIYOS

8. Basahin ang Roma 4:6-8. Sa ilalim ng biyaya(grace), anong 3 bagay ang ginawa ng Diyos sa iyong mga kasalan?
Pinatawad sila, tinakpan sila, hindi ibinibilang sa aking listahan.
9. Basahin ang Roma 5:1. Ngayon na tayo'y nabigyang katwiran na, ano ang benepisyong ating tinatamasa?
Pakikipagkasundo sa Diyos.
10. Basahin ang Roma 5:9. Ngayong naligtas na tayo sa pamamagitan ng dugo ni Hesus, saan o sa ano pa tayo maaaring maligtas?
Sa poot ng Diyos.
11. Basahin ang Roma 10:4. Tinapos o tinupad ni Kristo ang Batas bilang paraan para makamit natin ang ...? sa harap ng Diyos.
Pagiging matuwid.
12. Basahin ang 1 Corinto 10:30. Ginawa ng Diyos si Hesus para maging...?, ...?, ...?, at ...?.
Karunungan, katuwiran, kabanalan at katubusan.
13. Basahin ang Filipos 3:9. Kung ikaw ay sumailalim sa Batas ni Moises, ano ang sinusubukan mong makuha sa iyong sariling kakayahan?
Sariling katuwiran.
14. Basahin ang 1 Corinto 11:1. Bilang mga Kristiyano, tayo ay nabubuhay sa ilalim ng Batas ni Kristo. Ang Batas ni Kristo ay hindi isang lipon ng mga tuntunin na dapat sundin; ito'y pamumuhay bilang tugon sa isang tao. Ang taong ito ay si ...?
Kristo Hesus.
15. Basahin ang Roma 8:3. Hindi tayo kailanman maliligtas ng Batas, hindi dahil sa mali ang Batas, kundi dahil sa kahinaan ng ating...?, hindi natin ito matutupad o masusunod.
Laman.

ARALIN 9

HINDI SA ILALIM NG BATAS, KUNDI SA ILALIM NG BIYAYA

Isinulat ni Don Krow

Nanaginip ako tungkol sa isang babae na patuloy na pinarurusahan sa mga bagay na nagawa niyang mali (kasalanan). Sinusundan siya ng isang lalaki, at sa bawat kamaliang nagagawa niya, iiling-iling siya, at huhubarin ang sinturon, at lalatiguhin ang babae. Kapag nagkamali siya ng salita o gumawa ng mali, parurusahan siya ng lalaki. Ang babae ay iika-ika, sinusubukang ngumiti, at magkaroon ng magandang saloobin, ngunit patuloy siyang gumagawa ng mga bagay na nagdadala sa kanya sa kapahamakan. Kahit sa maliit na pagkakamali siya ay pinarurusahan ng lalaki. Tila ba wala ng pag-asa ang babae. Hindi niya maiwasang makagawa ng mali. At ako'y nalungkot para sa kanya. Gusto ko siyang tulungang makawala sa lalaking nagpapahirap sa kanya. At ako'y nagising.

Nagsimula akong mag-isip tungkol sa biyaya ng Diyos, hindi tinrabaho o pinaghirapan, hindi karapat-dapat na pabor at abilidad ng Diyos. Kapag tayo ay itinatag sa biyaya, hindi na natin sinusubukang kunin ang pagtanggap ng Diyos sa pamamagitan ng ating mga gawa o subukang tuparin ang Batas. Sa wakas nakalaya na tayo sa parusa sa pagsuway sa Batas ng Diyos. Iniligtas tayo ni Hesus.

Mag-isip tungkol sa pabor. Nangangahulugan ito ng pagkuha ng pag-apruba ng isang tao, ang kanyang suporta o pagpapala. Kung gusto mo ang pabor ng isang tao, ano ang dapat mong gawin? Sisikapin mong gawin o sabihin ang magpapasaya sa kanya, at hindi ka gagawa ng anumang bagay na ikalulungkot o ikagagalit niya. Posible ba talagang matupad iyon? Tila ba linalabanan mo ang *gravity*. Magagawa mo ito sa maikling panahon, ngunit sa huli, hindi ka magtatagumpay. Higit ang lakas o pwersa nito kaysa sa iyo.

Inilagay ko ang aking sarili sa lugar ng babae sa aking panaginip. Sa aking pagsusumikap na gawin lahat ang tama, ngunit hindi ko nagawa, ako ay bigo. Naiisip ko na kung sana ay magawa ko ito sa isang buong araw na hindi ako magkamali, nagtagumpay sana ako. Subalit hindi, ang aking mga pagkukulang ay naging dahilan ng aking hindi pagiging perpekto. Naisip ko na hindi ko lamang binigo ang aking Ama sa langit, ngunit kinondena ko ang aking sarili at pinarusahan. Natalo ako, oo, ako'y bigo. Nakatuon ako sa aking kakayahan at sa mga bagay na hindi ko kayang gawin. Hindi kailanman umabot sa panukat, hindi naging sapat ang marka upang ako'y pumasa sa panukat, kailangan ko ng taong magliligtas sa akin!

Sa habag ng Diyos, Siya'y nagpadala ng tulong; ang pangalan Niya ay Hesus. Isinugo Siya

HINDI SA ILALIM NG BATAS, KUNDI SA ILALIM NG BIYAYA

ng Diyos upang iligtas tayo mula sa ating sarili at ang ating walang kapangyarihang pagtatangka na tuparin ang Kanyang Batas. Kinuha ni Hesus ang kaparusahan mula sa Batas na hindi natin kayang tuparin, upang hindi tayo kailangang mamatay, ngunit upang tayo ay lumaya at magkaroon ng buhay na walang hanggan na kasama Siya. Ibinigay ni Hesus ang regalo o kaloob ng pagkamatuwid upang makapamuhay tayo ng may katuwiran at kabanalan sa harap ng Diyos at matupad natin ang lahat ng kinakailangan o hinihingi ng Batas. May pabor tayo sa Diyos, hindi pinaghirapan at hindi karapat-dapat. Ito ang biyaya.

Sa paniniwalang ito, ang iyong puso ay dapat maging maayos nang walang pag-aalinlangan, alam mong ginawa Niya ito dahil mahal ka Niya. Gawing ligtas at matatag ang iyong puso sa Kanyang biyaya; ibig sabihin, maging matatag na walang pag-aalinlangan na ibinigay na Niya ang lahat ng ating kailangan upang mamuhay ng masagana sa pamamagitan ni Hesus.

Ituon ang ating paningin kay Hesus, ang may akda ng ating pananampalataya, upang makatanggap ng mga pagpapala na inilaan Niya para sa atin, at hind sa ating mga kakulangan, kamalian, at kasalan. Ang paniniwala at pagtanggap ng Kanyang katuwiran at biyaya ay sa puso nagmumula. Ibigay ng ganap ang ating puso sa Kanya. Doon tayo makakasumpong ng katuparan at kapahingahan.

Kawikaan 4:23 *Ingatan mo ang iyong puso ng buong sikap; sapagka't dinadaluyan ng buhay.*

ARALIN 9

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Paano o ano ang kahulugan ng biyaya sa araling ito?
2. Kapag ang ating puso ay natatag sa biyaya, hindi na natin sinisikap na makuha ang pagtanggap ng Diyos sa pamamagitan ng ...?
3. Basahin ang Hebreo 10:14. Ang mga kakulangan ni Don ay ang sanhi ng kanyang hindi pagiging perpekto. Paano tayo magiging perpekto, ayon sa bersikulong ito?

Hebreo 10:14 *Sapagkat sa pamamagitan ng isang alay ay kanyang ginawang sakdal magpakailanman ang mga ginagawang banal.*

4. Basahin ang Roma 5:17. Ano ang ibinigay ni Hesus sa atin upang tayo ay maging matuwid at banal sa harapan ng Diyos at matupad ang alituntunin ng Batas?

Roma 5:17 *Sapagkat kung naghari ang kamatayan dahil sa pagsuway ng isang tao, lalong higit ang nakamtan ng mga taong kinahabagan nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos! Maghahari sila sa buhay sa pamamagitan ng isang tao, si Jesu-Cristo.*

5. Basahin ang Isaias 26:3. Ayon sa bersikulong ito saan natin dapat ituon ang ating paningin?

Isaias 26:3 *Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan, na ang pag-iisip ay sumasa iyo: sapagka't siya'y tumitiwala sa iyo.*

6. Basahin ang Efeso 3:17. Ang ating mga puso ay dapat na ibigay ng ganap sa Kanya. Sa ganitong paraan lamang natin mararanasan ang ...?

Efeso 3:17 *At upang manirahan sa inyong mga puso si Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya, habang kayo'y nag-uugat at tumitibay sa pag-ibig.*

7. Basahin ang Roma 4:5. Ang kaligtasan ba ay isang gantimpala buhat sa sariling gawa o kaloob galing sa biyaya ng Diyos?

Roma 4:5 *Sa kanya namang walang kalakip na gawa ngunit sumasampalataya sa Diyos at nagtuturing na matuwid sa masama, ang kanyang pananampalataya ang batayan ng kanyang pagiging matuwid.*

8. Basahin ang Roma 5:17. Ang pagiging matuwid sa harap ng Diyos ay isang kaloob. Kailangan

HINDI SA ILALIM NG BATAS, KUNDI SA ILALIM NG BIYAYA

mo bang gumawa ng ilang bagay upang makatanggap ka ng regalo o kaloob? Paano mo makakamit ang kaloob o regalo?

Roma 5:17 *Sapagkat kung naghari ang kamatayan dahil sa pagsuway ng isang tao, lalong higit ang nakamtan ng mga taong kinahabagan nang sagana at itinuring na matuwid ng Diyos! Maghahari sila sa buhay sa pamamagitan ng isang tao, si Jesu-Cristo.*

9. Basahin ang Roma 6:23. Ano ang kaloob na biyaya ng Diyos sa bersikulong ito?

Roma 6:23 *Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; ngunit ang walang-bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na ating Panginoon.*

10. Basahin ang Tito 3:5. Ilan sa iyong mga mabubuting gawa ang nag-ambag sa iyong kaligtasan?

Tito 3:5 *Iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag. Iniligtas niya tayo sa pamamagitan ng paglilinis ng muling kapanganakan at pagbabagong buhay na dulot ng Banal na Espiritu,*

11. Basahin ang Roma 6:14. Ipaliwanag sa iyong sariling salita kung ano ang ibig sabihin ng nasa ilalim ng biyaya ng Diyos.

Roma 6:14 *Hindi na kayo dapat pang pagharian ng kasalanan, yamang wala na kayo sa ilalim ng Kautusan kundi nasa ilalim ng kagandahang-loob ng Diyos.*

12. Basahin ang Roma 11:6. Kung ang mga pagpapala ng Diyos ay bigay sa atin sa pamamagitan ng biyaya, hindi sila galing sa ating ...?

Roma 11:6 *At kung ang paghirang ay sa pamamagitan ng biyaya, ito'y hindi batay sa mga gawa, sapagkat kung gayon, hindi magiging biyaya ang biyaya.*

13. Basahin ang Roma 3:24. Ipaliwanag sa iyong sariling salita ang kahulugan ng bersikulong ito.

Roma 3:24 *Subalit dahil sa kagandahang-loob ng Diyos, sila ngayon ay itinuturing na matuwid sa pamamagitan ng pagpapalaya na ginawa ni Cristo Jesus.*

14. Basahin ang Efeso 1:7. Ang kapatawaran ng ating kasalanan ay ayon sa ...?

Efeso 1:7 *Sa kanya'y nakamtan natin ang katubusan sa pamamagitan ng kanyang dugo, na siyang kapatawaran ng ating mga kasalanan, ayon sa mga kayamanan ng kanyang biyaya,*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Paano o ano ang kahulugan ng biyaya sa araling ito?
Ang hindi pinagpaguran, hindi nararapat na pabor at kakayahan ng Diyos.
2. Kapag ang ating puso ay natatag sa biyaya, hindi na natin sinisikap na makuha ang pagtanggap ng Diyos sa pamamagitan ng ...?
Pagganap o gawa sa sariling kakayahan.
3. Basahin ang Hebreo 10:14. Ang mga kakulangan ni Don ay ang sanhi ng kanyang hindi pagiging perpekto. Paano tayo magiging perpekto, ayon sa bersikulong ito?
Sa pamamagitan ng pag-aalay ni Hesus, ginawa Niya tayong ganap magpakailanman.
4. Basahin ang Roma 5:17. Ano ang ibinigay ni Hesus sa atin upang tayo ay maging matuwid at banal sa harapan ng Diyos at matupad ang alituntunin ng Batas?
Kaloob o regalo.
5. Basahin ang Isaias 26:3. Ayon sa bersikulong ito saan natin dapat ituon ang ating paningin?
Ang ating isip ay dapat manatili sa Panginoon.
6. Basahin ang Efeso 3:17. Ang ating mga puso ay dapat na ibigay ng ganap sa Kanya. Sa ganitong paraan lamang natin mararanasan ang ...?
Mag-ugat at tumibay sa pag-ibig.
7. Basahin ang Roma 4:5. Ang kaligtasan ba ay isang gantimpala buhat sa sariling gawa o kaloob galing sa biyaya ng Diyos?
Walang bayad na kaloob ng biyaya ng Diyos.
8. Basahin ang Roma 5:17. Ang pagiging matuwid sa harap ng Diyos ay isang kaloob. Kailangan mo bang gumawa ng ilang bagay upang makatanggap ka ng regalo o kaloob? Paano mo makakamit ang kaloob o regalo?
Hindi. Sa pamamagitan lamang ng pag-abot at pagtanggap o pagkuha nito.
9. Basahin ang Roma 6:23. Ano ang kaloob na biyaya ng Diyos sa bersikulong ito?
Buhay na walang hanggan.
10. Basahin ang Tito 3:5. Ilan sa iyong mga mabubuting gawa ang nag-ambag sa iyong kaligtasan?
Wala.

HINDI SA ILALIM NG BATAS, KUNDI SA ILALIM NG BIYAYA

11. Basahin ang Roma 6:14. Ipaliwanag sa iyong sariling salita kung ano ang ibig sabihin ng nasa ilalim ng biyaya ng Diyos.
Hindi natin nakukuha ang nararapat sa ating mga kasalanan kundi ang pinakamahusay o pinakamabuti ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo. Katuwiran, pagtanggap, pagpapatawad ay atin (lahat ay galing sa habag ng Diyos).

12. Basahin ang Roma 11:6. Kung ang mga pagpapala ng Diyos ay bigay sa atin sa pamamagitan ng biyaya, hindi sila galing sa ating ...?
Mga gawa.

13. Basahin ang Roma 3:24. Ipaliwanag sa iyong sariling salita ang kahulugan ng bersikulong ito.
Ang katuwiran (*justification*) ay isang libreng regalo ng biyaya ng Diyos na ibinigay sa mananampalataya dahil sa gawaing pagtubos ni Kristo sa krus.

14. Basahin ang Efeso 1:7. Ang kapatawaran ng ating kasalanan ay ayon sa ...?
Kayamanan ng Kanyang biyaya.

ARALIN 10

WALA NANG KAMALAYAN NG KASALANAN

Isinulat ni Don Krow

Isang araw may isang lasing na lalaki na sumakay sa kanyang kotse, nagmaneho sa maling direksyon, at siya'y bumangga sa isang sasakyan. Namatay ang isang 18 taon gulang na babae sa aksidenteng ito. Kinasuhan ang lalaki nang pamilya ng batang namatay, at sila ay tumanggap ng \$1.5M danyos.

Sa halip na kunin ang \$1.5M, tinanggap na lamang nila ang \$936. Ang dahilan ay gusto nilang magbayad ang lalaki sa paraan na itinalaga nila. Ibig nilang maalala ng lasing na lalaki ang kanyang nagawa. Gusto nang pamilya ng batang namatay na magbayad ang lalaki ng \$1 na tseke bawat linggo, nakapangalan sa batang namatay. Maiisip mo na ang \$936 ay malaking kalugihan sa pamilya. Sa unang mga linggo ang pagbayad ng \$1 ay naging madali para sa lalaki, ngunit sa kalaunan naging mabigat sa kanya ito dahil nabalot ang kanyang isip ng batang kanyang napatay. Nakaranas siya ng depresyon, laman ng kanyang isip ang batang babae.

Lumipas ang mga taon, huminto siya sa pagbabayad. Bumalik sa hukuman ang pamilya at inutusan siyang muling magbayad. Sa loob ng 6-7 taon, tumigil siya sa pagbabayad ng may 4 o 5 beses. At sa bawat pagliban niya sa pagbabayad bumabalik sila sa husgado at inuutusan siyang muling magbayad.

Ang sabi nang pamilya ay hindi na sila galit, subalit gusto nilang maalala ng lalaki ang kanyang nagawa.

Kung iisipin mo, ang pamilya ay alipin ng nakaraan, ganoon din ang lalaki. Bawat linggong natatanggap nila ang tseke galing sa lalaki, naaalala nila ang kanilang nawalang anak, kaya't hindi nila magawang mabuhay ng payapa at malaya ang isip sa pagkamatay ng anak nila.

Ngayon, ang lalaki ay humarap sa husgado at kinasuhan ang pamilya ng “malupit at hindi maka-taong parusa”. “Pinapatay ako nito”, ang sabi niya. “Sinisira ang buhay ko!” “Hindi ko na maibabalik ang nakaraan at hindi ako makapagpatuloy sa aking buhay.”

Ang kwentong ito ay naglalarawan sa maraming Kristiyano na nakakaramdam ng ganitong paghusga. Sinabihan sila na “binayaran na ni Hesus ang lahat ng kasalanan”, ngunit nararamdaman pa rin na parang kailangan nilang gumawa ng lingguhang pagbabayad ng mga tungkuling panrelihiyon, o hindi sila tatanggapin ng Diyos.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Anong uri ng relasyon ang maaaring maranasan ng lalaki habang nangyayari ang ganitong bagay?

2. Basahin ang Hebreo 10:1. Ano ang hindi magagawa ng Batas?

Hebreo 10:1 *Ang Kautusan ay nagtataglay ng anino lamang ng mabubuting bagay na darating at hindi ng totoong anyo ng mga iyon. Kaya, kailanman ay hindi kaya ng kautusan na gawing ganap ang mga lumalapit sa pamamagitan ng mga alay na laging ihinahandog taun-taon.*

3. Basahin ang Hebreo 10:1. Ano ang sinasabi ng bersikulong ito na nagbibigay indikasyon na ang mga handog o sakripisyo sa Lumang Tipan ay hindi sapat upang gawin tayong perpekto o walang kapintasan?

4. Basahin ang Hebreo 10:2. Kung ang paghahandog ay gagawing ganap ang lumalapit sa Diyos, ano ang maaari nitong gawin sa mga sumasamba?

Hebreo 10:2 *Kung hindi gayon, sana ay tinigil na ang paghahandog ng mga iyon, kung ang mga sumasamba na nalinis nang minsan ay wala nang kamalayan sa kanilang kasalanan.*

5. Ano ang pilit na ipinagawa sa lasing na nagmamaneho?

6. Basahin ang Hebreo 10:14. Ginagawang ganap o pineperpekto ng Diyos ang Kanyang mga tagasunod sa pamamagitan ng:

- A. Mabubuting gawa.
- B. Pagdalo sa simbahan.
- C. Pagsunod sa 10 Utos.
- D. Ang alay o handog ni Hesus.

Hebreo 10:14 *Sapagkat sa pamamagitan ng isang alay ay kanyang ginawang sakdal magpakailanman ang mga ginagawang banal.*

7. Basahin ang Hebreo 10:14. Ang handog ni Hesus (tinanggap ng may pananampalataya) ay ginagawang ganap ang mananampalataya:

- A. Hanggang sa susunod na pagkakasala.
- B. Mula sa kanilang nakaraang kasalanan.
- C. Magpakailanman.

ARALIN 10

8. Basahin ang Genesis 20:1-18. Sino ang 2 lalaking nabanggit sa kwentong ito?

Genesis 20:1-18 *At mula roon ay naglakbay si Abraham sa dakong lupain ng Timugan, at tumahan sa pagitan ng Cades at Shur; at siya'y nakipamayan sa Gerar. [2] At sinabi ni Abraham tungkol kay Sara na kaniyang asawa, Siya'y aking kapatid; at si Abimelech na hari sa Gerar, ay nagsugo at kinuha si Sara. [3] Datapuwa't naparoon ang Dios kay Abimelech sa panaginip sa gabi, at sa kaniya'y sinabi, Narito, ikaw ay dili iba't isang patay dahil sa babaing iyong kinuha; sapagka't siya'y asawa ng isang lalake. [4] Nguni't si Abimelech ay hindi pa, nakasisiping sa kaniya: at nagsabi, Panginoon, papatayin mo ba pati ng isang bansang banal? [5] Hindi ba siya rin ang nagsabi sa akin, Siya'y aking kapatid? at si Sara man ay nagsabi, Siya'y aking kapatid; sa katapatang loob ng aking puso, at kawalang sala ng aking mga kamay, ay ginawa ko ito. [6] At sinabi sa kaniya ng Dios sa panaginip: Oo, talastas ko, na sa katapatang loob ng iyong puso ay ginawa mo ito, at hinadlangan din naman kita sa pagkakasala ng laban sa akin: kaya't hindi ko ipinahintulot sa iyong galawin mo siya. [7] Ngayon nga'y isauli mo ang asawa ng lalaking ito; sapagka't siya'y profeta, at ikaw ay ipananalangin niya, at mabubuhay ka: at kung di mo siya isauli, ay talastasin mong walang pagsalang mamamatay ka, ikaw at ang lahat ng iyo. [8] At si Abimelech ay bumangong maaga ng kinaumagahan at tinawag ang lahat niyang bataan, at sinabi sa kanilang pakinig ang lahat ng bagay na ito: at ang mga tao'y natakot na mainam. [9] Nang magkagayo'y tinawag ni Abimelech si Abraham, at sa kaniya'y sinabi, Anong ginawa mo sa amin? at sa ano ako nagkasala laban sa iyo, na dinalhan mo ako at ang aking kaharian ng isang malaking kasalanan? Ginawan mo ako ng mga gawang di marapat gawin. [10] At sinabi ni Abimelech kay Abraham, Anong nakita mo na ginawa mo ang bagay na ito? [11] At sinabi ni Abraham, Sapagka't inisip ko. Tunay na walang takot sa Dios sa dakong ito: at papatayin nila ako dahil sa aking asawa. [12] At saka talagang siya'y kapatid ko, na anak ng aking ama, datapuwa't hindi anak ng aking ina; at siya'y naging asawa ko: [13] At nangyari, na nang ako'y palayasin ng Dios sa bahay ng aking ama, na sinabi ko sa kaniya, Ito ang magandang kalooban mo na maipakikita sa akin; sa lahat ng dakong ating datnin, ay sabihin mo tungkol sa akin, Siya'y aking kapatid. [14] At si Abimelech ay kumuha ng mga tupa at mga baka, at mga aliping lalake at babae, at ipinagbibigay kay Abraham, at isinauli sa kaniya si Sara na kaniyang asawa. [15] At sinabi ni Abimelech, Narito ang lupain ko ay nasa harapan mo: tumahan ka kung saan mo magalingin. [16] At kay Sara'y sinabi niya, Narito, nagbigay ako ng isang libong putol na pilak sa iyong kapatid: narito, ito sa iyo'y piring sa mga mata ng lahat ng kasama mo; at sa harap ng lahat ay nagbangong puri ka. [17] At nanalangin si Abraham sa Dios; at pinagaling ng Dios si Abimelech, at ang kaniyang asawa, at ang kaniyang mga aliping babae, na ano pa't nagkaanak sila. [18] Sapagka't sinarhang lubos ng Panginoon ang lahat ng bahay-bata sa bahay ni Abimelech, dahil kay Sara, na asawa ni Abraham.*

9. Basahin ang Genesis 20:2. Sino ang lalaking nagsinungaling at nanloko sa isa pang lalaki sa kwento?

10. Basahin ang Genesis 20:7. Nakatitiyak ako na hindi sang-ayon ang Diyos sa kilos o gawa ni Abraham. Subalit sino ang pinanigan ng Diyos, si Abraham o Abimelech? Bakit? Basahin ang Genesis 15:1, 18, at Santiago 2:23.

Genesis 15:1, 18 *Pagkatapos ng mga bagay na ito ay dumating ang salita ng Panginoon kay Abram sa pangitain na nagsasabi, Huwag kang matakot, Abram: ako ang iyong kalasag, at ang iyong ganting pala na lubhang dakila. ... [18] Pagkatapos ng mga bagay na ito ay dumating ang salita ng Panginoon kay Abram sa pangitain na nagsasabi, Huwag kang matakot, Abram: ako ang iyong kalasag, at ang iyong ganting pala na lubhang dakila.*

Santiago 2:23 *Natupad ang sinasabi ng Kasulatan, “Si Abraham ay sumampalataya sa Diyos, at dahil dito, siya’y itinuring na matuwid,” at tinawag siyang kaibigan ng Diyos.*

11. Basahin ang Genesis 20:7 at 17-18. Kahit na mali si Abraham, sino ang inatasan ng Diyos na manalangin para sa iba?

- A. Ipanalangin ni Abraham si Abimelech.
- B. Ipanalangin ni Abimelech si Abraham.
- C. Magpanalangin sila.

12. Basahin ang Roma 8:31. Kung minsan nahuhulog tayo sa kasalanan, sino ang nasa panig natin?

Roma 8:31 *Ano ngayon ang ating sasabihin tungkol sa mga bagay na ito? Kung ang Diyos ay kakampi natin, sino ang makalalaban sa atin?*

13. Basahin ang Roma 4:8. Kahit tayo ay nagkakamali, ano ang sinabi ng Diyos na hindi Niya gagawin?

Roma 4:8 *Pinagpala ang taong hindi na kailanman sisingilin ng Panginoon sa kanyang kasalanan.*

14. Basahin ang Hebreo 8:12-13. Sa Bagong Tipan, ano ang ipinangako ng Diyos na Kanyang gagawain?

Hebreo 8:12-13 *Kahahabagan ko sila sa kanilang mga kasamaan, at hindi ko na aalalahanin ang kanilang mga kasalanan. [13] Nang sabihin ng Diyos ang tungkol sa “bagong tipan”, pinawalang bisa niya ang una, at malapit nang mawala ang pinawalang bisa at naluluma.*

ARALIN 10

15. Basahin ang Efeso 2:5 at 8-9. Paano tayo naligtas?

Efeso 2:5 *Kahit noong tayo'y mga patay pa dahil sa ating mga pagsuway, ay binuhay niyang kasama ni Cristo. Dahil sa biyaya tayo'y iniligtas. ... [8] Dahil sa biyaya kayo'y iniligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili; [9] ito'y kaloob ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang walang sinumang makapagmalaki.*

16. Basahin ang Tito 3:5. Paano tayo hindi maliligtas? Paano tayo maliligtas?

Tito 3:5 *Iniligtas niya tayo, hindi dahil sa ating mabubuting gawa kundi dahil sa kanyang habag. Iniligtas niya tayo sa pamamagitan ng paglilinis ng muling kapanganakan at pagbabagong buhay na dulot ng Banal na Espiritu,*

17. Basahin ang Efeso 1:6. Pupurihin natin ang Diyos ng walang hanggan dahil sa pagliligtas na ginawa Niya sa pamamagitan ng ...? na ...? sa pamamagitan ni Hesus.

Efeso 1:6 *Ito'y upang papurihan siya dahil sa kanyang kahanga-hangang biyaya, na walang bayad niyang ibinigay sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Anong uri ng relasyon ang maaaring maranasan ng lalaki habang nangyayari ang ganitong bagay?
Isang relasyon na puno ng kapaitan, alitan at walang kapatawaran o pagpapatawad.
2. Basahin ang Hebreo 10:1. Ano ang hindi magagawa ng Batas?
Gawing ganap ang mga sumasamba(walang depekto o kapintasan).
3. Basahin ang Hebreo 10:1. Ano ang sinasabi ng bersikulong ito na nagbibigay indikasyon na ang mga handog o sakripisyo sa Lumang Tipan ay hindi sapat upang gawin tayong perpekto o walang kapintasan?
Paulit-ulit o tuloy-tuloy, araw-araw, linggo-linggo, kada buwan. Ang katotohanan na paulit-ulit silang ginagawa ay nagpapatunay na hindi nila kayang harapin nang tuluyan ang problema ng kasalan.
4. Basahin ang Hebreo 10:2. Kung ang paghahandog ay gagawing ganap ang lumalapit sa Diyos, ano ang maaari nitong gawin sa mga sumasamba?
Hindi na matutuon ang kanilang kaisipan sa kasalanan (sin conscious).
5. Ano ang pilit na ipinagawa sa lasing na nagmamaneho?
Isipin lagi ang kasalanang nagawa niya.
6. Basahin ang Hebreo 10:14. Ginagawang ganap o pineperpekto ng Diyos ang Kanyang mga tagasunod sa pamamagitan ng:
Ang paghahandog ni Hesus.
7. Basahin ang Hebreo 10:14. Ang handog ni Hesus (tinanggap ng may pananampalataya) ay ginagawang ganap ang mananampalataya:
Walang hanggan o magpakailanman.
8. Basahin ang Genesis 20:1-18. Sino ang 2 lalaking nabanggit sa kwentong ito?
Abraham at Abimelech.
9. Basahin ang Genesis 20:2. Sino ang lalaking nagsinungaling at nanloko sa isa pang lalaki sa kwento?
Abraham.
10. Basahin ang Genesis 20:7. Nakatitiyak ako na hindi sang-ayon ang Diyos sa kilos o gawa ni

ARALIN 10

Abraham. Subalit sino ang pinanigan ng Diyos, si Abraham o Abimelech?

Abraham.

Bakit? Basahin ang Genesis 15:1, 18, at Santiago 2:23.

Dahil may tipan ang Diyos kay Abraham at siya'y kaibigan Niya.

11. Basahin ang Genesis 20:7 at 17-18. Kahit na mali si Abraham, sino ang inatasan ng Diyos na manalangin para sa iba?

Ipanalangin ni Abraham si Abimelech.

12. Basahin ang Roma 8:31. Kung minsan nahuhulog tayo sa kasalanan, sino ang nasa panig natin?

Ang Diyos.

13. Basahin ang Roma 4:8. Kahit tayo ay nagkakamali, ano ang sinabi ng Diyos na hindi Niya gagawin?

Ibilang sa atin ang ating mga kasalanan.

14. Basahin ang Hebreo 8:12-13. Sa Bagong Tipan, ano ang ipinangako ng Diyos na Kanyang gagawain?

Hindi na aalalahanin ng Diyos ang ating mga sala o ibibilang sa atin ang ating sala.

15. Basahin ang Efeso 2:5 at 8-9. Paano tayo naligtas?

Sa pamamagitan ng biyaya, iyon ay sa pamamagitan ng Kanyang di nararapat na pabor at kabaitan sa atin.

16. Basahin ang Tito 3:5. Paano tayo hindi maliligtas? Paano tayo maliligtas?

Sa pamamagitan ng ating sariling gawang katuwiran.

Ayon sa Kanyang habag. Hinugasan o lininis Niya tayo noong tayo ay ipanganak na muli at binago sa tulong ng Banal na Espiritu.

17. Basahin ang Efeso 1:6. Pupurihin natin ang Diyos ng walang hanggan dahil sa pagliligtas na ginawa Niya sa pamamagitan ng ...?, na ...? sa pamamagitan ni Hesus.

Biyaya/walang bayad.

ARALIN 11

MINAMAHAL AKO, MAGANDA AKO

Isinulat ni Don Krow

Isang araw, pumunta si Michael sa opisina ko upang sabihin sa akin ang isang maselang lihim tungkol sa kanyang kaklase. Habang ako ay nagtuturo sa Charis Bible College, sa tingin ko ay nagsusulat si Patricia sa isang papel para sa kanyang sarili. At ang kanyang isinulat ay, “ako’y minamahal, ako’y maganda”, at iba pa. Magandang manamit si Patricia kaya nga marami ang pumapansin sa kanya. Ang tunay na dahilan kung bakit isinulat ni Patricia ito sa kanyang sarili ay hindi niya naramdaman na may nagmamahal sa kanya at sa tingin niya ay hindi siya maganda.

Bilang mga tao, lahat tayo ay may mga pangunahing pangangailangan - ang pagnanais na mahal, tanggapin at pahalagahan, pati na rin ang pagkakaroon ng pagpapahalaga sa sarili at alam na tayo ay tama sa harap ng Diyos. Marami sa mga relihiyon o sekta ngayon ay nagpapadama sa atin na hindi tayo minamahal, hindi tanggap, at hindi pinahahalagahan. Ang isa sa pinakadakilang muog na ginagamit ni Satanas laban sa mga mananampalataya ay ang pakiramdam ng bigat ng nagawa nating kasalanan na pilit niyang pinapaalala sa atin at pagkondena, habang patuloy na pinadadama sa atin na ito’y espirituwal at tama lang.

Ito ang katanungan: ilan sa inyo ng tanggapin niyo si Hesus ay sinabihan kayo na mahal at tanggap Niya kayo, at Siya ang inyong ganap na katuwiran? Ang katotohanan, ang katuwiran lamang na mula sa Kanya ang siya mong kakailanganin. 1 Corinto 1:30, *Ngunit dahil sa kanya, kayo ay iniugnay kay Cristo Jesus, na para sa atin ay naging karunungan mula sa Diyos, at naging ating katuwiran, kabanalan, at katubusan.* Ito ang mabuting balita ng Ebanghelyo: *Hindi ko ikinahihiya ang ebanghelyo; sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawat sumasampalataya, una’y sa mga Judio at gayundin sa mga Griyego. Sapagkat sa ebanghelyo ipinapahayag ang katuwiran ng Diyos, kung paano maging matuwid sa kanyang harapan. At ito, buhat sa simula hanggang sa wakas, ay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya. Gaya ng nasusulat, “Sa pamamagitan ng pananampalataya, mabubuhay ang matuwid (Roma 1:16-17). Sa kanya namang walang kalakip na gawa ngunit sumasampalataya sa Diyos at nagtuturing na matuwid sa masama, ang kanyang pananampalataya ang batayan ng kanyang pagiging matuwid (Roma 4:5).* Hindi tayo tinawag ng Diyos upang magkaroon ng pananampalataya sa pananampalataya o pananampalataya sa mga bagay-bagay, ngunit isang tiwala na umaasa at naka depende lamang sa Kanya.

Ang pag-ibig o pagmamahal sa iyo ng Diyos ay tunay at lubos. Ang Diyos ay pag-ibig (1 Juan 4:8). Ito ay mas higit mong matatanggap, mas mararamdaman, o higit na mararanasan. Kung mas maniniwala ka, mas makikita mo ang iyong sarili na nagmamahal o umiibig sa Diyos. Sinabi sa 1 Juan 4:19, *Tayo ay umiibig sapagkat siya ang unang umibig sa atin.* Pag-isipan mo ito, paniwalaan mo, at tanggapin mo!

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Roma 8:38-39. Para saan ang panghihikayat ni *Apostol Pablo*?

Roma 8:38-39 *Sapagkat lubos akong naniniwala na kahit kamatayan o buhay, mga anghel, mga pamunuan, mga bagay na kasalukuyan, mga bagay na darating, maging mga kapangyarihan, [39] kataasan, o kalaliman, o kahit anumang bagay na nilikha ay hindi makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.*

2. Basahin ang Roma 5:19. Sa pamamagitan ng pagsunod ni Hesus (sa pagsunod sa Batas at pagkapako sa krus), marami ang magiging:

- A. Ipinahayag na matuwid.
- B. Nag-akalang matuwid.
- C. Ginawang matuwid.

Roma 5:19 *Sapagkat kung marami ang naging makasalanan dahil sa pagsuway ng isang tao, sa pamamagitan din ng pagsunod ng isang tao maraming ituturing na matuwid. Ang pagdating ng Kautusan ay nagbunga ng maraming pagsuway. Ngunit habang dumarami ang kasalanan ay lalong sumasagana ang kagandahang-loob ng Diyos.*

3. Basahin ang 2 Corinto 5:21. Itinuring Siyang (Hesus) nagkasala ng Diyos, upang tayo ay ...?

2 Corinto 5:21 *Itinuring niyang nagkasala siya na hindi nakaranas ng kasalanan, upang sa pamamagitan niya, tayo'y ituring na matuwid sa harapan ng Diyos.*

4. Basahin ang Colosas 1:21-22. Naparito sa lupa si Hesus at namatay sa krus. Dahil dito, naging banal, walang kapintasan, at inosente tayo sa harap ng:

- A. Nang iyong asawa.
- B. Nang iyong kaibigan.
- C. Nang Diyos.

Colosas 1:21-22 *At kayo, dati'y napakalayo, mga sumasalungat sa kanya sa inyong pag-iisip at namumuhay sa masasamang gawa. [22] Ngayon ay ipinakipagkasundo niya kayo sa pamamagitan ng kamatayan ng kanyang katawang laman na namatay, upang sa paningin ng Diyos kayo'y maiharap na mga banal, hindi mapaparatang ng anuman at walang dungis.*

5. Basahin ang Efeso 1:6. Papupurihan natin ang Diyos habang panahon, magpasa -walang

hanggan dahil sa Kanyang biyaya ...? sa atin sa pamamagitan ng Kanyang minamahal na Anak.

Efeso 1:6 *Ito'y upang papurihan siya dahil sa kanyang kahanga-hangang biyaya, na walang bayad niyang ibinigay sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak.*

6. Basahin ang Hebreo 10:14. Sa pamamagitan ni Hesus at ang Kanyang sakripisyo sa krus, hanggang kailan tayo magiging ganap?
- A. Hanggang sa iyong susunod na pagkakasala.
 - B. Sa susunod na pagpunta sa simbahan.
 - C. Magpakailanman o walang hanggan.

Hebreo 10:14 *Sapagkat sa pamamagitan ng isang alay ay kanyang ginawang sakdal magpakailanman ang mga ginagawang banal.*

7. Basahin ang Hebreo 10:15-17. Sa Bagong Tipan, ano ang ipinangako ng Diyos tungkol sa ating mga kasalanan?

Hebreo 10:15-17 *Ang Banal na Espiritu ay nagpapatotoo rin sa atin tungkol dito. Una ay sinabi niya, [16] "Ito ang pakikipagtipan na gagawin ko sa kanila, pagkatapos ng mga araw na iyon, sabi ng Panginoon; ilalagay ko ang aking mga tuntunin sa kanilang mga puso, itatanim ko ang mga iyon sa kanilang pag-iisip," [17] pagkatapos ay sinabi rin niya, "Ang kanilang mga kasalanan at mga kasamaan ay hindi ko na aalalahanin pa."*

8. Basahin ang Roma 6:1-2. Higit ang biyaya ng Diyos sa lahat ng ating kasalanan. Magpapatuloy ba tayo sa kasalanan upang higit na maipakita ang Kanyang biyaya?

Roma 6:1-2 *Ano ngayon ang sasabihin natin? Magpapatuloy ba tayo sa pagkakasala upang ang kagandahang-loob ng Diyos ay sumagana? [2] Huwag nawang mangyari! Paanong mangyayari na tayong namatay na sa kasalanan ay mabubuhay pa sa kasalanan?*

9. Basahin ang Hebreo 9:12. Anong uri ng pagtubos ang ginawa ni Hesus para sa atin?
- A. Panandaliang pagtubos.
 - B. Hindi buong pagtubos.
 - C. Walang hanggang pagtubos.

Hebreo 9:12 *Minsan lamang siya pumasok sa Dakong Kabanal-banalan, at ang bisa nito'y*

ARALIN 11

magpakailanman. Sa kanyang pagpasok, hindi dugo ng mga kambing at ng mga toro ang kanyang ihinandog, kundi ang kanyang sariling dugo, at dahil dito ay nakamit natin ang walang hangang katubusan.

10. Basahin Roma 8:33. Pangalanan ang maaaring magparatang laban sa pinili ng Diyos.

Roma 8:33 *Sino ngayon ang maghaharap ng sakdal laban sa mga hinirang ng Diyos? Ang Diyos ang nagtuturing na matuwid.*

11. Basahin ang Roma 8:34. Sino ang maaaring magkondena sa mga anak ng Diyos?

Roma 8:34 *Sino ang hahatol upang ang tao'y parusahan? Si Cristo Jesus ba na namatay ngunit muling binuhay, na ngayon ay nasa kanan ng Diyos at siya ring namamagitan para sa atin?*

12. Basahin ang Roma 8:35. Sino ang maaaring maghiwalay sa pag-ibig ng Diyos sa Kanyang mga anak?

Roma 8:35 *Mayroon bang makapaghihiwalay sa atin sa pag-ibig ni Cristo? Ang kahirapan ba, kapighatian, pag-uusig, taggutom, kahubaran, panganib, o ang tabak?*

13. Basahin ang Roma 8:31. Ano ang konklusyon sa pag-aaral na ito ng pagdidisipulo?

Roma 8:31 *Ano ngayon ang ating sasabihin tungkol sa mga bagay na ito? Kung ang Diyos ay kakampi natin, sino ang makalalaban sa atin?*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Roma 8:38-39. Para saan ang panghihikayat ni *Apostol* Pablo?
Lubos siyang naniniwala na walang makapag-hihiwalay sa kanya sa pag-ibig ng Diyos- hindi ang kamatayan o buhay, mga anghel, o pamunuan, mga bagay sa kasalukuyan o hinaharap, mga kapangyarihan sa kataasan o kailaliman. Walang makapag-hihiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos na matatagpuan kay Hesus.
2. Basahin ang Roma 5:19. Sa pamamagitan ng pagsunod ni Hesus (sa pagsunod sa Batas at pagkapako sa krus), marami ang magiging:
Ginawang matuwid.
3. Basahin ang 2 Corinto 5:21. Itinuring Siyang (Hesus) nagkasala ng Diyos, upang tayo ay ...?
Maging matuwid sa harapan ng Diyos.
4. Basahin ang Colosas 1:21-22. Naparito sa lupa si Hesus at namatay sa krus. Dahil dito, naging banal, walang kapintasan, at inosente tayo sa harap ng:
C. Nang Diyos.
5. Basahin ang Efeso 1:6. Papupurihan natin ang Diyos habang panahon, magpasa -walang hanggan dahil sa Kanyang biyaya, ...? sa atin sa pamamagitan ng Kanyang minamahal na Anak.
Na walang bayad na ibinigay sa atin (tinanggap tayo sa harap ni Kristo).
6. Basahin ang Hebreo 10:14. Sa pamamagitan ni Hesus at ang Kanyang sakripisyo sa krus, hanggang kailan tayo magiging ganap?
C. Walang hanggan/magpakialanman.
7. Basahin ang Hebreo 10:15-17. Sa Bagong Tipan, ano ang ipinangako ng Diyos tungkol sa ating mga kasalanan?
Hindi na aalalahanin pa.
8. Basahin ang Roma 6:1-2. Higit ang biyaya ng Diyos sa lahat ng ating kasalanan. Magpapatuloy ba tayo sa kasalanan upang higit na maipakita ang Kanayang biyaya?
Hindi.
9. Basahin ang Hebreo 9:12. Anong uri ng pagtubos ang ginawa ni Hesus para sa atin?
Walang hanggang pagtubos.

ARALIN 11

10. Basahin Roma 8:33. Pangalanan ang maaaring magparatang laban sa pinili ng Diyos.
Walang sinoman.

11. Basahin ang Roma 8:34. Sino ang maaaring mag kondena sa mga anak ng Diyos?
Walang sinoman.

12. Basahin ang Roma 8:35. Sino ang maaaring maghiwalay sa pag-ibig ng Diyos sa Kanyang mga anak?
Walang sinoman.

13. Basahin ang Roma 8:31. Ano ang konklusyon sa pag-aaral na ito ng pagdidisipulo?
Kung ang Diyos ay kakampi natin, sino ang kakalaban sa atin.

ARALIN 12

ANG BUNGA NG KALIGTASAN - Part 1

Isinulat ni Don Krow

Makapagliligtas ba ang isang beses na gawa ng pananampalataya kung hindi ito magpapatuloy? Maaari ba itong tumigil at matanggap pa rin ang pangako? Nanalig o nanampalataya si Abraham sa Diyos at ibinilang siyang matuwid (Gen. 15:6). Kung tumigil ang pananampalataya ni Abraham, titigil din ba ang kanyang pagiging matuwid?

Mula sa Kasulatan, alam natin na ang pananampalataya ay nagsisimula bilang kumpletong isang beses na pagkilos (aorist tense), subalit sa Griyego (present tense), ito ay nagpapatuloy sa buhay ng isang Kristiyano. Ang mga utos (commands) na ibinigay sa kasalukuyan (present tense) ay inaasahang magpapatuloy o uulit-ulitin. Kapag ginagamit ang pangkasalukuyang anyo o antas (present tense), kung ibibigay natin ang mga sumusunod na salita o pararila ng Bibliya sa mambabasa, mapapahusay natin ang kanyang pag-unawa (understanding) sa mga sipi ng Bibliya. Ang mga salitang ito ay: **paulit-ulit; iyon ay, uulitin ng maraming beses, tuloy-tuloy, nakagawian, o walang patid.**

Isaalang-alang ang mga sumusunod na talata at kung paano nakakaapekto sa kanila ang kasalukuyang panahon ng Griyego:

Juan 3:16 ***Sapagkat ganoon inibig ng Diyos ang sanlibutan, kaya ipinagkaloob niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya*** (pangkasalukuyang antas: sumampalataya at patuloy na sasampalataya) ***sa kanya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.***

Hebreo 10:14 Sapagkat sa pamamagitan ng isang alay ay kanyang ginawang sakdal magpakailanman ang mga ginagawang banal (pangkasalukuyang antas: yaong mga ibinukod at patuloy na ibinubukod, yaong isang handog ay sakdal magpakailanman). *New King James Version, "being sanctified". New International Version, "being made holy".*

1 Juan 3:9 ***Ang bawat taong anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy*** (pangkasalukuyang antas: iyon ay hindi siya nagpapatuloy sa kasalanan bilang nakagawian, hindi nagsisisi) ***sa paggawa ng kasalanan, sapagkat nananatili sa kanya ang binhi*** (pangkasalukuyang antas: ang binhi/butil ng Diyos ay mananatili at magpapatuloy na mananatili) ***ng Diyos. Hindi niya kayang magpatuloy*** (pangkasalukuyang antas: nakagawian o walang tigil) ***sa pagkakasala sapagkat anak siya ng Diyos.***

ARALIN 12

Marcos 1:15 *Sinabi niya, “Dumating na ang takdang panahon at malapit na ang paghahari ng Diyos. Kaya magsisi na kayo* (pangkasalukuyang antas: iyon ay, magsisi at patuloy na magsisisi ayon sa sitwasyon o pangangailangan) *at sumampalataya* (pangkasalukuyang antas: iyon ay, manampalataya at patuloy na manampalataya) *sa Magandang Balitang ito!”*

Juan 5:24 *Katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang nakikinig sa salita ko at sumasampalataya* (pangkasalukuyang antas: at patuloy na manampalataya) *sa kanya na nagsugo sa akin ay may buhay na walang hanggan; hindi na siya daranas ng paghatol, sapagkat nailipat na siya mula sa kamatayan patungo sa buhay.*

Lucas 15:7 *Sinasabi ko sa inyo, sa gayunding paraan, magkakaroon ng higit pang kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisi* (pangkasalukuyang antas: tuloy-tuloy sa pagsisisi) *kaysa siyamnapu’t siyam na matutuwid na hindi nangangailangan ng pagsisisi.”*

Aklat ng Mga Gawa 17:30 Pinalampas ng Diyos ang mga panahon ng kamangmangan. Subalit ngayo’y ipinag-uutos niya (pangkasalukuyang antas: patuloy na ipinag-uutos) *sa lahat ng tao sa lahat ng dako na magsisi.*

Juan 6:47 *Katotohanan ang sinasabi ko sa inyo, ang sumasampalataya* (pangkasalukuyang antas: patuloy na manampalataya) *ay may buhay na walang hanggan.*

Roma 4:5 *Sa kanya namang walang kalakip na gawa ngunit sumasampalataya* (pangkasalukuyang antas: at patuloy na sumasampalataya) *sa Diyos at nagtuturing na matuwid sa masama, ang kanyang panampalataya ang batayan ng kanyang pagiging matuwid.*

Aklat ng Mga Gawa 26:20 *Nangaral ako, una sa Damasco, pagkatapos ay sa Jerusalem, at sa buong lupain ng Judea, gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat nilang talikuran ang kanilang kasalanan* (pangkasalukuyang antas: patuloy na magsisi) *at magbalik-loob sa Diyos at patunayan* (pangkasalukuyang antas: patuloy na gumawa ng mabubuting bagay upang patunayan ang pagsisisi) *sa pamamagitan ng kanilang mga gawa ang kanilang pagsisisi.*

Konklusyon: Ang pangkasalukuyang antas ng salita ay ginamit ng daang beses sa Kasulatan. Hindi ko intensyon na ipakita lahat ng bersikulo na ayon sa paksang ito. Ang katotohanan tungkol sa panampalatayang nagliligtas ay tuloy-tuloy ito at itinuturo sa *Arminianism at Calvinism theology*, ngunit magkaiba ang kanilang pananaw.

Ang *Calvinism* ay naghahayag ng walang hanggang seguridad, nagtuturo na ang mga tunay na manampalataya ay maaaring matisod at mahulog, subalit magpapatuloy pa rin sa kanilang

buhay Kristiyano (1 Corinto 1:18). Silang mga naniniwala sa walang hanggang seguridad ay naniniwala rin na ang mga tunay na Kristiyano ay nakaranas na ng kamatayan sa kasalanan at hindi na magpapatuloy sa pagkakasala (Roma 6:1-3). Sa huli, silang mga tumalikod kay Hesus ay nagpapakita na hindi sila tunay na naisilang na muli (born again)(1 Juan 2:19).

Ang *Arminian theology* ay nagtuturo na ang mga tunay na mananampalataya ay maaaring lumayo o tumalikod sa pananamapalatayang Kristiyano. Ang pangkalahatang paniniwala nila at kanilang itinuturo ay silang mga tumalikod ay mawawalang bisa o saysay ang kanilang kaligtasan. Mawawala ito sa kanila. Ang sistema nila ay walang puwang para sa mga tinatawag na Kristiyano (sa panagalan lamang) na mamuhay sa patuloy na paghihimagsik o sadyang kasalanan na walang bungang ipinapakita na sila’y nagsisisi.

Sinabi ni Apostol Pablo, *Kung sinasabi natin na wala tayong kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili at wala sa atin ang katotohanan* (1 Juan 1:8), at sinabi rin niya, *Ang bawat taong anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa paggawa ng kasalanan, sapagkat nananatili sa kanya ang binhi ng Diyos. Hindi niya kayang magpatuloy sa pagkakasala sapagkat anak siya ng Diyos* (1 Juan 3:9). Dito ay mayroon tayong kabalintunaan (paradox), ngunit hindi isang hindi pagkakatugang sa Kasulatan. Lahat ng Kristiyano ay nagkakasala (1 Juan 1:8), ngunit lahat ng Kristiyano ay sumusunod (1 Juan 2:3). Ang kasalanan at karnalidad o pamumuhay ayon sa laman ay naroroon pa rin sa mga Kristiyano, ngunit ang kasalanan ay hindi maaaring maging kanilang panginoon o pangunahing katangian (1 Juan 3:9). Ang tunay na pagsisisi ay nangangailangan ng pagbabago ng puso, pagbabago ng direksyon, kahit na ito’y hindi perpekto (Aklat ng Mga Gawa 26:18 at 1 Juan 1:8). Ang “bunga” pa rin ang patunay ng katotohanan o pagiging totoo ng pananampalataya. Ang pananampalataya ay matibay na *supernatural* na pananalig na namamahala sa pag-uugali ng tunay na mananampalataya at nagreresulta sa mga kasamang kilos o gawa. Ipinakita ito sa mga halimbawa ng pananampalataya sa Hebreo, kabanata 11, na nagreresulta sa mga gawa o kilos. Sa madaling salita, ang ating mga gawa o kilos ay resulta o kinalabasan nang kung ano ang ating pinaniniwalaan. Mababasa sa Santiago 2:18, *Ngunit may magsasabi: Mayroon kang pananampalataya, at mayroon naman akong gawa. Ipakita mo sa akin ang pananampalataya mong walang kalakip na gawa, at ipapakita ko naman sa iyo ang aking pananampalataya sa pamamagitan ng aking mga gawa.*

Kapag nagsasalita ang mga apostol sa negatibong paraan tungkol sa mga gawa, ang tinutukoy nila ay ang “mga gawa ng Batas” (works of the Law); iyon ay ang anumang gawa o kilos upang makamit ang kanilang kaligtasan.

Tumutukoy din ang Kasulatan tungkol sa bunga ng kaligtasan, ito’y mga mabubuting gawa, mga gawa na may pananampalataya. Ito’y mga gawa o kilos na mula sa pagsisisi at pananampalataya (Aklat ng Mga Gawa 26:20, Mateo 3:7-10, Tes. 1:3, at Santiago 2:14-26),

ARALIN 12

nagpapakita ng ebidensiya ng kaligtasan. Ang pagkaka-isa na ipinahayag sa pagitan ng pagsisisi at pananampalataya ay may pareho silang bunga o ebidensiya: mga mabubuting gawa. Hindi tayo naligtas sa pamamagitan ng mga mabubuting gawa, ngunit tayo ay iniligtas para sa mabubuting gawa, Efeso 2:8-10 (we are not saved 'by' good works, but we are saved 'unto' good works, Eph 2:8-10 for the contrast of being saved 'by' and 'unto'). Ang mga gawa ay isang pagsubok sa katotohanan ng pananampalataya, at ang biyaya na hindi nakaka-apekto sa buhay at mga kilos ng isang tao ay hindi maituturing na tunay na biyaya ng Diyos (Tito 2:11-12). Ang turo ni Hesus, sa pamamagitan ng bunga, ang tunay na mananampalataya ay makikilala (Mateo 3:8, 7:16-20, 25:34-40; Juan 13:35, 14:23; Roma 2:6-11; Santiago 2:14-18; at 1 Juan 3:10).

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Ang mga utos na ibinigay sa pangkasalukuyang antas ay inaasahang mayroong ...?
2. Basahin ang Juan 3:16. Ayon sa pangkasalukuyang antas sa Griyego, ano ang sinasabi ng Juan 3:16?

Juan 3:16 *Sapagkat ganoon inibig ng Diyos ang sanlibutan, kaya ipinagkaloob niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.*

3. Basahin ang 1 Juan 3:9. Ang bawat taong anak ng Diyos ay hindi nagkakasala. Ano ang ibig sabihin nito?

1 Juan 3:9 *Ang bawat taong anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa paggawa ng kasalanan, sapagkat nananatili sa kanya ang binhi ng Diyos. Hindi niya kayang magpatuloy sa pagkakasala sapagkat anak siya ng Diyos.*

4. Basahin ang Lucas 15:7. Magkakaroon ng kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang ...?

Lucas 15:7 *Sinasabi ko sa inyo, sa gayunding paraan, magkakaroon ng higit pang kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisi kaysa siyamnapu't siyam na matutuwid na hindi nangangailangan ng pagsisisi.*

5. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 17:30. Inutusan ng Diyos ang lahat ng tao sa lahat ng dako na ...?

Aklat ng Mga Gawa 17:30 *Pinalampas ng Diyos ang mga panahon ng kamangmangan. Subalit gayo'y ipinag-uutos niya sa lahat ng tao sa lahat ng dako na magsisi.*

6. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 26:20. Ano ang binabanggit ng bersikulong ito?

Aklat ng Mga Gawa 26:20 *Nangaral ako, una sa Damasco, pagkatapos ay sa Jerusalem, at sa buong lupain ng Judea, gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat nilang talikuran ang kanilang kasalanan at magbalik-loob sa Diyos at patunayan sa pamamagitan ng kanilang mga gawa ang kanilang pagsisisi.*

7. Basahin ang 1 Juan 2:3. Ano ang resulta o kinalabasan ng pagkakaroon ng personal na relasyon sa Diyos, iyon ay ang pagkilala sa Kanya?

ARALIN 12

1 Juan 2:3 *Sa pamamagitan nito, natitiyak nating kilala natin siya, kung sinusunod natin ang kanyang mga utos.*

8. Basahin ang Santiago 2:18. Ang sabi ni Santiago, ipakita mo sa akin ang pananampalataya mong walang kalakip na gawa (na imposibleng gawin), at ipapakita ko naman sa iyo ang aking pananampalataya sa ...?

Santiago 2:18 *Ngunit may magsasabi: Mayroon kang pananampalataya, at mayroon naman akong gawa. Ipakita mo sa akin ang pananampalataya mong walang kalakip na gawa, at ipapakita ko naman sa iyo ang aking pananampalataya sa pamamagitan ng aking mga gawa.*

9. Basahin ang 1 Tesalonica 1:3. Ang mga gawa o kilos na galing sa pananampalataya ay tinatawag na ...?

1 Tesalonica 1:3 *Sa mga dalangin nami'y ginugunita namin sa harapan ng ating Diyos at Ama ang gawain ninyo na bunga ng pananampalataya, ang inyong pagsisikap dahil sa inyong pag-ibig, at ang inyong pagtitiyaga dahil sa inyong matibay na pag-asa sa ating Panginoong Jesu-Cristo.*

10. Basahin ang Galacia 2:16, 21. Ang mga pagsunod ng Batas (Kautusan) ay mga gawain na ginagawa ng mga tao upang subukang makamit ang kaligtasan o ...? (v12). Hindi ito makapagligtas, wala silang kapangyarihang magligtas.

Galacia 2:16, 21 *Nalalaman natin na walang sinumang itinuturing na matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo. Kaya't tayo'y sumasampalataya kay Cristo Jesus upang ituring na matuwid sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo, at hindi sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan. Sapagkat walang sinumang itinuturing na matuwid dahil sa pagsunod sa Kautusan. ... [21] Hindi ko pinawawalang halaga ang kagandahang-loob ng Diyos. Kung ang tao'y ituturing na matuwid sa pamamagitan ng Kautusan, namatay si Cristo nang walang kabuluhan.*

11. Basahin ang Roma 2:7-10. Ang mga bersikulong ito ay naglalarawan ng bunga ng anong 2 grupo ng tao?

Roma 2:7-10 *Ipagkakaloob naman ng Diyos ang buhay na walang hanggan sa mga taong nagtitiyaga sa paggawa ng mabuti, naghahanap ng karangalan, kadakilaan at ng kawalang kamatayan. Ngunit matinding galit at poot ang sasapitin ng mga makasarili at sumusunod sa kasamaan sa halip na sa katotohanan. Pagdurusa at pighati ang daranasin ng bawat taong gumagawa ng masama, una ang mga Judio at gayundin ang mga Griyego. Subalit karangalan, kapurihan, at kapayapaan naman sa bawat gumagawa ng mabuti, una ang mga Judio at gayundin ang mga Griyego.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Ang mga utos na ibinigay sa pangkasalukuyang antas ay inaasahang mayroong ...?
Paulit-ulit na aplikasyon.
2. Basahin ang Juan 3:16. Ayon sa pangkasalukuyang antas sa Griyego, ano ang sinasbi ng Juan 3:16?
Juan 3:16 Sapagkat ganoon inibig ng Diyos ang sanlibutan, kaya ipinagkaloob niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya (pangkasalukuyang antas: sumampalataya at patuloy na sasampalataya) sa kanya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.
3. Basahin ang 1 Juan 3:9. Ang bawat taong anak ng Diyos ay hindi nagkakasala. Ano ang ibig sabihin nito?
1 Juan 3:9 Ang bawat taong anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy (pangkasalukuyang antas: iyon ay hindi siya nagpapatuloy sa kasalanan bilang nakagawian, hindi nagsisisi) sa paggawa ng kasalanan.
4. Basahin ang Lucas 15:7. Magkakaroon ng kagalakan sa langit dahil sa isang makasalanang ...?
Nagsisi at patuloy na nagsisisi.
5. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 17:30. Inutusan ng Diyos ang lahat ng tao sa lahat ng dako na ...?
Magsisi at tuloy-tuloy ang pagsisisi.
6. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 26:20. Ano ang binabanggit ng bersikulong ito?
Aklat ng Mga Gawa 26:20 Nangaral ako, una sa Damasco, pagkatapos ay sa Jerusalem, at sa buong lupain ng Judea, gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat nilang talikuran ang kanilang kasalanan (pangkasalukuyang antas: patuloy na magsisi) at magbalik-loob sa Diyos at patunayan (pangkasalukuyang antas: patuloy na gumawa ng mabubuting bagay upang patunayan ang pagsisisi) sa pamamagitan ng kanilang mga gawa ang kanilang pagsisisi.
7. Basahin ang 1 Juan 2:3. Ano ang resulta o kinalabasan ng pagkakaroon ng personal na relasyon sa Diyos, iyon ay ang pagkilala sa Kanya?
Gawin o sundin ang ipinag-uutos Niya.
8. Basahin ang Santiago 2:18. Ang sabi ni Santiago, ipakita mo sa akin ang pananampalataya mong walang kalakip na gawa (na imposibleng gawin) at ipapakita ko naman sa iyo ang

ARALIN 12

aking pananampalataya sa ...?

Sariling mga gawa.

9. Basahin ang 1 Tesalonica 1:3. Ang mga gawa o kilos na galing sa pananampalataya ay tinatawag na ...?

Mga gawa (bunga) ng pananampalataya.

10. Basahin ang Galacia 2:16, 21. Ang mga pagsunod ng Batas (Kautusan) ay mga gawain na ginagawa ng mga tao upang subukang makamit ang kaligtasan o ...? (v12). Hindi ito makapagliligtas, wala silang kapangyarihang magligtas.

Katuwiran/pagkamuwid.

11. Basahin ang Roma 2:7-10. Ang mga bersikulong ito ay naglalarawan ng bunga ng anong 2 grupo ng tao?

Mananampalataya at hindi mananampalataya. Basahin ang Hebreo 6:10.

ARALIN 13

ANG BUNGA NG KALIGTASAN - Part 2

Isinulat ni Don Krow

Pansinin ang kasulatan na ito: *Sa ganitong paraan mahahayag ang pagkakaiba ng mga anak ng Diyos sa mga anak ng diyablo: ang hindi gumagawa ng katuwiran ay hindi sa Diyos, gayundin ang hindi umiibig sa kanyang kapatid* (1 Juan 3:10). Hindi sinabi ang ganito, “Ganito natin maliligtas ang ating sarili.” Ito ang sinabi, “Sa **ganitong paraan mahahayag** kung sino ang mga anak ng Diyos.” Ganito sinabi ni Hesus, “*Kaya’t sa pamamagitan ng kanilang bunga ay makikilala ninyo sila* (Mateo 7:20).

Sa Banal na Kasulatan, nagsasalita ang Diyos tungkol sa kaligtasan sa 2 paraan: (1) ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng biyaya na may kalakip na pananampalataya (Efeso 2:8-9) at (2) sa mga tuntunin ng mabubuting gawa na dapat gawin ng bawat tao (Efeso 2:10). Bakit takot tayong magsalita tungkol sa bunga ng mga gawa ng isang mananampalataya? Hindi iniiwasan ng Bibliya ang ganitong paksa. Narito kung **paano natin malalaman** na tayo ay nasa kaharian ng Diyos at nasa ilalim ng Kanyang pamamahala: **1 Juan 2:3-5 Sa pamamagitan nito, natitiyak nating kilala natin siya, kung sinusunod natin ang kanyang mga utos. Ang sinumang nagsasabing, “Kilala ko ang Diyos,” subalit hindi naman sumusunod sa kanyang mga utos ay isang sinungaling; wala sa taong iyon ang katotohanan. Ngunit ang sinumang tumutupad sa salita ng Diyos, magiging ganap ang kanyang pag-ibig sa Diyos. Sa pamamagitan nito ay matitiyak natin na tayo ay nasa kanya. Ganito natin *malalaman* na tayo ay nasa Kanya.**

Kung **alam mo** na ikaw ay matuwid, **alam mo** na ang bawat isa na gumagawa ng tama ay ipinanganak sa Kanya (1 Juan 2:29). Hindi ba ito makatuwiran? Ang kalikasan ng Diyos at ni Kristo Hesus ay katuwiran, at ang lahat ng nagsasagawa ng katuwiran ay nagbibigay ng ebidensya o katibayan ng pagbabahagi ng Kanyang kalikasan, katulad ng sinabi ni Juan, naipanganak sa Kanya.

1 Juan 3:5-10 Nalalaman ninyo na nahayag ang Anak upang alisin ang mga kasalanan, at sa kanya ay walang kasalanang matatagpuan. [6] Ang sinumang nananatili sa kanya ay hindi patuloy na nagkakasala; (sa Griyego, ito’y nasa pangkasalukuyang antas; nagpapakita ito ng tuloy-tuloy na kilos. Ang mambabasa ng Bibliya ay maaaring makabuluhang mapahusay ang kanilang pag-unawa sa talata sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga salitang tulad ng: tuloy-tuloy, paulit-ulit, walang patid, nakagawian, bilang isang pamumuhay.) **ang sinumang patuloy na nagkakasala** (pangkasalukuyang antas) **ay hindi nakakita ni nakakilala sa kanya.**

Mga anak, huwag kayong magpalinlang kaninuman. Ang gumagawa (pangkasalukuyang antas: paulit-ulit) ng katuwiran ay matuwid, katulad ni Cristo na matuwid. Ang patuloy na gumagawa ng kasalanan (pangkasalukuyang antas: bilang isang pamumuhay dahil sa kanilang kalikasan) ay kakampi ng diyablo, sapagkat sa simula pa ay nagkakasala na ang diyablo. Ito ang dahilan na nahayag ang Anak ng Diyos: upang wasakin ang mga gawa ng diyablo. Ang bawat taong anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa paggawa ng kasalanan, (ang kanilang pamumuhay ay hindi nagpapakita ng pagsisisi), sapagkat nananatili sa kanya ang binhi ng Diyos. Hindi niya kayang magpatuloy sa pagkakasala (pangkasalukuyang antas: walang patid) sapagkat anak siya ng Diyos. Sa ganitong paraan *mahahayag* ang pagkakaiba ng mga anak ng Diyos sa mga anak ng diyablo: ang hindi gumagawa ng katuwiran ay hindi sa Diyos, gayundin ang hindi umiibig sa kanyang kapatid. Ito ang sabi ni Juan, “Ganito natin malalaman kung sino ang mga anak ng Diyos at kung sino ang mga anak ng diablo.” “Silang hindi namumuhay ng matuwid at hindi umiibig ay nagpapakita na hindi nila taglay ang kalikasan ng Ama. Hindi ba mahalaga ang katibayan ng pagkasilang na muli (born again)?

1 Juan 3:14 *Nalalaman nating nakatawid na tayo mula sa kamatayan tungo sa buhay, sapagkat minamahal natin ang mga kapatid. Ang hindi nagmamahal ay nananatili sa kamatayan.*

1 Juan 4:6 *Tayo ay sa Diyos. Ang sinumang nakakakilala sa Diyos ay nakikinig sa atin (mga apostoles/disipulo), at sinumang hindi sa Diyos ay hindi nakikinig sa atin (apostoles/disipulo). Sa pamamagitan nito ay makikilala natin ang espiritu ng katotohanan at ang espiritu ng kasinungalingan.*

1 Juan 4:8 *Ang sinumang hindi umiibig ay hindi nakikilala ang Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig. (Pag-ibig ang katibayan ng isang mananampalataya, dahil ang kalikasan ng Diyos ay pag-ibig).*

1 Juan 5:2 *Ganito natin nalalaman na minamahal natin ang mga anak ng Diyos: kung minamahal natin ang Diyos (pangkasalukuyang antas: tuloy-tuloy natin Siyang mahalina) at sinusunod (paulit-ulit/patuloy/walang patid) ang kanyang mga utos.*

1 Juan 5:18-19 *Alam na nating ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa kasalanan (bilang isang pamumuhay, walang pagsisisi), sapagkat iniingatan siya ng Anak ng Diyos (pangkasalukuyang antas: patuloy siyang iingatan) at hindi siya nagagawang saktan ng masama. Alam na natin na tayo ay sa Diyos, at ang buong sanlibutan ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng masama.*

BAKIT IBINAHAGI NI APOSTOL PABLO SA ATIN ANG LAHAT NG ITO?

Isinulat ko ang mga ito sa inyo na sumasampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos, upang malaman ninyo na kayo'y may buhay na walang hanggan (1 Juan 5:13).

Konklusyon: Katuwiran, kabanalan, pag-ibig, ang bunga ng Espiritu ng Diyos ay mga katibayan ng pagsilang na muli (born again). Ikaw mismo ay walang tiwala na pag-aari ka ng Diyos habang namumuhay kang hindi maka-Diyos. Kinokondena ka ng iyong konsensya, at wala kang tiwala sa Diyos. Pinayuhan ka ni Apostol Pedro na tiyakin mo ang iyong pagkatawag at pagkapili (2 Pedro 1:10); iyon ay, tiyakin sa iyong puso na pagmamay-ari ka Niya sa pamamagitan ng pamumuhay na tumutugma sa maluwalhating Ebanghelyo.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:13 at 18-22. Nagpapahayag ang 1 Juan tungkol sa bunga o katibayan ng isang tunay na mananampalataya. Ang lahat ng ito ay mga bagay na nagmumula sa puso. Kung ang puso ng isang mananampalataya ay hindi maayos o tama, ano ang dapat gawin?

Aklat ng Mga Gawa 8:13 *Mismong si Simon ay naniwala, at pagkatapos mabautismuhan ay nanatiling kasama ni Felipe. [18] Namangha siya nang makakita ng mga himala at ng mga makapangyarihang gawa. Nang makita ni Simon na ipinagkakaloob ang Espiritu sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga apostol, sila'y kanyang inalok ng salapi, [19] at sinabi, "Bigyan din ninyo ako ng kapangyarihang ito, upang sinumang patungan ko ng aking mga kamay ay tumanggap ng Banal na Espiritu." [20] Ngunit sinabi sa kanya ni Pedro, "Mapapahamak ka kasama ng iyong salapi! Akala mo ba'y mabibili mo ang kaloob ng Diyos? [21] Wala kang bahagi ni karapatan sa bagay na ito, sapagkat hindi naaayon sa Diyos ang iyong puso. [22] Kaya't pagsisihan mo ang kasamaan mong ito. Manalangin ka sa Panginoon at baka sakaling patawarin ka sa masamang hangarin ng iyong kalooban.*

2. Basahin ang 2 Pedro 1:5-11. Ano ang katibayan na ang isang tao ay totoong kabilang sa pinili at tinawag ng Diyos?

2 Pedro 1:5-11 *At dahil dito, sikapin ninyong idagdag sa inyong pananampalataya ang kabutihan; sa kabutihan ang kaalaman; sa kaalaman ang pagpipigil sa sarili; sa pagpipigil sa sarili ang katatagan; sa katatagan ang banal na pamumuhay; sa banal na pamumuhay ang pagmamahalan bilang magkakapatid; at sa pagmamahalan bilang magkakapatid ang pag-ibig. Sapagkat kung taglay ninyo at pinagyayaman ang mga katangiang ito, tutulungan kayo ng mga ito na hindi maging inutil at hindi mawawalan ng silbi sa inyong pagkakilala sa ating Panginoong Jesu-Cristo. Sinumang wala ng mga katangiang ito ay sa malapitan lamang nakakakita at mistulang bulag. Nakalimutan niyang nilinis na siya sa kanyang naunang mga kasalanan. Kaya nga, mga kapatid, lalo ninyong pagsikapan na patatagin ang pagkatawag at pagkapili sa inyo. Kung gawin ninyo ang mga ito, hindi kayo madarapa. Sa ganitong paraan, buong luwalhati kayong papapasukin sa walang hanggang kaharian ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo.*

3. Basahin ang Mateo 25:34-40. Ano ang mga katangian na ipinakita ng mananampalataya sa mga talatang ito?

Mateo 25:34-40 *Pagkatapos ay sasabihin ng Hari sa mga nasa kanyang kanan, 'Halikayo! mga pinagpala ng aking Ama. Manahin ninyo ang kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang itatag ang daigdig. Sapagkat ako'y nagutom at ako'y inyong pinakain. Ako'y nauhaw, at ako'y*

inyong pinainom. Ako'y naging isang dayuhan, at ako'y inyong pinatuloy. Ako'y naging hubad at ako'y inyong dinamitan. Ako'y nagkasakit at ako'y inyong dinalaw. Ako'y nabilanggo at ako'y inyong pinuntahan.' Pagkatapos ay itatanong sa kanya ng mga matuwid, 'Panginoon, kailan ka namin nakitang gutom, at ika'y pinakain, o kaya'y uhaw, at aming pinainom? Kailan ka namin nakitang isang dayuhan at pinatuloy ka, o kaya'y hubad, at dinamitan ka? At kailan ka namin nakitang maysakit, o nakabilanggo at dinalaw ka namin?' At sasagot sa kanila ang Hari ng ganito: 'Tinitiyak ko sa inyo, yamang ginawa ninyo ito sa isa sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.'

4. Basahin ang Juan 13:35. Ang mga alagad ni Hesus ay kilala sa pamamagitan ng ano?

Juan 13:35 *Malalaman ng lahat na kayo'y aking mga alagad, kung kayo ay may pag-ibig sa isa't isa.*

5. Basahin ang Mateo 7:21-23. Bakit tumalikod o lumayo sa kaharian ng Diyos ang mga taong ito?

Mateo 7:21-23 *Hindi lahat ng tumatawag sa akin ng 'Panginoon, Panginoon' ay papasok sa kaharian ng langit, kundi yaon lamang nagsasagawa ng kagustuhan ng aking Amang nasa langit. Marami ang magsasabi sa akin sa araw na iyon, 'Panginoon, Panginoon, hindi ba't sa iyong pangalan ay nagpahayag kami ng propesiya, nakapagpalayas ng mga demonyo, at sa iyong pangalan din ay gumawa kami ng maraming himala?' At sasabihin ko naman sa kanila, 'Kailanma'y hindi ko kayo nakikilala. Lumayo kayo sa akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!'*

6. Basahin ang Juan 14:23. Kung mahal ng mga tao si Hesus, ano ang dapat nilang gawin?

Juan 14:23 *Sumagot si Jesus sa kanya, "Sinumang nagmamahal sa akin ay tutupad sa aking salita, at mamahalin siya ng aking Ama. Darating kami sa kanya at maninirahan kaming kasama niya.*

7. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 26:20. Ano ang sinasabi ng bersikulong ito?

Aklat ng Mga Gawa 26:20 *Nangaral ako, una sa Damasco, pagkatapos ay sa Jerusalem, at sa buong lupain ng Judea, gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat nilang talikuran ang kanilang kasalanan at magbalik-loob sa Diyos at patunayan sa pamamagitan ng kanilang mga gawa ang kanilang pagsisisi.*

8. Basahin ang Santiago 2:17. Kung ang iyong pananampalataya ay walang kalakip na mabubuting gawa, anong uri ng pananampalataya ito?

Santiago 2:17 *Gayundin naman, ang pananampalatayang walang kalakip na gawa ay patay.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:13 at 18-22. Nagpapahayag ang 1 Juan tungkol sa bunga o katibayan ng isang tunay na mananampalataya. Ang lahat ng ito ay mga bagay na nagmumula sa puso. Kung ang puso ng isang mananampalataya ay hindi maayos o tama, ano ang dapat gawin?
Magsisi sa iyong kasalanan at manalangin sa Diyos na patawarin ang laman o ang mga kaisipan na taliwas sa utos Niya.
2. Basahin ang 2 Pedro 1:5-11. Ano ang katibayan na ang isang tao ay totoong kabilang sa pinili at tinawag ng Diyos?
Idagdag sa iyong pananampalataya ang lahat ng katangian ng Espiritu, ang katangian ng iyong bagong kalikasan.
3. Basahin ang Mateo 25:34-40. Ano ang mga katangian ng ipinakita ng mananampalataya sa mga talatang ito?
Mga praktikal na gawa mula sa pananampalataya – tulad ng pagpapakain sa nagugutom, pag-aalaga sa mga may sakit, pagbisita sa mga nasa bilangguan, at iba pa.
4. Basahin ang Juan 13:35. Ang mga alagad ni Hesus ay kilala sa pamamagitan ng ano?
Ang pag-ibig sa bawat isa.
5. Basahin ang Mateo 7:21-23. Bakit tumalikod o lumayo sa kaharian ng Diyos ang mga taong ito?
Sila’y gumagawa ng kasamaan. Kasamaan ang kanilang ipinamumuhay. Sinabi ni Hesus na hindi Niya sila kilala. Sila’y mga taong relihiyoso at naliligaw at kailanman ay hindi nagbago ang puso, ang pag-iisip, at tumalima sa Diyos.
6. Basahin ang Juan 14:23. Kung mahal ng mga tao si Hesus, ano ang dapat nilang gawin?
Panatilihin ang Kanyang mga Salita, o gawin ang Kanyang kalooban.
7. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 26:20. Ano ang sinasabi ng bersikulong ito?
Patunayan ang iyong pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa.
8. Basahin ang Santiago 2:17. Kung ang iyong pananampalataya ay walang kalakip na mabubuting gawa, anong uri ng pananampalataya ito?
Patay na pananampalataya.

ARALIN 14

ANG TAWAG SA PAGIGING DISIPULO

Isinulat ni Andrew Wommack

Pag-uusapan natin ngayon ang tungkol sa pagiging disipulo at kung paano magdisipulo ng iba. Gusto ko kayong paalalahanan na binigyan tayo ng utos ng Panginoon na magdisipulo at hindi lamang para hikayatin ang mga tao na tanggapin si Hesus bilang kanilang Panginoon, mangumpisal at tumanggap ng kapatawaran, turuan silang maging disipulo. Ang pagkumpisal na si Hesus ay Panginoon at ang pagtanggap ng kapatawaran ay mahalaga, hindi ko ito minamaliit, ang tunay na layunin ay kailangang lumampas sa pagiging ipinanganak na muli (born again) at magpatuloy sa paglago (maturity). Ang layunin ng isang Kristiyano, na isang disipulo, ay dapat gumawa ng iba pang disipulo.

Sinabihan tayo ni Hesus na humayo at magdisipulo, turuan ang iba upang lumago, at mamunga (reproduce). Ang simbahan ay hindi ginawa ito. Ipinatong natin ang responsibilidad ng pagdidisipulo sa mga pari, ministro, pastor. Maraming tagapangaral na dumadayo, naglilibot upang magsagawa ng mga krusada, at libo-libo ang gumagawa ng desisyon para sa Panginoon. Ang iba ay hindi tunay na tumanggap kay Hesus (born again). Ang nararanasan lamang nila ay emosyon, ngunit ang iba naman ay tunay na tumanggap. Sa maraming pagkakataon, hindi binibigyan ng diin ang pagpapatuloy upang maging ganap na disipulo, at hindi ganito ang intensyon ng Diyos hinggil dito.

Inihahalintulad ko ito sa isang taong mahilig o malapit sa mga sanggol. Pagiging isang iresponsable ang magkaroon ng isang sanggol, manabik, ngunit hanggang sa kanyang pagsilang lamang ang iyong responsibilidad. Kung ikaw ay may anak, responsibilidad mong palakihin at sanayin o turuan ang bata. Sinasabi natin sa tao ang ganito, “Ang pangunahing bagay ay ikaw ay ma *born again*, tanggapin si Hesus bilang Panginoon.” Pagkatapos nito, tatapikin natin sila sa balik at sasabihing, “Ngayon, ikaw ay Kristiyano na. Maniwala ka sa Diyos, basahin at pag-aralan ang Bibliya, at ang lahat ay magiging OK.” Hindi ganito ang binigyang diin ng Diyos.

Dahil dito, nakagawa (produce) tayo ng mga tao, marami sa kanila ay gumawa ng taos-pusong *commitment* sa Panginoon, subalit hindi lumago o walang bunga (produce) ang kanilang pananampalataya dahil walang materyales o turo na makatutulong sa kanila. Sa halip na maging positibong saksi sila para kay Hesus, sila’y naging negatibong saksi. Ang ibig ng Diyos ay humayo tayo at abutin ang mga tao sa paraan na maging ganap silang mga disipulo at magawang maibahagi ang kanilang pananampalataya sa iba.

Kung mapamumunuan o madadala mo ang isang tao sa Panginoon kada 6 na buwan,

ARALIN 14

ibibigay mo ang iyong panahon at lakas at kaalaman sa pagdidisipulo upang sila'y lumago bilang Kristiyano at mamunga ang kanilang pananampalataya, at pagkatapos ng 6 na buwan dalawang Kristiyano na ang nadisipulo. At kung bawat isa sa inyo ay magdidisipulo, pagkaraan ng 6 na buwan may apat na disipulo na. At kung patuloy na gagawin nang apat ang ganito, pagkaraan ng 1 taon ay 8 disipulo ang resulta. Hindi ito maikukumpara sa isang ebanghelista sa malaking krusada na hihikayatin ang mga tao na ikumpisal na si Hesus ay Panginoon. Kung titingnan natin, tila ba napakaliit na bahagi lamang ng 8 tao na nadisipulo kumpara sa libo-libong nangumpisal o nagsambit na si Hesus ay Panginoon sa isang malaking krusada. Ito'y mabuti, walang magsasabi na mali ito. Karaniwan, ganyan ang takbo ng simbahan ngayon.

Kung bibigyan-diin natin ang pagdidisipulo, ang isang tao na magdadala ng isa pang tao sa Panginoon kada anim na buwan, at ang dalawang iba pa ay gagawin din ito, sa loob lamang ng mahigit isa't kalahating taon maipapangaral nila ang Ebanghelyo sa mundo. Iniisip nang iba na imposible ito, hinahamon kita na alamin o pag-aralan mo. Gumawa ako ng *computation*, sa loob ng mahigit- kumulang labingdalawa at kalahating taon, ang isang taong magdidisipulo ng isa pang tao kada anim na buwan, sila'y may kakayahang magparami ng miyembro ng katawan ni Kristo, at maaaring mag ebanghelyo ng 5.5 bilyong tao laban sa 12,500 tao gamit ang ibang paraan.

Kung madadala ka namin sa kung saan hindi ka lang nakaranas ng tagumpay at paglago para sa iyong sarili, ngunit may pagnanais na humayo at magparami nito sa iba, kung ikaw ang magiging *trainer* at hindi ang *trainee*, narito ang ilan sa mga bagay na maaaring mangyari kung ang isang tao ay mauunawaan ang konseptong ito, sumunod sa Panagainoon sa paglago, at nagsimulang magdisipulo ng iba. Kung ito'y gagawin mo sa isang tao kada taon, pagkatapos ng isang taon, ikaw at ang taong nadisipulo = 2. Paglipas ng dalawang taon may apat na disipulo na. Kung tuloy-tuloy mong gagawin ito, paglipas ng 10 taon mayroong 1,024 na disipulo at nagpaparami sa katawan ni Kristo. Kung walang tigil mo itong gagawin, nagsimula lamang sa isang tao, pagkaraan ng 20 taon = milyong disipulo na. Ito'y kahanga-hanga. Ito ang paraan ng pagpaparami na itinatag ng Panginoon – paghayo at pagdidisipulo, hindi paghayo at paggawa ng *converts*. Ito ang pinakamabuting paraan para palawakin ang kaharian at abutin ang mga tao, ngunit ang ating kaisipan ay natuon sa *quick fix*.

Ilang mga tao ang nagpupunta sa mga malalaking krusada, gumagawa ng *commitments*, nagpapahayag sa sila'y mga Kristiyano, subalit may pagkagutom, may kapaitan, at inggit pa rin, at nagiging negatibong saksi? Kung bibilangin natin, ilang tao ang lumayo sa Ebanghelyo ni Kristo dahil nakatagpo sila ng taong nagpahayag na Kristiyano at nag-isip, *kasing buti ko ang mga mapagkunwari sa simbahan na iyon. Hindi ko kailangan ang Kristiyano.*

Ang buong punto ay ang pagdidisipulo (discipleship) ang paraan na itinakda ng Diyos

ANG TAWAG SA PAGIGING DISIPULO

para sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo sa mundo. Ang katotohanan ay hindi ka pinalalaya hanggang hindi ka nagpapatuloy sa Salita (Juan 8:31-32). Ito ang gusto ng Diyos sa bawat isa upang maranasan natin ang Kanyang kapuspusan, ngunit ito rin ang paraan ng ebangelismo na itinakda Niya. Sino man ang magsasaabi na hindi ito ang paraan at gumamit ng iba, na hindi epektibo.

Dalangin ko na mangusap sa puso mo ang Diyos tungkol sa halaga ng pagdidisipulo. Hinihikayat kita na magpapatuloy at magpa-disipulo at magdisipulo ka ng iba.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Maaaring masorpresa ka kung malalaman mo na hindi tinawag ni Hesus ang sinoman na maging “Kristiyano”, bagkus tinawag Niya ang mga tao na maging “disipulo”. Tingnan sa mga Ebanghelyo (Mateo, Marcos, Lucas, at Juan), at isulat sa papel ang mga bersikulong nagpapakita na ang panawagan ni Hesus ay tungkol sa pagdidisipulo.
2. Sa Aklat ng Mga Gawa, hindi inimitahan ang mga tao para maging “Kristiyano”, bagkus ay para maging “disipulo.” Basahin ang Aklat ng Mga Gawa, at isulat ang mga bersikulong nagsasabing ang panawagan ni Hesus ay tungkol sa pagdidisipulo.
3. Sa Kasulatan, ang salitang “disipulo” ay ginamit ng 273 beses. Sa kabuuan ng Bibliya, ang salitang “Kristiyano” ay ginamit ng 3 beses. Isulat ang 3 beses na ang salitang “Kristiyano” ay ginamit sa Kasulatan.
4. Basahin ang Mateo 10:25. Ano ang disipulo ayon sa bersikulong ito?

Mateo 10:25 *Sapat na para sa mag-aaral ang maging katulad ng kanyang guro at sa alipin ang maging katulad ng kanyang panginoon. Kung ang pinuno ng sambahayan ay tinawag nilang Beelzebul, higit nilang aalipustain ang kanyang mga kasambahay!*

5. Basahin ang Lucas 14:26. Tama o mali: Ang maging disipulo ni Hesus ay nangangahulugang isang walang kondisyon na sakripisyo o handog para sa ika bubuti ng ibang tao.

Lucas 14:26 *Hindi maaaring maging alagad ko ang sinumang lumalapit sa akin na hindi napopoot sa kanyang ama, ina, asawa, mga anak, mga kapatid, o maging sa kanyang sariling buhay.*

6. Basahin ang Lucas 14:33. Tama o mali: Sa ibang pagkakataon, bilang isang disipulo ni Hesus ay nangangahulugang literal na pagtalikod sa lahat ng bagay, upang unahin ang plano at layunin ni Hesus.

Lucas 14:33 *Kaya nga't sino man sa inyo na hindi magtatakwil sa lahat ng kanyang pag-aari ay hindi maaaring maging alagad ko.”*

7. Basahin ang Mateo 19:29. Tama o mali: Sinomang tatalikod o iiwanan ang kanyang bahay, kapatid, ama, ina, asawa, mga anak, o pag-aari/lupain, alang-alang kay Hesus, ay tatanggap ng daang-libong beses, at makakamit ang buhay na walang hanggan.

Mateo 19:29 *At sinumang nag-iwan ng mga bahay, o mga kapatid na lalaki, o mga kapatid*

na babae, ng ama, o ina, ng mga anak, o mga lupa, dahil sa aking pangalan, ay tatanggap ng makaisandaang ulit ng mga bagay na ito at magkakamit ng buhay na walang hanggan.

8. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 14:22. Tama o mali: Kailangang magpatuloy ang mga disipulo sa kanilang pananampalataya.

Aklat ng Mga Gawa 14:22 *habang pinatatatag ang loob ng mga alagad, at pinapayuhang manatiling tapat sa pananampalataya.*

9. Basahin ang Hebreo 10:14. Tama o mali: Ang tunay na pagtutol nang iba tungkol sa Kasulatan na nagbibigay diin sa pagdidisipulo ay ang pagiging “Kristiyano” ay hindi nangangailangan ng pagsisikap (effort) (ito’y biyaya), ngunit upang maging isang “disipulo” ay kailangan ng tunay na sakripisyo at *commitment*. Ang katotohanan ay ang pagtubos sa atin ni Kristo Hesus ay walang bayad (walang sakripisyo o pagsisikap na hiningi), ito’y perpekto o ganap at walang anomang hiningi sa atin, ngunit ang pagkatawag ni Kristo sa atin ay para sa ating kabuuan.

Hebreo 10:14 *Sapagkat sa pamamagitan ng isang alay ay kanyang ginawang sakdal magpakailanman ang mga ginagawang banal.*

10. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 11:26. Tama o mali: Ang pagtawag ni Kristo ay para sa 2 uri ng mananampalataya, mga Kristiyano na nananatiling karnal o namumuhay sa laman at ang mga magiging disipulo. Ang totoo, ang mga Kristiyano at disipulo ay dapat walang pagkaka-iba.

Aklat ng Mga Gawa 11:26 *Nang siya’y kanyang matagpuan ay isinama niya ito sa Antioquia. Kaya isang taon silang nagtitipon kasama ng iglesia, at nagturo sa napakaraming tao. Doon sa Antioquia unang tinawag na mga Cristiano ang mga alagad.*

11. Basahin ang Mateo 28:19. Ang bilin ni Hesus sa Kanyang mga disipulo/alagad ay gumawa ng:

- A. Mga disipulo.
- B. Mga *converts* sa lahat ng bansa.

Mateo 28:19 *Kaya’t sa inyong paghayo ay gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, na binabautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu,*

12. Basahin ang Mateo 28:20. Tama o mali. Dapat turuan ng mga mananampalataya ang iba na sundin ang lahat ng utos ni Hesus.

ARALIN 14

Mateo 28:20 *At tinuturuan silang gumanap sa lahat ng mga bagay na ipinagbiling ko sa inyo. At tandaan ninyo, ako'y kasama ninyong palagi, hanggang sa katapusan ng panahon.*

13. Basahin ang Juan 1:12. Tama o mali. Inalok ni Hesus ang Kanyang mga benepisyo (kapatawaran, katuwiran, at iba pa), ngunit hindi kung wala ang Kanyang katauhan (Kanyang kabuuan).

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Maaaring masorpresa ka kung malalaman mo na hindi tinawag ni Hesus ang sinoman na maging “Kristiyano”, bagkus tinawag Niya ang mga tao na maging “disipulo”. Tingnan sa mga Ebanghelyo (Mateo, Marcos, Lucas, at Juan), at isulat sa papel ang mga bersikulong nagpapakita na ang panawagan ni Hesus ay tungkol sa pagdidisipulo.
2. Sa Aklat ng Mga Gawa, hindi inimitahan ang mga tao para maging “Kristiyano”, bagkus ay para maging “disipulo.” Basahin ang Aklat ng Mga Gawa, at isulat ang mga bersikulong nagsasabing ang panawagan ni Hesus ay tungkol sa pagdidisipulo.
3. Sa Kasulatan, ang salitang “disipulo” ay ginamit ng 273 beses. Sa kabuuan ng Bibliya, ang salitang “Kristiyano” ay ginamit ng 3 beses. Isulat ang 3 beses na ang salitang “Kristiyano” ay ginamit sa Kasulatan.
Aklat ng Mga Gawa 11:26, 26:28; at 1 Pedro 4:16.
4. Basahin ang Mateo 10:25. Ano ang disipulo ayon sa bersikulong ito?
Ang disipulo ay isang tao na nagiging katulad ng kanyang amo o panginoon o guro.
5. Basahin ang Lucas 14:26. Tama o mali: Ang maging disipulo ni Hesus ay nangangahulugang isang walang kondisyon na sakripisyo o handog para sa ika bubuti ng ibang tao.
Tama.
6. Basahin ang Lucas 14:33. Tama o mali: Sa ibang pagkakataon, bilang isang disipulo ni Hesus ay nangangahulugang literal na pagtalikod sa lahat ng bagay, upang unahin ang plano at layunin ni Hesus.
Tama.
7. Basahin ang Mateo 19:29. Tama o mali: Sinomang tatalikod o iiwanan ang kanyang bahay, kapatid, ama, ina, asawa, mga anak, o pag-aari/lupain, alang-alang kay Hesus, ay tatanggap ng daang-libong beses, at makakamit ang buhay na walang hanggan.
Tama.
8. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 14:22. Tama o mali: Kailangang magpatuloy ang mga disipulo sa kanilang pananampalataya.
Tama.
9. Basahin ang Hebreo 10:14. Tama o mali: Ang tunay na pagtutol nang iba tungkol sa Kasulatan na nagbibigay diin sa pagdidisipulo ay ang pagiging “Kristiyano” ay hindi nangangailangan

ARALIN 14

ng pagsisikap (effort) (ito'y biyaya), ngunit upang maging isang “disipulo” ay kailangan ng tunay na sakripisyo at *commitment*. Ang katotohanan ay ang pagtubos sa atin ni Kristo Hesus ay walang bayad (walang sakripisyo o pagsisikap na hiningi), ito'y perpekto o ganap at walang anomang hiningi sa atin, ngunit ang pagkatawag ni Kristo sa atin ay para sa ating kabuuan.

Tama.

10. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 11:26. Tama o mali: Ang pagtawag ni Kristo ay para sa 2 uri ng mananampalataya, mga Kristiyano na nananatiling karnal o namumuhay sa laman at ang mga magiging disipulo. Ang totoo, ang mga Kristiyano at disipulo ay dapat walang pagkaka-iba.

Tama.

11. Basahin ang Mateo 28:19. Ang bilin ni Hesus sa Kanayang mga disipulo/alagad ay gumawa ng:
A. Mga disipulo.

12. Basahin ang Mateo 28:20. Tama o mali. Dapat turuan ng mga mananampalataya ang iba na sundin ang lahat ng utos ni Hesus.

Tama.

13. Basahin ang Juan 1:12. Tama o mali. Inalok ni Hesus ang Kanyang mga benepisyo (kapatawaran, katuwiran, at iba pa), ngunit hindi kung wala ang Kanyang katauhan (Kanyang kabuuan).

Tama.

ARALIN 15

PAANO GAMITIN ANG IYONG PATOTOO

Isinulat ni Don Krow

Magtuturo ako sa inyo kung paano ninyo gagamitin ang inyong patotoo. Mababasa sa Aklat ng Mga Gawa 5:42, *Araw-araw, sa templo at sa mga bahay-bahay, wala silang tigil sa pagtuturo at pangangaral na si Jesus ang Cristo*. Mapapansin na ang mga disipulo/alagad sa unang simbahan ay nagtitipon sa templo araw-araw, at sa bahay-bahay, patuloy silang nagtuturo at nangangaral na si Hesus ang Kristo. Marami sa atin ang hindi komportable sa pagbabahay-bahay na pagtuturo/pangangaral. Gusto kong magbahagi sa inyo ng konting bagay na aking natutunan sa aking paglabas at patuturo sa mga bahay, at maraming pinto ang nagbukas para sa pagdidisipulo, at nakita kong tumalima ang mga tao kay Hesus.

Hindi ito kasing-hirap tulad ng narinig ninyo, at isa sa mga bagay na napansin ko sa Kasulatan ay 3 beses ginamit ni Apostol Pablo ang kanyang personal na patotoo sa pakikipag-usap niya sa tao. Ibinigay niya ang kanyang patotoo, karanasan, at mga bagay na nangyari sa kanya sa Aklat ng Mga Gawa 9, 22, at 26. Isa sa mga pinakamabisang paraan na aming natuklasan sa pagbabahagi ng mensahe ni Hesus sa iba ay ang tinatawag na *prayer-walking*. Kakatok kami sa isang pintuan ng bahay at sasabihin ang, “nandito kami sa lugar niyo para ipanalangin ang mga tao. Naniniwala kami na dinidinig at sinasagot ng Diyos ang mga panalangin, mayroon ba kayong gustong idulog sa Diyos – kalusugan, kagalingan o iba pang problema – ibig namin kayong ipanalangin.” Minsan sasagot sila, “Oo, may problema ako”, at hihingi ng panalangin; minsan naman ay hindi sila komportable o nahihiya, at magsasabi, “wala kaming *prayer requests* ngayon.” Tapos magsisimula kaming magpatotoo.

Minsan ay gagamitin ko ang ganito, “May mga anak ka pala. Mayroon din akong 3 anak. May kambal ako na isinilang noong 1981, subalit ang isa ay namatay.” Sasagot sila, “Ikinalulungkot ko.” Ang sagot ko, “Salamat. Gusto mo bang ikwento ko ang nangyari?”. At magkukwento ako.

Ginawa ng komadrona ang lahat na dapat gawin, ngunit nasawi ang isang kambal dahil nauna ang kanyang paa sa paglabas, at naubusan siya ng hangin. Nawalan ako ng anak – ano ang aking gagawin? At sa puntong ito, tatanungin ko sila, “nabasa niyo na ba ang Bibliya?” Ang sagot ay, “konti” o “hindi pa.” Magpapaliwanag ako, “Ang dahilan kung bakit ako nagtatanong ay dahil sinabi sa Aklat ng Mga Gawa 10:38 na si Hesus ay naglibot, gumagawa ng mabuti at nagpapagaling ng lahat ng mga pinahihirapan ng diablo, sapagkat kasama Niya ang Diyos. Sasabihin ko kung ano ang nangyari. Tanggapin mo o hindi sa anomang kahulugan nito sa iyo, ngunit ang anak ko ay patay at ililibing na namin siya sa ilang araw na lamang. Gusto ko siyang yakapin. Nang bubuhatin ko na siya, mayroong masamang presensya (evil) na

ARALIN 15

bumalot sa kanya, na tinatawag ng Bibliya na *demonic spirit*. Pisikal na inatake ako nito at ako’y naparalisa ng panandalian. Nang mangyari ito, kaagad kong sinambit ang ganito, ‘Sa pangalan ni Hesus, inuutusan kita, masamang espiritu, lumabas ka sa sanggol na iyan, at nagsalita ako ng buhay sa sanggol sa ngalan ni Hesus.’ Ang sanggol, na hindi kailanman nagkaroon ng hininga ay huminga ng minsan at biglang huminto. Muli akong nagsabi nang, ‘Sa ngalan ni Hesus, masamang espiritu, lumabas ka sa sanggol ngayon din, at nagsalita ako ng buhay sa sanggol.’ Sa pagkakataong ito, ang sanggol ay huminga at tuloy-tuloy ang paghinga.”

Tinawag ko sa kanyang pangalan ang taong kausap ko at sinabi, “Alam mo ba na ang utak ng tao ay masisira kung sa loob ng 3 minuto ay wala itong hangin. Ang anak ko ay normal at walang kapansanan. Vita ang pangalang ibinigay namin sa kanya, ang kahulugan sa Latin ay ‘buhay’ dahil gusto kong malaman ng iba ang ginawa ng Diyos sa kanya. Binuhay siya ng Diyos. Mula noon pinag-aralan ko ang Bibliya at ito ang aking nadiskubre: katulad ng masamang espiritu na sumanib sa anak ko, may kaharian ang kadiliman, kapangyarihan ni Satanas at kanyang pamamahala, at mayroon din kaharian ang Diyos at ang Kanyang Anak.

Nang dumating si Hesus sa lupa, tinawag Niya ang mga tao mula sa kadiliman patungo sa Kanyang kaharian sa pamamagitan ng pagsisisi at pananampalataya sa Kanya – tanggapin ang kapatawaran at tumalima sa Kanya. Hindi ko alam kung ano ang pinaniniwalaan mo, sinasabi ko lang sa iyo kung ano ang nangyari sa pamilya ko at sa aking buhay. Gusto kong sabihin sa iyo ang tunay na dahilan kung bakit kami nasa pintuan mo. Sinabi sa amin ni Hesus na magdisipulo. Maraming tao ang abala at hindi makadalo sa simbahan o sadyang ayaw lamang nila. Kung ikaw ay may katanungan, hindi ka maaaring magtanong sa pastor o pari, kaya kami nandito ngayon sa pintuan niyo. May dala kaming pinaiksing katuruan o aralin buhat sa Salita ng Diyos. Ipapaliwanag namin ang Kasulatan sa inyo at titiyaking nauunawaan ninyo. Ito’y isang pag-uusap na may palitan ng ideya o kuro-kuro. Sisikapin naming matulungan kayong madiskubre ang Bibliya sa pamamagitan ng inyong pagtatanong.

Kung ibig ninyo, maari kaming bumalik dito at magkwentuhan tungkol sa Salita ng Diyos. Kung wala kayong matutunan sa unang balik namin, wala kayong nakuhang tulong, hindi kayo napalakas, hindi na ninyo kami makikitang muli. Hindi kami naparito upang hikayatin kayong sumanib sa isang simbahan o organisasyon. Nandito kami upang ipaalam sa inyo kung ano ang ginawa ni Hesus para sa inyo at tulungan kayong maunawaan ang Salita ng Diyos. Marami tayong hindi nalalaman o naiintindihan sa Bibliya, kaya inaalok namin kayo ng maikling pag-aaral. Gusto niyo ba ito? Maraming tao ang sumagot ng, “oo.” Kaya nagbigay kami ng oras at araw upang masimulan ang aralin tungkol sa pagdidisipulo. Hindi *microwave evangelism* ang alok namin, hindi lang namin kayo pasusunurin sa isang panalangin na hindi niyo talaga nauunawaan. Sinusunod namin ang aralin tungkol sa pagdidisipulo at tinutulungan silang maunawaan si Kristo at ang Kanyang pagkapako sa krus.

Sinabi ko sa isang pastor ang tungkol sa aralin sa pagdidisipulo, ang tanong niya, “Don, anong mangyayari pagkatapos ng unang aralin?” Pagakatapos ng unang aralin ay maiintindihan ng tao kung ano ang dapat niyang gawin upang tumugon sa alok ni Hesus at tanggapin ang habag at kapatawaran. Hindi kami mga tindero. Hindi ganyan ang aming paraan, ngunit sa unang aralin ay mapagtatanto nila kung ano ang dapat nilang gawin na mula sa kaibuturan ng kanilang mga puso. At muli siyang nagtanong, “Ano ang mangyayari pagkatapos ng ika-15 aralin?” Kung mananatili ang tao sa amin pagkatapos ng ika-15, sila’y nagsisi na at nabautismuhan sa tubig at sa Banal na Espiritu. Nangyayari ito hindi sa ika-15 aralin kundi pag-abot pa lang sa ika-6 na aralin.

Sa Mateo 28, sinabi ni Hesus humayo kayo at gawing alagad (disipulo) ang lahat ng bansa at bautismuhan sila sa ngalan ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu. Sa gitna ng pagdidisipulo, dinadala natin ang pang-unawa kay Kristo Hesus at sa Kanya na ipinako sa krus sa mga hindi naniniwala o hindi mananampalataya. Sa pagdadala ng pang-unawang iyon bawat linggo, nabubuo ang isang relasyon, pagkakaibigan. Napapamahal tayo sa kanila at nagkakaroon sila ng tiwala sa atin. Hinahatid natin ang Salita ng Diyos sa kanila, hindi ang pumunta at mangaral. Binabasa natin ang Kasulatan sa kanila, hinihikayat na basahin ito, at pagtatanong sa paraang makikita nila ang kanilang sarili sa mga kasagutan mula sa Salita ng Diyos. Linggo-linggo, nakikita natin ang mga tao ay handang magpahayag kay Kristo, dahil alam nila kung ano ang ibig sabihin ng pagtanggap sa Kanya, upang sundan Siya, at maging tapat sa Kanya. Ibang-iba kaysa marami sa mga ebanghelismo ngayon.

Ang paraan upang maabot ang nawawala o naliligaw ay una sa lahat sa pamamagitan ng personal na patotoo, at bawat isa sa atin ay mayroon nito. Ang iba sa atin ay nagsusulat ng sarili nilang paraan ng patotoo. Sumulat ako ng akin na may pamagat na, “*The Death of My Daughter*,” na iniiwan ko sa mga pintuan ng mga bahay. Si Joe Rose ay gumawa rin ng sarili niya na may pamagat na, “*A Slave Set Free*”. Siya’y isang lasenggo at *drug addict*. “*The Death of a Dope Friend*”, sinulat ni Rocky Forry. Isa rin siyang *drug addict* mula pa noong siya’y 15 taong gulang, at pinalaya siya ni Hesus. Ipinahahayag namin ang mga patotoong ito sa mga bahay-bahay.

Ang sabi ng iba ay ganito, “wala akong patotoo na katulad ng inyo. Hindi nabuhay ang aking anak pagkatapos ng 8 minuto.” Hindi lahat ng tao ay may patotoong kamangha-mangha. Baka may patotoo kang tulad ni Andrew Wommack, ang kapangyarihan ng Diyos ay nagpapanatili sa kanyang buhay mula pa sa kabataan ay inilayo siya sa kasalanan, karumihan, at pamumuhay na karnal na karamihan sa atin ay nasa ganitong uri ng pamumuhay. Lahat tayo ay may patotoo. Kung sa tingin mo ay hindi kapana-panabik o ‘walang saysay’ ang iyo, gamitin mo ang akin. Noong nagsisimula pa lamang kami sa pagdidisipulo, ginamit ni Joe Rose ang aking patotoo. Bandang huli, mas mahusay niyang naisalaysay at nabigyang buhay ang aking patotoo.

ARALIN 15

Tatlong beses ginamit ni Apostol Pablo ang kanyang patotoo sa Bagong Tipan upang maabot ang mga naliligaw, magagawa mo rin ito. May mga computers tayo ngayon na may iba't-ibang mga programa: *Microsoft Word*, at iba pa. Madali ang paggawa ng sariling paraan ng pagpapatotoo. Mas epektibong sabihin ang, “Hindi ko ito binili sa isang *book store*. Itô’y personal na nangyari sa akin at ibinabahagi ko sa inyo.”

Umupo ka at isulat ang iyong personal na patotoo – kung ano ang nangyari sa iyo – kung paano mo nakilala si Hesus. Pagkatapos ay ibahagi mo sa iba na parang inihaharap mo ito sa pintuan ng ibang tao.

Kung gusto mo pa ng karagdagang impormasyon tungkol sa paksang ito, ang aking website ay: **www.krowtracts.com** at tingnan mo ang impormasyon sa “*Tips on Sharing Your Faith*”. Isulat ang iyong personal na patotoo, ugaliin ang paglalahad nito, at pag-aralan ang “*Tips on Sharing Your Faith*”. Mahalagang pag-aralan mo ito – hindi lamang basahin ito – sa iyong paghayo at pagbabahagi ng Ebanghelyo, isang tao sa isang pagkakataon (one person at a time). Pagpalain ka ng Diyos.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Basahin ang Marcos 16:15. Kanino dapat ipahayag ang Ebanghelyo?

Marcos 16:15 *Sinabi niya sa kanila, “Humayo kayo sa buong sanlibutan at ipangaral ninyo ang ebanghelyo[a] sa lahat ng tao.*

2. Basahin ang Mateo 28:19-20. Sino ang dapat madisipulo?

Mateo 28:19-20 *Kaya’t sa inyong paghayo ay gawin ninyong alagad ang lahat ng mga bansa, na binabautismuhan sila sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Banal na Espiritu, [20] at tinuturuan silang gumanap sa lahat ng mga bagay na ipinagbiling ko sa inyo. At tandaan ninyo, ako’y kasama ninyong palagi, hanggang sa katapusan ng panahon.*

3. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:5, 26; 16:13-15, 23; 20:20-21. Saan nagsimula ang pag-eebangelismo?

Aklat ng Mga Gawa 8:5, 26 *Si Felipe ay bumaba sa lungsod ng Samaria at ipinangaral sa kanila ang Cristo. ... [26] Matapos ang mga ito, inutusan ng isang anghel ng Panginoon si Felipe, “Tumindig ka at pumunta patungong timog, sa daang pababa mula sa Jerusalem patungong Gaza. Ito’y ilang na daan.”*

Aklat ng Mga Gawa 16:13-15, 23 *Nang araw ng Sabbath ay pumunta kami sa labas ng lungsod sa may tabi ng ilog na sa palagay namin ay may dakong panalanginan. Naupo kami at nakipag-usap sa mga babaing nagtitipon doon. [14] Isa sa mga nakinig sa amin ang isang babaing ang pangalan ay Lydia, isang sumasamba sa Diyos. Siya ay mula sa lungsod ng Tiatira at mangangalakal ng mga telang kulay-ube. Binuksan ng Panginoon ang kanyang puso upang makinig nang mabuti sa mga sinasabi ni Pablo. [15] Nang siya’y mabautismuhan na, kasama ang kanyang sambahayan, ay nakiusap siya sa amin, “Kung itinuturing ninyong ako’y tapat na lingkod ng Panginoon, doon na kayo tumuloy sa aking tahanan.” At kami’y napilit niya. ... [23] Pagkatapos hagupitin nang maraming ulit, itinapon sila sa bilangguan, at pinabantayang mabuti.*

Aklat ng Mga Gawa 20:20-21 *Sa pagtuturo ko sa inyo, sa harap man ng madla o sa bahay-bahay, hindi ko ipinagkait na ihayag ang anumang bagay na kapaki-pakinabang. [21] Ipinahayag ko sa mga Judio at sa mga Griyego na dapat nilang talikuran ang kanilang mga kasalanan upang magbalik-loob sa Diyos at sumampalataya sa ating Panginoong Jesu-Cristo.*

4. Basahin ang Marcos 4:11-12. Bago maganap ang tunay na pagbabagong-loob (conversion),

ARALIN 15

ang tao ay dapat:

- A. Makakita.
- B. Makadama.
- C. Makarinig.
- D. Makaunawa.
- E. Lahat ng nabanggit.

Marcos 4:11-12 *Sinabi niya, “Sa inyo ipinagkaloob ang hiwaga ng paghahari ng Diyos. Ngunit sa kanilang nasa labas, sinasabi ang lahat sa pamamagitan ng talinghaga. [12] Kaya nga ‘tumingin man sila nang tumingin ay hindi sila makakakita; at makinig man nang makinig ay hindi sila makauunawa; baka sila’y magbalik-loob at patawarin.’*

5. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 28:23-24. Nang si Pablo ay magpaliwanag at magpatotoo tungkol sa Ebanghelyo, gaano katagal bago niya nakumbinsi ang mga tao tungkol sa mga turo at katotohanan ni Hesus?

Aklat ng Mga Gawa 28:23-24 *Kaya’t sila’y nagtalaga ng isang araw para sa kanya, at maraming nagtungo sa kanyang tinutuluyan pagsapit ng takdang araw na iyon. Mula umaga hanggang gabi ay nagpaliwanag at nagpatotoo sa kanila si Pablo tungkol sa paghahari ng Diyos. Sinikap niyang hikayatin sila tungkol kay Jesus mula sa isinasaad ng Kautusan ni Moises at ng mga propeta. May ibang naniwala sa kanyang sinabi at may iba namang hindi.*

6. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 16:14. Kung ang isang tao ay tunay na tumalima kay Kristo, ano ang mabubuksan sa kanya?

Aklat ng Mga Gawa 16:14 *Isa sa mga nakinig sa amin ang isang babaing ang pangalan ay Lydia, isang sumasamba sa Diyos. Siya ay mula sa lungsod ng Tiatira at mangangalakal ng mga telang kulay-ube. Binuksan ng Panginoon ang kanyang puso upang makinig nang mabuti sa mga sinasabi ni Pablo.*

7. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 2:37. Ano ang mangyayari kapag ang puso ng tao ay nabuksan at nagkaroon ng kapahayagan ang Diyos sa kanya?

Aklat ng Mga Gawa 2:37 *Nabagabag ang kanilang kalooban nang marinig nila ang sinabi ni Pedro, kaya’t nagtanong sila kay Pedro at sa ibang mga apostol, “Mga kapatid, ano ang dapat naming gawin?”*

8. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 16:31 at 2:38. At ano ang dapat gawin ng isang tao?

Aklat ng Mga Gawa 16:31 *At kanilang sinabi, “Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan.”*

Aklata ng Mga Gawa 2:38 *Sumagot si Pedro, “Talikuran ninyo ang inyong kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang patawarin kayo, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu.*

9. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 2:42 at Juan 8:31-32. At ano ang susunod na dapat gawin ng isang tao?

Aklat ng Mga Gawa 2:42 *Sumagot si Pedro, “Talikuran ninyo ang inyong kasalanan at magpabautismo kayo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang patawarin kayo, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Banal na Espiritu.*

Juan 8:31-32 *Kaya’t sinabi ni Jesus sa mga Judio na nanampalataya sa kanya, “Kung mananatili kayo sa aking salita, kayo ay mga tunay kong alagad, at malalaman ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo.*

10. Basahin ang Roma 10:14-15. Sa pabaligtad (reverse) na paraan (sa mga bersikulong ito), paano lalapit ang tao kay Kristo?

Roma 10:14-15 *Ngunit paano sila tatawag sa hindi nila sinampalatayanan? Paano naman sila sasampalataya sa hindi nila napakinggan? At paano sila makikinig kung walang mangangaral? At paano sila mangangaral kung hindi sila isinugo? Gaya ng nasusulat, “Napakaganda ng mga paang nagdadala ng mabuting balita!”*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Basahin ang Marcos 16:15. Kanino dapat ipahayag ang Ebanghelyo?
Sa lahat ng nilikha.
2. Basahin ang Mateo 28:19-20. Sino ang dapat madisipulo?
Ang lahat ng bansa.
3. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:5, 26; 16:13-15, 23; 20:20-21. Saan nagsimula ang pag-eebangelismo?
Sa mga siyudad, sa ilang, tabing ilog/sapa, sa publiko, sa bahay-bahay.
4. Basahin ang Marcos 4:11-12. Bago maganap ang tunay na pagbabagong-loob (conversion), ang tao ay dapat:
E. Lahat ng nabanggit.
5. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 28:23-24. Nang si Pablo ay magpaliwanag at magpatotoo tungkol sa Ebanghelyo, gaano humigitbago niya nakumbinsi ang mga tao tungkol sa mga turo at katotohanan ni Hesus?
Mula umaga hanggang gabi, humigit-kumulang 6-8 oras.
6. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 16:14. Kung ang isang tao ay tunay na tumalima kay Kristo, ano ang mabubuksan sa kanya?
Ang puso, ang sentro ng pagkatao.
7. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 2:37. Ano ang mangyayari kapag ang puso ng tao ay nabuksan at nagkaroon ng kapahayagan ang Diyos sa kanya?
Kung siya ay tutugon ng tama, magtatanong siya ng ganito, "Ano ang dapat kong gawin?"
8. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 16:31 at 2:38. At ano ang dapat gawin ng isang tao?
Magsisi at manampalataya kay Kristo Hesus, at magpabautismo.
9. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 2:42 at Juan 8:31-32. At ano ang susunod na dapat gawin ng isang tao?
Magpatuloy sa mga turo ng apostoles at pag-aralang ipamuhay ang Salita ni Kristo.
10. Basahin ang Roma 10:14-15. Sa pabaligtad (reverse) na paraan (sa mga bersikulong ito), paano lalapit ang tao kay Kristo?
May isusugo. May mangangaral. Sapagkat kung maririnig nila ang mensahe ni Kristo sila ay maniniwala. At dahil sila ay naniwala, tatawag sila sa ngalan ni Hesus para sa kanilang kaligtasan.

ARALIN 16

GINAGAMIT NG LAHAT ANG MGA KALOOB UPANG MAGDISIPULO

Isinulat ni Don Krow

Ang mga regalo o kaloob ng lahat ay magagamit sa pagdidisipulo. Matagal na naming gamit ang *discipleship program* na ito at ito'y matagumpay, nakikita namin ang buhay na binago o nagbago sa pamamagitan ng pagka-panganak na muli (born again), pagbautismo sa Banal na Espiritu at pagbautismo sa tubig. Isang araw kausap ko ang aking kaibigan, “mayroon tayong nakakaligtaan, - parang may butas.” Ang sagot niya, “akala ko maayos ang lahat. Ano ang ibig mong sabihin?”

Ang gusto kong ibahagi sa inyo ay kung paano na ang isang simbahan ay lumabas sa kanyang apat na pader, hindi lamang uupo, makikinig sa pastor, at pagkatapos ay uuwi. Ito ang tunay na istatistika: 95% ng Kristiyano ay walang nadala o hindi nakapagbahagi kahit sa isang tao patungo kay Kristo Hesus at 90% ng pag-eebanghelismo (evangelism) ay nakatuon sa mga Kristiyano. Ang gusali kung saan ginaganap ang pagtitipon ay siyang nakakatanggap ng malaking porsiyento ng pag-eebanghelyo, ang mga *Sunday school rooms* at ang sangtuwaryo. Hindi ang gusali ang nangangailangan ng Ebanghelyo.

Noong panahon ni Constantine, sa ikatlong siglo nagsimulang magtayo ng mga gusali para magamit sa pagtitipon, tinawag na simbahan. Mula noon, ang pag-abot sa mga nawawala o naliligaw ng landas ay nanatili na lamang sa apat na dingding o pader ng gusali/simbahan. Kailangan nating lumabas mula sa apat na sulok ng gusali upang abutin ang mga nawawala. Wala pa sa isang porsiyento ng mga simbahan ngayon ang may programa tungkol sa pag-abot sa mga naliligaw na nagbibigay diin sa paglabas sa apat na sulok ng gusali ng simbahan. Ang pag-abot at pagdisipulo sa mga tao sa labas ng gusali ng simbahan ay bahagi ng Kristiyanismo na kailangang muling tuklasin.

Sa pamamagitan ng Repormasyon(Reformation), dinala ni Martin Luther sa pansin ng simbahan ang paghahayag ng katwiran sa pamamagitan ng pananampalataya. Noong taong 1800, malawakang pagpapalaganap ng Ebanghelyo ang ginawa ni John Wesley. Subalit tila ba hindi nagawang tuklasin muli ang *one on one* na pagdidisipulo at pagbabahagi ng Ebanghelyo pagkalipas ng panahon ng mga Apostoles. Maaari mong sabihin na hindi mo alam kung papaano gawin ito. Sa pamamagitan ng programang ito, ipapakita namin sa inyo – napakadali lamang nito. Ipapakita namin kung gaano kadaling makitungo sa mga tao at makipagkilala gamit ang aming patotoo. Dito ako magbibigay ng panahon at oras (focus). Ito ang mabuting balita.

ARALIN 16

Hindi ba't gusto nating gawin ang mga bagay na gusto natin, at hindi ang bagay na gustong ipagawa sa atin ng iba? Ito mismo ang aming sinasabi sa inyo. Kapag ipinapakita ko sa mga tao kung paano gamitin ang *Discipleship Evangelism* sa pagsasabi ng, "Ito ang aming ginagawa: inaabot namin ang mga tao. Sila'y naliligtas, na *born again*, napuspos ng Banal na Espiritu at nabautismuhan sa tubig." Ang sagot ng mga tao, "Ang galing!" Ngunit kung ganito ang sasabihin ko, "Ilan sa inyo ang gustong sumama sa akin," maaaring may tatlo sa inyo ang sasama sa kabuuang bilang na dalawang daan, dahil ang karamihan sa inyo ay takot at hindi alam ang gagawain. Kung ito naman ang aking sasabihin, "Kalimutan niyo na ito. Huwag ninyong alalahanin: hindi kayo dapat matakot. Magdadala tayo ng Bibliya at aayusin namin ang *Bible Study* at gagawin o ihahanda ko ang mga aralin sa pagdidisipulo para magamit ninyo sa pagtuturo. Ako ang bahala sa lahat ng kailangan para sa gawaing ito." Ilan ang gustong magturo? Mas marami ang sasagot ng 'oo', marahil 10 o 12, ngunit hindi lalampas dito.

Ang gusto naming makita ninyo ay kung paanong ang bawat kaloob sa katawan ni Kristo ay maaaring magamit upang abutin ang naliligaw, mahalina sila at sumailalim sa pagdidisipulo. Ang bawat kaloob ay matatagpuan lamang sa katawan ni Kristo, ang Kanyang simbahan. Ang iba sa inyo ay magsasabi ng ganito, "Gusto kong manalangin para sa pagbautismo ng Banal na Espiritu, pagpapagaling at mga tulad nito." May pagkakataon sa aming pagdidisipulo na maaari ka naming dalhin sa ganitong pagmiministeryo o layunin. Ang iba naman ay hindi komportable sa ganitong uri ng ministeryo, subalit marunong silang magluto o mag *bake*. Kaya mo bang magtawag sa telepono, magpadala ng liham/sulat, magpinta, mag *baby sit*? Kaya mo bang gumawa ng mga praktikal na bagay? Ang mamagitan para sa iba sa panalangin? Bibigyan ka namin ng mga pangalan ng tao na pwede mong ipanalangin o bisitahin.

Lahat tayo ay may kakayanang abutin ang iba, magdisipulo. May programa kami kung saan ang bawat kaloob ay magagamit. Bumubuo kami ng pangkat ng mga guro at *assistants* na may kakayahang magdisipulo. Mayroon din silang katulong sa ministeryo na marunong magluto, gumawa ng mga praktikal na bagay, o may tawag (*calling*) upang siyasatin kung maayos ba ang mga bagay-bagay sa kanilang dinidisipulo. May mga tao ring nananalangin para sa amin at kami rin naman ay nagmiministeryo sa iba.

Ito ang aming nakikita, binabago ng Diyos ang buhay ng mga tao dahil sila ay kinakalinga at may nagpapastol sa kanila. Ang pag-ibig ng Diyos ay kanilang nararanasan sa pamamagitan ng mga taong umaabot sa kanila. Alam niyo ba kung sino ang gumagawa ng trabaho/ministeryo? Ang mga tao. Sinabi sa Efeso 4:11 ang apostol, propeta, ebanghelista, pastor, guro ay itinalaga upang maging ganap ang mga banal para sa gawain ng paglilingkod. Ang kabuuan ng simbahan ay ginagawa ang trabaho/ministeryo, hindi lamang ang pastor. Kapag ang pastor ay nangaral at pinalakas ang simbahan para sa gawain/ministeryo, at hahayo at isasagawa ito ng simbahan, ito ang tunay na tagumpay.

GINAGAMIT NG LAHAT ANG MGA KALOOB UPANG MAGDISIPULO

Ilalarawan ko ito. Kung makikidigma tayo sa ibang bansa at sasabihin ng presidente ang ganito, “Marami na ang namatay na sundalo, nagdesisyon ako na paatrasin ang ibang sundalo at ipadala na lamang ang mga heneral sa labanan.” Pagtatawanan tayo ng buong mundo, at ito ang tunay na nangyayari ngayon. Tumatawa ang demonyo dahil ang ipinadala natin sa digmaan ay ang mga heneral, ang *fivefold ministry*, upang sila ang makipaglaban. “Hayaan niyo silang humarap sa kalaban, binabayaran natin sila upang gawin yan.” Bigo tayong bumuo ng hukbo. Ibig ng Diyos na bumuo tayo ng hukbo upang magamit ang mga kaloob sa *Discipleship Evangelism*.

Gusto naming bumuo ng hukbo, kumpleto sa kasangkapan at kapangyarihan upang magdisipulo – hindi lang sa lugar natin – kundi abutin ang buong mundo. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng kasangkapan na aming binuo, *discipleship lessons* at ang istrategyang mula sa Diyos. Pagpalain kayo ng Diyos sa inyong paghayo at habang ginagamit ninyo ang mga kaloob upang abutin ang mga naliligaw, sa mga bagong mananampalataya, at upang mapanatili ang mga utos ni Hesus na humayo at magdisipulo.

MGA TANONG PATUNGKOL SA PAG-AARAL NA ITO

1. Ang sumusunod ay maikling paglalarawan na binuo ng aming pangkat para sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, at pag-abot sa mga naliligaw. Maaaring magpatala ang inyong simbahan alin man sa mga pangkat na ito. Kung tuloy-tuloy ang *follow up*, gamit ang lahat ng inyong kaloob sa pagmiministeryo, madadala ninyo ang isang tao sa kaharian at sa paglago ng mabilis. Ang sumusunod ay mga katanungan na pwede ninyong ibigay sa miyembro/kasapi ng inyong simbahan. Pagkatapos ay bumuo ng pangkat na gagawa ng *follow up*.

ITO ANG HILIG KONG GAWIN: (markahan)

- Pakikipag-ugnayan sa tao sa pamamagitan ng pagkatok sa kanilang pinto**

- Pananalangin sa mga naliligaw at sa *Discipleship Evangelism Team***

- Pagbibigay ng pagkain o ibang gamit sa mga nangangailangan**

- Pagtawag sa telepono o pagbisita**

- Pagluluto, *baking*, at iba pang paraan na makakatulong**

- Pagbibigay ng tulong sa mga *single moms* at mga anak**

- Pagsundo o paghatid sa mga kasapi ng simbahan na walang sasakyan**

- Iba pang paraan _____**

GINAGAMIT NG LAHAT ANG MGA KALOOB UPANG MAGDISIPULO

- Isang halimbawa ng *Discipleship Follow Up Form* na pwedeng gamitin pagkatapos ng aralin. Ito'y magpapakita ng pangalan ng pastor o sinumang nagturo at kung ilang aralin ang natalakay at ang resulta ng pag-aaral.

DISCIPLESHIP FOLLOW UP FORM

Petsa ng pagbisita/aralin: _____

Pangalan ng nagturo: _____

Pangalan ng dumalo: _____

Saan/lokasyon: _____

Paksa ng aralin: _____

Komento: _____

ARALIN 16

3. Basahin ang Santiago 1:22. Kung narinig mo ang Salita ng Diyos, ngunit hindi ito ipinamuhay, ano ang iyong ginawa?

Santiago 1:22 *Maging tagatupad kayo ng salita ng Diyos, at hindi tagapakinig lamang. Kung hindi, dinadaya ninyo ang inyong sarili.*

4. Basahin ang Mateo 7:24-27. Para maging matalino, hindi lamang natin dapat marinig ang kasabihan ng Diyos, ngunit ano ang dapat nating gawin?

Mateo 7:24-27 *Kaya't ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito at isinasagawa ang mga ito ay maitutulad ng isang matalinong tao na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng bato. Bumuhos ang ulan at bumaha. Lumakas ang hangin at hinampas ang bahay na iyon, ngunit hindi iyon bumagsak, sapagkat nakatayo sa ibabaw ng bato. At ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito, ngunit hindi isinasagawa ang mga ito ay maitutulad sa isang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. Bumuhos ang ulan at bumaha. Lumakas ang hangin at hinampas ang bahay na iyon. Nagiba nga ang bahay na iyon at nagkawasak-wasak.*

5. Basahin ang Efeso 4:11-12. Sino ang gagawa ng gawain ng ministeryo?

Efeso 4:11-12 *At siya ang nagbigay sa iba ng kaloob na maging apostol, sa iba'y maging propeta, sa iba'y ebanghelista, at sa iba'y pastor at guro. Ito'y upang ihanda ang mga banal para sa gawain ng paglilingkod, tungo sa ikatatatag ng katawan ni Cristo,*

6. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:1 at 4. Sino ang nagpunta sa lahat ng dako upang ipangaral ang Salita?

Aklat ng Mga Gawa 8:1, 4 *Nang araw na iyon, sumiklab ang isang malawakang pag-uusig laban sa iglesya na nasa Jerusalem. Maliban sa mga apostol, nagkahiwa-hiwalay ang lahat ng mananampalataya sa buong lupain ng Judea at Samaria. ... [4] Ang mga nagkawatak-watak nama'y naglakbay na ipinapahayag ang salita.*

7. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:1, 4. Sino ang hindi nagtungo sa lahat ng dako upang ipangaral ang Salita?

8. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 11:19-22. Sa unang simbahan ng Bagong Tipan, ang mga mananampalataya ang gumawa sa gawain ng ministeryo, sinundan ng *apostolic leadership* at turo o tuntunin. Sa ating mga simbahan ngayon, ang pamunuan ang nagsisimula ng gawain, susunod ang mga mananampalataya. Paano pinatutunayan ng mga bersikulong ito ang ganitong pahayag?

Aklat ng Mga Gawa 11:19-22 *Samantala, nagkawatak-watak ang mga mananampalataya dahil sa pag-uusig na nangyari kay Esteban. Naglakbay sila hanggang sa Fenicia, sa Cyprus, at sa Antioquia. Sa mga Judio lamang nila ipinangangaral ang salita saanman sila makarating. Gayunman, mayroon sa kanilang taga-Cyprus at taga-Cirene na pagdating sa Antioquia ay nangaral din sa mga Griyego tungkol sa Panginoong Jesus. Ginabayan sila ng kamay ng Panginoon, at napakaraming sumampalataya at nagbalik-loob sa Panginoon. Nabalitaan ito ng iglesya na nasa Jerusalem kaya isinugo nila sa Antioquia si Bernabe.*

9. Basahin ang 1 Corinto 12:14-18. Ang bawat bahagi ng katawan ni Kristo ay mahalaga. Huwag nating ikumpara/ihambing ang ating sarili sa iba. Ang ganap na *commitment* kay Kristo ay hindi ang paggawa ng lahat ng bagay, kundi ang paggawa o tapusin ang mga bagay na ibinigay Niya sa atin. Ano ang gagawin mo sa mga impormasyon na tinanggap mo mula sa araling ito?

1 Corinto 12:14:18 *Sapagkat ang katawan ay hindi binubuo ng iisang bahagi, kundi ng marami. Kung sasabihin ng paa, "Sapagkat hindi ako kamay, hindi ako kabilang sa katawan," hindi na nga ba ito bahagi ng katawan? At kung sasabihin ng tainga, "Sapagkat hindi ako mata, hindi ako kabilang sa katawan," hindi na nga ba ito bahagi ng katawan? Kung ang buong katawan ay mata, saan naroroon ang pandinig? Kung ang lahat ay pandinig, saan naroroon ang pang-amoy? Inilagay ng Diyos ang mga bahagi ng katawan, ang bawat isa sa kanila ayon sa kanyang kagustuhan.*

MGA SAGOT SA ARALIN

1. Ang sumusunod ay maikling paglalarawan na binuo ng aming pangkat para sa pag-eebanghelyo, pagdidisipulo, at pag-abot sa mga naliligaw. Maaaring magpatala ang inyong simbahan alin man sa mga pangkat na ito. Kung tuloy-tuloy ang *follow up*, gamit ang lahat ng inyong kaloob sa pagmiministeryo, madadala ninyo ang isang tao sa kaharian at sa paglago ng mabilis. Ang sumusunod ay mga katanungan na pwede ninyong ibigay sa miyembro ng inyong simbahan. Pagkatapos ay bumuo ng pangkat na gagawa ng *follow up*.

Sumangguni sa aralin.

2. Isang halimbawa ng *Discipleship Follow Up Form* na pwedeng gamitin pagkatapos ng aralin. Ito'y magpapakita ng pangalan ng pastor o sinumang nagturo at kung ilang aralin ang natalakay at ang resulta ng pag-aaral.

Sumangguni sa aralin.

3. Basahin ang Santiago 1:22. Kung narinig mo ang Salita ng Diyos, ngunit hindi ito ipinamuhay, ano ang iyong ginawa?

Dinadaya mo ang iyong sarili.

4. Basahin ang Mateo 7:24-27. Para maging matalino, hindi lamang natin dapat marinig ang kasabihan ng Diyos, ngunit ano ang dapat nating gawin?

Gawin /sundin ang mga ito.

5. Basahin ang Efeso 4:11-12. Sino ang gagawa ng gawain ng ministeryo?

Ang mga banal, hindi ang isang uri ng grupo ng mga tao na tinatawag na pari.

6. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:1 at 4. Sino ang nagpunta sa lahat ng dako upang ipangaral ang Salita?

Ang mga mananampalataya na nakakalat sa lahat ng dako/bansa.

7. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 8:1, 4. Sino ang hindi nagtungo sa lahat ng dako upang ipangaral ang Salita?

Ang mga apostoles. Makikita sa Bagong Tipan na ang simbahan ang nanguna sa pagdidisipulo at pag-eebanghelyo.

8. Basahin ang Aklat ng Mga Gawa 11:19-22. Sa unang simbahan ng Bagong Tipan, ang mga mananampalataya ang gumawa sa gawain ng ministeryo, sinundan ng *apostolic leadership* at turo o tuntunin. Sa ating mga simbahan ngayon, ang pamunuan ang nagsisimula ng

GINAGAMIT NG LAHAT ANG MGA KALOOB UPANG MAGDISIPULO

gawain, susunod ang mga mananampalataya. Paano pinatutunayan ng mga bersikulong ito ang ganitong pahayag?

Narinig ng simbahan ang pagbabagong loob ng mga mananampalataya kaya isunugo si Barnabas upang tumulong (v22).

9. Basahin ang 1 Corinto 12:14-18. Ang bawat bahagi ng katawan ni Kristo ay mahalaga. Huwag nating ikumpara/ihambing ang ating sarili sa iba. Ang ganap na *commitment* kay Kristo ay hindi ang paggawa ng lahat ng bagay, kundi ang paggawa o tapusin ang mga bagay na ibinigay Niya sa atin. Ano ang gagawin mo sa mga impormasyon na tinanggap mo mula sa araling ito?

Ipamumuhay ko ito, lalabas ako at gagamitin ang aking mga kaloob sa pagtulong sa iba.